
# Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan

## Spencer W. Kimball



MGA TURO NG MGA PANGULO NG SIMBAHAN:

# SPENCER W. KIMBALL

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

Ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa aklat na ito ay lubos na pasasalamatan. Mangyaring ipadala ang mga ito sa Curriculum Development, 50 East North Temple Street, Room 2420, Salt Lake City, UT 84150-3220 USA. E-mail: cur-development@ldschurch.org

Isulat lamang ang inyong pangalan, tirahan, ward, at stake. Tiyaking ibigay ang pamagat ng aklat. Pagkatapos ay ibigay ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kahusayan ng aklat at ang mga puntong maaari pang pagandahin.

© 2006 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 8/00
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/00
Pagsasalin ng *Teachings of Presidents of the Church: Spencer W. Kimball*
Tagalog


# Mga Nilalaman


Pamagat — Pahina

Panimula . . . vii
Buod ng Kasaysayan . . . xiii
Ang Buhay at Ministeryo ni Spencer W. Kimball . . . xvii
1 "Nang S'ya'y Makapiling" . . . 1
2 Trahedya o Tadhana? . . . 13
3 Jesucristo: Aking Tagapagligtas, Aking Panginoon . . . 27
4 Ang Himala ng Pagpapatawad . . . 42
5 Panalangin, ang Pasaporte sa Espirituwal na Kapangyarihan . . . 57
6 Sariling Pagtuklas sa mga Banal na Kasulatan . . . 74
7 Personal na Patotoo . . . 86
8 Di-makasariling Paglilingkod . . . 97
9 Buong Pusong Pagpapatawad sa Iba . . . 109
10 Pagpapatatag sa Ating Sarili Laban sa Masasamang Impluwensya . . . 124
11 Masinop na Pamumuhay: Pagsunod sa mga Alituntunin ng Pagtayo sa Sariling mga Paa at Kahandaan . . . 137
12 Integridad . . . 149
13 Pagsunod Dahil sa Pananampalataya sa Diyos . . . 163
14 "Huwag Kang Magkakaroon ng Ibang mga Dios sa Harap Ko" . . . 174
15 Dapat Tayong Maging Mapitagang mga Tao . . . 185
16 Ang Sabbath—Isang Kaluguran . . . 198
17 Ang Batas ng Kalinisang-puri . . . 213
18 Marangal, Masaya Matagumpay na Pag-aasawa . . . 226
19 Pagpapalakas sa Ating mga Pamilya . . . 241
20 Ang Kababaihan ng Simbahan . . . 255
21 Ang Propetang si Joseph Smith . . . 268
22 Paghahayag: "Isang Walang Katapusang Himig at Dumadagundong na Pagsamo" . . . 280

23 Mga Pastol ng Kawan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 295
24 Pagbabahagi ng Ebanghelyo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 306
Listahan ng mga Visual . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 322
Indeks . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 324





# Panimula

Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay nagpasimula ng seryeng *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan* para tulungan kayong mapalalim ang inyong pagkaunawa tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo at lalong mapalapit sa Panginoon sa pamamagitan ng mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Sa pagdaragdag ng Simbahan ng mga tomo sa seryeng ito, magkakaroon kayo ng koleksyon ng mga sanggunian na aklat ng ebanghelyo sa inyong tahanan.

Tampok sa aklat na ito ang mga turo ni Pangulong Spencer W. Kimball, na naglingkod bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw mula Disyembre 30, 1973, hanggang Nobyembre 5, 1985.

---

### Personal na Pag-aaral

Habang pinag-aaralan mo ang mga turo ni Pangulong Kimball, hangarin ang inspirasyon ng Espiritu. Tandaan ang pangako ni Nephi: "Siya na naghahanap nang masigasig ay makasusumpong; at ang mga hiwaga ng Diyos ay ilalahad sa kanila, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (1 Nephi 10:19). Simulan ang iyong pag-aaral sa panalangin, at patuloy na manalangin sa iyong puso habang ikaw ay nagbabasa.

Sa hulihan ng bawat kabanata, makikita mo ang mga tanong at sanggunian sa banal na kasulatan na makatutulong para maunawaan at maisagawa mo ang mga turo ni Pangulong Kimball. Rebyuhin muna ang mga ito bago mo simulang basahin ang kabanata.

Pag-isipan ding mabuti ang sumusunod na patnubay:

- Hanapin ang mahahalagang salita at parirala. Kung may makikita kang salita na hindi mo nauunawaan, gumamit ng diksyunaryo o iba pang sanggunian para mas maunawaang mabuti ang ibig sabihin nito.

- Isipin kung ano ang ibig sabihin ng mga turo ni Pangulong Kimball. Maaari mong markahan ang bawat salita at mga pangungusap na aantig sa iyong puso't isipan.
- Pag-isipang mabuti ang mga naging karanasan mo na may kinalaman sa mga turo ni Pangulong Kimball.
- Isiping mabuti kung paano naaangkop sa iyo ang mga turo ni Pangulong Kimball. Isipin kung ano ang kaugnayan ng mga turo sa iyong mga problema o katanungan. Magpasiya kung ano ang iyong gagawin bilang resulta ng natutuhan mo.

---

## Pagtuturo mula sa Aklat na Ito

Ang aklat na ito ay maaaring gamitin sa pagtuturo sa tahanan o sa simbahan. Ang sumusunod na patnubay ay makatutulong sa iyo:

### *Pagtuunan ng Pansin ang mga Salita ni Pangulong Kimball at ang mga Banal na Kasulatan*

Iniutos ng Panginoon na tayo ay "wala nang ibang bagay [na dapat ituro] kundi ang mga isinulat ng mga propeta at apostol, at ang yaong mga itinuro sa [atin] ng Mang-aaliw sa pamamagitan ng panalangin na may pananampalataya" (D at T 52:9).

Ang tungkulin mo ay tulungan ang iba na maunawaan at maisagawa ang ebanghelyo sa pamamagitan ng mga turo ni Pangulong Kimball at ng mga banal na kasulatan. Huwag isantabi ang aklat na ito o maghanda ng mga lesson mula sa iba pang mga materyal. Ilaan ang malaking bahagi ng lesson sa pagbabasa ng mga turo ni Pangulong Kimball sa aklat na ito at talakayin ang kahulugan at aplikasyon ng mga ito.

Hikayatin ang mga kasali na pag-aralan ang mga kabanata bago magkita-kita sa araw ng Linggo at dalhin sa simbahan ang aklat. Kapag ginawa nila ito, mas magiging handa sila sa pagsali at mas mapalalakas ang bawat isa.

### *Hangarin ang Patnubay ng Espiritu Santo*

Habang nagdarasal ka para humingi ng tulong at masigasig na naghahanda, gagabayan ka ng Espiritu Santo sa iyong mga pagsisikap. Tutulungan ka Niyang bigyang-diin ang mga bahagi ng

bawat kabanata na hihikayat sa iba na unawain at ipamuhay ang ebanghelyo.

Kapag ikaw ay nagtuturo, magdasal sa iyong puso na samahan ng kapangyarihan ng Espiritu ang iyong mga salita at ang mga talakayan sa klase. Sinabi ni Nephi, "Kapag ang isang tao ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang nagdadala nito sa puso ng mga anak ng tao" (2 Nephi 33:1; tingnan din sa D at T 50:13–22).

### *Maghandang Magturo*

Ang mga kabanata sa aklat na ito ay isinaayos para tulungan kang maghanda sa pagtuturo. Isaisip rin ang sumusunod na mga patnubay:

1. *Pag-aralan ang kabanata.* May panalanging pag-aralan ang kabanata para magkaroon ng tiwala sa pagkaunawa mo sa mga turo ni Pangulong Kimball. Makapagtuturo ka nang may higit na katapatan at kapangyarihan kapag ikaw ay personal na naimpluwensyahan ng kanyang mga salita (tingnan sa D at T 11:21). Habang nagbabasa, isaisip ang mga pangangailangan ng mga tinuturuan mo. Maaari mong markahan ang mga bahaging inaakala mong makatutulong sa kanila. Pansinin ang mga naka-*bold* na subheading ng kabanata. Nakabalangkas sa mga ito ang mahahalagang punto sa kabanata.
2. *Magpasiya kung aling mga bahagi ang gagamitin.* Ang nilalaman ng bawat kabanata ay higit kaysa makakaya mong ituro sa isang lesson. Sa halip na sikaping talakayin ang buong kabanata, may panalanging piliin ang mga bahaging sa palagay mo ay makatutulong na mabuti sa mga tinuturuan mo.
3. *Magpasiya kung paano sisimulan ang lesson.* Para makuha ang pansin sa simula ng lesson, maaari kang magbahagi ng personal na karanasan o ipabasa sa mga kasali ang isang kuwento sa simula ng kabanata o tingnan ang isang larawan sa kabanata. Pagkatapos ay maaari mong itanong, "Ano ang itinuturo ng kuwento (o larawang) ito tungkol sa paksa ng kabanata?" Ang iba pang opsiyon sa pagsisimula ng lesson ay pagbabasa ng banal na kasulatan o ng isang sipi mula sa kabanata o kaya'y pag-awit

ng himno. Mabuting ideya rin ang ipaalam sa klase kung ano ang mahahalagang punto ng lesson.

4. *Magpasiya kung paano makahihikayat ng talakayan.* Dito mo dapat iukol ang karamihan sa oras ng lesson. Rebyuhin ang mga mungkahi kung paano mangasiwa ng mabubuting talakayan sa mga pahina xi–xii ng aklat na ito. Maaari mong gamitin ang mga tanong mula sa "Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo" na nasa hulihan ng kabanata. Maaaring ikaw ang maghanda ng sarili mong mga katanungan. Magtanong ng mga bagay na makatutulong sa mga tinuturuan mo:

   - Alamin kung ano ang itinuturo. Ang ganitong mga uri ng katanungan ay nakatutulong sa klase na mahanap at maging pamilyar sa partikular na impormasyon na itinuturo ni Pangulong Kimball. Halimbawa, matapos tukuyin ang isang partikular na siping-banggit, maaari mong itanong, "Ano ang ilan sa mga mahahalagang salita o parirala sa siping-banggit na ito?" o "Ano ang paksa ng siping-banggit na ito?"
   - Isiping mabuti ang kahulugan. Ang ganitong mga uri ng katanungan ay nakatutulong para maunawaang mabuti ng klase ang mga turo ni Pangulong Kimball. Halimbawa, "Bakit kaya mahalaga ang turong ito?" o "Ano ang mga naiisip o nadarama ninyo tungkol sa siping-banggit na ito?" o "Ano ang ibig sabihin sa inyo ng turong ito?"
   - Magbahagi ng mga karanasan. Hinihikayat ng mga tanong na ito ang klase na iugnay sa kanilang personal na buhay ang sinabi ni Pangulong Kimball. Halimbawa, "Anong mga karanasan ninyo ang maiuugnay ninyo sa sinabi ni Pangulong Kimball?"
   - Ipamuhay ang itinuturo. Ang mga tanong na ito ay nakatutulong sa mga miyembro ng klase na mag-isip ng mga paraan kung paano sila makapamumuhay nang naaayon sa mga turo ni Pangulong Kimball. Halimbawa, "Ano ang hinihikayat ni Pangulong Kimball na gawin natin? Sa paanong paraan natin maipamumuhay ang kanyang sinabi?"

5. *Magpasiya kung paano tatapusin ang lesson.* Maaari mong ibuod nang maikli ang lesson o hilingin ang isa o dalawa sa

mga miyembro ng klase na gawin ang gayon. Ayon sa paramdam ng Espiritu, magpatotoo tungkol sa mga turong tinalakay ninyo. Maaari mo ring imbitahin ang iba na magbahagi ng kanilang patotoo. Himukin ang iyong mga tinuturuan na sundin ang mga paramdam na natanggap nila mula sa Espiritu Santo.

Habang naghahanda kang magturo, maaari kang humanap ng mga ideya sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (36123 893), bahagi B, mga kabanata 14, 16, 28, at 29; o sa *Teaching Guidebook* (34595).

### *Magsagawa ng Mabubuting Talakayan*

Ang sumusunod na gabay ay makatutulong sa iyo na makahikayat at magsagawa ng mabubuting talakayan:

- Hangarin ang patnubay ng Espiritu Santo. Maaari Niyang iparamdam sa iyo na magtanong ng ilang partikular na katanungan o isama sa talakayan ang ilang partikular na mga tao.
- Tulungan ang mga miyembro ng klase na magtuon ng pansin sa mga turo ni Pangulong Kimball. Ipabasa sa kanila ang kanyang mga salita para makapagsimula ng talakayan at sagutin ang mga tanong. Muling ibalik ang mga talakayan na nagsisimulang lumayo sa paksa o kaya'y parang haka-haka o pagtatalo lamang.
- Kung angkop, magbahagi ng mga karanasang may kaugnayan sa mga itinuturo ng kabanata.
- Hikayatin ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang mga iniisip, magtanong, at turuan ang isa't isa (tingnan sa D at T 88:122). Halimbawa, maaari mo silang hilingan na magbigay ng komentaryo tungkol sa sinabi ng iba, o maaari mong itanong ang isang katanungan sa ilang miyembro ng klase.
- Huwag matakot kung magkaroon ng katahimikan matapos kang magtanong. Kadalasan ay kailangan ng mga tinuturuan mo ng panahon para makapag-isip o makapagbuklat ng kanilang mga aklat bago sila makapagbahagi ng mga ideya, patotoo, at karanasan.
- Pakinggang mabuti, at sikaping unawain ang mga sinasabi ng bawat isa. Pasalamatan sila sa kanilang partisipasyon.

- Kapag may ilang ideyang ibinabahagi ang mga miyembro ng klase, isiping ilista ang mga ideyang ito sa pisara o kaya'y ipagawa ito sa iba.
- Humanap ng iba't ibang paraan para maisali ang mga miyembro ng klase sa talakayan. Halimbawa, maaari mong ipatalakay sa kanila ang mga tanong sa maliliit na grupo o sa katabi nila sa upuan.
- Bago magsimula ay isipin nang kausapin ang isa o dalawang miyembro ng klase. Sabihin na dumating sila sa klase na handang sagutin ang isa sa mga tanong na inihanda mo.
- Huwag tapusin ang magandang talakayan dahil lamang sa gusto mong talakayin ang lahat ng bagay na inihanda mo. Ang mahalaga ay nadarama ng mga miyembro ng klase ang impluwensya ng Espiritu at lalong titibay ang kanilang pangakong ipamuhay ang ebanghelyo.

---

## Impormasyon Tungkol sa mga Sangguniang Sinipi sa Aklat na Ito

Ang mga turo ni Pangulong Kimball sa aklat na ito ay direktang sinipi mula sa iba't ibang sanggunian. Hindi binago sa mga pagsiping ito ang mga bantas, pagbaybay, ang malalaking titik, at kaayusan ng talata ng orihinal na pinagkunan, maliban na lamang kung kinakailangan ang mga editoryal o tipograpikal na pagbabago para mapaganda ang pagbabasa sa mga ito. Dahil dito, maaaring mapansin mo ang ilang bahagyang pag-iiba-iba sa teksto.

Isa pa, madalas gamitin ni Pangulong Kimball ang mga salitang tulad ng *kalalakihan*, *lalaki*, o *sangkatauhan* sa pagtukoy sa lahat ng tao, kapwa lalaki at babae. Pangkaraniwan ito sa wikang gamit noong kanyang kapanahunan. Sa kabila ng kaibahan ng makaluma at mas makabagong wika, ang mga turo ni Pangulong Kimball ay angkop kapwa sa kababaihan at kalalakihan.

# Buod ng Kasaysayan

Ang aklat na ito ay hindi kasaysayan; sa halip, ito ay katipunan ng mga alituntunin ng ebanghelyo na itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball. Ang kasunod na kronolohiya ay nagbibigay ng maikling buod ng kasaysayan ng kanyang buhay at balangkas ng kanyang mga turo. Hindi isinama dito ang maraming mahahalagang pangyayari kapwa sa kasaysayan ng Simbahan at ng lipunan. Hindi rin isinama dito ang mahahalagang pangyayari sa personal na buhay ni Pangulong Kimball, gaya ng mga kapanganakan ng kanyang mga anak.

| | |
|---|---|
| 1895, Marso 28 | Isinilang si Spencer Woolley Kimball sa Salt Lake City, Utah, kina Andrew Kimball at Olive Woolley Kimball. |
| 1898, Mayo | Lumipat kasama ng kanyang pamilya sa Thatcher, Arizona, kung saan ang tatay niya ang naging pangulo ng St. Joseph Stake nang sumunod na 26 na taon. |
| 1906, Oktubre 18 | Namatay ang kanyang ina. |
| 1907, Hunyo | Pinakasalan ng kanyang ama si Josephine Cluff. |
| 1914, Oktubre | Nagsimulang maglingkod bilang full-time na misyonero sa Central States Mission sa Estados Unidos. Tinawag siyang maglingkod sa Swiss-German Mission ngunit hindi siya nakapunta dahil sa Unang Digmaang Pandaigdig. |
| 1916, Disyembre | Na-release mula sa kanyang full-time na misyon. Di nagtagal, nag-aral sa University of Arizona. |
| 1917, Nobyembre 16 | Pinakasalan si Camilla Eyring. |

| | |
|---|---|
| 1918 | Tinawag na maging stake clerk ng St. Joseph Stake. Nagtrabaho sa bangko bilang clerk at teller. |
| 1923 | Sumali sa Rotary Club, isang pangserbisyong organisasyon kung saan nakasali siya sa sumunod na 20 taon, na kinabilangan ng pagiging gobernador ng distrito. |
| 1924, Agosto 31 | Namatay ang kanyang ama. Makalipas ang mga isang linggo, bilang bahagi ng muling pagsasaayos ng stake presidency, tinawag si Spencer bilang pangalawang tagapayo. Siya ay naordenan na high priest ni Pangulong Heber J. Grant, ang ikapitong Pangulo ng Simbahan. |
| 1927 | Naging president-manager ng Kimball-Greenhalgh Realty and Insurance Company. |
| 1938, Pebrero 20 | Tinawag bilang pangulo ng Mount Graham Stake. |
| 1943, Oktubre 7 | Naordenan bilang Apostol ni Pangulong Heber J. Grant. |
| 1948 | Nagkaroon ng matinding sakit sa puso at nakabawi. |
| 1950 | Nawala ang kanyang boses dahil sa matinding karamdaman sa lalamunan. Nagbalik ang kanyang boses o tinig matapos ang isang basbas ng priesthood. |
| 1957 | Sumailalim sa isang operasyon ng kanser sa lalamunan; tinanggal ang isa't kalahati ng vocal cord. |
| 1969 | Nalathala ang *The Miracle of Forgiveness.* |
| 1970 | Naging Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol. |

| | |
|---|---|
| 1972, Abril 12 | Sumailalim sa operasyon sa puso. |
| 1972, Hulyo 7 | Naging Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol. |
| 1973, Disyembre 26 | Namatay si Pangulong Harold B. Lee. |
| 1973, Disyembre 30 | Naging Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kasama sina Pangulong N. Eldon Tanner bilang Unang Tagapayo at Pangulong Marion G. Romney bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan. |
| 1974, Nobyembre 19 | Inilaan ang Washington D.C. Temple. |
| 1975, Oktubre 3 | Sinimulan ang muling pagsasaayos ng Unang Korum ng Pitumpu. |
| 1976 | Pinamahalaan ang pagdaragdag ng dalawang paghahayag sa Mahalagang Perlas. Kalaunan ay isinama ang mga paghahayag na ito sa Doktrina at mga Tipan bilang mga bahagi 137 at 138. |
| 1977, Agosto 24 | Inilaan ang Poland para sa gawain ng Simbahan sa hinaharap—ang unang pagbisita ng isang Pangulo ng Simbahan sa kabila ng tinatawag noon na Iron Curtain o Bakal na Tabing. |
| 1978, Hunyo 8 | Kasama ang kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan, nagpalabas ng liham na nagbabalita tungkol sa isang paghahayag na nagkakaloob ng lahat ng pagpapala ng priesthood sa lahat ng karapat-dapat na mga miyembro, anuman ang lahi o kulay ng kanilang balat. |
| 1978, Oktubre 30 | Inilaan ang São Paulo Brazil Temple. |
| 1979 | Pinamahalaan ang paglalathala ng LDS na edisyon ng King James Bible. |

| | |
|---|---|
| 1979, Oktubre 24 | Inilaan ang Orson Hyde Memorial Garden sa Jerusalem. |
| 1980 | Pinamahalaan ang pagkakaroon ng pinagsama-samang iskedyul ng mga miting, kung saan idaraos sa loob ng tatlong oras sa araw ng Linggo ang sakrament miting, miting ng priesthood sa ward, miting ng Relief Society, mga klase ng Young Women, Sunday School, at Primary, sa halip na iiskedyul sa buong linggo. |
| 1980, Oktubre 27 | Inilaan ang Tokyo Japan Temple. |
| 1980, Nobyembre 17 | Inilaan ang Seattle Washington Temple. |
| 1981 | Pinamahalaan ang paglalathala ng bagong edisyon ng tatlong pinagsamang aklat, na may updated na footnote system at indeks. |
| 1981, Hulyo 23 | Tinawag si Pangulong Gordon B. Hinckley na maglingkod bilang karagdagang tagapayo sa Unang Panguluhan. |
| 1981 hanggang 1985 | Pinangasiwaan ang mga dedikasyon ng 17 templo. |
| 1982, Oktubre 3 | Ibinalita ang subtitle para sa Aklat ni Mormon—"Isa Pang Tipan ni Jesucristo." |
| 1982, Disyembre 2 | Muling isinaayos ang Unang Panguluhan, kasama sina Pangulong Marion G. Romney bilang Unang Tagapayo at Pangulong Gordon B. Hinckley bilang Pangalawang Tagapayo. |
| 1984 | Binuo ang mga Area Presidency. |
| 1985, Nobyembre 5 | Namatay sa Salt Lake City, Utah. |

# Ang Buhay at Ministeryo ni Spencer W. Kimball

Isang gabi ng taglagas noong mga unang taon ng 1900s, tumigil si Orville Allen sa tahanan ni Andrew Kimball para maghatid ng mga kalabasa. Habang idinidiskarga ng dalawang lalaki ang mga kalabasa, di sinasadyang narinig nila ang anak ni Andrew na si Spencer na nasa kamalig, na kumakanta habang ginagatasan ang mga baka. Sinabi ni Brother Allen kay Andrew na, "Parang ang saya ng anak mo." Sumagot si Andrew: "Oho, palagi siyang masaya. Siya'y malinis at masunuring bata at laging ginagawa ang ipinagagawa ko sa kanya. Inilaan ko na siya sa Panginoon at sa Kanyang paglilingkod. Malaki ang magiging impluwensya niya sa Simbahan."[1]

Sa loob ng maraming taon ng paghahanda, si Spencer ay naging makapangyarihan ngang tao. Ang Panginoon ay "hindi lamang naghahanda ng isang negosyante, ni ng lider ng lipunan, ni ng tagapagsalita, ni makata, ni isang musikero, ni teacher—bagamat magiging ganito rin siya. Ang inihahanda Niya'y isang ama, isang patriarch para sa kanyang pamilya, isang apostol at propeta, at pangulo para sa Kanyang simbahan."[2]

---

**Pamana**

Ang pamilya ni Spencer W. Kimball ay matagal nang miyembro sa ipinanumbalik na Simbahan. Ang kanyang mga lolo sa magkabilang panig ay bantog o kilala noong nagsisimula pa lang ang gawain sa mga huling araw. Si Heber C. Kimball ay tinawag sa Korum ng Labindalawang Apostol nang itatag ito noong 1835. Sa huli'y naglingkod siya bilang Unang Tagapayo kay Pangulong Brigham Young sa loob ng dalawang dekada at naging matapat na lingkod ng Panginoon sa buong ministeryo niya. Si Edwin D. Woolley, lolo ni Spencer sa panig ng kanyang ina, ay dating Pennsylvania Quaker na tumanggap sa ebanghelyo noong panahon ni Joseph

Smith. Siya'y respetadong bishop sa Salt Lake Valley. Paulit-ulit din siyang naglingkod bilang manedyer ng mga personal na lakad at negosyo ni Brigham Young. Ang pagmamalasakit ni Bishop Woolley sa mga nangangailangan at ang kanyang walang-sawang katapatan sa ebanghelyo ay pangmatagalang pamana sa kanyang mga inapo.

Ang lola ni Spencer na si Ann Alice Gheen Kimball ay "isang matapat na babae, . . . mahiyain sa harap ng mga tao, matangkad at simple lang ang hitsura, na may malambot na puso para sa mahihina at maysakit."[3] Si Andrew Kimball ang kanyang pangatlong anak na lalaki. Ang isa pang lola ni Spencer na si Mary Ann Olpin Woolley, ay mula sa England at naging ina ng labing-isang anak, na ang pang-anim ay pinangalanang Olive.

Pinakasalan ni Andrew Kimball si Olive Woolley noong Pebrero 2, 1882, sa Salt Lake City, kung saan sila nanirahan. Makalipas ang mga tatlong taon, nakatanggap si Andrew ng tawag na iwan ang tahanan at maglingkod sa Indian Territory Mission, na matatagpuan sa kasalukuyang estado ng Oklahoma. Matapos maglingkod sa loob ng dalawa't kalahating taon bilang full-time na misyonero, tinawag siyang maging pangulo ng misyon. Gayunman, sa bagong katungkulan ay nagawa niyang tumira sa kanyang tahanan, kung kaya't tumira siya sa Utah nang sumunod na 10 taon kasama ang kanyang pamilya habang pinamamahalaan ang misyon sa pamamagitan ng pagliham at pagbibiyahe papunta sa area.

Ang 12 taong paglilingkod ni Andrew sa Indian Territory Mission ay nasundan kaagad ng isa pang tungkulin, sa pagkakataong ito kailangan siyang manirahan sa Gila Valley ng south-central Arizona. Doon siya'y mamumuno bilang stake president ng mga Banal sa mga Huling Araw na naninirahan sa rehiyong iyon, na itinatag bilang St. Joseph Stake. Noong 1898, nag-impake na sina Andrew at Olive at ang kanilang anim na anak (kabilang ang tatlong taong gulang na si Spencer) at nagsimulang naglakbay nang 600 milya papuntang timog mula sa Salt Lake City.



*Sina Andrew at Olive Kimball noong 1897 kasama ang kanilang mga anak (mula kaliwa pakanan): Sina Ruth, Gordon, Alice, Clare, Spencer (sa kandungan ni Andrew), at Delbert.*

## Kabataan

Si Spencer Woolley Kimball ay isinilang noong Marso 28, 1895, ang pang-anim sa labing-isang anak nina Andrew at Olive Kimball.

Sa paggunita sa tanawin sa Arizona noong kanyang kabataan, isinulat niya, "Iyon ay isang tigang na bayan, gayunman naging mabunga ito sa kamay ng masisipag na manggagawa."[4] Nagunita rin niya na: "Tumira kami sa maliit na bukirin sa katimugang gilid ng Thatcher, Arizona. Nasa sulok ang aming tahanan at malawak ang bukirin sa timog at silangan. Nasa likuran ng bahay ang balon, ang bomba ng tubig, ang mulino (windmill), ang malaking tangke ng tubig na yari sa kahoy, ang lagayan ng mga kasangkapan at kagamitan, at sa gawing likuran pa ay naroon ang napakaraming panggatong. At nagkaroon ng mga kulungan ng baboy, kural, mga mandala o bunton ng dayami, at kamalig.

Natutuhan ni Spencer ang mahahalagang aral ng ebanghelyo mula sa kanyang mga magulang. "Natatandaan ko noong bata pa ako," sabi niya, "na naglalakad akong kasama ng nanay ko sa maalikabok na kalye papunta sa bahay ng bishop noong panahon na madalas naming ipambayad bilang ikapu ang aming ani at mga alagang hayop. Habang naglalakad kami, sinabi kong, 'Bakit dinadala po natin kay bishop ang mga itlog?' Ang sagot niya'y, 'Dahil mga ikapung itlog ito at ang bishop ang tumatanggap ng ikapu para sa Ama sa Langit.' Pagkatapos ay ikinukuwento ng aking inay na gabi-gabi ay dinadala ang mga itlog sa bahay, ang unang itlog ay inilalagay sa maliit na basket at ang susunod na siyam na itlog ay napupunta sa malaking basket."[6]

Ang halimbawa ng matapat na paglilingkod ni Andrew Kimball ay nakaimpluwensya nang malaki kay Spencer, na nagsabi sa huli na: "Ang mga unang impresyon ko ng pagtatrabaho ng isang stake president ay mula sa pagmamasid ko sa sarili kong ama. . . . Naniniwala ako na talagang naglingkod si Itay sa kanyang mga tao kung kaya't natupad ang basbas na ibinigay sa kanya ni Pangulong Joseph F. Smith, na nangakong 'titingalain siya' ng mga tao sa Gila Valley 'tulad ng mga anak sa kanilang magulang.' Bagamat natitiyak kong hindi ko nabigyan ng pagpapahalaga noon ang kanyang halimbawa, ang ipinakita niyang pamantayan ay marapat lamang sa sinumang stake president."[7]

Simple lang ang naging buhay ng pamilyang Kimball. "Hindi namin alam na mahirap lang pala kami," paggunita ni Spencer. "Akala namin maganda na ang buhay namin."[8] Ang mga damit nila'y gawa lang sa bahay at mga pinaglumaan na. Simple lang ang mga pagkain nila, karne mula sa mga alaga nilang hayop at ani mula sa kanilang bakuran.


Tumulong si Spencer sa mga gawain sa bukid. "Ako dati ang tagabomba ng tubig para madiligan ang halamanan," paggunita niya, "at natutuhan ko ring gatasan ang mga baka, pungusan ang mga bungang-kahoy, ayusin ang mga bakod, at lahat ng iba pang gawain. May dalawa akong kuya, at para sa akin, ay kinuha nila ang lahat ng madadaling trabaho at iniwan sa akin ang lahat ng mabibigat na trabaho. Pero hindi ako nagrereklamo; pinalakas

ako nito."[9] Simula noong siyam na taong gulang siya, isinaulo ni Spencer ang Mga Saligan ng Pananampalataya, ang Sampung Utos, at ang karamihan sa mga himnong nasa himnaryo ng Simbahan habang ginagatasan niya ang mga baka at pinaiinom ang mga kabayo sa bawat araw.

Noong 11 taong gulang na si Spencer, namatay ang kanyang ina. Isa ito sa mga pinakamalaking pagsubok noong bata pa siya. Inisip niya kung paanong patuloy na mamumuhay ang pamilya nila. "Ngunit nalaman ko noon," sabi niya, "tulad ng maraming beses ko nang nalaman simula noon, na makakayang tiisin ng kahit sino ang halos lahat ng bagay."[10] Lumipas ang panahon, muling nag-asawa si Andrew Kimball, at si Josephine Cluff ang naging pangalawang ina ni Spencer. Hindi kayang palitan nang lubusan ni "Josie," gaya ng tawag sa kanya ng mga kaibigan, ang puwang ni Olive sa buhay ni Spencer, ngunit ang kanyang kakayahan at pagiging matiyaga ay nakaragdag sa katatagan ng pamilyang Kimball.

Noong kanyang kabataan, hindi lamang mabibigat na trabaho ang natutuhan ni Spencer sa baku-bakong lupain kundi natutuhan din niya ang ilang kasanayan na naghanda sa kanya para lalong makapaglingkod balang-araw. Natuto siyang kumanta at kumumpas at nahirang na stake chorister sa edad na 15. Bagamat "maiikli at mabibilog"[11] ang daliri niya ayon sa kanya, sinikap niyang mabuti na matutong bumasa ng nota ng musika at tumugtog ng piano. Napagbuti naman niya hanggang sa makatugtog na siya ng mga himno at makasali sa isang maliit na orkestra. Makalipas ang maraming taon, nakipaghalinhinan siya kay Elder Harold B. Lee sa pagtugtog sa lingguhang mga miting ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Medyo nahuli sa pagpasok sa paaralan si Spencer kumpara sa karamihan, gaya ng nakasaad sa sumusunod na salaysay: "Inakala ng ina ni Spencer na hindi pa husto ang edad ng mga bata para mag-aral hangga't wala silang pitong taon, kaya't nang magsimula si Spencer ay huli na siya ng isang taon sa iba pang mga bata. . . . Sa tanghali karaniwan ay tatlong kanto ang tinatakbo niya mula eskuwelahan hanggang bahay para magbomba



*Ang batang si Spencer W. Kimball (kaliwa) kasama ang kanyang kababatang si Clarence Naylor.*

ng tubig para sa mga hayop, pakainin ang mga baboy, at kainin ang kanyang tanghalian. Isang araw sinabi ng kanyang ina, 'Bakit narito ka sa bahay eh recess pa lang? Hindi pa naman tanghali.' Nagmamadali siyang tumakbo pabalik sa eskuwelahan at nakitang nasa silid na ang mga kaklase niya matapos ang maikling recess. Nagtawanan ang lahat—maliban sa guro, na sinamantala ang pagkakataong iyon para sabihin sa klase na nangunguna si Spencer sa lahat ng mga estudyante ng ikalawang grado at ililipat at isasama na siya sa mga batang kaedad niya."[12]

Nang makatapos sa mababang paaralan, nag-aral si Spencer sa Gila Academy na pag-aari ng Simbahan. Doon ay palaging matataas ang marka niya, sumali siya sa mga larong pampalakasan, at naging pinuno sa eskuwelahan.

Nadagdagan din ang karanasan ni Spencer sa Simbahan at halos walang palya sa pagsisimba. Priyoridad niya ang pagganap sa mga tungkulin sa priesthood, gaya ng inilalarawan sa salaysay na ito: "Bilang bahagi ng kanilang trabaho, isinisingkaw ng mga deacon ang kabayo at bagon bawat buwan bago sumapit ang araw ng

ayuno at nagbabahay-bahay para mangolekta ng mga handog para sa mga maralita ng Simbahan. Pagkatapos ay dinadala nila ang nalikom nila sa bishop—mga botelya ng prutas, harina, kalabasa, pulot-pukyutan, at kung minsan ay kalahating dolyar o mga barya-barya. Gustung-gusto ni Andrew na ituro sa kanyang anak ang mga tungkulin nito kung kaya't walang naging sagabal sa pagkolekta ni Spencer sa araw na iyon. Laging naroon ang kabayo at bagon ng mga Kimball para gamitin sa gawain ng korum ng mga deacon. Kung hindi darating ang isa pang batang inatasang mangolekta na kasama niya, mag-isang umaalis si Spencer at tinatapos ang gawain."[13]

Bukod sa mga responsibilidad niya sa kanyang tahanan, paaralan, at Simbahan, si Spencer ay nagtrabaho din bilang sekretaryo ng kanyang ama. Maraming naisulat na liham si Andrew, mga anim sa bawat araw. Isinusulat ni Spencer ang idinidikta ng ama at pagkatapos ay minamakinilya ang mga liham.

Ang mga karanasang ito noong bata pa si Spencer ang nagturo sa kanya ng kahalagahan ng trabaho, isang aral na ipinamuhay at itinuro niya habambuhay. Makalipas ang maraming taon bilang Apostol na nasa mga edad 70 na, may mga araw na pakiramdam niya'y pagod na pagod siya. Ganito ang isinulat niya tungkol sa isang araw na tulad nito: "Nagsimula akong lungkot na lungkot at nag-iisip kung makakaya ko ba ang maghapon, pero . . . masyado akong naging abala sa trabaho ko kaya't nalimutan ko ang sarili ko at naging maganda ang araw na iyon."[14]

---

## Paglilingkod Bilang Misyonero

Noong 1914, nagtapos si Spencer mula sa Gila Academy, na umaasang makapag-aral sa University of Arizona sa taglagas. Gayunman, habang ginaganap ang pagtatapos, ibinalita ni Andrew Kimball na tatawaging magmisyon si Spencer.

Bilang paghahanda sa kanyang misyon, nagtrabaho si Spencer sa Globe, Arizona, sa pagawaan o tindahan ng mantikilya, gatas, at keso. Ito ang kauna-unahang paninirahan niya sa labas ng pamayanan ng mga Banal sa mga Huling Araw ng Gila Valley. Natuklasan niya na, kaya niyang makibagay sa mga tao kahit kaiba

ang mga pamantayan nila, nang hindi ikinokompromiso ang kanyang sariling mga pamantayan. Nakuha niya ang respeto ng mga kasamahan niya sa trabaho. Nang matapos ang tag-init, ang amo ni Spencer, na naninigarilyo at hindi Banal sa mga Huling Araw, ay nagbigay ng salu-salo bilang pamamaalam sa kanya at niregaluhan siya ng gintong relo na may nakaukit na pangalan niya.

Mula Oktubre 1914 hanggang Disyembre 1916, naglingkod si Spencer bilang full-time na misyonero sa Central States Mission, na ang headquarter ay nasa Independence, Missouri. Dito rin sa lugar na ito naglingkod ang kanyang ama, ang kanyang pangalawang ina, at ang isa sa kanyang mga kuya.

Ang full-time na paglilingkod ni Elder Kimball sa misyon ay naging panahon ng pag-unlad. Naharap siya sa mga pisikal na pagsubok. Inutusan ng kanyang mission president ang mga elder na humanap ng makakain at makituloy sa mga taong tinuturuan nila. Bunga nito, maraming gabing naging balisa si Elder Kimball sa maliliit na barung-barong sa kanayunan ng Missouri, na kasama sa higaan ang mga surot habang maingay ang mga lamok sa paligid. Maraming araw na gutom siya, at kapag inalok ng pagkain, kinakain niya ang kahit anong ihapag o ihain sa kanya.

Mahirap ang magbahay-bahay, at iilan lang ang taong nagpapabalik sa kanya. May kuwento tungkol sa kakaibang paraan na ginamit minsan ni Elder Kimball:

"Habang nagbabahay-bahay sa St. Louis napansin niya ang isang piano dahil sa pintong bahagyang nakabukas, at sinabi niya sa babae, na akmang pagsasarahan siya ng pinto, 'Ang ganda ho ng piano ninyo.'

" 'Kabibili lang namin nito,' ang may pag-aatubiling sinabi ng babae.

" 'Kimball ho siguro ang tatak niyan? Iyan din ho ang pangalan ko. Kaya ko hong tugtugin diyan ang isang awitin na maaaring magustuhan ninyo.'

"Gulat na napasagot ang babae ng, 'Aba sige, tuloy ka.'

"Nakaupo sa bangko, tinugtog at kinanta ni Spencer ang, 'Aking Ama.'

"Ang alam ni Spencer hindi kailanman sumapi sa Simbahan ang babaeng ito, pero hindi iyon dahil sa hindi sinubukan ni Spencer."[15]

Pinagtibay ng misyon ni Spencer ang natutuhan niya noong bata pa siya sa Arizona: pananampalataya sa Panginoon, masipag na pagtatrabaho, katapatan, tahimik na paglilingkod, at sakripisyo.

## Kasal at Pamilya

Noong tag-init ng 1917, mga pitong buwan matapos makauwi si Spencer Kimball mula sa kanyang misyon, napansin niya ang isang pabatid sa lokal na pahayagan. Si Camilla Eyring, na lumipat sa Gila Valley noong 1912 kasama ng kanyang pamilya, ay magtuturo ng home economics sa Gila Academy. Habang paulit-ulit na binabasa ni Spencer ang lathalain, nagpasiya siyang balang-araw ay pakakasalan niya si Camilla Eyring. "Nagkataon" namang nakita niya si Camilla na naghihintay sa bus stop malapit sa paaralan at nagsimula siyang makipag-usap kay Camilla. Tumabi siya kay Camilla sa bus, kung saan patuloy silang nag-usap, at pinayagan niya si Spencer na bumisita sa kanya.

Gustung-gusto ng inay ni Camilla ang batang si Spencer Kimball. Palagi niya itong niyayayang kumain ng hapunan tuwing bibisita ito kay Camilla. At si Brother Eyring, na napakaistrikto tungkol sa kalidad ng mga manliligaw ng kanyang anak, ay hindi naman tumutol. Makalipas ang 31 araw, si Spencer ay halos palagi nang nasa tahanan ng mga Eyring. Nagpasiyang magpakasal ang magkasintahan, ngunit naapektuhan ang kanilang mga plano dahil sa Unang Digmaang Pandaigdig noon. Napilitan si Spencer na manatili sa Thatcher, Arizona, para hintayin ang posibleng pagkapasok sa hukbo, kaya't hindi sila makapaglakbay nang malayo papunta sa isang templo sa Utah. Ikinasal sila sa huwes noong Nobyembre 16, 1917, ngunit inasam na kaagad mabuklod sa templo hangga't maaari. Natupad ang mithiin nang sumunod na Hunyo sa Salt Lake Temple.

Sina Spencer at Camilla ay nagkaroon ng apat na anak: tatlong lalaki at isang babae (Spencer LeVan, Andrew Eyring, Edward Lawrence, at Olive Beth). Bilang mga magulang ipinadama nila sa kanilang mga anak hindi lamang ang pagmamahal at suporta



*Sina Camilla Eyring at Spencer W. Kimball noong malapit na silang ikasal.*

kundi maging ang pagtitiwala sa paggawa nila ng mga desisyon. Naalaala ng isa sa kanilang mga anak na lalaki:

"Kapag nagtatanghal ang mga anak sa paaralan, sa Simbahan o kahit saan, naroon lagi ang aking mga magulang, kahit nangahulugan iyon ng kanilang pagsasakripisyo. Palagi silang nagpapakita ng malasakit sa amin at ipinagmamalaki nila kami.

"Sa aming pamilya, dama namin ang ugnayan ng bawat isa, at hindi kami parang isang bagay lang na pag-aari ng mga magulang namin. Pananagutan namin ang aming mga gawa. Ang mga magulang namin ay nanghihimok at gumagabay, ngunit hindi nag-uutos."

Ganito pa ang sinabi ng anak ding ito tungkol sa kanyang ama:

"Wala akong ibang kilala na mas bukas-palad kaysa sa aking ama. Siya'y mabait at maunawain, na halos pagkakamali na iyon. May tendensiya ang mga anak na isiping ang mga magulang nila ay makapangyarihang tao, at walang mga pangangailangan. Pero alam ko kung gaano ang pasasalamat ng tatay ko sa taos-pusong papuri o salita ng pasasalamat. At walang katumbas ang pasasalamat o pagmamahal na nagmumula sa kanyang sariling pamilya.

"Alam kong walang higit na nagbibigay ng kasiyahan sa kanya—matapos madamang sang-ayon ang Panginoon sa ginawa niya—maliban sa makita ang kanyang pamilya na sumusunod sa kanyang mga yapak sa pamumuhay nang matuwid.

"Kung maaari kong piliin ang huhusga sa akin sa huling araw, wala akong ibang pipiliin kundi ang aking ama."[16]

---

## Buhay Propesyonal, mga Tungkulin sa Simbahan, at Paglilingkod sa Komunidad

Dahil kay Camilla na nasa kanyang tabi at sa mga responsibilidad niya sa pamilya, sinimulan ni Spencer ang kanyang buhay propesyonal bilang isang clerk ng bangko. Sa paglipas ng mga taon, mula sa trabaho sa bangko ay lumipat siya sa life insurance o seguro at sa real estate development. Dahil sa mahirap na pamumuhay noong panahon ng Matinding Kahirapan (1929–39) nagkaroon ng mga problema si Spencer sa kanyang mga negosyo, ngunit nalampasan iyon ng kanyang pamilya.

Namatay ang tatay ni Spencer noong 1924, matapos maglingkod bilang stake president sa loob halos ng tatlong dekada. Nang muling isaayos ni Pangulong Heber J. Grant, ikapitong Pangulo ng Simbahan, ang stake presidency, ang 29-anyos na si Spencer ay tinawag na maglingkod bilang pangalawang tagapayo.

Bukod sa kanyang buhay may pamilya, pagsisikap sa kanyang propesyon, at paglilingkod sa Simbahan, si Spencer ay aktibong tagaambag sa komunidad. Tumulong siya sa pagtatayo ng unang lokal na istasyon ng radyo. Siya'y aktibong miyembro noon ng Rotary Club, isang samahan na nakatuon sa paglilingkod, at sa huli'y naging tagapamahala siya ng distrito nito.

Noong 1938 ay nahati ang St. Joseph Stake, at si Spencer ay tinawag na maging pangulo ng bagong Mount Graham Stake. Sa pag-aalala na baka sumama ang loob sa kanya ng ilan sa mga pamumunuan niya, binisita nina Spencer at Camilla ang mga taong maaaring may gayong damdamin para "maiwasan ang gayong problema."[17]

Noong Setyembre 1941, habang naglilingkod siya bilang stake president, nagkaroon ng malaking baha sa komunidad. Tumaas

ang tubig sa Gila River dahil sa patuloy na pag-ulan hanggang sa umapaw ito at umagos sa mga kalye ng ilan sa mga panirahan. Inanod ng tubig ang mga tahanan at binaha ang mga bukirin. Ang mga residente, na halos lahat ay mga miyembro ng Simbahan, ay lubos na nangailangan ng tulong. Nang marinig ang nangyaring pinsala, pinuno ni Spencer ang kanyang kotse ng pagkaing mula sa mga imbakan ng Simbahan at nagpunta sa mga bayan na naapektuhan ng pagbaha. Ipinalinis niya ang maruruming damit. Tinulungan niya ang mga magsasaka na makakuha ng ipapakain sa mga alagang hayop. Di nagtagal ay dumating ang trak na puno ng pagkain at mga kasuotan. Sa loob ng isang linggo, ang mga nasalanta nang husto sa pagbaha ay nakakabawi na. Ang mga miyembro ng Simbahan ay nagpakita ng walang-tigil na pagmamagandang-loob. Si Spencer ang nangasiwa sa pag-alam kung ano ang mga kinakailangan at sa pamamahagi ng mga bagay-bagay. Sa lahat ng ito, nakipag-ugnayan siyang mabuti kay Elder Harold B. Lee ng Korum ng Labindalawang Apostol, dahil kabilang sa tungkulin nito ang programang pangkapakanan.

---

## Ang Pagka-Apostol

Noong Hulyo 8, 1943, tinawagan ni Pangulong J. Reuben Clark Jr. ng Unang Panguluhan si Spencer sa tahanan nito. Sinabi niyang tinawag si Spencer para punan ang isa sa dalawang bakanteng upuan ng Korum ng Labindalawang Apostol. Ang sagot ni Spencer dito ay: "O, Brother Clark! Hindi po ako? Hindi kayo seryosong ako? Baka nagkamali lang po. Sigurado po akong mali ang narinig ko. . . . Parang napakaimposible. Masyado akong mahina at pangkaraniwang tao lang at limitado ang kaalaman at walang kakayahan."[18] Tiniyak ni Spencer kay Pangulong Clark na isa lang ang maaaring isagot sa tawag ng Panginoon, pero hindi kaagad nanaig ang kahandaan niyang maglingkod sa damdamin ng kawalan ng kakayahan at pagiging di-marapat.

Tumindi ang damdaming iyon nang sumunod na ilang araw, at halos kakaunti o hindi makatulog si Spencer. Habang siya'y nasa Boulder, Colorado, para bisitahin ang kanyang anak na lalaki, naglakad siya paakyat sa mga burol isang umaga. Habang umaakyat siya, inisip niyang mabuti ang bigat ng tungkulin ng apostol.

Nahirapan siya talaga dahil naisip niyang baka hindi niya magampanang mabuti ang tungkulin, na baka nagkamali lang sa pagtawag sa kanya. Habang nasa ganitong kaisipan, nakarating siya sa tuktok ng bundok na kanyang inaakyat, at doo'y lumuhod siya para magdasal at magmuni-muni. "Nagdasal ako nang taimtim!" paggunita niya. "Nahirapan akong mabuti! Tumangis ako! Nagsikap akong mabuti!" Habang siya'y nagdadalamhati, nakinita niya ang kanyang lolong si Heber C. Kimball at "ang dakilang gawaing nagawa niya." Napanatag ng kaalamang ito ang puso ni Spencer. "Nakadama ako ng kapayapaan at katiyakan, napawi ang pag-aalinlangan at mga pagtatanong. Parang naalis ang isang mabigat na pasanin. Naupo ako sa matiwasay na katahimikan habang pinagmamasdan ang magandang lambak, na nagpapasalamat sa Panginoon sa kasiyahan ng kalooban at katiyakan ng sagot sa aking mga dalangin."[19] Noong Oktubre 7, 1943, sa edad na 48, si Spencer W. Kimball ay naordenan na Apostol.

Ang paglilingkod ni Elder Kimball sa Korum ng Labindalawa ay tumagal nang tatlumpung taon. Noong panahong iyon, naglakbay siya sa maraming lugar, na pinatatatag ang mga miyembro at tumutulong sa pag-unlad ng kaharian. Sa pamamagitan ng espesyal na asaynment mula kay Pangulong George Albert Smith, pinagtuunang mabuti ng pansin ni Elder Kimball ang mga inapo ng propetang si Lehi ng Aklat ni Mormon—ang mga katutubo ng North, Central, at South America. Mahusay siyang tagapagsalita noon para sa kanilang kapakanan kapwa sa matatandang korum ng Simbahan at sa mga miyembro sa pangkalahatan. Pinulaan niya ang lahat ng di pantay na pagtingin sa lahi at panghahamak sa mahihirap.

Sa kanyang mga sermon, si Elder Kimball ay puwedeng maging makata bagamat simpleng manalita. Madalas niyang talakayin ang maseselang paksang pinoproblema ng pangkaraniwang miyembro ng Simbahan. Bilang karagdagan sa napakarami niyang mga talumpati, siya ang sumulat ng aklat na *The Miracle of Forgiveness*. Ang aklat na ito'y bunga ng matagal na karanasan ni Elder Kimball bilang Apostol, na nagpapayo sa mga nakagawa ng mabibigat na kasalanan. Sa aklat ay inilarawan niya ang mga inaasahan sa atin ng Panginoon, ang ating banal na potensyal, at



*Ang Korum ng Labindalawang Apostol noong 1958.*
*Nakatayo, kaliwa pakanan: Delbert L. Stapley, Marion G. Romney, LeGrand Richards, Richard L. Evans, George Q. Morris, at Hugh B. Brown.*
*Nakaupo, kaliwa pakanan: Joseph Fielding Smith, Harold B. Lee, Spencer W. Kimball, Ezra Taft Benson, Mark E. Petersen, at Henry D. Moyle.*

ang landas na kailangan nating sundin para makapagsisi at matanggap ang katiyakan ng ganap at banal na kapatawaran. Pinatotohanan ni Elder Kimball sa mambabasa na ang Panginoon ay maawain at patatawarin Niya ang mga taos-pusong nagsisisi.

## Mga Hamon sa Kalusugan

Noong nabubuhay pa siya, si Spencer W. Kimball ay nagkaroon ng iba't ibang pinsala at karamdaman. Dalawang malalaking hamon sa kalusugan ang nagkaroon ng malaking epekto noong siya'y isang Apostol. Ang unang karamdaman ay nag-iwan ng palatandaan kay Elder Kimball na halatang-halata sa tuwing magsasalita siya. Sa dakong huli ng 1956, nakadama siya ng pamamalat sa kanyang tinig. Ayon sa pagsusuri iyon ay kanser sa lalamunan. Isang operasyon noong Hulyo 1957 ang naging dahilan ng pagkatanggal ng isang vocal cord at bahagi ng isa pa. Bunga nito, ipinahinga niya ang kanyang boses para sa pinakamainam nitong paggaling. Sa mga gabing hindi siya makatulog, inisip ni Elder Kimball kung makapagsasalita pa siyang muli.

Anim na buwan matapos ang operasyon, sinabi ng mga doktor na magaling na ang lalamunan ni Elder Kimball. Ikinuwento ni Elder Boyd K. Packer ng Korum ng Labindalawang Apostol kung paanong nagpapatawa si Elder Kimball kapag ipinaririnig sa mga tao ang kanyang bagong tinig o boses:

"At dumating ang pagsubok. Makapagsasalita ba siya? Makapangangaral ba siya?

"Muli siyang umuwi [sa Arizona] para sa kauna-unahan niyang talumpati. . . . Doon, sa isang kumperensya ng St. Joseph Stake, . . . siya'y tumayo sa pulpito.

" 'Bumalik ako dito,' sabi niya, 'para makapiling ang mga kababayan ko. Sa lambak na ito'y namuno ako bilang stake president.' Siguro naisip niya na sakaling mabigo siya, makakapiling niya dito ang mga taong lubos na nagmamahal sa kanya at makauunawa.

"Damang-dama ang matinding pagmamahal. Napawi ang pagkabahala sa madulang tagpong ito nang magpatuloy siya, 'Kailangan kong sabihin sa inyo ang nangyari sa akin. Nagpunta ako sa Silangan, at habang naroon ay nagilitan ako sa leeg. . . .' Matapos iyon ay hindi na mahalaga pa kung ano ang sinabi niya. Nagbalik na si Elder Kimball!"[20]

Ang bagong boses niya ay mahina, malalim, at magaspang. Sabi ni Elder Packer, iyon ay, "payapa, mapanghikayat, malamig, banayad, kaakit-akit na tinig, isang tinig . . . na minahal ng mga Banal sa mga Huling Araw."[21]

Nagkaroon din si Elder Kimball ng mabigat na problema sa puso. Matapos maging Apostol, nagkaroon siya ng sunud-sunod na atake sa puso. Noong 1972, habang naglilingkod bilang Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawa, sumailalim siya sa isang maselang operasyon. Si Dr. Russell M. Nelson ang doktor sa puso ni Pangulong Kimball nang panahong iyon. Sa bandang huli, bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ikinuwento ni Elder Nelson ang nangyari sa operasyon: "Hindi ko malilimot kailanman ang nadama ko nang muling pumintig ang kanyang puso, na tumitibok nang buong lakas at sig-

la. Sa sandaling iyon mismo, ipinaalam sa akin ng Espiritu na ang espesyal na pasyenteng ito ay mabubuhay para maging propeta ng Diyos sa lupa."[22]

---

### Pangulo ng Simbahan

Noong gabi ng Disyembre 26, 1973, si Pangulong Harold B. Lee, ang ika-11 Pangulo ng Simbahan, ay biglaang namatay. Sang-ayon sa orden ng pagkakasunod-sunod ng mga apostol sa Simbahan, noong Disyembre 30, 1973, si Spencer W. Kimball, bilang pinakamatagal na miyembro ng Korum ng Labindalawa, ang naging Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Ikinagulat ito ng mga miyembro ng Simbahan—at lalo na ni Pangulong Kimball. Siya'y naorden na Apostol dalawang taon at kalahati matapos maorden si Harold B. Lee. Yamang apat na taon ang tanda ni Pangulong Kimball kaysa kay Pangulong Lee at, kung tutuusin ay mas sakitin pa, naisip ni Pangulong Kimball na hindi siya ang magiging kasunod ni Pangulong Lee. Nang gunitain niya sa bandang huli: "Damang-dama ko na mamamatay ako, kapag dumating na ang oras ko, bilang pangulo ng Labindalawa. . . . Binanggit ko sa libing ni Pangulong Lee na wala nang mas titindi pa sa pagdarasal namin ni Sister Kimball para sa muli niyang paggaling at sa patuloy niyang paggaling."[23]

Si Pangulong Kimball ay sinang-ayunan ng mga miyembro ng Simbahan sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1974. Hindi niya hinangad ang posisyong ito, kundi pinili siya ng Panginoon na maging Kanyang propeta, tagakita, at tagapaghayag at mamuno sa Kanyang Simbahan at kaharian sa lupa.

Kaugnay ng pangkalahatang kumperensyang iyon sa buwan ng Abril, nagsalita si Pangulong Kimball tungkol sa gawaing misyonero sa isang miting para sa mga lider ng Simbahan. Si Elder William Grant Bangerter, na sa huli'y naging miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu, ay regional representative noon at naroon sa miting. Sa huli'y ginunita niya ang epekto ng mga salita ni Pangulong Kimball:

"Natanto namin na binubuksan ni Pangulong Kimball ang espirituwal na mga dungawan at tinatawag tayo para makasama



*Si Pangulong Spencer W. Kimball, gitna, kasama ang kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan mula 1973 hanggang 1981: sina Pangulong N. Eldon Tanner (kaliwa) at Marion G. Romney (kanan).*

niya sa pagtitig sa mga plano ng kawalang hanggan. Para bang hinahawi niya ang mga tabing na nakatalukbong sa layunin ng Makapangyarihan at iniimbita tayong pagmasdang kasama niya ang tadhana ng ebanghelyo at makinita ang ministeryo nito.

"Duda ako na malilimutan ng sinumang naroon nang araw na iyon ang pangyayari. Ako mismo, ay halos miminsan lang nabasang muli ang mensahe ni Pangulong Kimball mula noon, ngunit

ang pinakadiwa ng sinabi niya ay malinaw na nakakintal sa aking isipan na mabibigkas ko halos ang karamihan nito ngayon mismo.

"Ang Espiritu ng Panginoon ay na kay Pangulong Kimball at mula sa kanya'y napasaamin at damang-dama namin ang presensya nito, na minsa'y kapwa nakaaantig at nakayayanig. Ipinakita Niya sa amin ang isang maluwalhating pangitain."[24]

Ang mensahe ni Pangulong Kimball sa pagkakataong iyon ang sentrong paksa ng kanyang ministeryo bilang Pangulo ng Simbahan:

"Mga kapatid, naiisip ko lang kung ginagawa nga ba natin ang lahat ng ating magagawa. Nasisiyahan na ba tayo sa ginagawa nating pagtuturo sa buong mundo? Mga 144 na taon na tayong nagtuturo ng ebanghelyo. *Handa ba tayong dagdagan ang ating pagsisikap? Na lawakan ang ating pananaw?*. . .

"Natanto ko, mga kapatid, na hindi ito madaling gawin. Hindi ito magagawa nang walang pagsisikap, ni hindi ito magagawa sa loob ng napakaikling panahon. Ngunit nananalig ako na *maaari tayong sumulong at dagdagan ang ating pagsisikap sa gawaing misyonero nang mas mabilis pa kaysa ginagawa natin sa ngayon.* . . .

". . . Sa palagay ko kung lahat tayo'y iisa sa puso't isipan at iisa ang ating layunin, tayo'y makasusulong at mababago ang ating pananaw na para bang 'Ayos naman ang ating ginagawa. Huwag na tayong "lumikha pa ng mga problema." ' "[25]

Dahil dito'y nagsimula ang kakaibang dekada ng pag-unlad at pagbabago. Bagamat gawaing misyonero ang pangunahing binigyang-diin, di nagtagal ay naging malinaw sa mga miyembro ng Simbahan na si Pangulong Kimball ay hindi interesadong manatili na lamang sa isang aspeto ng mabuting hangarin.

*Gawaing Misyonero*

Hinangad ni Pangulong Kimball na mabuksan ang mga pintuan ng ibang bansa sa pangangaral ng ebanghelyo. Ang pagkakahati ng tinatawag na "Cold War" sa pagitan ng mga demokratikong gobyerno at mga gobyernong komunista ang naging hadlang sa pagtuturo ng ebanghelyo sa maraming bansa ng Europa at Asia. Ang mga patakaran din naman ng Simbahan

tungkol sa ordenasyon sa priesthood ang naglimita sa gawaing misyonero sa Africa, mga bahagi ng South America, at Caribbean. Tiningnan ni Pangulong Kimball ang bawat oportunidad para mapalawak ang lupaing nasasakupan ng Simbahan.

Kasabay nito, binigyang-diin niya na ang mas malalaking pagkakataon na maturuan ang mga bansa ay batay sa kahandaan ng mga miyembro ng Simbahan na samantalahin ang mga pagkakataong iyon. Para sa mga kabataang lalaki na karapat-dapat at handang-handa na, ang serbisyo ng misyonero ay hindi dapat ituring na isang opsiyon kundi banal na tungkulin at oportunidad. Ang obligasyong ito ay nasa balikat ng mga kabataang lalaki saan man sila nakatira. Ang mga kabataang babae ay maaari ring maglingkod bilang mga misyonera pero hindi sila obligadong tulad ng mga kabataang lalaki. Bukod dito, ang mga nakatatandang mag-asawa ay hinikayat na magmisyon. Nang magsimulang maglingkod si Spencer W. Kimball bilang Pangulo ng Simbahan, 17,000 full-time na mga misyonero ang naglilingkod sa buong mundo. Nang mamatay siya makalipas ang mga 12 taon, ang bilang na iyon ay umabot nang halos 30,000. Malaki ang ibinunga ng karagdagang pagsisikap ng mga misyonero: Ang bilang ng mga miyembro ng Simbahan na mula 3.3 milyon ay umabot nang halos 6 na milyon.

Sa pagsasalita sa isang grupo ng mga kabataang miyembro ng Simbahan noong 1975, sinabi ni Pangulong Kimball: "Alam ba ninyong mga kabataang lalaki kung ano ang ginawa ng Panginoon para sa inyo? Makikisig kayong mga binata. Mukha kayong malakas at malusog at masaya. Sino ang nagbigay sa inyo ng inyong kalusugan? Sino ang nagbigay sa inyo ng inyong mga mata? Sino ang nagbigay sa inyo ng inyong mga tainga? Sino ang nagbigay sa inyo ng inyong tinig? Naisip na ba ninyo iyan? Tiyak na may isang taong nagbigay sa inyo ng mahahalagang pag-aaring ito."

Pagkatapos ay inilarawan niya ang karanasan niya nang operahan siya sa lalamunan at kung paanong bahagi na lamang ng kanyang tinig ang itinira nito. Sa pagpapatuloy, sinabi niya: "Hayaan ninyong itanong ko kung ilan sa inyo ang handang isuko ang inyong tinig? Binili ba ninyo ito o nagbigay ng kapalit

para dito? May nagbigay ba nito sa inyo? Binigyan ba kayo ng Panginoon ng tinig para masabi ninyo ang nasa loob ninyo? Kung gayon, bakit hindi kayo humayo sa mundo at sabihin ang pinakadakilang kuwento sa mundo, at sabihin sa mga tao na naibalik na ang katotohanan; na patuloy ang pagtawag ng Panginoon ng mga propeta mula kay Adan hanggang sa ngayon; at taglay ninyo mismo ang banal na priesthood, at gagampanan ninyo itong mabuti habang nabubuhay kayo? Sabihin ninyo iyan sa mundo! Kailangan nila ito!

"Kaya't muli kong itatanong sa inyo, sino ang nagbigay ng inyong tinig? Bakit?—para lamang makaawit o makapagsalita kayo o masiyahang kasama ng mga tao? O ibinigay niya ang tinig na iyan sa inyo para maituro ninyo ang ebanghelyo? . . .

"Ngayon sa palagay ko mas makabubuting magmisyon tayo, hindi ba?—bawat karapat-dapat na lalaki."[26]

*Gawain sa Templo*

Bilang Pangulo ng Simbahan, pinamahalaan ni Spencer W. Kimball ang pagdami ng mga itinatayong templo. Sa pagsisimula ng kanyang administrasyon, 15 ang gumaganang templo; nang mamatay siya makalipas ang mga 12 taon, umabot sa 36 ang bilang nito, mahigit doble. Si Pangulong Gordon B. Hinckley, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ay nagpatotoo na, "Ang malaking puwersang ito sa pagtatayo ng templo ay dulot ni Pangulong Kimball ayon sa paghahayag mula sa Panginoon."[27]

Ganito ang sinabi ni Pangulong Kimball tungkol sa gawain sa templo: "Paparating na ang araw at malapit nang mangyari iyon na ang lahat ng mga templo sa mundong ito ay bubuksan sa araw at gabi. . . . Magkakaroon ng mga grupo ng manggagawa na kikilos sa araw at gabi at halos mapagod na, dahil sa kahalagahan ng gawain at sa dami ng bilang ng mga namatay na nasa kawalang hanggan na nananabik na mabuti at nangangailangan ng mga pagpapalang maaaring mapasakanila."[28]

*Pamamahala sa Simbahan*

Noong 1975 at 1976, ipinag-utos ni Pangulong Kimball ang muling pagsasaayos at pagpapalawak ng pamamahala sa

Simbahan para makaagapay sa pag-unlad ng Simbahan. Bilang bahagi ng ihahayag na organisasyon at mga responsibilidad ng mga General Authority, ang Unang Korum ng Pitumpu ay muling binuo at pagsapit ng Oktubre 1976 ito'y kinabilangan ng 39 na kalalakihan. "Sa pagkilos na ito," paliwanag ni Pangulong Kimball, "ang tatlong namamahalang korum ng Simbahan na ipinaliwanag sa pamamagitan ng mga paghahayag,—ang Unang Panguluhan, ang Korum ng Labindalawa, at ang Unang Korum ng Pitumpu,—ay isinaayos sa dapat kalagyan ng mga ito ayon sa pagkakahayag ng Panginoon. Dahil dito'y posibleng mapangasiwaang mabuti ang kasalukuyang dami ng trabaho at makapaghanda para sa dagdag na paglaganap at pagbilis ng gawain, na inaasam ang araw ng pagbabalik ng Panginoon para direktang mangasiwa sa Kanyang simbahan at kaharian."[29] Ang paghahayag na ito mula sa Panginoon tungo sa Kanyang propeta ang naging dahilan ng iba pang mga pagbabago sa pamamahala ng Simbahan na kinakailangan sa "gawain sa ubasan" (D at T 107:96).

*Mga Banal na Kasulatan*

Noong 1976, ipinag-utos ni Pangulong Kimball na idagdag ang dalawang paghahayag, ang isa ay kay Propetang Joseph Smith at ang isa ay kay Pangulong Joseph F. Smith, sa tuntunin ng banal na kasulatan (tingnan sa D at T 137 at 138). Sa ilalim ng pamamahala ni Pangulong Kimball, inilathala ang LDS na edisyon ng King James Bible noong 1979, at isang bagong edisyon ng tatlong pinagsamang aklat ng banal na kasulatan (ang Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas) ang inilathala noong 1981. Sa pagtukoy sa paglitaw ng mga edisyong ito ng pamantayang mga banal na kasulatan, sinabi ni Elder Boyd K. Packer na, "Sa paglipas ng mga henerasyon, ito ay ituturing sa kasaysayan, bilang pinakamalaking nagawa sa administrasyon ni Pangulong Spencer W. Kimball."[30]

Sa panahon ng panunungkulan ni Pangulong Kimball, ang mga banal na kasulatan din ang naging batayan ng kurikulum ng Sunday School sa Simbahan.

*Pagpapasimple*

Sa paglaki at paglawak ng pagpapatakbo ng Simbahan, natanto ni Pangulong Kimball at ng iba pang mga lider ng Simbahan na kailangang simplihan ang iba-ibang programa ng Simbahan upang ang lubos na kailangan ay madaling makuha kahit paano ng mga nasa pinakabagong tatag na branch at gayundin ng matatagal nang ward. Sinabi ni Pangulong Kimball:

"Ang misyon ng Simbahan sa mga miyembro nito ay ang mapasakanila ang mga alituntunin, programa, at priesthood na siyang paraan upang maihanda ang kanilang sarili sa kadakilaan. Ang tagumpay natin, bawat isa at bilang Simbahan, ay mababatay nang malaki sa kung gaano natin katapat na pinagtutuunan ng pansin ang pamumuhay ng ebanghelyo sa tahanan. Kapag nakita na nating mabuti ang mga responsibilidad ng bawat tao at ang papel ng ating mga pamilya at tahanan, doon pa lang natin mauunawaan na ang mga korum ng priesthood at organisasyon ng auxiliary, sa ward at stake, ay umiiral unang-una para tulungan ang mga miyembro na ipamuhay ang ebanghelyo sa tahanan. Pagkatapos ay mauunawaan natin na ang mga tao ay mas mahalaga kaysa mga programa, at ang mga programa ng Simbahan ay dapat palaging sumuporta at hindi makabawas sa mga aktibidad ng pamilya na nakasentro sa ebanghelyo. . . .

"Ang ating pangako na ipamuhay sa tahanan ang ebanghelyo ang dapat maging malinaw na mensahe ng bawat programa ng priesthood at auxiliary, na binabawasan, kung kailangan, ang ilan sa mga opsiyonal na aktibidad na lumalayo sa dapat pagtuunan ng pansin sa pamilya at tahanan."[31]

Ang isang mahalagang pagbabago noong administrasyon ni Pangulong Kimball ay ang pagpapasimula ng tatlong-oras na iskedyul ng miting sa araw ng Linggo. Pinagsama-sama nito ang iba't ibang miting mula Lunes hanggang Biyernes at sa araw ng Linggo at ginawang simple at mas kumbinyenteng mga miting sa araw na lamang ng Linggo. Ang pagpapasimula ng pinagsamang iskedyul na ito noong 1980 ay nakabawas nang malaki sa nagugugol na oras at pera ng mga miyembro ng Simbahan para lamang makasali sila sa lahat ng programa ng Panginoon.

### *Pagpapahayag Tungkol sa Priesthood*

Ang isa sa mga pinakamahalagang pagbabagong nangyari noong si Spencer W. Kimball pa ang pangulo ay ang paghahayag tungkol sa priesthood (tingnan sa Opisyal na Pahayag 2 sa Doktrina at mga Tipan).

Noong Hunyo 1, 1978, si Pangulong Kimball, at ang iba pang mga miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay nagpulong sa silid sa itaas ng Salt Lake Temple. Si Pangulong Gordon B. Hinckley, na naroon bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay nag-ulat kalaunan:

"Ang tanong tungkol sa pagkakaloob din ng mga biyaya ng priesthood sa mga itim o negro ay nasa isipan ng marami sa mga Kapatid sa paglipas ng mga taon. Paulit-ulit itong tinalakay ng mga Pangulo ng Simbahan. Masyado itong ikinababahala ni Pangulong Spencer W. Kimball.

"Matagal din niyang ipinagdasal ang tungkol sa mabigat at mahirap na tanong na ito. Gumugol siya ng maraming oras sa silid sa itaas ng templo na mag-isang nananalangin at nagmumuni-muni.

"Sa pagkakataong ito binanggit niya ang katanungang ito sa kanyang mga Kapatid—ang kanyang mga Tagapayo at ang mga Apostol. Kasunod ng talakayang ito sama-sama kaming nananalangin nang napakataimtim. Si Pangulong Kimball mismo ang nag-alay ng panalanging iyon. . . . Naroon ang Espiritu ng Diyos. At sa kapangyarihan ng Espiritu Santo ay nadama ng propeta ang katiyakan na ang bagay na ipinagdarasal niya ay tama, na dumating na ang panahon, at ngayon ang kagila-gilalas na mga pagpapala ng priesthood ay dapat nang ipagkaloob sa karapat-dapat na mga kalalakihan saan man sila naroon anuman ang kanilang lahi.

"Bawat isa na nasa bilog na iyon, ay gayundin ang nadama sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

"Payapa at napakadakila ng sandaling iyon. . . .

". . . Wala ni isa sa amin na naroon sa okasyong iyon ang tulad pa rin ng dati matapos iyon. Ni ang Simbahan ay hindi na tulad ng dati."[32]

Ibinalita ang tungkol sa paghahayag sa pamamagitan ng isang liham na may petsang Hunyo 8, 1978, sa lahat ng pangkalahatan at lokal na mga pinuno ng priesthood sa Simbahan: "Bawat matapat, karapat-dapat na lalaki sa Simbahan ay maaaring matanggap ang banal na pagkasaserdote, na may kapangyarihang gamitin ang banal na karapatang ito, at tamasahin kasama ang kanyang mga minamahal ang lahat ng pagpapalang umaagos mula roon, kasama na ang mga pagpapala ng templo" (D at T, Opisyal na Pahayag 2).

Naalaala ni Pangulong Hinckley: "Ang liham ay ipinalabas sa Simbahan at sa mundo. Hindi ko na kailangang sabihin pa sa inyo ang matinding epekto nito sa damdamin kapwa sa loob at sa labas ng Simbahan. Marami ang umiyak, mga luha ng pasasalamat hindi lamang sa panig ng mga napagkaitan noon ng priesthood at biglaang nakinabang sa balitang ito, kundi maging sa kalalakihan at kababaihan ng Simbahan sa buong mundo na katulad namin ang damdamin hinggil sa bagay na ito."[33]

Makalipas ang mga tatlong buwan, ganito ang sinabi ni Pangulong Kimball, tungkol sa paghahayag: "Isa sa mga Kapatid ang nagsabi kahapon na dumating na ang isa sa mga pinakamalaking pagbabago at pagpapalang nalaman ng tao. . . . Maliban sa iilang tao na palaging salungat, tinanggap ng mga tao sa daigdig ang pagbabagong ito nang may pasasalamat. . . . Kung kaya't maligayang-maligaya kami tungkol dito, lalo na doon sa mga napagkaitan noon ng mga pagpapalang ito."[34]

---

### Pagmamahal sa mga Tao at sa Gawain ng Panginoon

Sa paglalarawan kay Pangulong Kimball, sinabi ni Elder Neal A. Maxwell ng Korum ng Labindalawang Apostol na: "Puno ng pagmamahal ang paglilingkod ng taong ito. Ang mapagmahal ngunit mapanuri niyang mga mata, ang pag-akbay niya, ang kanyang banal na halik, ang pagiging magiliw niya—na nadama ng marami—ay lumikha ng karapat-dapat na damdaming nakapalibot sa taong ito, hindi damdamin na mahirap siyang lapitan, kundi ng espesyal na kagiliwan. Dama ng lahat ang kanyang pagmamahal; walang hindi nakadama nito. Maaaring akalain ng bawat General Authority na *siya* ang paborito ni Pangulong



*Sinabi ni Pangulong Kimball, "Gusto kong makilala ako bilang isang taong nagmamahal sa kanyang mga kapatid."*

Kimball, dahil mahal na mahal niya ang bawat isa sa amin! Paano nga ba namang hindi ganoon ang maiisip namin?"[35]

Sinabi ni Pangulong Kimball sa mga miyembro ng Simbahan, "Gusto kong makilala ako bilang isang taong nagmamahal sa kanyang mga kapatid."[36] Nadama ito ng mga Banal sa mga Huling Araw at bilang ganti'y minahal din nila siya, na ipinagpasalamat naman niya. Sabi niya: "Lagi kong sinasabi sa mga tao kapag sinasabi nilang mahal nila ako na, 'Nakakatuwa, dahil diyan ako nabubuhay.' At totoo ang sinasabi ko."[37]

Sa kanyang magiliw ngunit determinadong paraan, hinikayat ni Pangulong Kimball ang mga Banal sa mga Huling Araw na lalo pa silang magsikap sa paglilingkod sa Panginoon, alisin ang kawalang-malasakit, daigin ang kasalanan, o ang iba pang mga problemang hadlang sa kanilang pagsulong. Sa buhay niya mismo, nagsilbi siyang halimbawa ng taong sumusulong sa paglilingkod sa Panginoon, anuman ang mga balakid sa daan.

Ganito ang sinabi ni Elder Robert D. Hales, na noo'y miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu, tungkol kay Pangulong Kimball: "Siya ang taong gumagawa, na ipinakita ng simpleng karatulang

nasa kanyang mesa na nagsasabing, 'Gawin Mo.'. . . Ang halimbawa niya't pagmamahal ay humihikayat sa mga sumusunod sa kanyang halimbawa na kamtin ang mas matataas na mithiin at dagdagan pa ang pagsisikap nila para maging ganap."[38]

Sa isang mensaheng ibinigay sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1979, isinalaysay ni Pangulong Kimball ang kuwento sa Lumang Tipan tungkol kay Caleb, na, nang maharap sa mga hamong kaugnay ng pagpasok sa lupang pangako, ay nagsabing, "Ibigay mo sa akin ang lupaing maburol na ito" (Josue 14:12). Sa pagtukoy sa mga salitang ito, sinabi ni Pangulong Kimball:

"Ito ang nadarama ko sa gawain sa sandaling ito. May malalaking hamon tayong kakaharapin, malalaking oportunidad na masasagupa. Tanggap ko ang mangyayari at nais kong sabihin sa Panginoon, nang buong pagpapakumbaba, 'Ibigay mo sa akin ang lupaing maburol na ito,' ibigay mo sa akin ang mga hamon na ito.

"Mapagpakumbaba kong ibinibigay ang pangakong ito sa Panginoon at sa inyo, minamahal kong mga kapatid, mga kapwa manggagawa sa sagradong layunin ni Cristo: Susulong ako, nang may pananampalataya sa Diyos ng Israel, nalalaman na gagabayan at papatnubayan niya tayo, at aakayin tayo, sa huli, sa pagsasakatuparan ng kanyang mga layunin at papunta sa ating lupang pangako at sa mga ipinangakong pagpapala sa atin. . . .

"Buong sigasig at taimtim kong hinihimok ang bawat isa sa inyo na gawin din ang pangako at pagsisikap na ito—bawat lider ng priesthood, bawat babae sa Israel, bawat kabataang lalaki, bawat kabataang babae, bawat bata."[39]

Noong Nobyembre 5, 1985, matapos ang halos 12 taong paglilingkod bilang Pangulo ng Simbahan, si Spencer W. Kimball ay pumanaw. Nang siya'y mamatay, ipinahayag ng tagapayo ni Pangulong Kimball na si Pangulong Gordon B. Hinckley na: "Malaking pagkakataon at pribilehiyo para sa akin ang makasama ni Pangulong Kimball sa gawain ng Panginoon. Minsan ay sinubukan ko siyang pabagalin nang kaunti, at sinabi niyang, 'Gordon, ang buhay ko'y tulad ng aking mga sapatos—mapupudpod sa paglilingkod.' Ganoon nga ang naging buhay niya. Ganoon nga siyang namatay. Naroon na siya sa piling Niya na

pinaglingkuran niya, maging ang Panginoong Jesucristo, na sinaksihan at pinatotohanan niya."[40]

## Mga Tala

1. Tingnan sa Edward L. Kimball at Andrew E. Kimball Jr., *Spencer W. Kimball* (1977), 196.
2. Boyd K. Packer, "President Spencer W. Kimball: No Ordinary Man," *Ensign,* Mar. 1974, 3.
3. *Spencer W. Kimball*, 12.
4. "The False Gods We Worship," *Ensign,* Hunyo 1976, 3.
5. "Friend to Friend," *Friend,* Ene. 1971, 34.
6. "He Did It with All His Heart, and Prospered," *Ensign,* Mar. 1981, 4.
7. Sa Conference Report, Abr. 1979, 140; o *Ensign,* Mayo 1979, 99.
8. Sa *Spencer W. Kimball,* 23.
9. Sa Conference Report, Abr. 1979, 140; o *Ensign,* Mayo 1979, 99.
10. Sa *Spencer W. Kimball,* 46.
11. Sa *Spencer W. Kimball,* 57.
12. Edward L. Kimball at Andrew E. Kimball Jr., *The Story of Spencer W. Kimball: A Short Man, a Long Stride* (1985), 16–17.
13. *Spencer W. Kimball, 56.*
14. Sa *Spencer W. Kimball,* 376.
15. *Spencer W. Kimball,* 79–80.
16. Edward L. Kimball, sa Gerry Avant, "As Father, Prophet Made Time Count," *Church News,* Hunyo 11, 1977, 5.
17. *Spencer W. Kimball,* 171.
18. Sa *Spencer W. Kimball,* 189.
19. Sa *Spencer W. Kimball,* 195.
20. *Ensign,* Mar. 1974, 4.
21. *Ensign, Mar.* 1974, 4.
22. "Spencer W. Kimball: Man of Faith," *Ensign,* Dis. 1985, 40.
23. "When the World Will Be Converted," *Ensign,* Okt. 1974, 3.
24. Sa Conference Report, Okt. 1977, 38; o *Ensign,* Nob. 1977, 26–27.
25. *Ensign,* Okt. 1974, 5, 13, 14; idinagdag ang pagbibigay-diin.
26. Sa Conference Report, Buenos Aires Argentina Area Conference 1975, 43–44.
27. Sa Conference Report, Okt. 1985, 71; o *Ensign,* Nob. 1985, 54.
28. Mensaheng ibinigay sa Priesthood Genealogy Seminar Banquet, Ago. 4, 1977, Archives of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 4–5.
29. Sa Conference Report, Okt. 1976, 10; o *Ensign,* Nob. 1976, 9.
30. Sa Conference Report, Okt. 1982, 75; o *Ensign,* Nob. 1982, 53.
31. "Living the Gospel in the Home," *Ensign,* Mayo 1978, 101.
32. "Priesthood Restoration," *Ensign,* Okt. 1988, 70.
33. *Ensign,* Okt. 1988, 70.
34. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball (1982), 451.
35. "Spencer, the Beloved: Leader-Servant," *Ensign,* Dis. 1985, 12–13.
36. Sa Conference Report, Okt. 1980, 111; o *Ensign,* Nob. 1980, 77.
37. Sa " 'News' Interviews Prophet," *Church News,* Ene. 6, 1979, 19.
38. Sa Conference Report, Okt. 1981, 27–28; o *Ensign,* Nob. 1981, 20.
39. Sa Conference Report, Okt. 1979, 115–16; o *Ensign,* Nob. 1979, 79.
40. "He Is at Peace," *Ensign,* Dis. 1985, 41.



*Tulad ng mungkahi ni Pangulong Kimball, ang koro ng "Ako ay Anak ng Diyos" ay nagtatapos sa mga salitang, "Turuan ng gagawin nang S'ya'y makapiling."*

# "Nang S'ya'y Makapiling"

*Ang tanging paraan na mahahanap natin ang kagalakan, katotohanan, at kasiyahan ay ang mamuhay nang naaayon sa plano ng Ama sa Langit.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Gustung-gusto ng mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo ang awitin sa Primary na "Ako ay Anak ng Diyos," dahil sa simple ngunit malalim na mensahe nito sa kung sino tayo, bakit tayo narito sa mundo, at ano ang mga pangako ng Panginoon kung matapat tayo. Si Sister Naomi W. Randall ang sumulat ng titik ng awitin noong 1957, noong si Elder Spencer W. Kimball ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. Noong panahong iyon, ang koro ng awitin ay nagtatapos sa mga salitang "Ituro ang dapat kong alamin nang Siya'y makapiling."

Habang dumadalo sa isang stake conference, pinakinggan ni Elder Kimball ang isang grupo ng mga batang Primary na umawit ng "Ako ay Anak ng Diyos." Kaagad pagkatapos niyon, nagbigay siya ng puna tungkol sa awitin sa pakikipag-usap niya sa isang miyembro ng Primary General Board. "Gustung-gusto ko ang awitin ng mga bata," sabi niya, "pero medyo di ko gusto ang isang salita. Hindi ba mamasamain ni Sister Randall kung ang salitang *alamin* ay papalitan ng salitang *gagawin?*"[1]

Pumayag si Sister Randall na baguhin ang awitin. Ngayon ang koro ay nagtatapos sa mga salitang "Turuan ng gagawin nang S'ya'y makapiling."[2] Makikita sa mga salitang ito ang alituntuning binigyang-diin ni Pangulong Kimball sa buong ministeryo niya: "Ang buhay selestiyal ay makakamit ng bawat kaluluwang sumusunod sa mga kinakailangan nito. Hindi sapat ang *malaman*. Kailangang *gumawa* ang isang tao. Ang kabutihan ay mahalaga at kailangan ang mga ordenansa."[3] Itinuro niya na ang ebanghelyo

ay "paraan ng pamumuhay, ang plano ng personal na kaligtasan, at nakabatay ito sa personal na responsibilidad. Ginawa ito para sa tao, ang anak ng Diyos. Ang tao ay isang binhi ng Diyos at taglay niya ang mga kakayahan para maging Diyos, at kung gugustuhin niya, mataas ang kanyang mararating."[4]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Sa buhay bago tayo isinilang, itinuro ng Ama sa Langit ang Kanyang plano para sa ating kadakilaan.

Noon bilang mga espirituwal na nilalang, na ganap na organisado at kayang mag-isip at mag-aral at makaunawang tulad Niya, ganito ang sinabi sa atin ng ating Ama sa Langit: "Ngayon, minamahal kong mga anak, sa kalagayan ninyo bilang espiritu ay naabot na ninyo ang dapat ninyong marating. Para maipagpatuloy ang inyong pag-unlad, kailangan ninyo ng mga katawang pisikal. Balak kong maglaan ng plano kung saan patuloy kayong uunlad. Gaya ng alam ninyo, uunlad lang ang isa sa pamamagitan ng pagdaig o paggapi.

"Ngayon," sabi ng Panginoon, "kukunin natin ang mga elementong narito at bubuo tayo ng isang mundo, lalagyan natin ito ng pananim at mga hayop, at pababababain kayo dito. Sa lugar na ito kayo susubukin. Bibigyan namin kayo ng mayamang mundo, na sagana sa lahat ng bagay para sa inyong kapakanan at kasiyahan, at titingnan namin kung mananatili kayong tapat at gagawin ang mga bagay na ipagagawa sa inyo. Magkakaroon tayo ng kasundaan. Kung papayag kayong kontrolin ang inyong mga hangarin at patuloy na susulong tungo sa kaganapan at pagiging Diyos batay sa planong ibibigay ko, bibigyan ko kayo ng katawang pisikal na laman at mga buto at isang mayaman at saganang mundo, na may araw, tubig, mga kagubatan, metal, lupa, at lahat ng iba pang mga bagay na kailangan para kayo'y makakain at madamitan at magkaroon ng tirahan at maibigay sa inyo ang bawat kasiyahan na angkop at makabubuti sa inyo. Bukod dito, gagawin kong posible na sa huli'y makabalik kayo sa akin habang pinagbubuti ninyo ang inyong buhay, at dinadaig ang mga balakid at papalapit sa pagiging perpekto o ganap."

Sa pinakabukas-palad na alok na ito, tayo bilang mga anak ng ating Ama sa Langit ay tumugon nang may pasasalamat.[5]

Malinaw na ibinalangkas ng Panginoon ang plano at mga kondisyon at pakinabang nito. . . . Ibibigay sa tao ang kalayaang pumili upang makagawa siya ng mga sariling pagpili.

Ang buhay ay magkakaroon ng tatlong yugto o kalagayan: pre-mortal, mortal, at imortal. . . . Ang gagawin sa isang estado o kalagayan ay makaaapekto nang malaki sa susunod na mga kalagayan. Kung napanatili ng isang tao ang kanyang unang kalagayan, papayagan siya sa ikalawang kalagayan o sa mortal na buhay na karagdagang panahon ng pagsubok at karanasan. Kung pagbubutihin niya ang kanyang ikalawang kalagayan, ang kanyang karanasan sa lupa, buhay na walang hanggan ang maghihintay sa kanya.[6]

Bagamat hindi natin maalaala ang ating pre-mortal na buhay, bago tayo naparito sa mundong ito ay naunawaan nating lahat ang layunin ng pagpunta natin dito. Inaasahan na magkakaroon tayo ng kaalaman, makapag-aaral, at matuturuan ang ating sarili. Kailangang kontrolin ang silakbo ng ating damdamin at mga hangarin, supilin at kontrolin ang simbuyo ng ating damdamin, at daigin ang ating mga kahinaan, kapwa maliit at malaki. Kailangan nating alisin ang kasalanan ng di-pagsunod at ng paglabag sa ipinag-uutos, at sundin ang mga batas at kautusang ibibigay sa atin ng ating Ama. . . .

Naunawaan din natin na matapos ang isang panahon, na maaaring ilang segundo o kaya'y dekada ng mortal na buhay, tayo'y mamamatay. Ang mga katawan natin ay babalik sa Inang Lupa na pinagmulan ng pagkalikha nito, at ang ating mga espiritu ay pupunta sa daigdig ng mga espiritu, kung saan magkakaroon tayo ng dagdag na pagsasanay para sa ating patutunguhan sa kawalang hanggan. Makalipas ang ilang panahon, magkakaroon ng pagkabuhay na muli o ng muling pagsasama ng katawan at ng espiritu, na siyang daan para maging imortal tayo at posible na tayong sumulong pa tungo sa pagiging perpekto o ganap at sa pagkadiyos. Ang pagkabuhay na muling ito ay mapapasaatin sa pamamagitan ng sakripisyo ng Panginoong Jesucristo, ang Manlilikha ng mundong ito, na nagsagawa ng walang-kapantay na serbisyong ito para sa atin—isang himala na hindi natin magagawa para

sa ating sarili. Dahil dito'y nabuksan ang daan para magkaroon tayo ng imortalidad at—kung karapat-dapat tayo—kadakilaan sa huli sa kaharian ng Diyos.[7]

Naunawaan nating mabuti bago tayo naparito sa lambak ng kalungkutan na magkakaroon ng mga kapighatian, kabiguan, mabigat na gawain, dugo, pawis, at mga luha. Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, dumungaw tayo at nakita ang mundong ito na inihahanda para sa atin, at nasabi natin na, "Opo, Ama, sa kabila ng lahat ng iyan ay nakikita ko ang mga pagpapalang mapapasaakin bilang isa sa inyong mga anak. Sa pagkakaroon ng katawan nakikita ko na sa huli'y magiging imortal akong tulad ninyo, upang madaig ko ang mga epekto ng kasalanan at maging ganap, kung kaya't sabik akong mapunta sa mundo sa unang pagkakataon." At naparito nga tayo.[8]

---

**Ang mortalidad ang panahon upang maghanda sa pagharap sa Diyos.**

Tayong mga mortal na nabubuhay ngayon sa mundong ito ay nasa ating *pangalawang kalagayan.* Ang pagkabuhay nating ito sa mga mortal na katawan ay patunay na "napanatili" natin ang ating unang kalagayan. Ang ating espiritu ay walang hanggan at kasabay na nabuhay ng Diyos, ngunit binuo ito at ginawang mga katawang espiritu ng ating Ama sa Langit. Ang ating mga katawang espiritu ay dumaan sa matagal na panahon ng pagsulong at pag-unlad at pagsasanay at, dahil matagumpay na naipasa ang pagsusulit, tinanggap rin tayo sa wakas sa mundong ito at sa mortalidad.

Ang tiyak na layunin ng pagparito sa mundo ng ating mga espiritu at pagdanas ng mortal na kalagayan ay para magkaroon ng katawang pisikal. Daranasin ng katawang ito ang lahat ng kahinaan, tukso, karupukan at limitasyon ng mortalidad, at mahaharap sa hamon na daigin ang sarili.[9]

Ipinadala kayo dito sa lupa hindi para magsaya o bigyang kasiyahan lamang ang mga pita o silakbo ng damdamin o mga hangarin . . . at mapasainyo ang tinatawag ng mundo na "kasiyahan."



*"Ang isang tiyak na layunin ng pagparito sa mundo ng ating mga espiritu at pagdanas ng mortal na kalagayan ay para magkaroon ng katawang pisikal."*

Mabigat ang layunin ng pagkapadala sa inyo sa mundong ito. Sa madaling salita'y ipinadala kayo sa eskuwelahan, para magsimula bilang sanggol at umunlad sa kagila-gilalas na paraan sa karunungan, paghatol, kaalaman, at kapangyarihan.[10]

Ang isa sa mga pinakamalalang depekto ng tao sa lahat ng panahon ay pagpapaliban, ang pagtangging tumanggap ng personal na pananagutan *ngayon*. Alam ng mga tao na naparito siya sa mundo para mag-aral, magsanay at umunlad, at gawing ganap ang kanilang sarili, ngunit marami ang pumayag na malihis sila at maging . . . lulong sa katamaran ng isipan at espiritu at sa paghahangad ng makamundong kasiyahan.[11]

Ang mortal na buhay na ito ang panahon upang maghanda sa pagharap sa Diyos, na siyang una nating responsibilidad. Yamang natanggap na natin ang ating katawan, na naging permanenteng tirahan ng ating mga espiritu hanggang sa kawalang hanggan, kailangan naman natin ngayong sanayin ang ating mga katawan, ating isipan, at ating espiritu. Kung gayon, pinakamahalaga sa lahat na gamitin natin ang buhay na ito para gawing ganap ang ating sarili, kontrolin ang laman, makontrol ng espiritu ang katawan,

para madaig ang lahat ng kahinaan, pamahalaan ang sarili para mapamunuan ang iba, at maisagawa ang lahat ng kinakailangang mga ordenansa.[12]

---

**Itinuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo ang ating landas pabalik sa ating Ama sa Langit.**

Karaniwan ay sa mapa tayo tumitingin para matukoy ang isang destinasyon na hindi pa natin napuntahan. . . . Ang Panginoong Jesucristo, na ating Manunubos at Tagapagligtas, ay nagbigay sa atin ng mapa—isang kodigo ng mga batas at kautusan kung saan maaari tayong maging perpekto, at sa huli, ay marating ang pagka-Diyos. Ang set na ito ng mga batas at ordenansa ay kilala bilang ebanghelyo ni Jesucristo, at ito ang *tanging* plano na magpapadakila sa sangkatauhan. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang tanging pinagkatiwalaan ng kabuuan ng napakahalagang programang ito, na natatamasa ng mga taong tumatanggap nito.[13]

Ibinalik ng Panginoon ang kanyang kaharian nitong mga huling araw, pati na ang lahat ng kaloob at kapangyarihan at mga pagpapala. Maaaring malayo ang marating ninyo sa buhay na ito sa pamamagitan ng ilang simbahan na alam ninyo, at magdudulot ito sa inyo kahit paano ng kapayapaan at kaligayahan at biyaya, ngunit wala itong magagawa para sa inyo sa kabilang buhay. Ang Simbahan ni Jesucristo ang tutulong sa inyo sa panig na ito ng tabing at, kung sinusunod ninyo ang mga kautusan, ay parang walang anuman na ihahatid kayo nito sa tabing hanggang sa mga kawalang hanggan tungo sa kadakilaan.[14]

Ang Ebanghelyo ni Jesucristo ang walang hanggang plano ng kaligtasan. Ito ang planong binalangkas at ipinahayag ng Diyos, ang Amang Walang Hanggan, para sa kaligtasan ng lahat ng maniniwala at susunod.[15]

Para makamtan ang mithiin na buhay na walang hanggan at kadakilaan at pagkadiyos, kailangang tanggapin ang tao sa kaharian sa pamamagitan ng binyag, na isinagawa sa wastong paraan; kailangan niyang tanggapin ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay na binigyan ng kapahintulutan; ang lalaki ay kailangang maordena sa priesthood ng mga awtorisadong

maytaglay ng priesthood; kailangang maendow at mabuklod ang tao sa bahay ng Diyos sa pamamagitan ng propeta na mayhawak ng mga susi o ng taong pinagkatiwalaan ng mga susi; at kailangan siyang mamuhay nang matwid, malinis, dalisay at naglilingkod. Walang makapapasok sa buhay na walang hanggan kung hindi sa pamamagitan ng wastong pintuan—si Jesucristo at ang kanyang mga kautusan.[16]

Ginawang ganap ni Jesus ang kanyang buhay at naging ating Cristo. Pinadanak ang napakahalagang dugo ng isang diyos, at naging Tagapagligtas natin siya; ibinuwis ang perpektong buhay niya, at naging Manunubos natin siya; makakabalik tayo sa ating Ama sa Langit dahil sa kanyang pagbabayad-sala.[17]


Ang dakila at kahanga-hanga at mahimalang benepisyong dulot ng pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay hindi magkakaroon ng ganap na nakapagliligtas na epekto sa atin maliban kung magsisisi tayo.[18]

Lubos tayong nagpapasalamat na biniyayaan tayo ng ating Ama sa Langit ng ebanghelyo ng pagsisisi. Ito ang sentro ng lahat ng bumubuo sa plano ng ebanghelyo. Pagsisisi ang batas ng Panginoon sa pag-unlad, ang kanyang alituntunin sa pagsulong, at kanyang plano para sa kaligayahan. Taimtim tayong nagpapasalamat na nasa atin ang kanyang walang katapusang pangako na kapag may pagkakasala at pagkakamali, maaari itong sundan ng taos-puso at sapat na pagsisisi na gagantihan din naman sa huli ng kapatawaran.

"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin," ang sabi ng Guro. (Mat. 11:28.)

Ang kagila-gilalas na bagay tungkol sa buong konsepto ng pagsisisi ay kung paanong puno ang mga banal na kasulatan ng mga utos niya na magsisi tayo, baguhin ang ating buhay at iayon ito sa kanyang kahanga-hangang mga turo, gayundin naman na punung-puno ang mga ito ng katiyakan mula sa Panginoon na magpapatawad siya.

Mabait ang Diyos. Handa siyang magpatawad. Nais niyang maging perpekto tayo at patuloy na makontrol ang ating sarili.



*"Ginawang perpekto ni Jesus ang kanyang buhay at naging ating Cristo. . . . Makakabalik tayo sa ating Ama sa Langit dahil sa kanyang pagbabayad-sala."*

Ayaw niyang makontrol ni Satanas o ng ibang tao ang ating buhay. Kailangan nating malaman na ang pagsunod sa mga utos ng Ama sa Langit ay sumasagisag sa *tanging* landas ng lubusang pagkontrol sa ating sarili, ang tanging paraan para matagpuan natin ang kagalakan, katotohanan, at kasiyahan sa buhay na ito at sa kawalang hanggan.[19]

Ang kabang-yaman ng kaligayahan ay nabubuksan sa mga taong ipinamumuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo nang buong dalisay at sa simpleng paraan. . . . Ang kasiguruhan ng sukdulang kaligayahan, ang katiyakan ng matagumpay na buhay dito at ng kadakilaan at buhay na walang hanggan sa kabilang-buhay, ay dumarating sa mga nagpaplanong mamuhay nang naaayon sa ebanghelyo ni Jesucristo—at pagkatapos ay nananatiling sumusunod sa itinakda nilang landasin.[20]

**Tanging ang magigiting at matatapat ang dadakilain.**

Kung tayo'y tunay at tapat, tayo'y magbabangon, hindi lamang sa imortalidad kundi tungo sa buhay na walang hanggan. Ang

imortalidad ay ang mamuhay nang habampanahon sa isang itinalagang kaharian. Ang buhay na walang hanggan ay pagkakamit ng kadakilaan sa pinakamataas na langit at mamuhay bilang magpapamilya.[21]

Sinabi ng isang tao noong isang araw na ang tanging hindi niya gusto sa Simbahang Mormon ay ang pagsasabi nitong ito lang ang makapagliligtas sa tao. Ang sabi ko, "Hindi ho, wala kaming sinasabing ganyan. Ang sinasabi namin ay bawat mabuting relihiyoso at bawat mabuting tao na hindi relihiyoso ay maliligtas ngunit may mga antas ng kaligtasan. . . ."[22]

Ang mga namuhay ayon sa paraan ng mundo ay mapupunta sa isang kahariang telestiyal na ang kaluwalhatian ay tulad ng mga bituin.

Ang mga naging disente at matwid at namuhay nang kagalang-galang at mabuti ay mapupunta sa isang kahariang terestriyal na ang kaluwalhatian ay tulad ng buwan.

Ang mga naniwala kay Cristo, na tumalikod sa mundo, na tinanggap ang Banal na Espiritu bilang kanilang patnubay at handang isakripisyo sa Diyos ang lahat, ang mga sumunod sa mga utos ng Diyos—lahat sila'y mapupunta sa isang kahariang selestiyal na ang kaluwalhatian ay tulad ng araw.[23]

Ang landas ng buhay ay itinurong mabuti batay sa banal na layunin, ang mapa ng ebanghelyo ni Jesucristo ay maaaring makuha ng mga manlalakbay, ang destinasyon ng buhay na walang hanggan ay ipinakitang mabuti. Sa destinasyong iyon ay buong pag-asang naghihintay ang ating Ama, sabik na batiin ang pabalik niyang mga anak. Nakakalungkot na marami ang hindi makararating.[24]

Bakit iilan lamang ang magkakamit ng kadakilaan sa kahariang selestiyal? Hindi dahil sa hindi nila ito makukuha, hindi dahil sa hindi nila alam ang tungkol dito, hindi dahil sa hindi naibigay sa kanila ang patotoo, kundi dahil sa ayaw nilang sikaping iayon ang kanilang buhay at itulad ito sa buhay ng Tagapagligtas at maging talagang matatag sila upang hindi sila malihis hanggang sa huli.[25]

Maraming . . . miyembro ng Simbahan ang medyo pabaya at walang-ingat at patuloy na nagpapaliban. Hindi nila tapat na

ipinamumuhay ang ebanghelyo. Nasunod nila ang ilang kailangan ngunit hindi sila magiting sa pagsunod. Wala silang nagawang mabigat na krimen pero bigo silang gawin ang mga bagay na kinakailangan—tulad ng pagbabayad ng ikapu, pagsunod sa Word of Wisdom, pagkakaroon ng pampamilyang panalangin, pag-aayuno, pagdalo sa mga miting, paglilingkod. . . .

. . . Hindi isasalin ng Panginoon sa mga gawa ang mabubuting mithiin at hangarin ng isang tao. Tayo ang kailangang gumawa nito para sa ating sarili. . . .

Tanging ang magigiting ang dadakilain at tatanggap ng pinakamataas na antas ng kaluwalhatian, kaya nga "marami ang tinawag, subalit iilan ang napili." (D at T 121:40.) Gaya ng sabi ng Tagapagligtas, ". . . makipot ang pintuan, at makitid ang daang patungo sa buhay, at kakaunti ang nangakakasumpong noon." At sa kabaligtaran, ". . . maluwang ang pintuan, at malapad ang daang patungo sa pagkapahamak, at marami ang doo'y nagsisipasok." (Mat. 7:13, 14.)

Totoo na maraming Banal sa mga Huling Araw, na nabinyagan at nakumpirmang mga miyembro ng Simbahan, at natanggap pa ng ilan ang kanilang endowment at nang maikasal at mabuklod sa banal na templo ay nadama nila ang katiyakan ng pagpapala ng kadakilaan at buhay na walang hanggan. Ngunit hindi ganito. May dalawang bagay na kailangang magawa ng bawat kaluluwa dahil kung hindi ay di niya makakamit ang iniaalok na mga dakilang pagpapala. *Kailangan* niyang tanggapin ang mga ordenansa at *kailangan* siyang maging tapat, at daigin ang kanyang mga kahinaan. Kaya nga, hindi lahat ng Banal sa mga Huling Araw ay magkakaroon ng kadakilaan.

Ngunit para sa magigiting na Banal sa mga Huling Araw, na buong katapatan at ganap na sumusunod sa mga kailangan, ang mga pangako ay maluwalhati at halos di mailarawan:

"Pagkatapos sila ay magiging mga diyos, sapagkat sila ay walang katapusan; samakatwid sila ay magiging mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan, sapagkat sila ay magpapatuloy; sa gayon sila ay mangingibabaw sa lahat, sapagkat lahat ng bagay ay saklaw nila. Sa gayon sila ay magiging

mga diyos, sapagkat taglay nila ang lahat ng kapangyarihan, at ang mga anghel ay saklaw nila." (D at T 132:20.)[26]

Kapag natanto ng tao ang lawak, yaman, ang kaluwalhatian ng "lahat" ng ipinapangako ng Panginoon na ipagkakaloob sa matatapat sa kanya, sulit ang lahat ng pagtitiyaga, pananampalataya, sakripisyo, pawis at mga luha. Ang mga pagpapala ng kawalang hanggan na nakapaloob sa "lahat" ng ito ang naghahatid sa tao ng imortalidad at buhay na walang hanggan, ng walang hanggang pag-unlad, banal na pamumuno, walang hanggang pagsulong, pagiging ganap, at kasama ng lahat ng ito, ang pagkadiyos.[27]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Rebyuhin ang unang talata sa pahina 3 at ang unang buong talata sa pahina 4, kung saan inilarawan ni Pangulong Kimball ang pagtugon natin noon sa buhay bago tayo isinilang ukol sa plano ng Ama sa Langit. Bakit kaya ganoon ang naging pagtugon natin?
- Rebyuhin ang huling talata sa pahina 4 at unang talata sa pahina 5. Ano ang ginagawa ninyo para masiyahan sa buhay nang hindi nawawala sa isipan ang inyong "mabigat na layunin"?
- Pag-aralan ang mga turo ni Pangulong Kimball tungkol sa mga layunin ng mortalidad na nasa mga pahina 4–6. Batay sa mga turong ito, bakit kaya pagpapaliban ang "isa sa mga pinakamalalang depekto ng tao"? Paano natin madadaig ang ganitong gawi?
- Itinuro ni Pangulong Kimball na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay tulad ng isang mapa na aakay sa atin tungo sa kadakilaan (mga pahina 6–8). Isiping mabuti kung nasaan na kayo sa paglalakbay na ito at ano ang magagawa ninyo para patuloy na umunlad.
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng maging magiting sa ebanghelyo? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina

8–11 at sa kuwento sa pahina 1–2). Bakit hindi sapat ang pagiging miyembro ng Simbahan at kaalaman sa ebanghelyo para matiyak ang kadakilaan sa kahariang selestiyal?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Santiago 1:22; Alma 34:30–41; 3 Nephi 27:13–22; D at T 76:50–93; Abraham 3:22–26

## Mga Tala

1. Sa Robert D. Hales, "Friend to Friend: I Am a Child of God," *Friend,* Mar. 1978, 9.
2. *Mga Himno,* blg. 189.
3. Sa Conference Report, Abr. 1964, 94; o *Improvement Era,* Hunyo 1964, 496.
4. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball (1982), 28.
5. "Absolute Truth," *Ensign,* Set. 1978, 5.
6. *The Miracle of Forgiveness* (1969), 4.
7. *The Miracle of Forgiveness*, 5–6.
8. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 31.
9. *The Miracle of Forgiveness,* 5.
10. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 31.
11. *The Miracle of Forgiveness,* 7.
12. "Beloved Youth, Study and Learn," sa *Life's Directions* (1962), 177–78.
13. *The Miracle of Forgiveness,* 6.
14. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 49–50.
15. Sa Conference Report, Okt. 1978, 108; o *Ensign,* Nob. 1978, 71.
16. *The Miracle of Forgiveness,* 6.
17. "President Kimball Speaks Out on Profanity," *Ensign,* Peb. 1981, 5.
18. "The Gospel of Repentance," *Ensign,* Okt. 1982, 5.
19. *Ensign,* Okt. 1982, 2.
20. *The Miracle of Forgiveness,* 259.
21. Sa Conference Report, Okt. 1978, 109; o *Ensign,* Nob. 1978, 72.
22. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 50.
23. Sa Conference Report, Okt. 1978, 109; o *Ensign,* Nob. 1978, 72.
24. *The Miracle of Forgiveness,* 19.
25. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 51–52.
26. *The Miracle of Forgiveness,* 7–8, 9.
27. *The Miracle of Forgiveness,* 311.

KABANATA 2

# Trahedya o Tadhana?

*Kapag nahaharap tayo sa tiyak na trahedya ng kalungkutan, pagdurusa, at kamatayan, kailangan tayong magtiwala sa Diyos.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Noong batambata pa si Spencer W. Kimball, naranasan na niya ang pait na dulot ng pagkamatay ng mga mahal sa buhay. Noong walong taong gulang siya, ang kanyang kapatid na si Mary ay namatay matapos itong isilang. Makalipas ang isang buwan, nadama ng mga magulang ni Spencer na di magtatagal ang buhay ng limang taong gulang na si Fannie, na ilang linggo nang maysakit. Ganito ang sabi ni Spencer sa araw ng pagkamatay ni Fannie: "Sa ikasiyam na taong kaarawan ko, namatay si Fannie sa mga bisig ni Inay. Ginising kaming lahat na mga anak nang papagabi na. Parang nakikinita ko pa ang tagpo sa aming sala . . . , iniiyakan ng mahal kong ina ang kanyang limang taong gulang na anak na naghihingalo sa kanyang mga bisig at kaming lahat ay nakapalibot sa kanya."[1]

Mas mahirap pa rito ang natanggap na balita ng batang Spencer makalipas ang dalawang taon, nang isang umaga siya at ang mga kapatid niya ay pauwiin mula sa eskuwela. Tumakbo silang pauwi at kinausap ng kanilang bishop, at tinipon sila sa kanyang paligid at sinabi sa kanilang namatay ang kanilang ina kahapon. Sa huli ay nagunita ni Pangulong Kimball: "Parang kidlat at kulog itong dumating. Tumakbo ako palabas ng bahay papunta sa bakuran para mapag-isa sa pagbuhos ng aking mga luha. Nang makalayo na ako sa lahat, at di na nila matanaw at marinig, umiyak ako nang todo. Sa tuwing bibigkasin ko ang salitang 'Ma' ay bumubuhos ang aking luha hanggang sa maubos ang luha ko. Ma—patay! Pero hindi puwede! Paano pa




*Si Spencer W. Kimball at ang kanyang mga kapatid, mga dalawang taon bago namatay ang kanyang kapatid na si Fannie. Nakatayo, kaliwa pakanan: Clare, Ruth, Gordon, at Delbert. Nakaupo, kaliwa pakanan: Helen, Alice, Fannie, at Spencer.*

kami mabubuhay. . . . Parang puputok ang labing-isang taong gulang na puso ko."[2]

Makalipas ang limampung taon, natagpuan ni Elder Spencer W. Kimball, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang kanyang sarili na malayo sa tahanan, at nagpapagaling mula sa mabigat na operasyon. Yamang di makatulog, ginunita niya ang araw na namatay ang kanyang ina: "Parang gusto ko na namang umiyak nang todo ngayon . . .habang naaalala ko ang malulungkot na karanasang iyon."[3]

Sa pagharap sa matinding kalungkutang tulad ng karanasang ito, palaging nakakahanap ng kapanatagan si Spencer W. Kimball sa panalangin at sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Maging sa kanyang pagkabata, alam niya kung saan babaling para magkaroon ng kapayapaan. Isang kaibigan ng pamilya ang sumulat tungkol sa mga dalangin ng batang Spencer—"kung gaano kabigat sa kanyang munting puso ang pagkawala ng kanyang ina ngunit sa kabila niyon ay naging matapang siya sa pakikibaka sa kalungkutan at naghanap ng kaaliwan mula sa nag-iisang pinagmumulan."[4]

Sa kanyang ministeryo, madalas mag-alay si Pangulong Kimball ng mga salita ng kaaliwan sa mga nagdadalamhati sa pagkawala ng mga mahal sa buhay. Nagpatotoo siya tungkol sa mga walang hanggang alituntunin, na tinitiyak sa mga Banal na ang kamatayan ay hindi katapusan ng buhay. Sa pagsasalita sa isang libing, sinabi niya minsan:

"Limitado ang ating paningin. Iilang milya lamang ang natatanaw ng ating mga mata. Iilang taon lamang ang napapakinggan ng ating mga tainga. Tayo'y nasa loob, nakakulong, kung baga, sa isang silid, ngunit kapag namatay ang ating ilaw sa buhay na ito, makikita na natin ang hindi abot ng ating mortal na pananaw o paningin. . . .

"Bumabagsak ang mga pader, tumitigil ang panahon at naglalaho ang distansiya habang papunta tayo sa kawalang hanggan . . . at bigla tayong napupunta sa isang napakalaking daigdig kung saan wala ang mga makalupang limitasyon."[5]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Sa Kanyang karunungan, hindi laging pinipigilan ng Diyos ang trahedya.

Sa ulo ng mga balita ng pang-araw-araw na pahayagan: "Eroplano Bumagsak, 43 ang Patay. Walang Nakaligtas sa Trahedya sa Kabundukan," at libu-libong tinig ang sabay-sabay na nagsabing: "Bakit hinayaan itong mangyari ng Panginoon?"

Dalawang kotse ang nagbanggaan nang tumawid ang isa kahit pula na ang ilaw, at anim na katao ang namatay. Bakit hindi ito pinipigilan ng Diyos?

Bakit kailangang mamatay ang batang ina dahil sa kanser at iwan ang kanyang walong anak? Bakit hindi siya pinagaling ng Panginoon?

Isang bata ang nalunod; nasagasaan ang isa pa. Bakit?

Isang lalaki ang biglang namatay isang araw dahil nagbara ang ugat sa kanyang puso habang paakyat siya sa hagdan. Ang kanyang bangkay ay natagpuang nakahandusay sa sahig. Nagdadalamhating naisigaw ng kanyang asawa, "Bakit? Bakit ginawa ito sa akin ng Panginoon? Hindi ba Niya naisip ang tatlo kong maliliit na anak na kailangan pa ng isang ama?"

Isang binata ang namatay habang nasa misyon at tanong ng mga taong mapamintas: "Bakit hindi pinangalagaan ng Panginoon ang kabataang ito habang nagtuturo siya sa mga tao?"

Sana kaya kong sagutin ang mga tanong na ito nang may awtoridad, pero hindi ko magawa. Natitiyak ko na darating ang oras na mauunawaan natin at magkakasundo tayo. Ngunit sa ngayon kailangan nating maunawaang mabuti sa abot ng ating makakaya ang mga alituntunin ng ebanghelyo.

Ang Panginoon ba ang nagdala sa eroplano sa bundok para patayin ang mga nakasakay, o may problema ang makina o may mga pagkakamali ang tao?

Ang atin bang Ama sa langit ang dahilan ng banggaan ng mga kotse na pumatay sa anim katao, o pagkakamali iyon ng drayber na hindi sumunod sa mga patakaran ng kaligtasan?

Ang Diyos ba ang pumatay sa batang ina o nag-udyok sa bata na lumakad papunta sa kanal o gumabay sa bata papunta sa daraanan ng paparating na kotse?

Ang Panginoon ba ang dahilan ng pagkamatay ng lalaki sa sakit sa puso? Wala ba sa panahon ang pagkamatay ng misyonero? Sagutin ninyo, kung kaya ninyo. Hindi ko kaya, dahil kahit alam kong malaki ang papel ng Diyos sa ating buhay, hindi ko alam kung ilan dito ang Siya ang dahilan ng pangyayari at kung gaano ang pinapayagan niyang mangyari. Kahit ano pa ang sagot sa tanong na ito, may isa pang bagay na natitiyak ko.

Kaya ba sanang pigilan ng Panginoon ang mga trahedyang ito? Ang sagot ay, Oo. Ang Panginoon ay makapangyarihan. Nasa Kanya lahat ng kapangyarihan para kontrolin ang ating buhay, iligtas tayo sa pagdurusa, pigilan ang lahat ng aksidente, patakbuhin ang lahat ng eroplano at kotse, pakainin tayo, pangalagaan tayo, iligtas tayo mula sa pagpapagod, gawain, pagkakasakit, maging sa kamatayan, kung loloobin niya. Pero hindi niya ginagawa.

Dapat maunawaan natin ito, dahil matatanto natin na hindi makabubuti para sa atin ang iiwas ang ating mga anak sa lahat ng gawain, sa mga pagkabigo, mga tukso, kalungkutan, at pagdurusa.

Pangunahing batas ng ebanghelyo ang kalayaan sa pagpili at walang hanggang pag-unlad. Ang puwersahin tayong maging maingat o mabuti ay magpapawalang-bisa sa pangunahing batas na iyon at dahil dito'y imposible ang pag-unlad.[6]

---

**Sa pamamagitan ng walang hanggang pananaw, nauunawaan natin na mahalaga ang salungat na kondisyon sa ating walang hanggang pag-unlad.**

Kung iisipin nating mortalidad lang ang kabuuan ng buhay, ang sakit, kalungkutan, kabiguan, at maikling buhay ay magiging kalamidad. Ngunit kung titingnan natin ang buhay bilang kawalang hanggan, na sakop nito ang buhay noong bago tayo isinilang at ang walang hanggang hinaharap, ang lahat ng pangyayari ay mailalagay natin sa dapat nitong kalagyan.

Hindi ba't may karunungan sa pagbibigay niya sa atin ng mga pagsubok para madaig natin ang mga ito at umunlad, ng mga responsibilidad para may makamit tayo, ng trabaho para tumigas ang ating mga kalamnan, ng kalungkutan para subukin ang ating mga kaluluwa? Hindi ba't nahaharap tayo sa mga tukso para subukin ang ating katatagan, sa karamdaman para matuto tayong magtiyaga, sa kamatayan para maging imortal tayo at luwalhatiin?

Kung lahat ng maysakit na ipinagdarasal natin ay pagagalingin, kung lahat ng mabubuti ay poprotektahan at wawasakin ang masasama, ang buong programa ng Ama ay mawawalang-bisa at ang pangunahing alituntunin ng ebanghelyo, ang kalayaang pumili, ay magwawakas. Hindi na kailangang mabuhay ang tao sa pamamagitan ng pananampalataya.

Kung kaagad ipinagkakaloob ang kapayapaan at mga gantimpala sa gumagawa ng mabuti, wala nang masama—lahat ay gagawa ng mabuti ngunit hindi dahil sa wasto ang paggawa ng mabuti. Hindi masusubok ang katatagan, walang pag-unlad ng pagkatao, walang pagsulong ng mga kapangyarihan, walang kalayaan sa pagpili, tanging pagkontrol na tulad ng kay Satanas.

Kung lahat ng panalangin ay kaagad sasagutin batay sa makasarili nating mga hangarin at sa ating limitadong pang-unawa, kaunti na lang o wala nang pagdurusa, kalungkutan, kabiguan, o maging kamatayan, at kung wala ang mga ito, wala ring kagalakan, tagumpay, pagkabuhay na muli, ni buhay na walang hanggan at pagkadiyos.

"Sapagkat talagang kinakailangan, na may pagsalungat sa lahat ng bagay . . . kabutihan . . . kasamaan . . . kabanalan . . . kalungkutan . . . mabuti . . . masama. . . ." (2 Nephi 2:11.)

Dahil tao tayo, gusto nating alisin sa buhay natin ang sakit ng katawan at paghihirap ng kaisipan at bigyan ang ating sarili ng patuloy na katiwasayan at kapanatagan, ngunit kung isasara natin ang mga pintuan sa kalungkutan at pangamba, baka hindi natin maisama ang ating pinakamagigiting na kaibigan at tagapagpala. Ginagawang banal ng pagdurusa ang mga tao habang natututo sila ng pagtitiyaga, matagalang pagtitiis, at pagkontrol sa sarili. . . .

Gustung-gusto ko ang talata ng "Saligang Kaytibay"—

> *Ikaw ma'y isugo ko sa ibang bayan,*
> *'Di ka maigugupo ng kalungkutan.*
> *'Pagkat ako ay kapiling ninyo sa t'wina,*
> *Sa pighati't dusa'y ililigtas kita.* [Tingnan sa *Mga Himno*, blg. 47]

At isinulat ni Elder James E. Talmage: "Walang daranasing kapaitan ang lalaki o babae sa mundo na hindi gagantimpalaan . . . kung haharapin ito nang may pagtitiyaga."

Sa kabilang banda, kaya tayong durugin ng matinding epekto ng mga bagay na ito kung patatangay tayo sa kahinaan, pagrereklamo, at pambabatikos.

"Walang nasasayang sa dinaranas nating kapaitan o pagsubok. Nakatutulong ito sa ating edukasyon, sa pagkakaroon ng mga katangiang tulad ng pagtitiyaga, pananampalataya, katatagan at pagpapakumbaba. Lahat ng ating dinaranas at lahat ng ating tinitiis, lalo na kapag buong pagtitiyaga natin itong tiniis, ay nagpapatatag sa ating pagkatao, nagpapadalisay sa ating mga puso, nagpapalawak sa ating kaluluwa, at ginagawa tayo nitong mas sensitibo at mapagkawanggawa, mas karapat-dapat tawaging mga anak ng Diyos . . . at sa pamamagitan ng kalungkutan at pighati, pagpapakahirap at pagdurusa natin nakakamit ang edukasyon na siyang pakay ng ating pagparito at gagawin tayo nitong higit na katulad ng ating Ama at Ina sa langit. . . ." (Orson F. Whitney)

May mga tao na galit habang nakikita nila ang mga mahal sa buhay na dumaranas ng dalamhati at walang katapusang pasakit at pahirap ng katawan. Para sa ilan ang Panginoon ay di-mabait, may pinapanigan, at di-makatarungan. Wala tayong sapat na kakayahan para humatol! . . .

Ang kapangyarihan ng priesthood ay walang hangganan ngunit buong talinong binigyan ng Diyos ang bawat isa sa atin ng ilang limitasyon. Maaari akong magkaroon ng kapangyarihan ng priesthood habang ginagawa kong perpekto ang aking buhay, gayunman nagpapasalamat ako na kahit sa pamamagitan ng priesthood ay hindi ko mapagagaling ang lahat ng maysakit. Baka mapagaling ko ang mga taong dapat nang mamatay. Baka



*"Kung siguro walang hangganan ang kapangyarihan ko, bagamat limitado ang pananaw at pang-unawa ko, baka nailigtas ko si Abinadi."*

maibsan ko ang pagdurusa ng mga taong dapat magdusa. Natatakot ako na baka mabigo ko ang mga layunin ng Diyos.

Kung walang hangganan ang kapangyarihan ko, bagamat limitado ang pananaw at pang-unawa ko, baka nailigtas ko si Abinadi sa mga ningas ng apoy nang sunugin siya para mamatay, at sa gayon ay baka lalo ko siyang napinsala. Namatay siyang isang martir at nakamtan ang gantimpala ng isang martir—ang kadakilaan.

Malamang na naprotektahan ko si Pablo laban sa kamalasan niya, kung walang hangganan ang aking kapangyarihan. Tiyak na napagaling ko sana ang kanyang "tinik sa laman." [II Mga Taga Corinto 12:7.] At sa paggawa ng gayon ay nasira ko sana ang programa ng Panginoon. Tatlong beses siyang nagdasal, na hinihiling sa Panginoon na alisin ang "tinik" sa kanya, ngunit hindi sinagot ng Panginoon ang kanyang mga dalangin [tingnan sa II Mga Taga Corinto 12:7–10]. Maraming beses na sanang naligaw si Pablo kung naging mahusay siya, magaling, makisig, at malaya sa mga bagay na nagpakumbaba sa kanya. . . .

Natatakot ako na kung nasa Carthage Jail ako noong Hunyo 27, 1844, ay baka nailihis ko ang mga balang tumama sa katawan ng Propeta at ng Patriarch. Siguro nailigtas ko sila sa pagdurusa at dalamhati, ngunit hindi sana sila namatay na martir at nagamtimpalaan. Natutuwa ako na hindi ko kinailangang gawin ang desisyong iyon.

Sa gayong di-makontrol na kapangyarihan, tiyak na gugustuhin kong protektahan ang Cristo mula sa pagdurusa sa Getsemani, sa mga pang-iinsulto, sa koronang tinik, sa kahihiyan sa hukuman, sa pagkasugat ng katawan. Nilinis ko sana ang mga sugat niya at pinagaling ang mga ito, at binigyan siya ng malamig na tubig sa halip na suka. Siguro nailigtas ko siya sa pagdurusa at kamatayan, at nawala sana sa daigdig ang kanyang nagbabayad-salang sakripisyo.

Hindi ko pangangahasang taglayin ang responsibilidad ng muling pagbuhay sa mga mahal ko sa buhay. Kinilala mismo ni Cristo ang pagkakaiba ng kagustuhan niya at ng Ama nang ipagdasal niya na alisin sa kanya ang saro ng pagdurusa; gayunman idinagdag niya, "Gayon ma'y huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo." [Lucas 22:42.][7]

---

## Mabubuksan ng kamatayan ang pintuan tungo sa mga dakilang oportunidad.

Para sa taong namatay, patuloy pa rin ang buhay at ang kanyang kalayaang pumili, at ang kamatayan, na tila isang kalamidad para sa atin, ay maaaring isa palang pagpapala. . . .

Kung sasabihin nating kalamidad, sakuna, o trahedya ang maagang pagkamatay, hindi ba ito pagsasabing mas mainam ang mortalidad kaysa maagang pagpasok sa daigdig ng mga espiritu at sa kaligtasan at kadakilaan sa bandang huli? Kung mortalidad ang perpektong kalagayan, ibig sabihin ang kamatayan ay kabiguan, ngunit itinuturo sa atin ng ebanghelyo na walang trahedya sa kamatayan, kundi sa kasalanan lamang. ". . . pinagpala ang mga patay na nangamatay sa Panginoon. . . ." (Tingnan sa D at T 63:49.)

Kaunti lamang ang ating alam. Masyadong limitado ang ating paghatol. Hinahatulan natin ang mga paraan ng Panginoon mula sa makitid nating pananaw.

Nagsalita ako sa libing ng isang batang estudyante ng Brigham Young University na namatay noong Ika-II Digmaang Pandaigdig. Daan-daang libong kabataang lalaki ang nangamatay nang maaga dahil sa pinsalang dulot ng digmaang iyon, at sinabi ko na naniniwala ako na ang matwid na kabataang ito ay tinawag sa daigdig ng mga espiritu para ipangaral ang ebanghelyo sa mga kaluluwang hindi pa nakarinig nito. Maaaring hindi ito totoo sa lahat ng namatay, ngunit dama kong totoo ito sa kanya.

Sa kanyang pangitain ng "Pagkatubos ng mga Patay" nakita ni Pangulong Joseph F. Smith ang bagay na ito. . . . Isinulat niya:

". . . Aking nahiwatigan na ang Panginoon ay hindi nagtungo sa masasama at mga suwail na tumanggi sa katotohanan . . . ngunit masdan, mula sa mabubuti, Kanyang binuo ang kanyang lakas . . . at inatasan silang humayo at dalhin ang liwanag ng ebanghelyo. . . .

". . . ang ating Manunubos ay ginugol ang kanyang oras . . . sa daigdig ng mga espiritu, nagtuturo at inihahanda ang matatapat na espiritu . . . na nagpatotoo sa kanya sa laman, upang kanilang madala ang mensahe ng pagtubos sa lahat ng patay, na kung kanino ay hindi siya maaaring magtungo, dahil sa kanilang paghihimagsik at paglabag. . . .

"Aking namalas na ang matatapat na elder ng dispensasyong ito, kapag sila ay lumisan mula sa buhay na ito, ay ipinagpapatuloy ang kanilang mga gawain sa pangangaral ng ebanghelyo ng pagsisisi at pagtubos." [Tingnan sa D at T 138:29–30, 36–37, 57.]

Kung gayon, kamatayan ang magbubukas ng pintuan sa mga oportunidad, kabilang na ang pagtuturo ng ebanghelyo ni Cristo.[8]

---

**Sa panahon ng pagsubok,
kailangan tayong magtiwala sa Diyos.**

Sa kabila ng katotohanan na ang kamatayan ang nagbubukas ng mga bagong pintuan, hindi natin ito hangad. Hinihikayat tayong magdasal para sa mga maysakit at gamitin ang kapangyarihan ng ating priesthood para pagalingin sila.

"At ang mga elder ng simbahan, dalawa o higit pa, ay tatawagin, at mananalangin at magpapatong ng kanilang mga kamay sa kanila sa aking pangalan; at kung sila ay mamamatay sila ay mamamatay sa akin.

"Kayo ay mamuhay nang magkakasama sa pag-ibig, kaya nga tatangisan ninyo ang pagkawala ng mga yaong namatay, at lalung-lalo na ang mga yaong walang pag-asa sa isang maluwalhating pagkabuhay na mag-uli.

"At ito ay mangyayari na yaong namatay sa akin ay hindi matitikman ang kamatayan, sapagkat ito ay magiging matamis para sa kanila;

"At sila na hindi namatay sa akin, sa aba nila, sapagkat ang kanilang kamatayan ay mapait.

"At muli, ito ay mangyayari na siya na may pananampalataya sa akin na mapagaling, at hindi itinakda sa kamatayan, ay mapagagaling." (D at T 42:44–48.)

Tinitiyak sa atin ng Panginoon na ang maysakit ay pagagalingin kapag naisagawa ang ordenansa, kung may sapat na pananampalataya, at kung ang maysakit ay "hindi nakatalagang mamatay." Ngunit may tatlong bagay, at lahat ng ito'y dapat matugunan. Marami ang hindi sumusunod sa mga ordenansa, at marami ang ayaw o walang kakayahang magpakita ng sapat na pananampalataya. Ngunit mahalaga rin ang isang bagay: Kung hindi sila nakatalagang mamatay.

Kailangang mamatay ang bawat isa. Ang kamatayan ay mahalagang bahagi ng buhay. Siyempre pa, hindi tayo kailanman handa para sa pagbabago. Dahil di natin alam kung kailan ito dapat dumating, nakikipaglaban tayo para manatiling buhay. Gayunman

hindi tayo dapat matakot sa kamatayan. Ipinagdarasal natin ang maysakit, inaaliw natin ang nagdadalamhati, sumasamo tayo sa Panginoon na pagalingin at ibsan ang paghihirap at iligtas ang buhay at ipagpaliban ang kamatayan, at ginagawa nga natin ito, ngunit hindi dahil sa nakakatakot ang kawalang hanggan. . . .

Tulad ng sinasabi sa Eclesiastes (3:2), tiwala ako na may panahon para mamatay, ngunit naniniwala din ako na maraming tao ang namamatay bago sumapit ang "oras nila" dahil hindi sila maingat, inaabuso ang kanilang katawan, nakikipagsapalaran nang di naman kinakailangan, o inilalantad ang kanilang sarili sa mga panganib, sakuna, at karamdaman. . . .

Ang Diyos ang kumokontrol sa ating buhay, gumagabay at nagpapala sa atin, ngunit nagbibigay sa atin ng kalayaang pumili. Maaari tayong mamuhay nang naaayon sa kanyang plano para sa atin o maaaring buong kahangalan nating paikliin o tapusin ito.

Positibo ako na pinlano ng Panginoon ang ating tadhana. Balang-araw lubos nating mauunawaan, at kapag lumingon tayo sa nakaraan at tumingin sa hinaharap, masisiyahan tayo sa maraming pangyayari sa buhay na ito na napakahirap nating maunawaan.

Kung minsan parang gusto nating malaman kung ano ang mangyayari, ngunit sa pamamagitan ng seryosong pag-iisip ay natatanggap natin ang buhay sa araw-araw at pinagbubuti at niluluwalhati natin ang araw na iyon. . . .

Bago pa tayo isilang ay alam na nating paparito tayo sa lupa para magkaroon ng katawan at karanasan at na magkakaroon tayo ng mga kagalakan at kalungkutan, kaginhawahan at kasakitan, kaaliwan at kahirapan, kalusugan at karamdaman, tagumpay at kabiguan, at alam din natin na matapos ang panahon ng buhay tayo'y mamamatay. Tinanggap natin ang lahat ng ito nang buong puso, sabik na tanggapin kapwa ang makabubuti at di-makabubuti. Buong pananabik nating tinanggap ang pagkakataong makaparito sa lupa kahit ito'y maaaring sa loob lamang ng isang araw o isang taon. Siguro hindi natin masyadong inisip noon kung mamamatay ba tayo sa sakit, aksidente, o sa katandaan. Handa tayo noong tanggapin ang mangyayari sa buhay at ayon sa gusto nating kaayusan at pagkontrol nito, at ginawa natin ito nang walang reklamo, o di-makatwirang kahilingan.

Sa pagharap sa tiyak na trahedya kailangan tayong magtiwala sa Diyos, nalalaman na sa kabila ng limitado nating pananaw ang kanyang mga layunin ay hindi mabibigo. Bukod sa lahat ng problema ng buhay ay magkakaroon tayo ng pribilehiyong umunlad sa kaalaman at karunungan, pananampalataya, at mga gawa, na naghahanda sa pagbabalik at pakikibahagi sa kaluwalhatian ng Diyos.[9]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Bakit hindi tayo pinoprotektahan ng Panginoon mula sa lahat ng kalungkutan at pagdurusa? (Tingnan sa mga pahina 16–17.)
- Pag-aralan ang mga pahina 17–19, na hinahanap ang mga bagay na hindi sana natin daranasin kung hindi tayo pinayagan ng Panginoon na dumanas ng mga pagsubok. Paano tayo dapat tumugon sa ating mga pagsubok at pagdurusa? Paano kayo pinalakas ng Panginoon sa inyong mga pagsubok?
- Basahin ang talata na nagsisimula sa "May mga tao na . . ." sa pahina 19. Bakit napakahirap makitang nagdurusa ang mga mahal sa buhay? Ano ang maaari nating gawin para maiwasan ang magalit o mawalan ng pag-asa sa gayong mga panahon?
- Rebyuhin ang mga pahina 19–24, na hinahanap ang mga turo tungkol sa mga pagbabasbas ng priesthood. Kailan ninyo nasaksihan ang kapangyarihan ng priesthood na magpagaling o umalo? Sa paanong paraan tayo makatutugon kapag nalaman nating hindi kalooban ng Panginoon na gumaling ang isang mahal sa buhay o ipagpaliban pa ang kamatayan?
- Paano ninyo ipaliliwanag sa isang bata ang mga turo ni Pangulong Kimball tungkol sa kamatayan?
- Itinuro ni Pangulong Kimball na, "Sa pagharap sa tiyak na trahedya kailangan tayong magtiwala sa Diyos" (pahina 25). Kapag nagtitiwala ang isang tao sa Diyos, ano ang maaari niyang gawin sa oras ng pagsubok?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Awit 116:15; 2 Nephi 2:11–16; 9:6; Alma 7:10–12; D at T 121:1–9; 122:1–9

## *Mga Tala*

1. Sa Edward L. Kimball at Andrew E. Kimball Jr., *Spencer W. Kimball* (1977), 43.
2. Sa *Spencer W. Kimball*, 46.
3. Sa *Spencer W. Kimball*, 46.
4. Joseph Robinson, sa *Spencer W. Kimball,* 46.
5. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball (1982), 40–41.
6. *Faith Precedes the Miracle* (1972), 95–96.
7. *Faith Precedes the Miracle,* 97–100.
8. *Faith Precedes the Miracle* 100, 101, 102.
9. *Faith Precedes the Miracle,* 102–3, 105–6.

# Jesucristo: Aking Tagapagligtas, Aking Panginoon

*Si Jesucristo ang Anak ng Diyos at Tagapagligtas ng sangkatauhan, at matatanggap natin ang lahat ng pagpapalang naging dahilan ng Kanyang pagkabuhay at pagkamatay para maibigay sa atin.*


## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Noong bago pa lang siya bilang Apostol, tatlong beses na inatake sa puso si Elder Spencer W. Kimball sa loob lamang ng mga dalawang linggo. Makalipas ang halos pitong linggong pagpapagaling sa tahanan, "nagsimula siyang maghanap ng dahilan para makalaya sa nakaiinip na pagkakakulong niya sa bahay." Inasikaso niya na magpagaling siya sa piling ng kanyang mahal na mga kaibigang Navajo sa estado ng New Mexico.[1]

"Isang umaga habang nagpapagaling siya, natuklasang wala si Elder Kimball sa kanyang higaan. Iniisip na baka naglakad-lakad lang siya nang umagang iyon at babalik naman para mag-almusal, nagpatuloy sa kanilang mga gawain ang mga nagbabantay sa kanya. Ngunit nang hindi pa siya nakakabalik nang bandang alas 10:00 n.u., nagsimula silang mag-alala. Sinimulan na ang paghahanap.

"Sa wakas ay natagpuan siya mga ilang milya ang layo sa ilalim ng isang pine tree. Nasa tabi niya ang kanyang Biblia, nakabuklat sa huling kabanata ng San Juan. Nakapikit ang kanyang mga mata, at nang lapitan siya ng mga naghahanap sa kanya hindi pa rin siya gumagalaw tulad nang una siyang makita.

"Ang nasisindak nilang mga tinig ang gumising sa kanya, gayunpaman, nang iangat niya ang kanyang ulo nakita nila ang mga bakas ng luha sa kanyang pisngi. Ganito ang kanyang sagot



*"Alam ko na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos."*

sa kanilang mga tanong, '[Limang] taon na ngayon ang nakararaan nang matawag akong Apostol ng Panginoong Jesucristo, at gusto ko lang gugulin ang araw na kapiling Siya na aking sinasaksihan.' "[2]

Nagpatotoo si Pangulong Kimball tungkol sa kabanalan ng Tagapagligtas "nang paulit-ulit."[3] Ipinahayag niya na: "Kahit gaano pa ang sabihin natin tungkol sa kanya, napakaliit pa rin nito."[4] At ang kabutihan ng pamumuhay ni Pangulong Kimball ay katumbas ng kapangyarihan ng kanyang patotoo. Napansin ni Elder Neal A. Maxwell ng Korum ng Labindalawang Apostol na: "Si Pangulong Kimball ang tao ng Panginoon at wala nang iba. Ang pinakamatindi niyang mga mithiin ay maglingkod sa Panginoon, at ayaw niyang makompromiso ito dahil sa iba pang mga konsiderasyon."[5]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Higit pa sa isang dakilang guro, si Jesucristo ang Anak ng Diyos na buhay at ang Tagapagligtas ng sangkatauhan.

Sa isyu kamakailan ng magasin na *Time,* isang tanyag na retiradong propesor sa isa sa ating malalaking unibersidad, ang narinig na nangangatwiran. Sinabi ng propesor na si Jesus ng Nazaret ay makatao; may dakilang kakayahan na magmahal; may kakaibang pang-unawa. Para sa kanya si Jesus ay may malaking malasakit sa mga tao, isang dakilang guro, isang mahusay na mandudula. Gaya ng tipikal na pangangatwiran, ipinaliwanag niya na si Lazaro ay hindi patay, kundi ". . . 'ibinalik' ni Jesus 'sa dating kalusugan,' ang kapangyarihan ng isipan at pagkatuto, at sa pamamagitan ng 'paggagamot ng kasiglahang sagana sa kanyang pagkatao!' "

Gusto kong magpatotoo ngayon na si Jesus ay hindi lamang isang dakilang guro, na may malaking malasakit sa mga tao, at isang mahusay na mandudula, kundi tunay na Anak ng Diyos na Buhay, ang Manlilikha, ang Manunubos ng daigdig, ang Tagapagligtas ng sangkatauhan.[6]

Alam ko na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay. Alam ko iyan.[7]

Ipinahayag mismo ng Cristo na Siya ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan, ang Cristong Panginoon, ang simula at ang katapusan, ang Manunubos ng daigdig, si Jesus ang Cristo, ang makapangyarihan ng Israel, ang Manlilikha, ang Anak ng Diyos na Buhay, si Jehova.

Ipinahayag ng Amang Elohim na si Jesus ang *Aking Bugtong na Anak, ang salita ng aking kapangyarihan.* At mga dalawang ulit pa, sa binyag sa Jordan at pagkatapos sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, ipinahayag niya:

*"Ikaw ang sinisinta kong Anak, sa iyo ako lubos na nalulugod"* (tingnan sa Marcos 1:11; Lucas 3:22) at sinabi na *"ang mga daigdig ay ginawa niya: Ang mga tao ay ginawa niya: Lahat ng bagay ay ginawa niya, at sa pamamagitan niya at sa kanya."* [Tingnan sa D at T 93:10.][8]

Kasama tayo ni Juan Bautista sa pagpapatotoo, na, nang makita niya ang Panginoon na papalapit sa kanya ay nagsabing: ". . . Narito, ang Cordero ng Dios, na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan." (Juan 1:29.) Hindi lamang siya makatao, kundi ang Kordero ng Diyos.

Kasama tayo ni Natanael, isang Israelita na walang daya, sa pagpapatotoo: ". . . Rabi, ikaw ang Anak ng Dios; ikaw ang Hari ng Israel." (Juan 1:49.) Hindi lamang siya isang dakilang guro, kundi ang mismong Anak ng Diyos.

Muli'y nagpapatotoo tayong kasama ni Juan, ang Iniibig, na nang makita si Jesus sa dalampasigan, ay nagsabi nang may katatagan, "Ang Panginoon nga!" [Tingnan sa Juan 21:7.] Hindi lang siya may matinding malasakit sa mga tao, kundi ang Panginoong Diyos ng kalangitan.

At kasama ni Simon Pedro, na, nang tanungin ng Panginoon, "Datapuwa't, ano ang sabi ninyo kung sino ako?" ay nagsabing, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Dios na buhay," (Mat. 16:15, 16), at natanggap ang pahayag na ito mula sa Tagapagligtas: ". . . Mapalad ka, Simon Bar-Jonas: sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit." (Mat. 16:17.)

At sa huli, kasama tayo sa pagpapatotoo ni Propetang Joseph Smith na handang ialay ang kanyang buhay para sa kanyang patotoo.[9]

Alam ko na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay at Siya'y ipinako sa krus para sa mga kasalanan ng sanlibutan. Siya ang aking kaibigan, aking Tagapagligtas, aking Panginoon, at aking Diyos.[10]

---

**Ang ministeryo ng Tagapagligtas ay hanggang sa mga kawalang hanggan—noon, ngayon, at sa hinaharap.**

Gusto kong . . . magpatotoo na [si Jesucristo] ay hindi lamang nabuhay sa kalagitnaan ng panahon sa loob ng mga tatlumpu't tatlong taon, kundi nabuhay na siya noon sa mga kawalang-hanggan bago pa ito, at mabubuhay pa sa mga kawalang-hanggan matapos ito; at pinatototohanan ko na hindi lamang siya ang nagtatag ng kaharian ng Diyos sa lupa, kundi siya ang Manlilikha ng daigdig na ito, ang Manunubos ng sangkatauhan.[11]

Si Jesucristo ang Diyos ng Lumang Tipan, at Siya ang nakipag-usap noon kina Abraham at Moises. Siya ang nagbigay-inspirasyon kina Isaias at Jeremias; Siya ang nagpropesiya sa pamamagitan ng mga piling taong iyon tungkol sa mga magaganap sa hinaharap, maging hanggang sa pinakahuling araw at oras.[12]

Siya, si Jesucristo, ang ating Tagapagligtas, na ipinakilala sa mga namanghang tagapakinig sa Jordan (tingnan sa Mat. 3:13–17), sa banal na Bundok ng Pagbabagong-anyo (tingnan sa Mat. 17:1–9), sa templo ng mga Nephita (tingnan sa 3 Ne. 11–26), at sa kaka-huyan sa Palmyra, New York [tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17–25]; at ang taong nagpakilala ay walang iba kundi ang kanyang tunay na Ama, ang banal na Elohim, na siyang kawangis niya at kung kaninong kalooban ay sinunod niya.[13]

Alam kong buhay ang Panginoon at alam kong inihahayag niya ang kanyang isipan at kalooban sa atin sa araw-araw, para mabigyan tayo ng inspirasyon hinggil sa landas na dapat nating tahakin.[14]

Siya ang batong panulok. Siya ang pinuno ng kaharian—ito ang kanyang mga tagasunod—ito ang kanyang Simbahan—ito ang kanyang mga doktrina at ordenansa—ito ang kanyang mga kautusan.[15]

Inaasam natin ngayon ang kanyang ikalawang pagparito gaya ng ipinangako niya. Ang pangakong ito ay literal na matutupad tulad ng marami niyang mga pangako, at pansamantala, pinupuri natin ang kanyang banal na pangalan at pinaglilingkuran siya, at nagpapatotoo sa kabanalan ng kanyang misyon, kasama ang mga propeta ng iba't ibang henerasyon! . . .

Alam ko na si Jesus, sa mga kawalang-hanggan noon at sa hinaharap, ang siyang Manlilikha, ang Manunubos, ang Tagapagligtas, ang Anak ng Diyos.[16]

---

**Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, inililigtas ni Jesucristo ang lahat ng tao mula sa mga epekto ng Pagkahulog at inililigtas ang mga nagsisisi mula sa sariling mga kasalanan.**

Minamahal kong mga kapatid, buhay ang Diyos, at pinatototohanan ko ito. Si Jesucristo ay buhay, at siya ang may-akda ng tunay na landas ng buhay at kaligtasan.

Ito ang mensahe ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ito ang pinakamahalagang mensahe sa daigdig ngayon. Si Jesucristo ang anak ng Diyos. Pinili siya ng Ama na maging Tagapagligtas ng mundong ito.[17]

Nang sadya at buong talinong kainin ni Adan ang ipinagbabawal na bunga sa Halamanan ng Eden, ipinamana niya sa ating lahat, na kanyang mga inapo, ang dalawang kamatayan—ang pisikal o "mortal na kamatayan," at ang kamatayang espirituwal o pagkapalayas mula sa harapan ng Panginoon.[18]

Sa banal na plano ng Diyos, naglaan ng isang manunubos na kakalag sa mga gapos ng kamatayan at, sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli, magiging posible ang muling pagsasanib ng mga espiritu at katawan ng lahat ng taong nabuhay sa mundo.

Si Jesus ng Nazaret ang taong, bago pa malikha ang mundo ay piniling pumarito sa lupa para magsagawa ng serbisyong ito,



*"Kamatayan ang kanyang huling kaaway, at kahit iyon ay nadaig niya at napasimulan ang pagkabuhay na muli."*

para madaig ang mortal na kamatayan. Ang boluntaryong hakbang na ito ang tutubos sa pagkahulog nina Adan at Eva at magpapahintulot sa espiritu ng tao na mabawi ang kanyang katawan, upang sa gayon ay muling magsanib ang katawan at espiritu.[19]

Ang pagkabuhay na muling ito ay gawain ni Jesucristo, ang Tagapagligtas, na, dahil kapwa siya mortal (anak ni Maria) at banal (Anak ng Diyos), ay nagawang daigin ang mga kapangyarihang namamayani sa laman. Talagang ibinigay niya ang kanyang buhay at literal na ibinangon itong muli bilang "pangunahing bunga," na susundan ng bawat kaluluwang nabuhay [tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:22–23]. Dahil Siya'y diyos, ibinigay niya ang kanyang buhay. Walang makakukuha nito mula sa kanya. Nagkaroon siya, dahil sa ganap niyang nadaig ang lahat ng bagay, ng kapangyarihang ibalik muli ang kanyang buhay. Kamatayan

ang kanyang huling kaaway, at kahit iyon ay nadaig niya at napasimulan ang pagkabuhay na muli.[20]

Dahil ipinagkaloob ng Ama sa Langit ang Kanyang Anak kung kaya't lahat ng tao—noon, ngayon, at sa hinaharap—ay makakapiling Siyang muli na Ama ng ating mga espiritu. Ngunit para makatiyak na mangyayari iyon, kinailangan munang pumarito sa lupa si Jesus at magkaroon ng katawan para ituro sa mga tao sa pamamagitan ng Kanyang halimbawa ang tamang landas sa buhay at pagkatapos ay kusang ibigay ang Kanyang buhay at, sa ilang mahimalang paraan, tanggapin ang pasanin para sa mga kasalanan ng sangkatauhan.[21]

Ang pagkalinis mula sa kasalanan ay imposibleng mangyari kung hindi lubusang magsisisi ang isang tao at kung wala ang mabuting biyaya ng Panginoong Jesucristo sa kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Tanging sa mga paraang ito makababawi ang tao, gagaling at mahuhugasan at malilinis, at magiging marapat pa rin sa mga kaluwalhatian ng kawalang-hanggan. Tungkol sa dakilang papel ng Tagapagligtas sa bagay na ito, ipinaalala ni Helaman sa kanyang mga anak ang mga sinabi ni Haring Benjamin:

". . . Walang ibang daan o pamamaraan man na ang tao ay maaaring maligtas, tanging sa pamamagitan lamang ng pambayad-salang dugo ni Jesucristo, na siyang paparito; oo, pakatandaan na siya ay paparito upang tubusin ang sanlibutan." (Hel. 5:9.)

At, kung gugunitain ang mga salita ni Amulek kay Zeezrom, binigyang-diin ni Helaman ang bahagi ng tao sa pagkakamit ng kapatawaran—pagsisisi mula sa kanyang mga kasalanan:

". . . Sinabi niya sa kanya na tiyak na paparito ang Panginoon upang tubusin ang kanyang mga tao, subalit hindi siya darating upang tubusin sila *sa kanilang mga kasalanan,* kundi upang tubusin sila *mula sa kanilang mga kasalanan.*

"At may kapangyarihan siya na ibinigay sa kanya ng Ama upang sila ay tubusin mula sa kanilang mga kasalanan *dahil sa pagsisisi.* . . ." (Hel. 5:10–11. Idinagdag ang pagkahilig ng mga titik.)[22]

[Ang Tagapagligtas] ay namatay bilang kabayaran ng ating mga kasalanan upang mabuksan ang daan para sa ating pagkabuhay

na muli, para ituro ang landas tungo sa pagiging ganap ng ating buhay, para ituro ang landas tungo sa kadakilaan. Namatay siya nang may layunin, at kusang-loob. Isinilang siya sa abang kalagayan, perpekto ang kanyang naging buhay, nakahihikayat ang kanyang halimbawa; ang kanyang kamatayan ang nagbukas ng mga pintuan, at inalay sa tao ang bawat mabuting kaloob at pagpapala.[23]

---

**Para matanggap ang lahat ng pagpapala ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, kailangan nating makiisa sa Kanya.**

Bawat kaluluwa ay may kalayaang pumili. Maaaring mapasakanya ang lahat ng pagpapalang naging sanhi ng pagsilang at pagkamatay ni Cristo. Ngunit ang pagkamatay at plano ni Cristo ay masasayang lahat at ang masama pa, mawawalan ng kabuluhan kung hindi natin sasamantalahin ang mga ito: "Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi" (D at T 19:16).

Ang Tagapagligtas ay naparito upang "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Ang Kanyang pagsilang, pagkamatay, at pagkabuhay na muli ang nagsakatuparan sa una. Ngunit kailangan nating makiisa sa kanya para maisakatuparan ang pangalawa, upang makamtan ang buhay na walang hanggan.[24]

Kapag iniisip natin ang dakilang sakripisyo ng ating Panginoong Jesucristo at ang pagdurusang tiniis niya para sa atin, wala tayong utang-na-loob kung hindi natin ito pahahalagahan sa abot ng ating makakaya. Siya'y nagdusa at namatay para sa atin, gayunpaman kung hindi tayo magsisisi, lahat ng pagdadalamhati at paghihirap niya para sa atin ay walang-saysay.[25]

Ang kanyang pagdurusa noong una at habang nasa krus at ang kanyang dakilang sakripisyo ay kaunti o walang kabuluhan sa atin maliban kung ipamumuhay natin ang kanyang mga kautusan. Dahil sinabi niya:

". . . bakit tinatawag ninyo ako, Panginoon, Panginoon, at di ninyo ginagawa ang mga bagay na aking sinasabi?" (Lucas 6:46.)

"Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos." (Juan 14:15.)[26]

Ang mga taong nakakikilala sa Diyos at nagmamahal sa kanya at ipinamumuhay ang kanyang mga utos at sumusunod sa kanyang mga tunay na ordenansa ay makikita sa buhay na ito, o sa buhay na darating, ang kanyang mukha at malalaman na siya ay buhay at makikipag-usap sa kanila.[27]

*Naniniwala* tayo, at ito ang ating patotoo, at ipinapahayag natin sa mundo "na walang ibang pangalang ibinigay, o anumang daan, o paraan kung saan ang kaligtasan ay mapapasa mga anak ng tao, tanging kay at sa pamamagitan lamang ng pangalan ni Cristo, ang Panginoong Makapangyarihan" (Mosias 3:17).

*Alam* natin, at ito ang ating patotoo, at ipinapahayag din natin sa mundo na para maligtas ang tao ay kailangang "maniwala na ang kaligtasan ay dumating, at dumarating, at darating, sa pamamagitan ng nagbabayad-salang dugo ni Cristo, ang Panginoong Makapangyarihan" (Mosias 3:18).

Kaya't, tulad ni Nephi, "masigasig kaming gumagawa upang makasulat, upang hikayatin ang ating mga anak, at ang atin ding mga kapatid, na maniwala kay Cristo, at makipagkasundo sa Diyos; sapagkat nalalaman naming naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya, sa kabila ng lahat ng *ating* magagawa. . . .

"At nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo, at sumusulat tayo alinsunod sa ating mga propesiya, upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan." (2 Ne. 25:23, 26; idinagdag ang pakahilig ng mga titik.)[28]

---

## Nalulugod sa atin ang Panginoon kapag ipinamumuhay natin ang Kanyang ebanghelyo.

Parang nakikinita ko ang Panginoong Jesucristo [noong kanyang mortal na ministeryo,] na nakangiti habang nakatunghay sa kanyang matatapat na tao. . . .

. . . Sa palagay ko nakangiti ang Panginoong Jesucristo kapag tumitingin siya sa tahanan ng mga taong ito at nakikita silang

nakaluhod na nagdarasal bilang pamilya sa araw at gabi, na kasama ring nagdarasal ang mga anak. Sa palagay ko nakangiti siya kapag nakikita niya ang mga batang mag-asawa, at ang matatanda, na may matinding pagtingin sa isa't isa, at patuloy sa kanilang pagliligawan . . . , na patuloy na nagmamahalan nang buong kaluluwa nila hanggang kamatayan at pagkatapos ay lalo itong pinahahalagahan sa kawalang-hanggan.

Sa palagay ko nalulugod siya sa mga pamilyang nagsasakripisyo at nagbabahaginan. . . . Sa palagay ko nakangiti ang Panginoong Jesucristo kapag nakatunghay siya at nakikita [ang libu-libong] di-aktibo noong isang taon, ngunit maligaya ngayon sa kaharian. Marami sa kanila ang nakapasok na sa banal na templo ng Diyos at nakatanggap ng kanilang endowment at mga pagbubuklod, at may luha ng kagalakan na nagpapasalamat sa Panginoon para sa kanyang programa.

Parang nakikita ko ang mga luha ng kagalakan sa kanyang mga mata at ngiti sa kanyang mga labi habang nakikita niya ang . . . mga bagong kaluluwang lumapit sa kanya sa taon na ito, na naghayag sa kanyang pangalan, na lumusong sa mga tubig ng pagbibinyag, at sa tingin ko mahal din niya ang mga tumulong para magbalik-loob sila.

Nakikita ko siyang nakangiti kapag nakikita niya ang maraming tao na nakaluhod at nagsisisi, nagbabagong-buhay, ginagawang mas maliwanag at malinis ito, at higit na katulad ng kanilang Ama sa Langit at ng kanilang Kapatid na si Jesucristo.

Sa palagay ko natutuwa siya at nakangiti habang nakikita niyang inaayos ng mga kabataan ang kanilang buhay at pinoprotektahan at pinalalakas ang kanilang sarili laban sa mga kamalian ngayon. Sa palagay ko siya ang unang nalulungkot, at siguro natutuwa pagkatapos, kapag nakikita niya, gaya nang nangyari ilang araw na sa aking opisina, ang batang mag-asawa na nakagawa ng malaking pagkakamali at ngayon ay magkasama nang nakaluhod at mahigpit na magkahawak-kamay. Malamang na buong galak siyang nakangiti nang makita niya ang kanilang mga kaluluwa at nakitang nagbabago sila, habang tumutulo ang kanilang mga luha sa aking mga kamay na magiliw kong ipinatong sa kanilang kamay.

Ah, mahal ko ang Panginoong Jesucristo. Umaasa akong maipapakita ko sa kanya at maipamamalas ang aking katapatan at malasakit. Gusto kong mamuhay nang malapit sa kanya. Gusto kong maging katulad niya, at dalangin ko na tulungan tayong lahat ng Panginoon na maging tulad tayo ng sinabi niya sa kanyang mga disipulong Nephita, "Kung gayon, maging anong uri ng mga tao ba nararapat kayo?" at sinagot niya ang sarili niyang tanong sa pagsasabing, "Maging katulad ko." (3 Nephi 27:27.)[29]

---

## Ang Pagbabayad-sala ay nagbibigay sa atin ng pag-asa sa buhay na ito at sa darating na kawalang-hanggan.

Umaasa tayo kay Cristo dito at ngayon. Namatay siya para sa ating mga kasalanan. Dahil sa kanya at sa kanyang ebanghelyo, ang mga kasalanan natin ay nahugasan sa mga tubig ng pagbibinyag; ang kasalanan at kasamaan ay sinusunog tulad ng sa apoy; at nagiging malinis tayo, nagkakaroon ng malinis na konsiyensya, at nagkakaroon ng kapayapaang di masayod ng pag-iisip. (Tingnan sa Fil. 4:7.)

Sa pagsunod sa mga batas ng kanyang ebanghelyo, nagkakaroon tayo ng temporal na pag-unlad at nananatiling malusog ang katawan at malakas ang isipan. Pinagpapala tayo ng ebanghelyo ngayon.

Ngunit ang ngayon ay isang butil lamang ng buhangin sa Sahara ng kawalang-hanggan. Umaasa rin tayo kay Cristo sa darating na kawalang-hanggan; kung hindi, tulad ng sabi ni Pablo, tayo'y magiging "sa lahat ng mga tao ang lalong kahabaghabag" (I Cor. 15:19).

Talagang napakalaki ng ating pagdurusa—at magiging gayon—kung walang pagkabuhay na muli! Magiging napakamiserable natin kung wala tayong pag-asa sa buhay na walang hanggan! Kung maglalaho ang ating pag-asa sa kaligtasan at gantimpala sa kawalang hanggan, siguradong magiging mas miserable tayo kaysa sa mga taong hindi kailanman nagkaroon ng gayong pag-asam.

"Datapuwa't si Cristo nga'y muling binuhay sa mga patay na siya ay naging pangunahing bunga ng nangatutulog" (I Cor. 15:20).

Ngayon ang mga epekto ng kanyang pagkabuhay na muli ay mapapasalahat ng tao, "sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin" (I Cor. 15:22).

Ngayon "kung paanong tinaglay natin ang larawang ukol sa lupa, ay tataglayin din naman natin ang larawang ukol sa langit" (I Cor. 15:49).

Ngayon may ginawang kundisyon na "pagka itong may kasiraan . . . ay mabihisan ng walang kasiraan, at itong may kamatayan . . . ay mabihisan ng walang kamatayan, kung gayon ay mangyayari ang wikang nasusulat, Nilamon ng pagtatagumpay ang kamatayan" (I Cor. 15:54). . . .

Walang hanggan ang pag-asa natin kay Cristo. Alam nating ibinigay ang buhay na ito para makapaghanda tayo sa kawalang hanggan, "at yaon ding lipunan na umiiral sa atin dito ang iiral sa atin doon, lamang ito ay may kakabit na walang hanggang kaluwalhatian, kung aling kaluwalhatian ay hindi pa natin ngayon tinatamasa" (D at T 130:2).[30]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Basahin ang kuwento sa mga pahina 27–28. Sa paanong mga paraan tayo mapapalapit sa Panginoon at "gugulin ang maghapon" sa Kanyang piling, tulad ng ginawa ni Pangulong Kimball?
- Rebyuhin ang mga pahina 29–31, na hinahanap ang mga pangalan at katawagang ginamit ni Pangulong Kimball kay Jesucristo. Anong mga pangalan at katawagan kay Jesucristo ang may espesyal na kahulugan sa inyo at bakit? Paano ninyo sasagutin ang isang tao na nagsasabing si Jesus ay isang dakilang guro lamang?
- Pag-isipang mabuti ang patotoo ni Pangulong Kimball tungkol sa ministeryo ng Tagapagligtas sa buhay bago tayo isinilang, sa buhay na ito, at sa kabilang-buhay (mga pahina 31–32).

Isipin kung ano ang maaari ninyong gawin para mapalalim ang inyong patotoo tungkol sa misyon ng Tagapagligtas.

- Pag-aralan ang mga pahina 32–35, na hinahanap ang mga dahilan kung bakit kailangan natin ng Tagapagligtas. Ano ang kaibhang nagawa ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa inyong buhay?
- Sa mga pahina 29–35, pinatototohanan ni Pangulong Kimball ang mga bagay na nagawa ng Tagapagligtas para sa atin. Sa mga pahina 35–38, nalalaman natin kung ano ang mga bagay na kailangan nating gawin para matanggap ang lahat ng pagpapalang dulot ng Pagbabayad-sala. Ano ang nadarama ninyo kapag ikinukumpara ninyo ang nagawa para sa atin ng Tagapagligtas sa ipinagagawa Niya sa atin?
- Rebyuhin natin ang mga pananaw ni Pangulong Kimball tungkol sa kung paano tayo kalulugdan ng Panginoon (mga pahina 36–38). Isipin kung ano ang nadama ninyo nang malaman ninyong nalulugod ang Panginoon sa inyo.
- Itinuro ni Pangulong Kimball na maaari tayong umasa kay Cristo ngayon at sa darating na kawalang hanggan (mga pahina 38–39). Paano nagbabago ang buhay ng mga tao kapag umaasa sila kay Cristo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Juan 14:6, 21–23; 2 Nephi 9:5–13, 21–23; Moroni 7:41; 10:32–33; D at T 19:15–19

## *Mga Tala*

1. Tingnan sa Edward L. Kimball at Andrew E. Kimball Jr., *Spencer W. Kimball* (1977), 249–52.
2. Sa "The Gospel of Love: Stories about President Spencer W. Kimball," *Ensign,* Dis. 1985, 22–23.
3. Sa Conference Report, Abr. 1978, 9; o *Ensign*, Mayo 1978, 7.
4. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball (1982), 7.
5. "Spencer, the Beloved: Leader-Servant," *Ensign*, Dis. 1985, 15.
6. Sa Conference Report, Okt. 1946, 55–56.
7. Sa Conference Report, Okt. 1974, 163; o *Ensign,* Nob. 1974, 113.
8. Sa Conference Report, Abr. 1964, 94; o *Improvement Era*, Hunyo 1964, 496–97.
9. Sa Conference Report, Okt. 1946, 64.
10. Sa Conference Report, Okt. 1982, 6; o *Ensign,* Nob. 1982, 6.
11. *Faith Precedes the Miracle* (1972), 70.
12. Sa Conference Report, Abr. 1977, 113; o *Ensign,* Mayo 1977, 76.
13. Sa Conference Report, Okt. 1977, 111; o *Ensign,* Nob. 1977, 73.
14. Sa Conference Report, Abr. 1977, 117; o *Ensign*, Mayo 1977, 78.
15. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 6.

16. Sa Conference Report, Okt. 1946, 63, 64.
17. Sa Conference Report, Abr. 1978, 7; o *Ensign,* Mayo 1978, 6.
18. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 68.
19. Sa Conference Report, Abr. 1978, 7; o *Ensign,* Mayo 1978, 6.
20. "Absolute Truth," *Ensign,* Set. 1978, 6.
21. "Christmas Message from the First Presidency to the Children of the World: Gifts That Endure," *Friend,* Dis. 1982, 3.
22. *The Miracle of Forgiveness* (1969), 339–40.
23. "Jesus of Nazareth," *Ensign,* Dis. 1980, 4.
24. *Ensign,* Dis. 1980, 4.
25. *The Miracle of Forgiveness,* 145.
26. Sa Conference Report, Abr. 1972, 26; o *Ensign,* Hulyo 1972, 37.
27. Sa Conference Report, Abr. 1964, 99; o *Improvement Era,* Hunyo 1964, 499.
28. Sa Conference Report, Okt. 1978, 109–10; o *Ensign,* Nob. 1978, 72.
29. Sa Conference Report, Abr. 1956, 120.
30. Sa Conference Report, Okt. 1978, 108–9; o *Ensign,* Nob. 1978, 72.

# Ang Himala ng Pagpapatawad

*Sa pamamagitan ng taos-pusong pagsisisi at mapagtubos na kapangyarihan ng Tagapagligtas, mararanasan natin ang himala ng pagpapatawad.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball na "pagsisisi ang susi sa mas mabuti, mas maligayang buhay. Kailangan nating lahat ito."[1]

Napansin din niya na "pag-asa . . . ang malakas na panghikayat para magsisi, dahil kung wala ito walang taong gagawa sa mahirap, matagal na pagsisikap na kinakailangan." Para maipakita ang puntong ito, ikinuwento niya ang naging karanasan niya sa pagtulong sa isang babaeng lumapit sa kanya dahil pakiramdam nito'y wala na siyang pag-asa dahil sa kasalanang nagawa niya. Sabi ng babae: "Alam ko kung ano ang nagawa ko. Nabasa ko ang mga banal na kasulatan, at alam ko ang ibubunga niyon. Alam kong isinumpa ako at di na kailanman mapapatawad, kaya bakit ko pa sisikapin ngayon na magsisi?"

Sumagot si Pangulong Kimball: "Mahal kong kapatid, di mo alam ang nakasaad sa mga banal na kasulatan. Hindi mo alam ang kapangyarihan ng Diyos ni ang kanyang kabutihan. *Maaari* kang mapatawad sa mabigat na kasalanang ito, ngunit kakailanganin ang mas taos-pusong pagsisisi para magawa ito."

Pagkatapos ay binasa niya sa kanya ang ilang banal na kasulatan tungkol sa kapatawaran na dumarating sa mga taong taos-pusong nagsisisi at sumusunod sa mga utos ng Diyos. Sa patuloy na pagtatagubilin sa kanya, nakita niyang nabuhayan siya ng pag-asa hanggang sa sabihin nito sa huli: "Salamat, salamat sa inyo! Naniniwala ako sa inyo. Talagang magsisisi ako para mahugasan

ang marurumi kong kasuotan sa dugo ng Kordero at makamtan ang pagpapatawad na iyon."

Naalala ni Pangulong Kimball na bumalik sa wakas ang babaing iyon sa kanyang opisina na "isang bagong tao—nagniningning ang mga mata, masaya, puno ng pag-asa habang sinasabi niya sa akin na mula noong di malilimutang araw na iyon tila naging bituing tumatanglaw ang pag-asa at nananganan siya rito, hindi na siya bumalik kailanman sa [kasalanan] ni lumapit man dito."[2]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Ang himala ng pagpapatawad ay nagdadala ng kapayapaan at tinutulungan tayo na mas mapalapit sa Diyos.

Mayroong maluwalhating himala na naghihintay sa bawat kaluluwa na handang magbago. Ang pagsisisi at pagpapatawad ay ginagawang maningning na araw ang napakadilim na gabi. Kapag isinilang na muli ang mga kaluluwa, kapag nagbagong-buhay—kasunod nito ang pagdating ng malaking himala na magpapaganda at magpapasigla at magpapasaya. Kung nagbanta man ang kamatayang espirituwal ngunit sa halip ngayo'y nagkamalay nang muli, kapag nadaig ng buhay ang kamatayan—kapag nangyari ito, ito ang pinakamalaking himala. At ang gayong malalaking himala ay hindi kailanman hihinto hangga't may taong nagsasagawa ng mapangtubos na kapangyarihan ng Tagapagligtas at ng sarili niyang mabubuting gawa para makapagbagong-buhay siya. . . .

Ang diwa ng himala ng pagpapatawad ay nagdadala ng kapayapaan sa dating balisa, malungkot, at marahil nahihirapang kaluluwa. Sa mundong maligalig at magulo ito'y kaloob na talagang walang katumbas.[3]

Hindi madaling maging payapa sa magulong mundo ngayon. Kailangang matamo mismo ng tao ang kapayapaan. . . . Makakamtan lamang ito sa pamamagitan ng patuloy na pagsisisi, paghahangad ng kapatawaran kapwa sa malalaki at maliliit na kasalanan, at sa gayon ay mas mapalapit sa Diyos. Para sa mga miyembro ng simbahan, ito ang diwa ng kanilang paghahanda,



*"Ang pagsisisi at pagpapatawad ay ginagawang maningning na araw ang napakadilim na gabi."*

ang kahandaan nilang salubungin ang Tagapagligtas sa kanyang pagdating. . . . Magiging payapa ang puso ng mga taong nakahanda. Makababahagi sila sa mga pagpapalang ipinangako ng Tagapagligtas sa kanyang mga apostol: "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man." (Juan 14:27.)

[Ang isa sa mga layunin] ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay manawagan ng pagsisisi sa mga tao saanmang dako. Ang mga sumusunod sa panawagan, mga miyembro man ng Simbahan o hindi, ay makababahagi sa himala ng pagpapatawad. Papawiin ng Diyos mula sa kanilang mata ang mga luha ng pagdadalamhati, at pamimighati at panghihilakbot,

at takot, at kasalanan. Mapapawi ang luha sa mga mata, at ngiti ng kasiyahan ang papalit sa nag-aalala at balisang mukha.

Napakalaking kaaliwan! Napakalaking kaginhawahan! Napakalaking kagalakan! Ang mga taong binabagabag ng mga paglabag at kalungkutan at kasalanan ay maaaring mapatawad at maging malinis at dalisay kung babalik sila sa kanilang Panginoon, kikilalanin siya, at susundin ang kanyang mga kautusan. At lahat tayo na kailangang magsisi sa araw-araw sa mumunting kamalian at kahinaan ay makababahagi rin sa himalang ito.[4]

---

**Kailangan nating lahat na magsisi.**

". . . Walang anumang maruming bagay ang makapapasok sa kaharian ng Diyos. . . ." (1 Ne. 15:34.) At muli, ". . . walang maruming bagay ang makapananahang kasama ng Diyos. . . ." (1 Ne. 10:21.) Sa mga propeta ang ibig sabihin ng salitang *marumi* sa kontekstong ito ay siyang kahulugan nito sa Diyos. Sa tao ang salita ay maaaring may kaukulang kahulugan—halimbawa, ang kakatiting na mantsa ay hindi nagpaparumi sa puting damit. Subalit sa Diyos na perpekto, ang kalinisan ay nangangahulugan ng kalinisan ng pagkatao at ng sarili. Ang pagkukulang rito, sa isa o sa iba pang antas, ay karumihan at dahil dito ay hindi makakapiling ang Diyos.

Kung hindi dahil sa mapagpalang mga kaloob na pagsisisi at pagpapatawad, wala na sanang pag-asa ang tao, yamang walang sinuman maliban sa Panginoon ang nabuhay sa mundo nang walang kasalanan.[5]

Walang sandali sa buhay ng sinumang tao na hindi mahalaga ang pagsisisi para sa kanyang kapakanan at walang hanggang pag-unlad.

Subalit kapag iniisip ng marami sa atin ang pagsisisi, may tendensiya tayong pakitirin ang ating pang-unawa at isiping ito'y para lamang sa ating mga asawa, magulang, anak, kapitbahay, kaibigan, sa mundo—sa sinuman at sa lahat maliban ang ating sarili. Gayundin naman na may damdaming namamayani sa atin, na di namamalayan na marahil na ang pagsisisi ay nilayon lamang ng Panginoon sa mga nagkasala ng pagpatay o

pangangalunya o pagnanakaw o iba pang karumal-dumal na kasalanan. Siyempre hindi ito ganoon. Kung tayo ay mapagpakumbaba at hinahangad na ipamuhay ang ebanghelyo maiisip natin ang pagsisisi bilang pagsasagawa nito sa lahat ng gawain natin sa buhay, maging ito man ay espirituwal o temporal. Ang pagsisisi ay para sa lahat ng kaluluwang hindi pa naaabot ang pagiging perpekto.[6]

Ang pagsisisi ay susi sa pagpapatawad. Binubuksan nito ang pinto tungo sa kaligayahan at kapayapaan at itinuturo ang daan tungo sa kaligtasan sa kaharian ng Diyos. Pinawawalan nito ang diwa ng pagpapakumbaba sa kaluluwa ng tao at pinagsisisi ang kanyang puso at ginagawang masunurin sa kagustuhan ng Diyos.

"Ang kasalanan ay ang pagsalangsang sa kautusan" (I Juan 3:4), at sa gayong paglabag may kaparusahang nakaakibat sa ilalim ng walang hanggang batas. Ang bawat normal na tao ay responsable sa mga kasalanang ginawa niya, at pananagutin sa kaparusahang nakaakibat sa nilabag na mga batas. Gayunpaman, ang kamatayan ni Cristo sa krus ay nagbibigay sa atin ng kalayaan mula sa walang hanggang kaparusahan sa lahat ng kasalanan. Inako niya mismo ang kaparusahan para sa mga kasalanan ng buong mundo, nauunawaang yaong magsisisi at lalapit sa kanya ay mapapatawad sa kanilang mga kasalanan at hindi maparurusahan.[7]

---

## Ang pagkilala ng pagkakasala at pagkadama ng kalumbayang mula sa Diyos ay mga bahagi ng tunay na pagsisisi.

Ang pagsisisi ay mabuti at may awang batas. Malaki ang epekto nito at nasasaklawan. . . Binubuo ito ng maraming elemento, na ang bawat isa ay mahalaga para makumpleto ang pagsisisi. . . .

*Walang maharlikang daan tungo sa pagsisisi,* walang madaling landas tungo sa kapatawaran. Ang bawat tao ay kailangan na sumunod sa iisang paraan maging siya man ay mayaman o mahirap, may pinag-aralan o mangmang, mataas o mababa, prinsipe o pulubi, hari o karaniwang tao. "Sapagkat ang Dios ay hindi nagtatangi ng mga tao." (Mga Taga Roma 2:11.)

Bago isagawa ang maraming elemento ng pagsisisi kailangang mayroong unang hakbang. Ang unang hakbang na iyon ang simula ng pagkilala ng tao sa kanyang pagkakasala. Pagkagising sa katotohanan, pag-aming nagkasala. Kung wala ito, walang tunay na pagsisisi dahil walang pagkilala sa kasalanan. . . .

Kapag nalalaman natin ang bigat ng ating kasalanan, maikokondisyon natin ang ating isipan na sundin ang mga prosesong iyon na mag-aalis sa atin sa mga ibubunga ng kasalanan. Sinikap ni Alma na iparating ito kay Corianton nang sabihin niyang: ". . . Hayaan na ang iyong mga kasalanan na lamang ang bumagabag sa iyo, sa yaong pangbabagabag na magdadala sa iyo sa pagsisisi. Huwag mo nang pagsikapang bigyang-katwiran ang iyong sarili sa pinakamaliit na punto." (Alma 42:29–30.)[8] . . . .

Ang Espiritu Santo ay may mahalagang papel na gagampanan sa pagkumbinsi sa nagkasala sa kanyang pagkakamali. Tumutulong siya na maipaalam "ang katotohanan ng lahat ng bagay" (Moro. 10:5); maituro ang lahat ng bagay at maipaalala ang lahat ng bagay (Juan 14:26); at pagsabihan ang sanglibutan tungkol sa kasalanan (Juan 16:8).

Kadalasan sinasabi ng mga tao na nagsisi na sila gayong ang ginawa lamang nila ay magpakita ng lungkot sa maling nagawa. Subalit ang tunay na pagsisisi ay kinakikitaan ng kalumbayang mula sa Diyos na nagpapabago, nagpapaiba, at nagliligtas. Ang malungkot ay di sapat. . . . Ganito ang paliwanag ni Pablo sa mga banal na taga Corinto:

"Ngayo'y nagagalak ako, hindi dahil sa inyong pagkalumbay, kundi dahil sa inyong mga pagkalumbay na ikapagsisisi: sapagkat kayo'y pinalumbay sa paraang ukol sa Dios, upang sa anoman ay huwag kayong mangagkaroon ng kalugihan dahil sa amin.

"Sapagka't ang kalumbayang mula sa Dios, ay gumagawa ng pagsisisi sa ikaliligtas, na hindi ikalulungkot: datapuwa't ang kalumbayang ayon sa sanglibutan ay ikamamatay." (2 Cor. 7:9–10.)[9]

Sa bawat pagpapatawad ay may isang kondisyon. Dapat ay kasinglapad ng sugat ang benda. Ang pag-aayuno, ang mga panalangin, ang pagpapakumbaba ay dapat maging kapantay o

mas matindi sa kasalanan. Dapat ay may bagbag na puso at nagsisising espiritu. Dapat ay mayroong [suot na] damit na "magaspang at abo." Dapat ay mayroong pagluha at tunay na pagbabago ng puso.[10]

---

**Ang pagtalikod sa kasalanan ay kinapapalooban ng pagpapanibagong buhay.**

Siyempre, maging ang pag-amin ng kasalanan ay hindi sapat. Ito'y nakawawasak at nakasisira kung hindi sasamahan ng pagsisikap na alisin ang sarili sa kasalanan. Kasama ng pag-amin, samakatuwid, ay ang marubdob na hangaring alisin ang kasalanan at bumawi mula sa idinulot nitong pinsala.[11]

May isang napakatinding pagsubok sa pagsisisi. Ito'y ang pagtalikod sa kasalanan. Kung itinigil na ng tao ang kanyang kasalanan nang may tamang hangarin—dahil sa lumalaking kabatiran sa bigat ng kasalanan at kahandaang sumunod sa mga batas ng Panginoon—siya'y tunay na nagsisisi. Ang mga pamantayang ito ay itinalaga ng Panginoon: "Sa pamamagitan nito inyong malalaman kung ang isang tao ay nagsisi ng kanyang mga kasalanan—masdan, kanyang aaminin ang mga yaon at tatalikdan ang mga yaon." (D at T 58:43. Idinagdag ang pagkahilig ng mga titik.)

Sa madaling salita, hindi ito tunay na pagsisisi hangga't hindi tinatalikuran ng tao ang mali sa kanyang buhay at nagsisimula ng panibagong landas. Ang nakapagliligtas na kapangyarihan ay hindi maibibigay sa kanya na *hangad* lamang na baguhin ang kanyang buhay. . . . Ang tunay na pagsisisi ay naghihikayat sa tao na kumilos.

Hindi na dapat ikamangha ng tao na kailangang gumawa, at hindi maghangad lamang. Sa bandang huli, ang paggawa ang siyang nagpapalakas ng ating moral gayundin ng ating katawan.[12]

Sa pagtalikod sa kasalanan, hindi lamang ito basta paghahangad na mapabuti. Dapat niya itong gawin. Kailangang mamuhi siya sa batik na nilikha niya sa sarili at kasuklaman ang kasalanan. Tinitiyak na hindi lamang niya tinalikuran ang kasalanan kundi binago ang mga sitwasyong nakapalibot sa kasalanan. Dapat niyang iwasan ang mga lugar at sitwasyon at pangyayari kung saan nangyari ang kasalanan, sapagkat sa mga ito higit itong handang

umusbong muli. Dapat niyang talikdan ang mga taong kasama niya sa pagkakasala. Maaaring hindi niya kamuhian ang mga taong kasangkot subalit dapat niyang iwasan sila at lahat ng bagay na may kinalaman sa kasalanan. Dapat niyang itapon ang lahat ng liham, abubot, at bagay na makapagpapaalala sa kanya ng "mga nakaraan" at "dating ugnayan." Kailangang kalimutan niya ang mga numero ng tirahan, telepono, mga tao, lugar, at sitwasyon mula sa makasalanang nakaraan, at magbagong-buhay. Dapat niyang alisin ang lahat ng bagay na magpapaalala sa nakaraan.[13]

Sa pagtalikod sa masama, pagbabago ng buhay, pagbabago ng ugali, paghuhubog ng mga katangian o muling paghuhubog ng mga ito, kailangan natin ang tulong ng Panginoon, at makatitiyak tayo rito kung gagawin natin ang ating bahagi. Ang taong labis na umaasa sa kanyang Panginoon ay nasusupil ang sarili at naisasagawa ang anumang gawain, maging ito man ay ang pagkuha sa mga laminang tanso, paggawa ng barko, pagtigil sa nakahiligan, o pagdaig sa mabigat na kasalanan.[14]

---

**Ang pagtatapat ay nakagagaan ng mga pasanin.**

Ang pagtatapat ng kasalanan ay mahalagang elemento sa pagsisisi at samakatwid sa pagtatamo ng kapatawaran. Isa ito sa mga pagsubok ng tunay na pagsisisi, dahil, "Sa pamamagitan nito inyong malalaman kung ang isang tao ay nagsisi ng kanyang mga kasalanan—masdan, kanyang aaminin ang mga yaon at tatalikdan ang mga yaon." (D at T 58:43. Idinagdag ang pagkakahilig ng mga salita.). . .

Marahil ang pagtatapat ng kasalanan ay isa sa pinakamahirap sa lahat ng hadlang na gagawin ng nagsisisi. Ang kahihiyan ay kadalasang pumipigil sa kanya na ipaalam ang kanyang kasalanan at aminin ang kanyang mali. Kung minsan ang kawalan niya ng tiwala sa mga taong pagtatapatan niya ng kanyang kasalanan ay nagbibigay-katwiran sa kanya na panatilihing nakatago ang lihim sa kanyang sariling puso. . . .

Nalalaman ang mga puso ng tao, at ang kanilang mga hangarin, at kakayahang magsisi at baguhin ang sarili, naghihintay ang Panginoon upang magpatawad hanggang sa maging lubos ang pagsisisi. Ang nagkasala ay dapat magkaroon ng "bagbag na puso



*"Nagdadala ng kapayapaan ang pagtatapat."*

at nagsisising espiritu" at handang magpakumbaba ng sarili at gawin ang lahat ng kinakailangan. Ang pagtatapat sa kanyang malalaking kasalanan sa tamang awtoridad sa simbahan ay isa sa mga hinihingi ng Panginoon. Ang mga kasalanang ito ay kinabibilangan ng pakikiapid, pangangalunya, iba pang mga kasalanang seksuwal, at iba pang mga kasalanan na gayundin kabigat. Ang pamamaraang ito ng pagtatapat ay nagtitiyak ng tamang pangangasiwa at pangangalaga sa Simbahan at mga tao nito at inilalagay ang mga paa ng nagkasala sa landas ng tunay na pagsisisi.

Maraming nagkasala na sa kanilang kahihiyan at kapalaluan ay pinapanatag ang kanilang mga konsensiya, nang panandalian, lakip ang ilang tahimik na panalangin sa Panginoon at pinangangatwiranang sapat na ang pagtatapat na ito ng kanilang mga kasalanan. "Pero ipinagtapat ko na ang aking kasalanan sa aking Ama sa Langit," ang iginigiit nila, "at iyon lang ang kailangan." Hindi ito totoo kapag sangkot na rito ang mabigat na kasalanan. Kung gayon dalawang klase ng pagpapatawad ang kinakailangan

para mabigyan ng kapayapaan ang nagkasala—ang isa ay mula sa mga tamang awtoridad ng Simbahan ng Panginoon, at ang isa naman ay mula sa Panginoon mismo. [Tingnan sa Mosias 26:29.]

Ang wastong pagtatapat ay kusa, hindi pinipilit. . . . Ito'y likas na dumarating mula sa kaibuturan ng kaluluwa ng nagkasala, at hindi napilitan lang dahil nahuli siya sa akto. Ang gayong pagtatapat ng kasalanan . . . ay tanda ng matinding pagsisisi. Nagpapakita ito ng pag-amin ng kasalanan ng nagkasala at hangaring talikuran ang masasamang gawain. Ang kusang pagtatapat ay mas katanggap-tanggap kailanman sa paningin ng Panginoon kaysa pilit na pagtatapat, walang pagpapakumbaba, napilitan lang na umamin sa tao dahil napatunayang nagkasala. Ang gayong sapilitang pagtatapat ay hindi nagpapakita ng mapagpakumbabang puso na nagbubunga ng awa ng Panginoon: "Sapagkat ako, ang Panginoon, ay nagpapatawad ng mga kasalanan, at maawain sa yaong mga nagtatapat ng kanilang mga kasalanan nang may mga *mapagpakumbabang puso.*" (D at T 61:2. Idinagdag ang pagkahilig ng mga titik.)

Samantalang ang mabibigat na kasalanan tulad ng binanggit sa una . . . ay kinakailangang ipagtapat sa mga tamang awtoridad ng Simbahan, malinaw na ang gayong pagtatapat ay di kailangan o angkop sa lahat ng kasalanan. Ang di gaanong mabibigat na kasalanan pero nakasakit sa iba—pakikipagtalo sa inyong asawa, kaunting silakbo ng galit, at pakikipag-away at iba pa—ay sa halip dapat ipagtapat sa isang tao o mga taong nasaktan at dapat ayusin ang problema sa pagitan ng mga taong kasangkot dito, karaniwang hindi na kasali rito ang lider ng Simbahan.[16]

Nagdadala ng kapayapaan ang pagtatapat. . . . Ang pagtatapat ay hindi lamang pagsasabi ng mga pagkakamali sa tamang awtoridad, kundi pagbabahagi rin ng mga problema para mapagaan ang mga ito. Iniaalis ng isang tao kahit papaano ang ilan sa kanyang problema at ipinapabalikat ito sa ibang handang tumulong. At matapos ito darating ang kasiyahan sa pagsasagawa sa isa pang hakbang na gawin ang lahat para maialis ang sarili sa bigat ng pagkakasala.[17]

**Ang pagtutuwid ay mahalagang bahagi ng pagsisisi.**

Kapag nakaranas ng matinding kalungkutan at kapakumbabaan ang isang tao na dulot ng pagkilala sa kasalanan; kapag iwinaksi niya ang kasalanan at nagtikang talikuran ito mula ngayon; kapag mapagpakumbaba niyang ipinagtapat ang kanyang kasalanan sa Diyos at sa nararapat na tao sa mundo—kapag nagawa na ang mga bagay na ito, hinihingi naman ang pagtutuwid. Dapat niyang ibalik ang nasira niya, ninakaw, o napinsala.[18]

Ang nagsisisi ay kinakailangang gumawa ng pagtutuwid hangga't maaari. Sinasabi ko "hangga't maaari" dahil may ilang kasalanan na hindi sapat ang magagawang pagtutuwid, at ang iba naman bahagya na lamang ang maitutuwid.

Ang magnanakaw o manloloob ay maaaring makagawa ng bahagyang pagtutuwid sa pamamagitan ng pagsasauli ng ninakaw. Maipapaalam ng sinungaling ang katotohanan at maitatama nang bahagya ang kasiraang idinulot ng pagsisinungaling. Ang tsismis na sumira sa pagkatao ng isang tao ay makapagtutuwid nang bahagya sa pamamagitan ng walang tigil na pagsisikap na ibalik ang magandang pangalan ng taong siniraan. Kung sa pamamagitan ng kasalanan o kapabayaan ay nawasak ng nagkasala ang ari-arian, maibabalik o mababayaran niya ito nang buo o bahagya lamang.

Kung nakapagdulot ng kalungkutan at kahihiyan ang isang lalaki sa kanyang asawa at mga anak, sa gagawin niyang pagtutuwid dapat niyang gawin ang lahat para maibalik ang pagtitiwala at pagmamahal nila sa pamamagitan ng labis-labis na . . . pagmamahal at katapatan. Ganito rin ito sa mga asawa at ina. Gayundin kapag nagkasala ang mga anak sa kanilang mga magulang, ang isang bahagi ng kanilang . . . pagsisisi ay itama ang mga kamaliang iyon at igalang ang kanilang mga magulang. . . .

Ayon sa panuntunan, napakaraming bagay ang magagawa ng nagsisising kaluluwa para makapagbayad-pinsala. "Ang bagbag na puso at nagsisising espiritu" ay nakahahanap ng paraan tuwina upang makapagtuwid nang malaki. Hinihingi ng tunay na diwa ng pagsisisi na gawin ng nagkasala ang nararapat sa abot ng kanyang makakaya para maituwid ang mali.[19]

Sa proseso ng pagsisisi kailangan natin ang lubusang pagtutuwid hangga't maaari, o kung hindi man ay sa abot ng ating makakaya. At sa lahat ng ito dapat nating alalahaning lahat na ang nagsusumamong nagkasala, na gustong ituwid ang kanyang ginawa, ay dapat ding patawarin ang lahat ng nagkasala sa kanya. Hindi tayo patatawarin ng Panginoon hangga't hindi pa lubos na nawawala sa ating mga puso ang lahat ng galit, hinanakit at pagpaparatang sa ating kapwa.[20]

---

**Kalakip ng tunay na pagsisisi ang pangakong ipamuhay ang mga utos ng Panginoon.**

Sa kanyang paunang salita sa makabagong pagpapahayag, binalangkas ng Panginoon ang isa sa mga pinakamahirap na kinakailangan sa tunay na pagsisisi. Para sa ilan ito ang pinakamahirap na bahagi ng pagsisisi, dahil pinaaalalahanan nito ang isang tao sa buong buhay niya. Sabi ng Panginoon:

". . . Ako, ang Panginoon ay hindi makatitingin sa kasalanan nang may pinakamaliit na antas ng pagsasaalang-alang;

"Gayunman, siya na nagsisisi at *sumusunod sa mga kautusan ng Panginoon* ay patatawarin." (D at T 1:31–32. Idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik.)

Ang banal na kasulatang ito ay malinaw at eksakto. Una, nagsisisi ang tao. Matapos magawa ang nararapat, dapat niyang ipamuhay ang mga utos ng Panginoon upang mapanatili ang kanyang katayuan. Mahalaga ito upang matamo ang lubos na kapatawaran. . . .

Dahil lahat tayo ay nagkakasala nang malaki o maliit, lahat tayo ay kailangang laging magsisi, patuloy na pinagbubuti ang ating mga mithiin at gawain. Hindi gaanong nasusunod ng tao ang mga utos ng Panginoon sa isang araw, linggo, buwan o taon. Dapat ipagpatuloy ang pagsisisi hanggang sa nalalabing taon ng buhay ng tao. . . .

Kalakip sa pagsisisi ang hayagan, at lubos na pagpapailalim sa programa ng Panginoon. Hindi lubos ang pagbabago ng nagkasalang iyon kung hindi siya nagbabayad ng ikapu, hindi dumadalo sa kanyang mga miting, hindi sinusunod ang araw

ng Sabbath, hindi nananalanging kasama ang pamilya, hindi sinasang-ayunan ang mga lider ng Simbahan hindi sinusunod ang Word of Wisdom, hindi minamahal ang Panginoon ni ang kanyang kapwa. . . . Hindi magpapatawad ang Diyos hangga't hindi nagpapakita ng tunay na pagsisisi ang nagkasala na laganap sa lahat ng bahagi ng kanyang buhay. . . .

"Ang pagsunod sa mga utos" ay kinapapalooban ng maraming gawain na hinihingi sa matatapat. . . . Ang mabubuting gawa at katapatan sa lahat lakip ang magagandang ugali ay kailangan. Dagdag pa rito, ang isang magandang paraan para mapawalang-bisa ang mga epekto ng kasalanan sa buhay ng tao ay dalhin ang liwanag ng ebanghelyo sa iba na hindi pa ito natatamasa sa ngayon. Nangangahulugan ito ng pagbabahagi sa di aktibong miyembro at di miyembro ng Simbahan—marahil mas madalas sa pangalawa. Pansinin kung paano iniugnay ng Panginoon ang pagpapatawad ng kasalanan sa pagpapatotoo hinggil sa mga gawain sa mga huling araw:

"Sapagkat akin kayong patatawarin sa inyong mga kasalanan sa kautusang ito—na kayo ay manatiling matatag sa inyong mga isipan sa kataimtiman at sa diwa ng pananalangin, sa pagpapatotoo sa buong sanlibutan ng mga bagay na yaon na aking sinabi sa inyo." (D at T 84:61. Idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik.)[21]

Hindi ba natin nauunawaan kung bakit nananawagan ang Panginoon sa tao na lumapit sa kanya sa libu-libong taon na ito? Tiyak na tinutukoy ng Panginoon ang tungkol sa pagpapatawad sa pamamagitan ng pagsisisi, at ang ginhawang dulot nito mula sa panliligalig ng kasalanan, nang sabihin niya matapos manalangin sa kanyang Ama, ang taimtim na panawagang ito at pangako:

"Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin.

"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.

"Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan." (Mat. 11:28–30.)

Umaasa ako at nananalangin na tutugon ang kalalakihan at kababaihan saanmang dako sa magiliw na paanyayang ito at sa gayo'y hahayaang isagawa ng Panginoon ang malaking himala ng pagpapatawad sa bawat tao.[22]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Tinawag ni Pangulong Kimball ang pagpapatawad na "pinakamalaking himala" (pahina 43). Sa anu-anong paraan naging himala ang pagpapatawad? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 42–45.)
- Sa pagbabasa ninyo sa bahaging nagsisimula sa pahina 45, isiping mabuti kung ano ang magiging kalagayan natin kung wala ang Tagapagligtas at ang Kanyang Pagbabayad-sala.
- Basahin ang ikaapat, ikalima, at ikaanim na talata sa pahina 47. Sa inyong palagay, paanong ang "kalumbayang mula sa Diyos" ay kaiba mula sa pagpapakita lamang ng lungkot? Ano ang ilan sa mga halimbawa ng kalumbayang mula sa Diyos sa mga banal na kasulatan na angkop sa atin ngayon?
- Sa mga pahina 48–49 nagbigay ng mga halimbawa si Pangulong Kimball kung paano tatalikdan ang kasalanan at "magbagong-buhay." Paano natin maisasagawa ang payo na ito sa alinmang kasalanan na sinisikap nating mapaglabanan—halimbawa, pornograpiya, kalapastangan, o pagsusugal?
- Rebyuhin ang mga pahina 49–51. Bakit inaakala ng ilang tao na napakahirap magtapat ng kasalanan? Anong mga pagpapala ang dumarating sa pagtatapat sa Panginoon? sa bishop o branch president? sa iba na pinagkasalanan natin?
- Isiping mabuti ang huling talata sa pahina 52. Ano ang ibig sabihin ng gumawa ng pagtutuwid ng sa mga kasalanan? Paano malalaman ng taong nagsisisi kung ano ang gagawin para ituwid ang kanyang mga kasalanan?

- Paanong naiiba ang mga turo ni Pangulong Kimball sa kabanatang ito sa maling ideya na ang pagsisisi ay pagsasagawa ng mga nakalistang nakagawiang gawain?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Isaias 1:18; Mosias 4:3; Alma 36:12–26; D at T 19:15–20; 64:8–9

## Mga Tala

1. *The Miracle of Forgiveness* (1969), 28.
2. *The Miracle of Forgiveness*, 340–42.
3. *The Miracle of Forgiveness,* 362, 363.
4. *The Miracle of Forgiveness,* 366, 367–68.
5. *The Miracle of Forgiveness,* 19–20.
6. *The Miracle of Forgiveness,* 32–33.
7. *The Miracle of Forgiveness,* 133.
8. *The Miracle of Forgiveness,* 149, 150–51.
9. *The Miracle of Forgiveness,* 152–53.
10. *The Miracle of Forgiveness,* 353.
11. *The Miracle of Forgiveness,* 159.
12. *The Miracle of Forgiveness,* 163–64.
13. *The Miracle of Forgiveness,* 171–72.
14. *The Miracle of Forgiveness,* 176.
15. *The Miracle of Forgiveness,* 177, 178, 179, 181.
16. *The Miracle of Forgiveness,* 185.
17. *The Miracle of Forgiveness,* 187–88.
18. *The Miracle of Forgiveness,* 191.
19. *The Miracle of Forgiveness,* 194–95.
20. *The Miracle of Forgiveness,* 200.
21. *The Miracle of Forgiveness,* 201–2, 203, 204.
22. *The Miracle of Forgiveness,* 368.

# Panalangin, ang Pasaporte sa Espirituwal na Kapangyarihan

*Sa pamamagitan ng tapat at taos-pusong panalangin, nakatatanggap tayo ng pagmamahal, kapangyarihan, at lakas mula sa ating Ama sa Langit.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

"Napakaganda ng pakiramdam ko tuwina pagdating sa panalangin at kapangyarihan at mga biyaya ng panalangin," sabi ni Pangulong Spencer W. Kimball. "Sa buong buhay ko nakatanggap ako ng mga biyaya na higit pa sa sapat kong mapasasalamatan. Napakabuti sa akin ng Panginoon. Napakarami kong naging karanasan sa oras ng karamdaman at kalusugan na nagdudulot nang walang bahid na alinlangan sa aking puso at isipan na mayroong Diyos sa langit, na siya ay ating Ama, at naririnig at sinasagot niya ang ating mga panalangin."[1]

Nangyari ang isa sa mga karanasang ito nang sina Pangulong Kimball at kanyang asawang si Camilla ay nagpunta sa kumperensya sa New Zealand. Nang makarating sila sa lungsod ng Hamilton, nagkasakit sila kaya inatasan ni Pangulong Kimball si Pangulong N. Eldon Tanner, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na kumatawan sa kanya sa kaganapang-pangkulturang naiplano para sa gabing iyon. Pagkaraan ng ilang oras "biglang nagising si Pangulong Kimball at tinanong si Dr. Russell Nelson, na nakaupong nagbabantay sa kanya, 'Brother Nelson, anong oras magsisimula ang programa ngayong gabi?'

" 'Alas-siyete po, Pangulong Kimball.'

" 'Anong oras na ba?'

" 'Mag-aalas-siyete na po.'



*"Isa man sa atin ay hindi dapat magpakaabala sa buhay sa puntong hindi na natin mapagnilayan pa ang pananalangin."*

"Naliligo sa pawis si Spencer. Humupa na ang lagnat niya. Sabi niya. 'Sabihin mo kay Sister Kimball pupunta tayo.'

"Mabilis na bumangon sa higaan si Camilla, at kapwa sila mabilis na nagbihis at nagpunta sa di kalayuang istadyum kung saan kasisimula pa lang ng programa. Ipinaliwanag ni Pangulong Tanner sa simula pa lang ng miting na maysakit sila at hindi makadadalo. Sa pambungad na panalangin isang kabataang taga-New Zealand ang taimtim na nagsumamo, 'Tatlong libo kaming mga kabataan sa New Zealand na nagtipon at naghanda para umawit at sumayaw para sa inyong propeta. 'Nawa'y pagalingin ninyo siya at ihatid dito.' Nang matapos ang panalangin, pumasok ang kotseng naghatid kina Spencer at Camilla at dagling naghiyawan nang ubod lakas ang mga tao sa istadyum dahil nasagot ang panalangin nila."[2]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Hinihingi sa ating manalangin tayo, tulad din na hinihingi sa ating sundin ang iba pang kautusan.

Ang pananalangin ay hindi opsiyonal na ginagawa; pangunahing bahagi ito ng ating relihiyon.[3]

Bakit dapat tayong manalangin? Sapagkat tayo ay mga anak ng ating Ama sa Langit, kung kanino nakasalalay ang lahat ng tinatamasa natin—ang pagkain natin at kasuotan, ang kalusugan, ang buhay natin mismo, ating paningin at pandinig, tinig, mga panggalaw, maging ating mga utak.

. . . Kayo ba ang nagbibigay sa inyo ng hininga, ng buhay ninyo, ng pagiging tao ninyo? Mapahahaba ba ninyo ang buhay ninyo nang isang oras? Napakalakas ba ninyo kahit walang mga kaloob mula sa langit? Sarili ba ninyo ang may gawa ng mga utak ninyo, at kayo ba ang humubog nito? Nakalilikha ba kayo ng buhay o napahahaba ba ninyo ito? May kapangyarihan ba kayong gumawa nang wala ang inyong Panginoon? Sa kabila nito nakikita kong marami pa rin ang hindi nananalangin. . . .

Kayong mga nagdarasal paminsan-minsan, bakit hindi kayo manalangin nang palagian, nang mas madalas, nang mas tapat.

Napakahalaga ba ng oras, napakaikli ba ng buhay, o napakaliit ba ng pananampalataya kaya hindi ninyo ito magawa?. . .

Lahat tayo ay may mabigat na obligasyon sa ating Panginoon. Wala pang perpekto sa atin. Walang hindi nagkakamali sa atin. Ang manalangin ay hinihingi sa lahat ng tao tulad din na hinihingi rin sa lahat ng tao ang kalinisang-puri, at ang paggalang sa araw ng Sabbath, at pagbabayad ng ikapu, at pagsunod sa Word of Wisdom, pagdalo sa mga miting, at pagpapakasal para sa kawalang-hanggan. Totoong tulad din ng iba pa, ito ay kautusan ng Panginoon.[4]

Noong nagpupunta pa ako sa mga stake at misyon ng Simbahan noong mga naunang taon, madalas akong makakilala ng mga taong may problema o may matinding pangangailangan. Ang unang itinatanong ko sa kanila ay, "Kumusta naman ang pananalangin ninyo? Gaano ito kadalas? Gaano ninyo itinutuon ang sarili ninyo kapag nananalangin kayo?" Naobserbahan ko na karaniwang nagagawa ang kasalanan kapag walang panalanging nag-uugnay. Dahil dito sinabi ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith, "Kung ano ang sinasabi ko sa isa ay sinasabi ko sa lahat; manalangin tuwina at nang huwag magkaroon ang masama ng kapangyarihan sa inyo." (D at T 93:49.)[5]

Matindi ang pangangailangang manalangin ng daigdig ngayon na siyang magpapanatili ng ating pakikipag-ugnayan sa Diyos at magpapanatiling bukas ng mga linya ng pakikipag-usap. Isa man sa atin ay hindi dapat magpakaabala sa buhay sa puntong hindi na natin mapagnilayan pa ang pananalangin. Panalangin ang pasaporte sa espirituwal na kapangyarihan.[6]

---

## Kailangang kasama sa ating panalangin ang pagpapahayag ng pasasalamat at mapagpakumbabang pagsumamo para pagpalain tayo ng Ama sa Langit at ang lahat ng nakapaligid sa atin.

Tungkol saan ang dapat nating ipanalangin? Kailangang magpahayag tayo ng galak at taimtim na pasasalamat sa mga naibigay na biyaya. Sinabi ng Panginoon, "At kayo ay kailangang magbigay ng pasalamat sa Diyos sa Espiritu sa anumang pagpapalang

ipinagkaloob sa inyo." (D at T 46:32.) Makadarama tayo ng kaluguran at katiyakan kapag nagpapahayag tayo ng taimtim na pasasalamat sa ating Ama sa Langit para sa ating mga biyaya—para sa ebanghelyo at kaalaman tungkol dito na nabiyayaan tayong tanggapin, para sa mga pagsisikap at ginagawa ng mga magulang at iba para sa atin, para sa mga pamilya at kaibigan natin, para sa mga oportunidad, para sa isip at katawan at buhay, para sa mga karanasang nakabubuti at nakatutulong sa ating buong buhay, para sa lahat ng tulong ng ating Ama at mga kabutihan at nasagot na mga panalangin.

Maipananalangin natin ang ating mga lider. Isinulat ni Pablo:

"Una-una nga sa lahat ng mga bagay, ay iniaaral ko na manaing, manalangin, mamagitan, at magpasalamat na patungkol sa lahat ng mga tao;

"Ang mga hari at ang lahat ng nangasa mataas na kalagayan." (I Tim. 2:1–2.)

Magkakaroon tayo ng katapatan sa bansa at sa mga batas na namamahala sa atin kung mananalangin tayo. At magkakaroon tayo ng pagmamahal at pananampalataya sa pamunuan ng ating Simbahan, at igagalang sila ng ating mga anak. Sapagkat di magagawang batikusin ng isang tao ang mga opisyal ng Simbahan kung ipananalangin niya sila nang taimtim. Isang kagalakan para sa akin na sa buong buhay ko na sinuportahan ko ang aking mga lider, ipinanalangin ang kanilang kapakanan. At nitong mga kalilipas na taon, nakadama ako ng matinding lakas dahil sa gayon ding mga panalangin ng mga Banal, na ipinaabot sa langit alang-alang sa akin.

Ang malawak na gawaing misyonero ang dapat na laging pagtuunan ng ating mga panalangin. Ipinapanalangin natin na maging bukas ang mga pintuan ng mga bansa sa pagtanggap sa ebanghelyo. Nananalangin tayo para sa oportunidad at patnubay na maibahagi ang maluwalhating balita ng ebanghelyo sa iba. Kapag sa buong buhay niya ay ipinananalangin ng isang bata ang adhikain ng gawaing misyonero, magiging mabuti siyang misyonero.

. . . Ipinananalangin natin ang taong iyon na ipinapalagay nating kaaway, dahil naaalala natin ang maganda at makapangyarihang payo ng ating Panginoon: "Datapuwa't sinasabi ko sa inyong nangakikinig, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, gawan ninyo ng mabuti ang nangapopoot sa inyo, Pagpalain ninyo ang sa inyo'y sumusumpa, at ipanalangin ninyo ang sa inyo'y lumalait." (Lucas 6:27–28.) May tao bang magkakaroon ng matagal na kaaway kapag ipinananalangin niya ang mga taong nasa paligid niya na maaaring nakasamaan niya ng loob? (Lucas 6:27–28.)

Nananalangin tayo para sa karunungan, pagpapasiya, pag-unawa. Nananalangin tayo para maprotektahan sa mapanganib na mga lugar, para mapalakas sa mga oras ng tukso. Naaalala natin ang mga mahal sa buhay at kaibigan. Umuusal tayo ng maikling panalangin sa salita o sa isip, nang malakas o lubos na tahimik. Laging may dalangin sa ating puso na nawa'y magawa natin nang maayos ang mga gawain natin sa maghapon. Makagagawa ba ng masama ang isang tao kapag may taimtim na mga panalangin sa kanyang puso at mga labi?

Ipinapanalangin natin ang ating mga pagsasama bilang mag-asawa, mga anak, kapitbahay, trabaho, desisyon, tungkulin sa simbahan, patotoo, damdamin, mithiin. Tunay ngang tinatanggap natin ang mabuting payo ni Amulek at nananalangin na kaawaan tayo, ipinananalangin natin ang ating ikinabubuhay, ang ating mga sambahayan at proteksyon laban sa kapangyarihan ng ating mga kaaway; nananalangin tayo "laban sa diyablo, na siyang kaaway ng lahat ng kabutihan," at para sa mga pananim ng ating bukid. At kapag hindi tayo nagsusumamo sa Panginoon, "hayaan [natin ang ating] mga puso ay mapuspos, patuloy na lumalapit sa panalangin sa kanya para sa [ating] kapakanan, at para rin sa kapakanan nila na nasa paligid [natin]." (Tingnan sa Alma 34:18–27.)[7]

Nananalangin tayo para sa kapatawaran. Nakapag-interbyu na ako ng maraming magmimisyon. Madalas natutuklasan ko na hindi sila nananalangin, kahit may mga kalokohan sila na hindi pa napapatawad. "Bakit hindi ka nagdarasal," itinanong ko, "gayong may malaki kang obligasyong dapat bayaran?



*"Ipinapanalangin natin ang ating mga pagsasama bilang mag-asawa, mga anak, kapitbahay, trabaho, desisyon, tungkulin sa simbahan, patotoo, damdamin, mithiin."*

Palagay mo ba maaaring basta mo na lang ipagwalang-bahala at ipagkibit-balikat ito at ikatwirang karaniwan na lang namang ginagawa ito? Nahihiya ka bang lumuhod, nahihiya kay Cristo? May pag-aalinlangan ka ba sa Diyos? Hindi mo ba alam na siya ay buhay at nagmamahal, nagpapatawad kapag may pagsisisi? Alam mo ba na hindi mabubura ang mga kasalanan, hindi mapapatawad ang mga paglabag sa pamamagitan ng pag-iwas at paglimot lamang?". . .

Ipinananalangin natin ang lahat ng bagay na kailangan at marangal at angkop. Napakingggan ko ang isang labing-apat na taong gulang na batang lalaking nananalanging kasama ng kanyang pamilya na nagsusumamo sa Panginoon na protektahan ang tupa ng pamilya na nasa burol. Umuulan ng niyebe at nanunuot ang lamig noon. Napakinggan ko ang isang pamilyang nananalanging umulan noong panahon ng tagtuyot at kalunos-

lunos ang kundisyon. Napakinggan ko ang isang batang babae na nananalanging tulungan siya sa iksameng magaganap sa araw na iyon.

Nagsusumamo rin tayo para sa mga may karamdaman at naghihirap. Pakikinggan ng Panginoon ang taimtim nating mga panalangin. Maaaring hindi niya sila laging pagagalingin, ngunit maaari niyang bigyan sila ng kapayapaan o tapang o lakas na makayanan ito. Hindi natin nakakalimutan sa ating mga panalangin ang mga taong nangangailangan ng mga pagpapala nang higit pa sa mga may kapansanan sa katawan—ito ang mga taong bigo at lito, mga natukso, makasalanan, balisa.

Ipinananalangin din natin ang kapakanan ng ating mga anak. Kung minsan habang lumalaki ang mga anak, nagiging mapaghimagsik sila sa kabila ng lahat ng ating sinasabi at ginagawa. Natuklasan ni Alma na walang katuturan sa kanyang [anak] ang mga payo niya at ipinanalangin niya [siya], at masisidhi ang kanyang mga panalangin. Kung minsan ganoon na lamang ang magagawa ng mga magulang. Malaki ang nagagawa ng panalangin ng matwid na tao, sabi sa banal na kasulatan, at ganoon din sa kasong ito [tingnan sa Santiago 5:16; Mosias 27:14].[8]

Napakalaking pribilehiyo at kagalakang manalangin sa ating Ama sa Langit, isang biyaya ito para sa atin. Ngunit hindi natatapos ang ating karanasan matapos ang ating panalangin. Itinuro nang wasto ni Amulek: "At ngayon, masdan, mga minamahal kong kapatid, . . . matapos ninyong [manalangin], kung inyong tatalikuran ang mga nangangailangan, at ang hubad, at hindi ninyo dinadalaw ang may karamdaman at naghihirap, at ibahagi ang inyong kabuhayan, kung kayo ay mayroon, sa mga yaong nangangailangan—sinasabi ko sa inyo, kung hindi ninyo gagawin ang alinman sa mga bagay na ito, masdan, ang inyong mga panalangin ay walang kabuluhan, at wala kayong pakikinabangan, at kayo ay kagaya ng mga mapagkunwari na itinatatwa ang relihiyon." (Alma 34:28.) Sa ating pananalangin hindi natin dapat kalimutan kailanman na kailangang ipamuhay natin ang ebanghelyo nang kasingtapat at kasingtaimtim ng ating panalangin.[9]

**Sa ating pribado at personal na mga panalangin, maaari nating makaugnay ang Diyos at malaman ang Kanyang kalooban.**

May mga bagay na pinakamainam na ipinananalangin nang pribado, kung saan hindi isinasaalang-alang ang oras at pagiging kumpidensyal. Ang pananalangin nang sarilinan ay puno ng pagpapala at kapaki-pakinabang. Ang pribadong pananalangin ay nakatutulong sa atin na mailabas ang kahihiyan o pagkukunwari, o anupamang matagal nang panlilinlang; tinutulungan tayo nitong buksan ang ating mga puso at maging ganap na tapat at marangal sa pagpapahayag ng lahat ng ating mga inaasam at saloobin.

Matagal nang nakakintal sa isipan ko ang pangangailangang manalangin nang pribado sa ating mga personal na panalangin. Kinailangan ng Tagapagligtas na lumayo paminsan-minsan patungo sa bundok o sa disyerto para manalangin. Gayundin, ninais ni Apostol Pablo na pumunta sa disyerto at mapag-isa matapos na matawag sa mabigat na tungkulin. Natagpuan ni Enos ang kanyang mga pribadong lugar at mag-isang nakipag-ugnayan sa Diyos. Natagpuan ni Joseph Smith ang pribado niyang lugar sa kakahuyan at ang mga ibon at puno lamang ang kasama at pinakinggan ng Diyos ang kanyang panalangin. Pansinin ninyo ang ilang mahalagang salita sa kuwento niya: "Kaya nga, alinsunod dito, sa aking matibay na hangaring humingi sa Diyos, *nagtungo* ako sa kakahuyan upang maisagawa ang aking pagtatangka. . . . Ito ang kauna-unahang pagkakataon sa aking buhay na ako ay gumawa ng ganitong pagtatangka, sapagkat sa gitna ng lahat ng aking pagkabahala, kailanman ay hindi ko pa nagawa ang pagtatangkang manalangin nang *malakas*." (Joseph Smith—Kasaysayan 1:14; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik.)

Tayo man ay kailangan ding maghanap, kung saan maaari, ng kuwarto, ng sulok, ng munting silid, ng lugar kung saan "makatutungo" tayo para "manalangin nang malakas" nang palihim. Maaalala nating maraming beses tayong tinagubilinan ng Panginoon na manalangin nang malakas: "At muli, iniuutos ko sa iyo na ikaw ay manalangin nang malakas gayon din sa

iyong puso; oo, sa harapan ng sanlibutan gayon din nang palihim, sa madla gayon din sa sarili." (D at T 19:28.)[10]

Kung sa mga natatanging sandaling ito ng panalangin ay nagpigil tayo ng damdamin sa Panginoon, maaaring mangahulugan ito ng pagkakait sa atin ng ilang biyaya. Tutal tayo naman ay nagsusumamo sa ating panalangin sa harap ng ating napakatalinong Ama sa Langit, kaya bakit natin pipigilin ang ating mga nararamdaman at naiisip na siyang naglalaman ng ating mga pangangailangan at mga biyaya?[11]

Sa ating mga panalangin, dapat ay walang pagtatakip ng kasalanan, walang pagkukunwari, yamang din lang na walang maaaring maging panlilinlang dito. Alam ng Panginoon ang totoo nating kalagayan. Sinasabi ba natin sa Panginoon kung gaano tayo kahusay, o kung gaano tayo kahina? Alam Niya ang tunay nating pagkatao. Nagsusumamo ba tayo nang marangal, taimtim, at nang may "bagbag na puso at nagsisising espiritu," o tulad tayo ng isang Fariseo na ipinagmamalaki ang mahusay niyang pagsunod sa batas ni Moises? [Tingnan sa Eter 4:15; Lucas 18:11–12.] Sumasambit ba tayo ng pangkaraniwan at palasak na mga salita, o nakikipag-usap tayo nang taimtim sa Panginoon hangga't hinihingi ng pagkakataon? Nananalangin ba tayo paminsan-minsan gayong dapat ay nananalangin tayo nang regular, madalas, palagian?[12]

Ang panalangin ay isang pribilehiyo—hindi lang pribilehiyong makipag-usap sa ating Ama sa Langit, kundi makatanggap din ng pagmamahal at inspirasyon mula sa kanya. Sa katapusan ng ating mga panalangin, kailangan nating makinig nang mabuti—kahit na ilang minuto. Nananalangin tayong payuhan at gabayan tayo. Ngayon kailangan nating "magsitigil at kilalanin na [siya] ang Dios." (Mga Awit 46:10.)[13]

---

### Kailangang mag-ukol tayo ng panahong makapanalangin araw-araw bilang pamilya

Hinihikayat ng Simbahan na manalangin ang pamilya nang gabi at umaga. Ito'y nakaluhod na panalangin kasama ang lahat o ang maraming miyembro ng pamilya hangga't maaari. . . .



*Ang panalangin ng pamilya ay "pasulong na hakbang tungo sa pagkakaisa at pagkakasundo ng pamilya."*

Lahat ng miyembro ng pamilya, kasama na ang maliliit na anak, ay kailangang magkaroon ng pagkakataong manalangin, ayon sa paggabay ng nangungulo, na karaniwang ang ama na may taglay ng priesthood, pero kung siya'y wala ang ina, at kung wala sila ang pinakamatandang anak na naroon.[14]

Ibinigay sa atin ng Ama sa Langit ang pagpapalang makapanalangin para tulungan tayong magtagumpay sa napakahalaga nating gawain sa tahanan at sa buhay. Alam ko na kung mananalangin tayo nang taimtim at matwid, nang mag-isa at nang kasama ang pamilya paggising sa umaga at pagtulog sa gabi, sa ating hapag-kainan sa oras ng pagkain, hindi lang tayo mabibigkis sa ating mga mahal sa buhay kundi lalago din tayo sa espirituwal. Napakarami nating kailangang tulong mula sa Ama sa Langit habang naghahangad tayong matutuhan ang mga katotohanan ng ebanghelyo at pagkatapos ay ipamuhay ang mga ito, at habang hinahangad natin ang tulong Niya sa mga desisyon sa ating buhay.[15]

Ang haba at nilalaman ng panalangin ng pamilya ay dapat na angkop sa pangangailangan. Ang panalangin ng . . . mag-asawa ay dapat na iba sa panalangin ng pamilyang malalaki na ang mga anak o maliliit pa ang mga anak. Siyempre pa, kailangang maikli lang ito kapag kasama ang maliliit na anak, at baka mawalan sila ng gana at magsawa at ayawan na ito. Kapag nananalangin ang mga bata malamang na hindi nila habaan ito. Ang panalangin ng Panginoon, bilang halimbawa, ay mga tatlumpung segundo lang kaya't walang alinlangang marami nang maipapasalamat at mahihiling ang nananalangin sa loob ng isa o dalawa o tatlong minuto, bagama't may mga pagkakataong maaaring angkop na makipag-usap pa sa Diyos nang mas matagal.[16]

Kapag nakaluhod tayong nananalangin bilang pamilya, katabi ang mga nakaluhod din nating mga anak, makagagawian nila ito sa buong buhay nila. Kapag hindi tayo nag-ukol ng oras sa panalangin, para na ring sinasabi natin sa ating mga anak na, "Kunsabagay, hindi naman ito gaanong importante. Hindi na tayo nag-aalala dito. Kung magagawa natin ito kapag maluwag tayo sa panahon, mananalangin tayo, pero kung magsisimula na ang klase at parating na ang bus at oras na ng trabaho—hindi naman gaanong importante ang panalangin at gagawin natin ito kapag may panahon tayo." Maliban kung naiplano, tila hindi kailanman magkakapanahon dito.[17]

Walang ina ang di pagmamalasakitang papasukin ang maliliit niyang anak sa paaralan sa napakalamig na umaga nang walang pangginaw laban sa niyebe at ulan at lamig. Ngunit maraming ama at ina ang pinapapasok sa paaralan ang kanilang mga anak nang wala ang panlabang makukuha nila sa pamamagitan ng panalangin—proteksyon laban sa pagkalantad sa di inaasahang panganib, masasamang tao, at tukso.[18]

Noon, sapat lamang na manalangin bilang pamilya minsan sa isang araw. Ngunit sa hinaharap hindi ito sasapat kung nais nating iligtas ang ating mga pamilya.[19]

Sa ating mga pamilya, matututuhan ng ating mga anak kung paano makipag-usap sa kanilang Ama sa Langit sa pamamagitan ng pakikinig sa kanilang mga magulang. Di magtatagal makikita nila kung gaano kataus-puso at kataimtim ang ating mga panalangin.

Kung minamadali ang ating mga panalangin, na halos paulit-ulit at di na pinag-isipan, makikita rin nila ito. Makabubuting manalangin tayo kasama ng ating pamilya o nang nag-iisa sa paraang isinamo ni Mormon, "Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso." (Moroni 7:48.)[20]

Sa panalangin ng pamilya hindi lamang ito pagsusumamo at pasasalamat. Ito ay pasulong na hakbang tungo sa pagkakaisa at pagkakasundo ng pamilya. Ipinaaalam nito sa mga tao na may pamilya silang maaasahan at makaaasa sa kanila. Ito ang sandali kung kailan sinasara ang maingay na radyo, pinadidilim nang bahagya ang mga ilaw, at ibinabaling ang mga isip at puso sa isa't isa at sa kawalang-hanggan; ito ang sandali kung kailan isinasantabi ang mundo at ipinapalibot ang langit.[21]

---

## Kapag nananalangin tayo na may kasamang iba sa isang grupo, kailangang manalangin tayo nang angkop sa okasyon.

Kapag nananalangin tayo na may kasamang iba sa isang grupo, sa tahanan, Simbahan, pagtitipon o sa komunidad man, kailangang tandaan natin ang layunin kung bakit tayo nananalangin—ito'y upang makipag-ugnayan sa ating Ama sa Langit. Mahirap man ito, nalaman ko na kapag nananalangin tayo na kasama ang iba ay makabubuting pagtuunan natin ang pakikipag-ugnayan nang magiliw at tapat sa Diyos sa halip na alalahanin ang maaaring iniisip ng nakikinig. Siyempre pa, kailangang isaalang-alang ang lugar na pinagdadasalan, ito ang isang dahilan kung bakit ang panalanging pampubliko, o maging ang panalanging pampamilya, ay hindi maaaring siyang tangi nating panalangin.[22]

Ang mga pampublikong panalangin ay kailangan na laging angkop sa okasyon. Ang panalangin ng paglalaan ay maaaring mas mahaba ngunit mas maikli naman ang pambungad na panalangin. Kailangang hilingin ang mga bagay na kailangan para sa partikular na okasyong iyon. Ang pangwakas na panalangin ay maaari ring mas maikli—isang panalangin ng pasasalamat at pagtatapos. Ang pagpapahid ng langis ay maikli at partikular na bahagi ng isang ordenansa at hindi dapat gamitan ng mga salitang

ginagamit sa panalangin ng pagbubuklod na siyang kasunod nito at kung saan maaaring habaan kung angkop para sa paghingi ng mga biyaya para sa binabasbasan. Hindi kailangang mahaba ang pagbasbas sa pagkain, kundi kailangang magpahayag ng pasasalamat at paghingi ng basbas para sa pagkain. Hindi dapat ulitin dito ang panalanging inusal sa panalangin ng pamilya.[23]

Gaano tayo kadalas makarinig ng mga taong nagpapakahusay sa pagsasalita sa kanilang panalangin sa puntong halos mangaral na ng kumpletong sermon? Napagod na ang mga nakikinig at nawalan na ng bisa ang panalangin.[24]

---

## Sapagkat ganap tayong kilala at mahal ng Ama sa Langit, mapagtitiwalaan nating sasagutin Niya ang ating mga panalangin.

Sa panalangin ba may tagapagsalita lang ngunit walang tagapakinig? Mali! . . .

Panghabambuhay na masayang karanasan ang matuto ng wika ng panalangin. Kung minsan dumadaloy ang mga ideya sa ating isipan habang nakikinig tayo matapos ang panalangin. Kung minsan may matindi tayong nadarama. Binibigyang-katiyakan tayo ng diwa ng kapanatagang magiging maayos ang lahat. Ngunit sa tuwina, kung tayo ay naging tapat at taimtim, makadarama tayo ng magandang pakiramdam—pagmamahal para sa ating Ama sa Langit at pagmamahal niya para sa atin. Ikinalulungkot ko na hindi pa natututuhan ng ilan sa atin ang kahulugan ng payapa at espirituwal na kaaliwang iyon, sapagkat ito ay patunay sa atin na naririnig ang ating mga panalangin. At dahil mahal tayo ng ating Ama sa Langit nang higit pa sa pagmamahal natin sa ating mga sarili, ibig sabihi'y makapagtitiwala tayo sa kanyang kabutihan, mapagkakatiwalaan natin siya; ibig sabihin kung patuloy tayong mananalangin at mamumuhay nang tulad ng nararapat, gagabayan at pagpapalain tayo ng Ama.

Kaya sa ating panalangin ay sinasabi natin, "Mangyari nawa ang inyong kalooban"—at panindigan ito. Hindi tayo hihingi ng payo sa lider, pagkatapos ay ipagwawalang-bahala ito. Hindi tayo hihiling ng mga biyaya sa Panginoon at pagkatapos ay hindi ito

papansinin. Kaya ipinananalangin natin, "Mangyari nawa ang inyong kalooban, O Panginoon. Alam ninyo ang pinakamabuti, mahabaging Ama. Tatanggapin ko at susundin nang maluwag sa dibdib ang tagubilin ninyo."[25]

Dapat tayong manalangin nang may pananampalataya, ngunit nalalamang kapag sumagot ang Panginoon maaaring hindi ito ang sagot na gusto natin. Dapat tayong sumampalataya na ang pinili ng Diyos para sa atin ay tama.[26]

Sa buong buhay ko na nananalangin ako, alam ko ang pagmamahal at kapangyarihan at lakas na nagmumula sa taimtim at taos-pusong panalangin. Alam ko ang kahandaan ng ating Ama sa Langit na alalayan tayo sa buhay natin sa mundo, turuan tayo, akayin tayo, gabayan tayo. Kaya nga, taglay ang dakilang pagmamahal, sinabi ng ating Tagapagligtas, "Kung ano ang sinasabi ko sa isa ay sinasabi ko sa lahat; manalangin tuwina." (D at T 93:49.)

Kung gagawin natin ito, malalaman natin sa ating sarili mismo na talagang pinakikinggan at sinasagot ng ating Ama sa Langit ang mga panalangin. Ito ang kaalamang nais niyang taglayin natin. Hangarin ito, mahal kong mga kapatid! Hangarin ito![27]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Paano magiging kaiba ang inyong buhay kung hindi kayo nagdarasal? Isiping mabuti ang mga dahilan kung bakit inuutusan tayo ng Panginoon na manalangin (mga pahina 59–60).
- Rebyuhin ang mga pahina 60–64. Sa paanong mga paraan tayo naiimpluwensyahan kapag nagpapahayag tayo ng pasasalamat sa panalangin? kapag ipinananalangin natin ang iba?
- Rebyuhin ang huling talata sa pahina 64. Bakit hindi kumpleto ang mga panalangin natin kung hindi natin "ipinamumuhay ang ebanghelyo nang kasingtapat at kasingtaimtim ng ating pananalangin"?

- Sinabi ni Pangulong Kimball, "Ang pananalangin nang sarilinan ay puno ng pagpapala at kapaki-pakinabang" (pahina 65). Ano ang magagawa natin para magawang makahulugan ang ating mga personal na panalangin? Sa inyong palagay, bakit nakatutulong kung minsan ang pananalangin nang malakas sa ating mga personal na panalangin? Bakit mahalagang bahagi ng panalangin ang pakikinig?
- Sa pahina 68 sinabi ni Pangulong Kimball ang mga biyayang dulot ng pananalangin pamilya. Ano ang mga naging karanasan ninyo sa mga pagpapalang ito? Ano ang magagawa ng mga pamilya para makapaglaan ng panahon na makapanalangin ang pamilya tuwing umaga at gabi?
- Itinuro ni Pangulong Kimball na ang mga panalanging ginagawa sa grupo ay dapat na angkop sa okasyon (mga pahina 69–70). Kapag nahilingan tayong manalangin, ano ang responsibilidad natin? Ano ang matututuhan natin sa halimbawa ng isang kabataang taga New Zealand sa kuwento sa mga pahina 57–59?
- Basahin ang talata na nagsisimula sa gitna ng pahina 70. Paano naimpluwensiyahan ng panalangin ang inyong pakikipag-ugnayan sa Ama sa Langit?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Awit 55:17; Mateo 6:5–15; Santiago 1:5–6; 2 Nephi 32:8–9; 3 Nephi 18:18–21

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Okt. 1977, 71; o *Ensign,* Nob. 1977, 5.
2. Caroline Eyring Miner at Edward L. Kimball, *Camilla: A Biography of Camilla Eyring Kimball* (1980), 182–84.
3. *Faith Precedes the Miracle,* 1972, 200.
4. "Prayer," *New Era,* Mar. 1978, 15, 17, 18.
5. "Pray Always," *Ensign,* Okt. 1981, 3.
6. Sa Conference Report, Abr. 1979, 7; o *Ensign,* Mayo 1979, 6–7.
7. *Ensign,* Okt. 1981, 4–5.
8. *Faith Precedes the Miracle,* 205, 206.
9. *Ensign,* Okt. 1981, 6.
10. *Ensign,* Okt. 1981, 4.
11. Sa Conference Report, Okt. 1979, 5; o *Ensign,* Nob. 1979, 4.
12. *Faith Precedes the Miracle,* 207.
13. *Ensign,* Okt. 1981, 5.
14. *Faith Precedes the Miracle,* 200–201.
15. "Therefore I Was Taught," *Ensign,* Ene. 1982, 4.
16. *Faith Precedes the Miracle,* 201.
17. *The Miracle of Forgiveness* (1969), 253.
18. *Faith Precedes the Miracle,* 207.
19. Binanggit ni James E. Faust, sa Conference Report, Okt. 1990, 41; o *Ensign,* Nob. 1990, 33.

20. *Ensign,* Okt. 1981, 4.
21. "Family Prayer," *Children's Friend*, Ene. 1946, 30.
22. *Ensign,* Okt. 1981, 4.
23. *Faith Precedes the Miracle,* 201.
24. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball (1982), 119–20.
25. *Ensign,* Okt. 1981, 5.
26. *Faith Precedes the Miracle,* 207.
27. *Ensign,* Okt. 1981, 6.

# Sariling Pagtuklas sa mga Banal na Kasulatan

*Maaaring matamasa ng bawat isa sa atin ang mga pagpapalang dulot ng pagiging abala natin sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Noong 14 na taong gulang si Spencer W. Kimball, narinig niyang nagsalita ang anak ni Brigham Young na si Susa Young Gates sa isang stake conference ukol sa paksa ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Naalala niya: "Nagbigay siya ng nakapupukaw na mensahe tungkol sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan at paano ito gawing sariling atin; pagkatapos ay itinigil niya ang kanyang disertasyon para tanungin ang kongregasyong ito na binubuo ng mga lalaki, babae, at mga bata, mga isang libo kami, 'Ilan sa inyo ang nabasa nang buo ang Biblia?'

". . . Nakadama ako ng pagkabagabag ng konsiyensiya. Marami na akong nabasang aklat noong panahong iyon, ang mga komiks, at mga libangang aklat, ngunit sinasabi sa akin ng nakokonsensiya kong puso, 'Ikaw, Spencer Kimball, hindi mo pa nabasa kahit kailan ang banal na aklat na iyon. Bakit?' Tiningnan ko ang mga tao sa harapan at ang mga nasa magkabilang gilid ng bulwagan para alamin kung ako lang ang hindi nakabasa sa sagradong aklat. Sa sanlibong katao, siguro mga kalahating dosena lang ang buong pagmamalaking nagtaas ng kanilang mga kamay. Napabagsak ako sa aking upuan. Hindi ko na inisip ang iba na nabigo rin, ang naisip ko lang ay ang pagkakonsiyensya ng aking sarili. Di ko alam kung ano ang ginagawa o iniisip ng ibang tao, pero wala na akong narinig pa tungkol sa sermon. Naisagawa na ang layunin nito. Nang matapos ang miting, hinanap ko ang malaking pintuang labasan at



*Kahit binatilyo pa lang, determinado si Spencer W. Kimball na basahin ang buong Biblia.*

nagmamadaling umuwi sa aming bahay na isang kanto ang layo sa silangan ng kapilya; at tiim-bagang na sinabi ko sa aking sarili, 'Gagawin ko. Gagawin ko. Gagawin ko.'

"Pagpasok ko sa pintuan sa likod ng aming tahanan, nagpunta ako sa istante sa kusina kung saan nakalagay ang aming mga lampara, pinili ko ang lamparang puno ng langis at bago ang mitsa, at umakyat na sa aking silid sa itaas ng kisame. Doo'y binuklat ko ang aking Biblia at nagsimula sa Genesis, sa unang kabanata at unang talata, at magdamag kong binasa ang mga kuwento tungkol kina Adan at Eva at Cain at Abel, at Enoc at Noe at hanggang sa baha hanggang kay Abraham."[1]

Makaraan ang mga isang taon, natapos si Spencer sa pagbabasa ng Biblia: "Tuwang-tuwa ako na matanto na nabasa ko nang buo ang Biblia mula sa simula hanggang sa huli! Napakalaking kasiyahan ng espiritu! At napakalaki ng naging kagalakan ko sa nilalaman nito!"[2] Tumatak sa isipan niya ang karanasang iyon, at sa dakong huli ng kanyang buhay ay madalas niyang banggitin ito sa mga pangkalahatang kumperensya at kumperensya sa area.

Patuloy na tinamasa ni Pangulong Kimball ang mga pagpapalang dulot ng pagbabasa ng banal na kasulatan sa kanyang buhay at hinikayat ang iba na gayon din ang gawin. Nagunita ni Elder Richard G. Scott, na sa huli'y naging miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, na: "Pinamahalaan ni Elder Spencer W. Kimball ang aming area noong mission president pa ako. Napansin ko na nauunawaan at ginamit niyang mabuti ang Aklat ni Mormon sa kanyang mga inspiradong mensahe kapwa sa mga miyembro at misyonero. . . . Minsan sa isang zone meeting ng mga misyonero, sinabi niya, 'Richard, ginamit mo kanina ang isang talata mula sa Aklat ni Mormon sa paraan na di ko naisip gamitin kailanman.' Iyon ang naging maingat na paghahanda para sa isang napakahalagang lesson na nais niyang matutuhan ko. At idinagdag niya, 'Samantalang kung iisipin ay pitumpu't anim na beses ko nang nabasa ang aklat na iyon.' Hindi na niya kinailangan pang sabihin na kakaunti lang ang nalalaman ko tungkol sa mga banal na kasulatan, at na kailangan kong gugulin ang buong buhay ko sa pagmumuni at pagsasagawa sa mga ito. Ang nag-iisang punang iyon ang nakahikayat sa akin sa habambuhay na mithiin na dagdagan ang kaalaman ko tungkol sa sagradong salita ng Diyos."[3]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Ang mga banal na kasulatan ay pambihirang pag-aari na kailangang tuklasin ng bawat isa sa atin.

Kung minsan parang masyado nating binabale-wala ang mga banal na kasulatan dahil hindi natin lubusang pinahahalagahan ang bihirang pagkakaroon ng mga ito, at kung gaano tayo kapalad dahil mayroon tayo nito. Parang masyado na tayong komportable

sa mga karanasan natin sa mundong ito at nasanay nang marinig ang ebanghelyong itinuturo sa atin kung kaya't nahihirapan tayong isipin na iba sana ang nangyari.

Ngunit kailangan nating maunawaan na [hindi] pa nagtatagal mula nang lumitaw ang daigdig mula sa matagal na espirituwal na kadiliman na tinatawag nating Malawakang Apostasiya. Kailangan nating madama kahit paano ang lalim ng espirituwal na kadilimang nanaig bago dumating ang araw na iyon noong tagsibol ng 1820 nang magpakita ang Ama at ang Anak kay Joseph Smith—isang kadiliman na nakinita ni prophetang Nephi at itinulad sa "kakila-kilabot na kalagayan ng pagkabulag" kung saan ipinagkait ang ebanghelyo sa tao. (Tingnan sa 1 Ne. 13:32.) . . .

. . . Ang katotohanan na hindi ako isinilang sa panahon ng espirituwal na kadiliman kung saan nanahimik ang mga kalangitan at lumayo ang Espiritu ay pumupuspos sa aking kaluluwa ng pasasalamat. Tunay na ang kawalan ng salita ng Panginoon para gumabay sa atin ay tulad ng paglalakbay sa malawak na disyerto na walang pamilyar na palatandaan, o sa makapal na kadiliman ng malaking kuweba na walang liwanag na magtuturo sa atin ng daan tungo sa kaligtasan. . . .

. . . Direktang tinukoy ni Isaias ang katapusan ng kadiliman at paglitaw ng Aklat ni Mormon [tingnan sa Isaias 29:11–12]. . . .

At sa gayon pinasimulan ang kagila-gilalas na gawain, "isang kagilagilalas na gawa at kamanghamangha" na ipinangako ng Panginoon na kanyang gagawin. (Tingnan sa Isa. 29:14.)

Magmula nang ipanumbalik ang ebanghelyo sa pamamagitan ni propetang Joseph Smith, [milyun-milyong] kopya ng Aklat ni Mormon ang nailimbag at naipamahagi na. . . . Napakarami ng nailimbag na mga Biblia, pinakamarami sa lahat ng iba pang mga gawang nailathala. Nasa atin din ang Doktrina at mga Tipan at ang Mahalagang Perlas. Bukod sa mayroon tayo nitong mahahalagang gawang ito ng banal na kasulatan, mayroon tayong, lingid sa kaalaman ng alinmang panahon sa kasaysayan ng mundo, edukasyon at kakayahang gamitin ang mga ito, kung loloobin natin.

Alam ng mga propeta noon na matapos ang kadiliman ay darating ang liwanag. Nabubuhay tayo sa liwanag na iyon—ngunit

lubusan ba nating nauunawaan ito? Bagamat abot-kamay natin ang mga doktrina ng kaligtasan, natatakot ako na nadaraig pa rin ang ilan ng "espiritu ng pagkakatulog, ng mga matang hindi nangakakakita, at ng mga pakinig na hindi nangakakarinig." (Mga Taga Roma 11:8.)

. . . Hiling ko na buong katapatang suriin nating lahat ang ating pag-aaral ng banal na kasulatan. Karaniwan ay may alam tayong ilang talata ng banal na kasulatan, na kabisado natin, at dahil dito'y inaakala nating marami na tayong alam tungkol sa ebanghelyo. Sa ganitong situwasyon, talagang malaking problema ang pagkakatoon ng kaunting kaalaman. Kumbinsido ako na bawat isa sa atin, sa isang punto ng ating buhay, ay kailangang tuklasin ang mga banal na kasulatan—at hindi lamang minsan tuklasin, kundi paulit-ulit itong tuklasin.[4]

---

## Ang katapatan natin sa paglilingkod sa Panginoon ay lalong lumalalim kapag bumabaling tayo sa mga banal na kasulatan.

Ang kuwento tungkol kay Haring Josias ng Lumang Tipan ang lubos na kapaki-pakinabang sa "[pagha] halintulad . . . sa [ating] sarili." (1 Ne. 19:24.) Para sa akin, isa ito sa mga pinakamagandang kuwento sa buong banal na kasulatan.

Si Josias ay walong taon lamang nang magsimulang maghari sa Juda, at bagamat napakasama ng mga ninuno niya, sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan na "siya'y gumawa ng matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon, at lumakad sa buong lakad ni David na kaniyang magulang, at hindi lumiko sa kanan o sa kaliwa." (II Mga Hari 22:2.) Mas nakakagulat ito dahil nalaman natin na noong panahong iyon (dalawang henerasyon lamang bago wasakin ang Jerusalem noong 587 B.C.) ang nasusulat na batas ni Mioses ay nawala at talagang hindi na alam, kahit ng mga saserdote ng templo!

Ngunit sa ikalabingwalong taon ng kanyang paghahari, ipinag-utos ni Josias na kumpunihin ang templo. Nang panahong iyon natagpuan ni Hilcias, ang mataas na saserdote, ang aklat ng

batas, na inilagay ni Moises sa kaban ng tipan, at ibinigay ito kay Haring Josias.

Nang basahin kay Josias ang aklat ng batas, kanyang "hinapak ang kaniyang suot" at tumangis sa harapan ng Panginoon.

"Malaki ang pagiinit ng Panginoon na nabugso sa atin, sapagka't hindi dininig ng ating mga magulang ang mga salita ng aklat na ito, na gawin ang ayon sa lahat na nasusulat tungkol sa atin." (II Mga Hari 22:13.)

At binasa ng hari ang aklat sa harapan ng lahat ng tao, at nang panahong iyon silang lahat ay nakipagtipan na susundin lahat ng mga kautusan ng Panginoon ng kanilang "buong puso at ng buong kaluluwa." (II Mga Hari 23:3.) At itinuloy ni Josias ang paglilinis sa kaharian ng Juda, at inalis ang lahat ng mga diyus-diyosan, mga munting gubat, ang matataas na lugar, at lahat ng karumal-dumal na nangyari noong naghahari pa ang kanyang mga ninuno, na dinudungisan ang lupain at mga tao nito. . . .

"At walang naging hari na gaya niya na una sa kaniya, na bumalik sa Panginoon ng buong puso niya, at ng buong kaluluwa niya, at ng buong kapangyarihan niya, ayon sa buong kautusan ni Moises; ni may bumangon mang sumunod sa kaniya na gaya niya." [II Mga Hari 23:25.]

Malakas ang pakiramdam ko na kailangan nating lahat na bumaling sa mga banal na kasulatan tulad ng ginawa ni Haring Josias at hayaang hubugin tayong mabuti nito, para magkaroon tayo ng matatag na determinasyong paglingkuran ang Panginoon.

Batas lamang ni Moises ang na kay Josias. Nasa ating mga banal na kasulatan ang kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo; at kung matamis ang kahit bahagi lang ng mga banal na kasulatan, kagalakan ang dulot ng kabuuan nito.

Seryoso ang Panginoon nang ibigay niya sa atin ang mga bagay na ito, dahil "sinomang binigyan ng marami ay marami ang hihingin sa kanya." (Lucas 12:48.) Ang pagkakaroon ng mga bagay na ito ay nangangahulugan ng responsibilidad sa mga ito. Kailangan nating pag-aralan ang mga banal na kasulatan batay sa kautusan



*"Kumbinsido ako na bawat isa sa atin, sa isang punto ng ating buhay, ay kailangang tuklasin ang mga banal na kasulatan—at hindi lamang minsan tuklasin, kundi paulit-ulit itong tuklasin."*

ng Panginoon (tingnan sa 3 Ne. 23:1–5); at kailangang hayaan nating manaig ito sa ating buhay at sa buhay ng ating mga anak.[5]

## Natututuhan natin ang mga aral ng buhay sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

Bawat lesson sa pamantayan ng kagandahang-asal at sa angkop na espirituwal na pamumuhay ay matatagpuan sa mga pamantayang aklat. Dito matatagpuan ang mga gantimpala ng kabutihan at mga kaparusahan ng kasalanan.[6]

Natututuhan natin ang mga aral ng buhay nang mas handa at tiyak kung makikita natin ang mga bunga ng kasamaan at kabutihan sa buhay ng iba. . . . Ang makilalang mabuti si Job at maging malapit sa kanya ay pagkakaroon ng pananampalataya sa kabila ng matitinding kahirapan. Ang pagkaalam na mabuti sa kalakasan ni Jose sa karangyaan ng sinaunang Egipto nang tuksuhin siya ng kaakit-akit na babae, at makita ang pakikipaglaban ng binatang ito sa lahat ng kapangyarihan ng kadiliman na nasa mapang-akit na babaeng ito, ay tiyak na makapagpapalakas sa taong nagbabasang mabuti laban sa gayong kasalanan. Ang makita ang pagpipigil at katatagan ni Pablo noong ibinubuwis niya ang kanyang buhay sa kanyang ministeryo ay pagbibigay ng lakas ng loob sa mga nasaktan at sinubukan. Maraming ulit siyang nabugbog, nabilanggo nang madalas dahil sa layunin, binato hanggang halos mamatay, tatlong beses nasiraan sa dagat, ninakawan, halos malunod, naging biktima ng huwad at taksil na mga kapatid. Bagamat namamatay sa gutom, nasasakal, naninigas sa lamig, pangit ang kasuotan, di nagbago si Pablo sa kanyang paglilingkod. Kahit minsa'y di natinag ang kanyang patotoo matapos ang kanyang pambihirang karanasan. Nakita natin ang pag-unlad ni Pedro sa ebanghelyo na siyang nagpakilos sa kanya mula sa pagiging abang mamamalakaya—naiwan ng kabihasnan, di nakapag-aral, at ignorante, gaya ng pagkakilala sa kanya—na naging magaling na tagapagtatag, propeta, lider, taong eksperto sa pag-aaral ng teolohiya, guro. . . .

Matututuhan ng ating mga anak ang mga aral ng buhay sa pamamagitan ng pagtitiyaga at sariling kalakasan ni Nephi; sa pagkamakadiyos ng tatlong Nephita; sa pananampalataya ni Abraham; sa kapangyarihan ni Moises; sa panlilinlang at katusuhan ni Ananias; sa katapangang hanggang kamatayan ng di-natitinag na mga Ammonita; sa di-mapapantayang pananampalataya ng mga inang Lamanita na naisalin sa kanilang mga anak na lalaki, na lubhang makapangyarihan kung kaya't nailigtas nito ang mga kabataang mandirigma ni Helaman. Wala ni isang namatay sa digmaang iyon.

Sa kabuuan ng mga banal na kasulatan ay ipinakita ang bawat kahinaan at kalakasan ng tao, at itinala ang mga gantimpala at

parusa. Talagang bulag na lamang ang taong hindi matututong mabuhay nang maayos sa pamamagitan ng gayong pagbabasa. Sinabi ng Panginoon, "Saliksikin ninyo ang mga kasulatan; sapagka't iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan: at ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa akin." (Juan 5:39.) At ito rin ang Panginoon at guro na ang buhay ay kinakikitaan natin ng bawat kabutihan: kabanalan, kalakasan, mga pagkontrol, kaganapan. At paano mapag-aaralan ng mga estudyante ang dakilang kuwentong ito nang hindi tinataglay ang ilan sa mga ito sa kanilang buhay?[7]

Narito [sa mga pamantayang aklat] ang talambuhay ng mga propeta at mga pinuno at ng Panginoon mismo, na nagbibigay ng halimbawa at patnubay upang ang mga tao, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga halimbawang ito, ay maging perpekto, maligaya, puno ng kagalakan, at makamit sa kawalang hanggan ang kanilang mithiin at hangarin.[8]

---

**Ang espirituwal na kaalaman ay mapapasalahat ng nag-aaral at nagsasaliksik ng mga banal na kasulatan.**

Marami pa rin sa mga Banal ang hindi regular na nagbabasa at nagninilay sa mga banal na kasulatan, at kakaunti lamang ang alam sa mga tagubilin ng Panginoon sa mga anak ng tao. Marami na ang nabinyagan at nakatanggap ng patotoo, at napasa "[makipot] at makitid na landas," gayunpaman ay nabigong gawin ang susunod na hakbang—ang "magpapatuloy, *nagpapakabusog sa salita ni Cristo,* at magtitiis hanggang wakas." (2 Ne. 31:19, 20; idinagdag ang pakahilig ng mga titik.)

Tanging ang matatapat ang tatanggap ng pangakong gantimpala, na buhay na walang hanggan. Sapagkat hindi makatatanggap ng buhay na walang hanggan ang isang tao nang hindi nagiging "tagatupad ng salita" (tingnan sa Santiago 1:22) at nagiging magiting sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon. At ang isang tao ay hindi magiging "tagatupad ng salita" nang hindi muna nagiging "tagapakinig." At ang pagiging "tagapakinig" ay hindi lamang basta pagtayo nang walang ginagawa at naghihintay ng impormasyon; ito'y pagsasaliksik at pag-aaral at pananalangin at pag-unawa. Kung kaya't sinabi ng Panginoon, "Sinuman

ang hindi tumatanggap ng aking tinig ay hindi nakakikilala ng aking tinig, at hindi sa akin." (D at T 84:52.)[9]

Natutuhan ko sa paglipas ng mga taon na kung buong sigasig nating itataguyod ang karapat-dapat na personal na mithiing ito [ang pag-aralan ang mga banal na kasulatan] sa determinado at desididong paraan, tunay na makahahanap tayo ng mga sagot sa ating mga problema at kapayapaan sa ating mga puso. Madarama nating pinalalawak ng Espiritu Santo ang ating pang-unawa, at makakakita tayo ng mga bagong ideya, masasaksihan ang paghahayag ng huwaran sa buong banal na kasulatan; at lalong magiging makahulugan sa atin ang mga doktrina ng Panginoon kaysa inaakala natin. Bilang bunga, magkakaroon tayo ng dagdag na karunungan na gagabay sa atin at sa ating mga pamilya.[10]

Hiling ko sa lahat na simulan ngayon ang masigasig na pag-aaral ng mga banal na kasulatan, kung hindi pa ninyo nagagawa ito.[11]

---

## Kapag isinubsob natin ang ating sarili sa mga banal na kasulatan, makikilala at mamahalin natin ang Ama sa Langit at si Jesucristo.

Natuklasan ko na kapag nagiging mababaw ang pakikipagugnayan ko sa kabanalan at kapag tila walang banal na taingang nakikinig at walang banal na tinig na nagsasalita, na napakalayo ko na. Kapag ibinubuhos kong muli ang sarili ko sa mga banal na kasulatan, kumikitid ang agwat at nagbabalik muli ang espiritualidad. Natagpuan ko ang sarili ko na mas lalong nagmamahal sa mga dapat kong mahalin nang buong puso at isipan at lakas, at sa higit na pagmamahal ko sa kanila, nagiging mas madali para sa akin ang sumunod sa mga payo nila.[12]

Nalaman ko na ang kailangan ko lang gawin para madagdagan ang pagmamahal ko sa aking Manlilikha at sa ebanghelyo at sa Simbahan at sa aking mga kapatid ay sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Nag-ukol ako ng maraming oras sa mga banal na kasulatan. . . . Hindi ko maunawaan kung paanong nababasa ng isang tao ang mga banal na kasulatan at hindi nagkakaroon ng patotoo sa kabanalan ng mga ito at sa kabanalan ng gawain ng Panginoon, na siyang nagsasalita sa mga banal na kasulatan.[13]

Iilan lang sa bilyun-bilyong [nasa] mundo ang makalalakad na kasama ang Diyos tulad nina Adan at Abraham at Moises, gayunpaman, sa mundong ginagalawan natin, halos bawat kaluluwa ay may banal na kasulatan, at, sa pamamagitan nila, ang tao'y maaaring maging napakalapit sa kanilang Ama sa Langit, sa Kanyang Anak na si Jesucristo, at sa mga kondisyon at pagkakataon at pag-asa sa buhay na walang hanggan.[14]

Kahit ano ang gawing pag-aaral ay di matutuklasan ng tao ang Diyos, ngunit inihayag niya ang kanyang sarili sa kanyang mga lingkod, ang mga propeta, at itinuro nila sa atin ang kanyang likas na katangian. Bawat isa sa atin ay maaaring magkaroon ng katibayan ng katotohanan sa pamamagitan ng sarili nating pag-aayuno at panalangin. Sa kabila ng mga pagtatalu-talo tungkol sa teolohiya, maaari pa rin tayong manatiling mahinahon sa tiyak na kaalaman tungkol sa Ama at sa Anak na nagmula sa sinauna at makabagong mga banal na kasulatan na pinagtibay ng Espiritu. Sa kaalamang ito ay may pag-asa tayo sa buhay na walang hanggan.[15]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Isiping mabuti ang mga kuwento sa mga pahina 74–76. Paano nakaiimpluwensya sa inyo ang mga kuwentong ito? Kumustahin ang inyong pagbabasa, pagkaunawa, at pagsasagawa ng mga banal na kasulatan. Isaisip ang inyong mga personal na mithiin sa pag-aaral ng banal na kasulatan.
- Habang nirerebyu ninyo ang bahaging nagsisimula sa pahina 76, isipin kung ano ang mangyayari sa inyong buhay kung wala ang mga banal na kasulatan. Paano magiging kaiba ang inyong buhay? Ano ang ilang mga bunga ng "sobrang pagbalewala" sa mga banal na kasulatan?
- Bakit hindi sapat ang magkaroon ng ilang "kabisadong" paboritong talata ng banal na kasulatan"? (pahina 78). Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng tuklasin sa inyong sarili ang mga banal na kasulatan at "paulit-ulit itong tuklasin"?

- Hinikayat tayo ni Pangulong Kimball na ihalintulad sa ating sarili ang kuwento ni Haring Josias (mga pahina 78–80; tingnan din sa 2 Mga Hari 22–23). Ano ang mga pagkakahawig at pagkakaiba na nakikita ninyo sa inyong buhay at sa buhay ni Haring Josias at ng kanyang mga tao?
- Isipin ang ilang "mga aral sa buhay" na natutuhan ninyo sa pag-aaral ng banal na kasulatan. (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 80–82.)
- Rebyuhin ang unang talata sa pahina 83. Ano ang ilang talata sa banal na kasulatan na nakatulong sa inyo upang mahanap ang mga sagot sa inyong mga problema at magkaroon ng kapayapaan sa inyong puso?
- Basahin ang huling dalawang talata sa pahina 83. Paano naapektuhan ng pag-aaral ng banal na kasulatan ang inyong ugnayan sa Diyos? ang inyong ugnayan sa mga kapamilya? ang inyong paglilingkod sa mga katungkulan sa Simbahan?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Amos 8:11–12; 1 Nephi 19:23; Alma 37:8; D at T 1:37; 18:33–36

## *Mga Tala*


1. "Read the Scriptures," *Friend,* Dis. 1985, pabalat sa loob; tingnan din sa "What I Read as a Boy," *Children's Friend,* Nob. 1943, 508.
2. *Children's Friend,* Nob. 1943, 508.
3. "The Power of the Book of Mormon in My Life," *Ensign*, Okt. 1984, 9.
4. "How Rare a Possession—the Scriptures!" *Ensign,* Set. 1976, 2, 4.
5. *Ensign,* Set. 1976, 4–5.
6. "The Power of Books" (isinulat ni Camilla E. Kimball), *Relief Society Magazine,* Okt. 1963, 729.
7. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball (1982), 131, 132–33.
8. *Relief Society Magazine,* Okt. 1963, 729.
9. *Ensign,* Set. 1976, 2.
10. "Always a Convert Church: Some Lessons to Learn and Apply This Year," *Ensign,* Set. 1975, 3.
11. *Ensign,* Set. 1976, 5.
12. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 135.
13. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 135.
14. *Relief Society Magazine,* Okt. 1963, 730.
15. *Faith Precedes the Miracle* (1972), 67.

# Personal na Patotoo

*Ang tiyak na kaalaman ng katotohanan ng ebanghelyo ay nagbibigay-daan sa mga dakilang gantimpala at di-masambit na galak.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Noong 1947 tumanggap ng isang liham si Elder Spencer W. Kimball mula sa anak niyang si Andrew, na nasa full-time mission. Isinulat ni Andrew: "Sinabi ko sa isang tao . . . na alam ko ang katotohanan ng sinabi ko sa kanya, at sinabi kong pinatotohanan ito sa akin ng Espiritu Santo. . . . Nang pag-isipan ko ito kalaunan medyo nag-alala ako kung bakit ko iyon ginawa." Dahil sa pag-aalala sabi niya, "Maingat kong iniwasang magpatotoo kaninuman nang higit pa sa pagsasabing 'Nadarama ko, naniniwala ako, atbp.' "

Sinagot ni Elder Kimball ang liham ng kanyang anak. "Palagay ko naiintindihan ko ang nadama mo," wika niya, "dahil naranasan ko rin iyan sa misyon ko. Gusto kong maging tapat sa sarili ko at sa programa at sa Panginoon. Sandali kong piniling mabuti ang aking sasabihin sa pagsisikap na hikayatin ang iba nang hindi talagang tiyak at malinaw na sinasabing *alam* ko. Medyo nag-alangan din ako tungkol dito, dahil noong sundin ko at gampanan ang tungkulin ko nadama ko ang Espiritu. Gusto kong sabihin *talaga* ang tunay kong nadama, na batid ko, pero hindi ako umimik. Nang malapit na akong magbigay ng tiyak na pahayag, natakot ako subalit nang lubos akong sumunod at nabigyan ng inspirasyon, ginusto kong magpatotoo. Akala ko naging tapat ako, napakatapat, pero naisip kong niloloko ko lang ang sarili ko. . . .

"Walang duda, nang magpatotoo ka sa investigator mo na ALAM mong ito ay totoo, labis na nagsisikap ang Panginoon na

ihayag sa iyo ang katotohanan nito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Nang mapasaiyo ang Espiritu at sumunod ka at ipinagtanggol ang ebanghelyo, lubusan mo itong nadama, pero nang 'mawala ang Espiritu' sa iyo at magsimula kang mangatwiran at magduda sa sarili mo, gusto mong bawiin ang sinabi mo. . . .

"Wala akong duda sa patotoo mo. Tiyak ko na ikaw (kagaya ko) ay may napakaraming mahahalagang hibla ng patotoo sa buo mong pagkatao na naghihintay lamang na kunin ng kamay ng Dalubhasang Tagahabi upang buuin at gawing perpekto. Ngayon anak ko, sundin mo ang payo ko at HUWAG PATAYIN ANG NINGAS NG ESPIRITU, kundi tuwing bubulong ang Espiritu, sundin ang mga banal na panghihikayat nito. Manatiling espirituwal at makinig sa mga panghihikayat at kapag nagkainspirasyon ka matapang na ipahayag ang iyong nadama. Palalakasin ng Panginoon ang iyong patotoo at maaantig ang mga puso. Sana ay malaman mo na hindi ako namimintas, kundi gusto ko lang makatulong. . . .

"Hindi ko mawawakasan ang sulat ko sa iyo nang hindi nagpapatotoo. Alam ko na ito ay totoo—na si Jesus ang Maylikha at Manunubos, na ang Ebanghelyong itinuturo natin at ng ating 3,000 misyonero ay ipinanumbalik at inihayag sa pamamagitan ng tunay na Propeta, si Joseph Smith, at ito ay sa Diyos, at inialay ko na ang buhay ko sa 'pangangaral ng kaharian.' Matapang ko [nang naipahayag] ang aking patotoo . . . at paulit-ulit ko itong pinagtitibay. Tiyak ko na gayon din ang iyong patotoo maliban marahil sa mahahalagang hiblang kailangan lamang mahubog nang ganap at mabilis itong maisasagawa sa iyong gawaing misyonero kapag sinunod mo ang iyong nadarama at pinanaig ito sa iyong isipan.

"Nawa ay tulungan ka ng Diyos na magtamo ng magandang patotoo mula sa iyong karanasan at inspirasyon at nawa sa pagiibayo ng iyong lakas tuwina ay patuloy mong . . . ipamuhay at ituro ang walang-hanggang katotohanan."[1]



*Bilang tugon sa patotoo ni Pedro, sabi ng Tagapagligtas, "Mapalad ka, Simon Bar-Jonas: sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit" (Mateo 16:17).*

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Bawat isa sa atin ay maaaring tumanggap ng patotoo—isang paghahayag mula sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Tinanong ng Tagapagligtas si Pedro, "Datapuwa't ano ang sabi ninyo kung sino ako?" At sabi ni Pedro, alang-alang sa iba pa niyang mga kapatid na Apostol, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Dios na buhay." Napakahalaga ng sumunod na sinabi ng Tagapagligtas. Sabi niya, "Mapalad ka, Simon Bar-Jonas: sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit" (Mat. 16:13–17).

Sino ang naghayag ng nakakagulat na katotohanang ito sa kanya? Ang ating Ama sa Langit. Paano niya ito ginawa? Sa paghahayag. Ang

mahalagang kaalaman na si Jesus ang Cristo, ang Manunubos, ang Tagapagligtas, ay hindi nanggaling kaninuman o saanmang aklat o kolehiyo. Tuwiran itong natanggap ni Pedro mula sa ating Ama sa Langit sa tulong ng Espiritu Santo. . . .

. . . Bawat kaluluwa sa mundong ito ay maaaring tumanggap ng paghahayag, na katulad ng kay Pedro. Ang paghahayag na iyon ay magiging patotoo, isang kaalaman na buhay si Cristo, na si Jesucristo ang Manunubos ng mundong ito. Bawat kaluluwa ay makatitiyak dito, at kapag natamo niya ang patotoong ito, ito ay nanggaling sa Diyos at hindi lamang sa pag-aaral. Mahalagang elemento ang pag-aaral, siyempre, pero kailangan itong lakipan ng labis na pagdarasal at pagsisikap, at saka darating ang paghahayag na ito.

Kapag alam ng bawat isa sa inyo na si Jesus ay hindi lamang isang dalubhasa sa pilosopiya kundi tunay na Anak ng Diyos, na dumating siya sa mundo sa paraang sinabi natin, at nilisan ang mundo para sa layuning sinabi natin—kapag natiyak ninyo ito, at alam ninyo na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos at na ito ang banal na Simbahang itinatag ni Jesucristo, kung gayon ay nakatanggap kayo ng paghahayag.[2]

May mga taong ipinagyayabang ang kanilang talino, na akala ay maipaliliwanag nila ang mga misteryo, ngunit hindi nila mailalarawan o maipaliliwanag o mauunawaan ng kanilang diwa o pag-iisip ang mga bagay na espirituwal kailanman. Mauunawaan lamang ang mga bagay na espirituwal sa pamamagitan ng Espiritu. Dapat itong manggaling sa puso at doon matatagpuan ang patotoo.[3]

Ang tiyak na kaalaman tungkol sa espirituwal ay nagbibigay-daan sa mga dakilang gantimpala at di-masambit na galak. Ang pagbabalewala sa patotoo ay pangangapa sa pusikit na kadiliman, at paglantad sa mga mapanganib na daan. Dapat kaawaan ang taong iyon na lumalakad pa rin sa kadiliman sa tanghaling-tapat, na nadarapa sa mga balakid na maaari namang alisin, at nananatili sa kawalang-katiyakan at pag-aalinlangan samantalang maiiwasan naman ito. Ang espirituwal na kaalaman sa katotohanan ang ilaw na nagbibigay liwanag sa silid; ang hangin at araw na humahawi sa ulap; ang kapangyarihang nag-aalis sa mga balakid sa daan.[4]

**Ang patotoo ay natatamo at napapatatag sa matitinding pagpupunyagi.**

Ang patotoo ay personal na paghahayag—isa sa mahahalagang kaloob—at matatamasa ng bawat taong gagawin ang nararapat para matamo ito.[5]

Maganda ang tanong ng milyun-milyon mula nang banggitin ito ni Joseph Smith: Paano ko malalaman kung alin sa lahat ng organisasyon, kung mayroon man, ang tunay, banal, at kinikilala ng Panginoon?

Naibigay na niya ang susi. Maaari mo nang *malaman*. Hindi mo na kailangang magduda. . . . Ang kailangang gawin ay: mag-aral, mag-isip, magdasal, at kumilos. Paghahayag ang susi. Ipaaalam ito sa inyo ng Diyos sa sandaling isinuko ninyo ang inyong sarili at nagpakumbaba at nakinig. Kapag naiwaksi na ninyo ang buong kayabangan sa inyong isipan, tinanggap sa harapan ng Diyos ang inyong pagkalito, napigil ang inyong pagkamakasarili, at isinuko ang inyong sarili sa turo ng Banal na Espiritu, handa na kayong matuto.[6]

Maaari tayong magkaroon ng positibong katiyakan sa katotohanan ng katauhan ng Diyos; ang tuluy-tuloy na aktibong buhay ng Cristo, na hiwalay ngunit kagaya ng kanyang Ama; ang makalangit na pagpapanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith at ng iba pang mga propeta ng organisasyon at mga doktrina ng simbahan ng Diyos sa lupa; at ang kapangyarihan ng banal at makapangyarihang priesthood na bigay sa tao sa pamamagitan ng mga paghahayag mula sa Diyos. Ang lahat ng ito ay maaaring malaman ng bawat responsableng tao tulad ng tiyak na kaalamang sumisikat ang araw. Ang pagkabigong makamit ang kaalamang ito ay pag-amin na hindi ginawa ng isang tao ang nararapat. Gaya ng mga digri sa pag-aaral, natatamo ito sa matinding pagpupunyagi. Natatanggap ito ng kaluluwang nalinis dahil sa pagsisisi at sa mga ordenansa kung hinahangad at sinisikap niyang makamit ito, masusing nag-iimbestiga, nag-aaral, at tapat na nagdarasal.[7]

Ipinahayag ng Manunubos:

"Ang turo ko ay hindi akin, kundi doon sa nagsugo sa akin.



*Sa mga naghahangad magkaroon ng patotoo, ang kailangang gawin ay: mag-aral, mag-isip, magdasal, at kumilos."*

"Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito ay sa Dios, o kung ako'y nagsasalita na mula sa aking sarili." (Juan 7:16–17.)

Ano ang ibig sabihin ng *malaman* ang doktrina? Ito ay matatag na katiyakan. Naghandog ng mahalagang gantimpala ang Panginoon ngunit makakamit lamang ito sa pagtugon sa ilang hinihingi. Sa pagkakataong ito ang ipinangakong pagpapala ay *kaalaman ng kabanalan ng doktrina*. At sa pagkakataong ito ang batas o hinihingi sa isang tao ay "sundin ang kanyang kalooban.". . .

. . . Hindi maghahatid ng patotoo ang simpleng pagtanggap ng mga doktrina; hindi maghahatid ng katiyakan ang wala-sa-loob na pagsunod sa ebanghelyo, kundi ang lubos na pagsisikap na ipamuhay ang kanyang mga utos.

Madalas natin itong makita sa buhay ng mga miyembro ng Simbahan. May nagsabi sa akin sa stake na binisita ko, "Lagi kong iniiwasan ang pulong-patotoo. Hindi ko masikmura ang sentimental at madamdaming mga pagpapahayag ng ilang tao. Hindi

ko matanggap ang mga doktrinang ito maliban kung mapatunayan ko ang bawat hakbang sa matalino at makatwirang paraan." Alam ko ang ganitong klaseng tao dahil may kilala akong katulad niya. Kahit kailan hindi nila lubos na ipinamuhay ang mga utos: kakaunti o walang ikapung ibinibigay, paminsan-minsan lang dumalo sa mga miting, maraming pintas sa mga doktrina, organisasyon, at mga lider, at alam na alam natin kung bakit wala silang patotoo. Tandaan ang sinabi ng Panginoon:

"Ako, ang Panginoon, ay nakatali kapag ginawa ninyo ang aking sinabi; subalit kapag hindi ninyo ginawa ang aking sinabi, kayo ay walang pangako" (D at T 82:10).

Bigo ang mga taong iyon na "gawin ang sinabi niya," kaya siyempre, wala silang pangako. . . .

. . . Hindi bulag na katapatan kundi tapat na pagsunod at pagpihit ng mga susi ang nagbubukas sa kamalig ng espirituwal na kaalaman. Hindi namimili ang Panginoon sa kanyang mga anak kundi nalulugod na angkinin at biyayaan tayong lahat, kung tutulutan natin siya.[8]

Ano ang gagawin ninyo sa inyong patotoo? Hahasain ba ninyo ito gaya ng kutsilyong pinanghihiwa ng karne ng ating mga ina? Hahayaan ba ninyo itong pumurol at mangalawang? . . . Medyo katulad ito ng rosas. Di lang ito maulanan; di lang ito madiligan kahit sandali at ano ang nangyayari sa rosas ninyo? Namamatay ito. Namamatay ang patotoo ninyo. Namamatay ang pagmamahal ninyo. Lahat ay kailangang pakainin. Pinakakain ninyo ang inyong katawan tatlong beses isang araw. Sabi ng Panginoon panatilihin ang inyong patotoo, pasiglahin ang inyong espiritu, kailangan ninyo itong pakainin araw-araw. . . . Kaya niya sinasabing magdasal gabi't araw. Kaya niya sinasabing patuloy na magdasal para manatili kayong nakaugnay [sa Panginoon].[9]

---

### Kailangan nating makilahok sa mga pulong-patotoo.

Kasama ang mga pulong-patotoo sa pinakamaiinam na miting sa [Simbahan] sa buong buwan, kung taglay ninyo ang espiritu. Kung naiinip ka sa pulong-patotoo, *ikaw* ang may problema, at hindi ang

ibang tao. Maaari kayong tumayo at magpatotoo at isiping ito ang pinakamainam na miting sa buong buwan; pero kung uupo lang kayo at magbibilang ng mga mali sa pagsasalita at pagtatawanan ang taong hindi makapagsalita nang maayos, maiinip nga kayo. . . . Tandaan ninyo iyan! Kailangan ninyong *pagsikapan* na magkaroon ng patotoo. Kailangan ninyong *patuloy* na pagsikapan iyan!

Sabi ng Panginoon sa ika-60 bahagi ng Doktrina at mga Tipan, "Sa iba ako ay hindi lubos na nalulugod, sapagkat hindi nila binubuksan ang kanilang mga bibig" (D at T 60:2). Ano ang ibig niyang sabihin? Sabi niya kung hindi nila ito ginagamit, mawawala ang ibinigay niya sa kanila. Nawawalan sila ng inspirasyon. Nawawala ang kanilang patotoo. At ang napakahalagang bagay na ito na nakamtan ninyo ay mawawala sa buhay ninyo.

Buwan-buwan ay pinupulong ng Unang Panguluhan at ng Labindalawa ang lahat ng General Authority sa templo. Nagpapatotoo sila at nagsasabihan kung gaano nila kamahal ang isa't isa na gaya ninyong lahat. Bakit kailangan ng mga General Authority ang pulong-patotoo? Kapareho rin ng pangangailangan ninyo sa pulong-patotoo. Akala ba ninyo ay tatagal kayo nang tatlo, at anim, at siyam, at labindalawang buwan nang hindi nagpapatotoo at mapanatili pa rin itong malakas? . . .

Alam ninyo na malaking bagay ang patotoong ito, napakahalagang bagay. Sinumang pastor o pari ay makababanggit mula sa banal na kasulatan at makapagkukuwento. Ngunit hindi lahat ng pari o pastor ay makakapagpatotoo. Huwag kayong paupo-upo lang diyan sa pulong-ayuno at dayain ang inyong sarili at sabihing, "Palagay ko hindi ako magpapatotoo ngayon. Hindi yata makatarungan iyon sa iba pang mga miyembrong ito dahil napakarami kong naging oportunidad." Magpatotoo kayo. At sapat na ang isang minuto para magpatotoo.

May patotoo kayo! Kailangan itong patatagin at pasiglahin at palaguin, siyempre; at iyan nga ang ginagawa ninyo. Tuwing magpapatotoo kayo lumalakas ito.[10]

**Ang mga patotoo ay ipinapahayag sa mga salitang simple ngunit makapangyarihan.**

"Alam kong ito ay totoo." Hindi dahil bilyun-bilyong beses nang sinambit ng milyun-milyong tao ang ilang salitang iyon ay wala na itong saysay. Hinding-hindi ito maluluma. Naaawa ako sa mga taong pilit itong ipinapahayag sa ibang mga kataga, dahil walang katulad ang mga katagang "alam ko." Walang mga katagang nagpapahayag ng marurubdob na damdaming mula sa puso na katulad ng "alam ko."[11]

Takot na takot gumamit ng karaniwang mga salita ang ilang mabubuting miyembro natin kaya pilit nilang tinatalakay ang ibang bagay para maiwasang ipahayag ang kanilang patotoo. Huwag mag-alala sa kasimplehan ng patotoo. Kapag nagpapatotoo ang Pangulo ng Simbahan, sinasabi niyang, "Alam ko na si Joseph Smith ay tinawag ng Diyos, isang banal na kinatawan. Alam ko na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos." Kita na ninyo, iyon din ang sinasabi ninyong lahat. Ganyan ang isang patotoo. Hinding-hindi ito naluluma, hinding-hindi nalalaos! Sabihing madalas sa Panginoon kung gaano ninyo siya kamahal.

Ang patotoo ay hindi isang payo; ang patotoo ay hindi isang sermon (walang sinuman sa inyo ang naroon para payuhan ang iba); hindi ito isang kuwento ng paglalakbay. Naroon kayo para ipahayag ang sarili ninyong patotoo. Kamangha-mangha ang masasabi ninyo sa 60 segundong patotoo, o 120, o 240, o ilang minuto man ang ibigay sa inyo, kung puro patotoo lang ang sasabihin ninyo. Gusto naming malaman ang inyong nadarama. Talaga bang mahal ninyo ang gawain? Maligaya ba kayo sa inyong gawain? Mahal ba ninyo ang Panginoon? Nagagalak ba kayong maging miyembro ng Simbahan?[12]

Sabihin lang ninyo ang inyong nadarama. Ganyan ang patotoo. Kapag nagsimula kayong mangaral sa iba, natatapos ang inyong patotoo. Sabihin lang ninyo sa amin ang inyong nadarama, ang sinasabi ng puso't isipan ninyo at ng bawat himaymay ng inyong katawan.[13]

Dahil lubos kong nalalaman na sa likas na takbo ng mga pangyayari, di magtatagal at dapat akong humarap sa Panginoon at

isulit ang mga sinabi ko, idaragdag ko ngayon ang personal at taimtim kong patotoo na nagpakita ang Diyos Amang Walang Hanggan at ang nagbangong Panginoong Jesucristo sa batang si Joseph Smith. Pinatototohanan ko na ang Aklat ni Mormon ay pagsasalin ng sinaunang talaan ng mga bansang minsan ay nanirahan sa western hemisphere, kung saan umunlad sila at naging makapangyarihan nang sundin nila ang mga utos ng Diyos, ngunit winasak ng kakila-kilabot na mga digmaang sibil nang malimutan nila ang Diyos. Ang aklat na ito ay nagpapatotoo sa buhay na katotohanan ng Panginoong Jesucristo bilang Tagapagligtas at Manunubos ng sangkatauhan.

Pinatototohanan ko na ang banal na priesthood, kapwa ang Aaronic at Melchizedek, na may awtoridad na kumilos sa ngalan ng Diyos, ay ipinanumbalik sa lupa ni Juan Bautista, at nina Pedro, Santiago, at Juan; na ang iba pang mga susi at awtoridad ay sumunod na ipinanumbalik; at ang kapangyarihan at awtoridad ng iba't ibang mga banal na kaloob ay nasa atin ngayon. Taimtim kong pinatototohanan ang mga bagay na ito sa lahat ng nakakarinig sa akin. Ipinangangako ko sa ngalan ng Panginoon na lahat ng nakikinig sa ating mensahe, at tumatanggap at ipinamumuhay ang ebanghelyo, ay lalago ang pananampalataya at pang-unawa. Higit na mapapayapa ang kanilang buhay at tahanan at sa kapangyarihan ng Espiritu Santo ay sasambitin ang mga kataga ring iyon ng patotoo at katotohanan.[14]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Rebyuhin ang liham ni Elder Spencer W. Kimball sa kanyang anak na si Andrew (mga pahina 86–87), na tinatandaan ang paghahambing ng patotoo sa isang tapiserya. Anong mga karanasan at damdamin ang bumubuo sa inyong pansariling "mahahalagang hibla ng patotoo"? Pag-isipan kung ano ang nagawa ng Panginoon para tulungan kayong mahubog nang lubusan ang mga hibla ng inyong patotoo.

- Sa palagay ninyo paano nakatulong kay Andrew Kimball ang natanggap na liham mula sa kanyang ama? Ano ang mga oportunidad ng mga magulang para makapagpatotoo sa kanilang mga anak? Paano natin matutulungan ang mga kabataan na matanggap at maunawaan ang mga espirituwal na panghihikayat na humahantong sa patotoo?
- Rebyuhin sandali ang mga pahina 88–94, na naghahanap ng mga salita at katagang ginamit ni Pangulong Kimball para ilarawan ang mga pagsisikap nating matamo at mapalakas ang ating patotoo. Kung nadarama ng isang tao na nanghihina ang kanyang patotoo, ano ang magagawa niya?
- Pag-aralan ang payo ni Pangulong Kimball tungkol sa mga pagaayuno at pulong-patotoo (mga pahina 92–93). Sa palagay ninyo bakit tayo may ganitong mga miting? Bakit lumalakas ang ating patotoo kapag ibinabahagi natin ito? Ano ang magagawa natin para matiyak na magiging isa sa pinakamaiinam na miting ng buwan ang pulong-patotoo para sa atin?
- Rebyuhin ang payo ni Pangulong Kimball kung paano tayo dapat magpatotoo (mga pahina 94–95). Bakit napakamakapangyarihan ng mga katagang "alam ko"?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* I Mga Taga Corinto 12:3; I Ni Pedro 3:15; Alma 5:45–46; Moroni 10:4–7; D at T 42:61; 62:3

1. Liham ni Spencer W. Kimball kay Andrew E. Kimball, 1947; mula sa personal na koleksyon ni Andrew E. Kimball.
2. "President Kimball Speaks Out on Testimony," *New Era,* Ago. 1981, 4.
3. Sa *Testimony* (1980), tinipon nina H. Stephen Stoker at Joseph C. Muren, 167–68.
4. *Faith Precedes the Miracle* (1972), 14.
5. "The Significance of Miracles in the Church Today," *Instructor,* Dis. 1959, 396.
6. "Absolute Truth," *Ensign,* Set. 1978, 7–8.
7. *Faith Precedes the Miracle*, 13–14.
8. *New Era,* Ago. 1981, 4, 6, 7.
9. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball (1982), 141–42.
10. *New Era,* Ago. 1981, 6–7.
11. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 141.
12. *New Era*, Ago. 1981, 6.
13. Sa *Testimony,* nina Stoker at Muren, 139.
14. Sa Conference Report, Abr. 1980, 78; o *Ensign,* Mayo 1980, 54.

# Di-makasariling Paglilingkod

*Kapag kinalilimutan natin ang ating sarili sa paglilingkod sa iba, nakasusumpong tayo ng higit na espirituwalidad at kaligayahan.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Hinimok ni Pangulong Spencer W. Kimball ang mga Banal sa mga Huling Araw na gumawa ng "mga simpleng paglilingkod" na magpapala sa buhay nila at ng iba.[1] Siya mismo ay madalas magkaroon ng mga oportunidad na makapaglingkod, tulad ng nasa sumusunod na salaysay:

"Isang kabataang ina na nasa magdamagang biyahe kasama ang isang dalawang taong gulang na anak na babae ang nabinbin sa paliparan sa Chicago dahil sa kasamaan ng panahon na walang pagkain, o malinis na damit para sa bata at walang salapi. Siya ay buntis . . . at nanganganib na makunan, kaya't siya ay tinagubilinan ng doktor na huwag buhatin ang bata maliban kung ito ay kinakailangan. Oras-oras siyang nagpalipat-lipat sa mga pila, nagsisikap na makakuha ng biyaheng patungong Michigan. Maingay ang paliparan, puno ng mga pagod, bigo, at maiinit [ang] ulong mga pasahero, at nakarinig siya ng mga pamimintas tungkol sa umiiyak niyang anak at sa kanyang pagtulak nang pausad sa bata sa sahig sa pamamagitan ng kanyang paa habang gumagalaw ang linya nang pasulong. Walang sinumang nag-alok ng tulong para sa basang-basa, gutom, at patang-patang bata.

"Pagkatapos, iniulat na sinabi ng babae na, 'May isang taong lumapit sa amin at may mabait na ngiting sinabing, "Mayroon ba akong maitutulong sa iyo?" May buntong-hininga ng pasasalamat na tinanggap ko ang kanyang alok. Binuhat niya ang umiiyak kong anak mula sa malamig na sahig at buong pagmamahal na niyakap habang marahang tinatapik-tapik ang likod. Itinanong




*Malawak ang mga epekto ng simpleng pagpapakita ng kabutihan ni Pangulong Kimball sa paliparan ng Chicago.*

niya kung maaari itong ngumuya ng babolgam. Nang mapanatag na ang bata, binuhat niya ito at magiliw na sinabi sa ilang naka-pila sa dakong unahan, na nangangailangan ako ng tulong nila. Tila sumang-ayon sila at pagkatapos ay pumunta siya sa bilihan ng tiket [sa unahan ng pila] at nakipag-ayos sa kawani na mailagay ako sa eroplanong lilipad sa [lalong] madaling panahon. Lumakad kami patungo sa isang bangko, kung saan nag-usap kami sandali, hanggang matiyak niyang maayos na ako. Lumakad na siya. Makalipas ang isang linggo ay nakakita ako ng larawan ni Apostol Spencer W. Kimball at nakilala siya bilang ang di-kilalang tao sa paliparan.' "[2]

Pagkaraan ng ilang taon, natanggap ni Pangulong Kimball ang liham na may nakasaad na:

"Mahal na Pangulong Kimball:

"Isa akong mag-aaral sa Pamantasan ng Brigham Young. Kararating ko lamang mula sa aking misyon sa Munich, Kanlurang Alemanya. Maganda ang aking misyon at marami akong natutuhan. . . .

"Nakaupo ako sa pulong [ng priesthood] noong isang linggo, nang isalaysay ang isang kuwento tungkol sa mapagmahal na paglilingkod na inyong ginampanan may 21 taon na ang nakalilipas sa paliparan ng Chicago. Sinabi sa kuwento kung paano ninyo nakilala ang batang inang buntis na may isang batang nagsusumigaw, sa . . . pagkabagabag, sa paghihintay sa mahabang pila para sa kanyang mga tiket. Siya ay nanganganib na makunan kaya't hindi niya mabuhat ang anak niya upang aliwin ito. Apat na ulit na siyang nakunan, na nagbigay ng karagdagang dahilan upang ipagbawal ng doktor ang pagyuko o pagbubuhat.

"Inaliw ninyo ang batang umiiyak at ipinaliwanag ang suliranin sa ibang mga pasahero na nasa pila. Ang gawang ito ng pagibig ay nakapawi sa pag-aalala at paghihirap ng aking ina. Ipinanganak ako pagkaraan ng ilang buwan sa Flint, Michigan.

"Ibig ko po lamang *pasalamatan kayo* sa inyong pagmamahal. *Salamat po* sa inyong halimbawa!"[3]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Dapat nating sundin ang halimbawa ng di-makasariling paglilingkod ng Tagapagligtas.

Inialay [ng Tagapagligtas] ang kanyang sarili para sa kanyang mga alagad. . . . Alam niya ang tamang gagawin tuwina at tinugunan ang mga tunay at totoong pangangailangan ng mga pinaglingkuran niya.[4]

Inuna niya ang mga pangangailangan ng iba kaysa sa sarili niya at nagministeryo sa iba nang higit sa tawag ng tungkulin, walang pagod, buong pagmamahal, mabisa. Napakaraming problema sa mundo ngayon ang nagmumula sa kasakiman at pagkamakasarili

na napakaraming malulupit na hiling sa buhay at sa iba upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan.[5]

Kapag higit nating naunawaan ang tunay na nangyari sa buhay ni Jesus ng Nazaret sa Getsemani at sa Kalbaryo, higit nating mauunawaan ang kahalagahan ng sakripisyo at pagiging di-makasarili sa ating buhay.[6]

Kung susundin natin ang mga yapak [ng Tagapagligtas], makapamumuhay tayo sa pananampalataya sa halip na matakot. Kung makababahagi tayo sa kanyang pananaw tungkol sa mga tao, mamahalin natin sila, paglilingkuran, at tutulungan—sa halip na mabahala at matakot sa iba.[7]

---

**Madalas tugunan ng Diyos ang mga pangangailangan ng iba sa pamamagitan ng maliliit nating paglilingkod.**

Kailangan nating tulungan ang mga hangad nating paglingkuran para malaman nila mismo na hindi lang sila mahal ng Diyos, kundi lagi silang inaalala at ang kanilang mga pangangailangan. . . .

Tunay na napapansin tayo ng Diyos, at binabantayan Niya tayo. Ngunit karaniwan na sa pamamagitan ng ibang tao niya ibinibigay ang ating mga pangangailangan. Samakatuwid, lubhang mahalaga na paglingkuran natin ang bawat isa sa kaharian. Kailangan ng mga miyembro ng Simbahan ang lakas, suporta, at pamumuno ng bawat isa sa komunidad ng mga nananalig bilang isang grupo ng mga disipulo. Sa Doktrina at mga Tipan ay nababasa natin ang tungkol sa kung gaano kahalaga na ". . . tulungan ang mahihina, itaas ang mga kamay na nakababa, at palakasin ang tuhod na mahihina." (D at T 81:5.) Napakadalas na ang ating paglilingkod ay mga karaniwang paghihikayat o pagbibigay ng mga karaniwang tulong sa mga karaniwang gawain, ngunit anong mga maluwalhating bunga ang nagmumula sa mga karaniwang kilos at mula sa maliliit ngunit mga kusang gawa! . . .

Kung tutuon tayo sa mga simpleng alituntunin at paglilingkod, makikita natin na kapagdaka ay nawawalan ng kabuluhan ang mga hangganan ng organisasyon. Noong araw, napakadalas maging balakid ang mga hangganan ng organisasyon sa

Simbahan kaya hindi natin matulungan nang husto ang mga tao. Matutuklasan din natin habang unti-unting nawawala ang paghahangad nating mapuri tayo o ang organisasyon na higit nating aalalahaning paglingkuran ang taong dapat nating tulungan. Makikita rin natin na hindi na natin gaanong inaalala na makilala tayo sa ating organisasyon at higit na inaalala natin ang ating totoo at orihinal na pagkatao bilang anak ng ating Ama sa Langit at maipadama sa iba na sila man ay kabilang din.[8]

---

## Dapat nating gamitin ang ating mga talento at kakayahan sa paglilingkod sa iba.

Hindi dapat maging lubhang abala ang sinuman sa atin sa mga pormal nating tungkulin sa Simbahan na wala nang puwang para sa simpleng paglilingkod sa ating kapwa bilang Kristiyano.[9]

Madali tayong makaakma sa mga nakatatag nang programa, gumawa ng mga bagay na ipinagagawa sa atin, mag-ukol ng ilang oras, kumanta at magdasal nang napakaraming beses, pero alalahaning sinabi ng Panginoon na tamad ang tagapaglingkod na kailangan pang pilitin sa lahat ng bagay [tingnan sa D at T 58:26.].[10]

"Katotohanang sinasabi ko, ang mga tao ay nararapat na maging sabik sa paggawa ng mabuting bagay, at gumawa ng maraming bagay sa kanilang sariling kalooban, at isakatuparan ang maraming kabutihan." (D at T 58:27.)

Lahat ng lalaki ay binigyan ng mga natatanging kapangyarihan at sa ilang limitasyon ay dapat linangin ang mga kapangyarihang iyon, gamitin ang sarili nilang imahinasyon, at hindi maging gaya-gaya. Dapat nilang linangin ang sarili nilang mga talento at kakayahan at kapasidad sa abot-kaya nila at gamitin ito upang itatag ang kaharian.[11]

Malaki ang pananagutan ng miyembro ng Simbahan na may ugaling ipabahala sa iba ang kanyang gawain. Maraming nagsasabi: "Gawain ng Simbahan ang ginagawa ng asawa ko!" Sabi naman ng iba: "Hindi lang ako relihiyoso talaga," na para bang madali lang sa karamihan ang maglingkod at gampanan ang kanilang tungkulin. Ngunit pinagkalooban tayo ng Diyos ng mga

talento at oras, ng mga tagong kakayahan at oportunidad na gamitin at linangin ang mga ito sa paglilingkod sa kanya. Samakatuwid ay malaki ang inaasahan niya sa atin, na mapapalad niyang anak.[12]

Sa kuwento ng puno ng igos na ayaw mamunga (tingnan sa Mat. 21:19) isinumpa ang puno dahil ayaw nitong mamunga. Kaylaking kawalan sa tao at sangkatauhan kung hindi yumabong ang ubasan, hindi namunga ang puno, hindi umunlad ang kaluluwa sa pamamagitan ng paglilingkod! Ang tao ay dapat mabuhay, hindi lang umiral; dapat siyang gumawa, hindi paikut-ikot lang; dapat siyang umunlad, hindi tatahi-tahimik lang. Dapat nating gamitin ang ating mga talento alang-alang sa ating kapwa, sa halip na itago ito dahil sa pagkamakasarili.[13]

Maaaring magtaka ang ilang nagmamasid kung bakit natin inaalala ang mga simpleng bagay na tulad ng paglilingkod sa iba sa isang mundong naliligiran ng malalaking problema. Gayunman, ang isa sa mga kabutihan ng ebanghelyo ni Jesucristo ay ipinauunawa nito sa atin ang tungkol sa mga tao sa planetang ito, pati na tayo, para makita natin ang mga bagay na talagang mahalaga at maiwasan nating lubhang masangkot sa napakaraming di-gaanong mahalagang bagay na nag-aagawan sa pansin ng sangkatauhan. . . .

Papayuhan ko kayo na kapag pumili kayo ng mga layong paguukulan ninyo ng oras at mga talento at yaman sa paglilingkod sa iba, tiyaking piliin ang mabubuting layunin. Napakarami sa mga layong ito na ganap at malaya ninyong maibibigay ang inyong sarili at magdudulot ng malaking galak at kaligayahan sa inyo at sa mga pinaglilingkuran ninyo. May iba pang manakanakang mga layon na mukhang mas uso at pupurihin ng mundo, pero karaniwan ay likas itong higit na makasarili. Ang mga huling layong ito ay tila galing sa tinatawag sa mga banal na kasulatan na "mga utos ng tao" [Mateo 15:9] sa halip na mga utos ng Diyos. May magagandang katangian at pakinabang ang gayong mga layon, pero hindi sila singhalaga ng mga layuning nagmula sa pagsunod sa mga utos ng Diyos.[14]



*"Hindi tayo dapat matakot na hilinging maglingkod ang ating mga kabataan sa kanilang kapwa o magsakripisyo para sa kaharian."*

**Uunlad ang mga kabataan dahil sa mga oportunidad na maglingkod nang makabuluhan.**

Hindi tayo dapat matakot na hilinging maglingkod ang ating mga kabataan sa kanilang kapwa o magsakripisyo para sa kaharian. May angking ideyalismo ang mga kabataan natin, at hindi natin kailangang matakot na manawagan sa ideyalismong iyon kapag pinaglilingkod natin sila.[15]

Sa nababasa nating kapabayaan at krimen, . . . at sa napapansin natin na maraming batang lalaki't babae ang sangkot dito, tinatanong natin sa sarili, ano ang dahilan at mga lunas? Napag-alaman sa isang karampatang pagsisiyasat na hangad ng karamihan sa mga kabataan ang magkaroon ng responsibilidad at magtagumpay rito.

"Ano ang magagawa namin?" tanong [ng mga kabataan]. . . .

Mamili, magtrabaho sa ospital, tumulong sa mga kapitbahay . . . , maghugas ng pinggan, magwalis ng sahig, mag-ayos ng kama, maghanda ng mga pagkain, mag-aral manahi.

Magbasa ng magagandang aklat, magkumpuni ng muwebles, gumawa ng isang bagay na kailangan sa bahay, maglinis ng bahay, mamalantsa, magkalaykay ng mga tuyong dahon, magpala ng niyebe.[16]

Nag-aalala tayo . . . sa ating pangangailangang patuloy na maglaan ng makabuluhang mga oportunidad para mas bumait ang ating mga kabataang lalaki sa paglilingkod. Hindi karaniwan sa mga binatilyo ang maging di-aktibo sa Simbahan dahil sa napakaraming makabuluhang bagay na ipinagagawa sa kanila. Walang kabataang lalaking talagang nasaksihan mismo na nakakaimpluwensya ang ebanghelyo sa buhay ng mga tao ang tatalikod sa mga tungkulin niya sa kaharian at iiwanan itong hindi tapos.[17]

Sana ay maagang makaugalian sa buhay ng mga kabataang babae ng Simbahan ang paglilingkod bilang Kristiyano. Kapag tinutulungan natin ang ibang tao sa mga problema nila, nagbabago ang pananaw natin sa ating mga problema. Hinihikayat namin ang kababaihan ng Simbahan—bata't matanda—na maging "sabik sa paggawa" [D at T 58:27] sa mga simpleng paglilingkod sa mga kaibigan at kapitbahay. Bawat alituntunin ng ebanghelyo ay may hatid na sariling patunay na ito ay totoo. Kaya nga natutulungan ng paglilingkod hindi lamang ang mga nakikinabang dito, kundi pati na ang naglingkod.[18]

---

## Ang di-makasariling paglilingkod ay nag-aakay sa atin sa kasaganaan.

Ang paglilingkod sa iba ay nagpapatatag at nagpapatamis sa buhay na ito habang naghahanda tayong mabuhay sa mas mainam na daigdig. Sa paglilingkod tayo natututong maglingkod. Kapag naglilingkod tayo sa ating kapwa, hindi lang nakakatulong sa kanila ang ating ginawa, kundi nagbabago rin ang pananaw natin sa sarili nating mga problema. Kapag higit nating inalala ang iba, mababawasan ang oras natin sa pag-aalala sa ating sarili! Sa gitna ng himala ng paglilingkod, nangako si Jesus na kapag nilimot natin ang ating sarili, nasusumpungan natin ito! [Tingnan sa Mateo 10:39.]

Hindi lang natin "nasusumpungan" ang ating sarili kapag kinilala natin ang banal na patnubay sa ating buhay, kundi kapag

higit nating pinaglingkuran ang ating kapwa sa mga angkop na paraan, nagiging mas makabuluhan ang ating kaluluwa. Higit tayong nagkakaroon ng halaga sa paglilingkod sa iba. Nagiging mas makabuluhan tayo sa paglilingkod sa iba—tunay na mas madaling "masumpungan" ang ating sarili dahil marami pa tayong malalaman! . . .

. . . Ang masaganang buhay na nakasaad sa mga banal na kasulatan [tingnan sa Juan 10:10] ang espirituwal na kabuuan ng maraming paglilingkod natin sa iba at sa paggamit ng ating mga talento sa paglilingkod sa Diyos at sa tao. Sabi ni Jesus, maaalala ninyo, na sa unang dalawang utos nauuwi ang lahat ng batas at mga propeta, at kailangan sa dalawang utos na iyon ang pagkakaroon ng pagmamahal natin sa Diyos, sa sarili, sa ating kapwa, at sa lahat ng tao [tingnan sa Mateo 22:36–40]. Walang tunay na kasaganaan sa buhay na hindi nauugnay sa pagsunod at pagtupad sa dalawang dakilang kautusang iyon.

Maliban kung ilapit tayo ng ating pamumuhay sa ating Ama sa Langit at sa ating kapwa, magiging hungkag ang buhay natin. Natatakot akong makita, halimbawa, kung paanong ang pamumuhay ng napakaraming tao sa mundo ngayon ay nagwawalay sa kanila sa pamilya at mga kaibigan at kabarkada tungo sa walang katuturang paghahangad ng kasiyahan o materyalismo. Napakadalas maisantabi ang katapatan sa pamilya, sa komunidad, at sa bansa para sa iba pang mga hangaring inaakalang magpapaligaya samantalang, ang totoo, kasakiman ang madalas na hangad ng kaduda-dudang kasiyahang dagling lumilipas. Isa sa mga pagkakaiba ng tunay na kagalakan at ng simpleng kasiyahan ay yaong kasiyahan na natatamo lang ng isang tao kapag nasasaktan ang iba. Ang kagalakan, sa kabilang dako, ay nagmumula sa pagiging di-makasarili at paglilingkod, at kapaki-pakinabang sa halip na makasakit sa iba.[19]

May kilala akong lalaki na walang inisip kundi sarili lang niya at kapakanan niya sa buong 75 taon. . . . Hinangad niyang iukol sa sarili ang kanyang buhay, at tipunin ang lahat ng magagandang bagay sa buhay para sa sarili niyang pag-unlad at kasiyahan. Ang nakakapagtaka, sa pagsisikap na magawa iyon, . . . nanliit siya, nawalan ng mga kaibigan, at nilayuan ng sarili niyang pamilya.

At ngayon, habang unti-unti siyang pinapanawan ng buhay, natagpuan niyang siya ay nag-iisa, pinabayaan, naghihinanakit, at di pansin; at kahit naaawa sa sarili, sarili pa rin niya ang iniisip niya. Hinangad niyang iukol na lang sa sarili ang kanyang oras, mga talento, at kabuhayan. Nawala sa kanya ang masaganang buhay.

Sa kabilang banda, may kilala akong isa pang lalaki na kailanman ay hindi inisip ang sarili. Lagi niyang hangad ang kaligtasan at kasiyahan ng mga nasa paligid niya. Walang mabigat na gawain, walang malaking sakripisyong hindi niya gagawin para sa kanyang kapwa. Ang kabuhayan niya ay nagpaginhawa sa pisikal na pagdurusa; ang kabaitan at pagkamaalalahanin niya ay umaliw at nagpasaya at nagpalakas ng loob. Saanman may mga taong naghihirap, nariyan siya, pinasisigla ang walang pag-asa, inililibing ang patay, inaalo ang namatayan, at pinatutunayang siya ay kaibigan sa oras ng pangangailangan. Ang kanyang oras, kabuhayan, at lakas ay bukas-palad niyang ibinigay sa mga nangangailangan. Sa bukas-palad na pagtulong niya, naragdagan ang kanyang talino, kalusugan, at moralidad at hanggang ngayong tumatanda na siya ay impluwensya pa rin siya sa kabutihan, isang halimbawa at inspirasyon sa marami. Umunlad siya at lumago hanggang sa siya ay purihin, mahalin, at pasalamatan sa lahat ng dako. Nagbigay siya ng buhay at sa tunay na paraan ay talagang nakasumpong ng masaganang buhay.[20]

Habang hinahasa [ng sitwasyon] ang kaibahan sa pagitan ng mga pamamaraan ng daigdig at mga pamamaraan ng Diyos, higit pang susubukin ang pananampalataya ng mga kasapi ng Simbahan. Ang isa sa pinakamahahalagang bagay na magagawa natin ay ang ipahayag ang ating mga patotoo sa pamamagitan ng paglilingkod, na, sa kabilang dako, ay lilikha ng espirituwal na pag-unlad, mas matinding pangako, at higit na kakayahang sundin ang mga utos. . . .

May malaking kaligtasan sa espirituwalidad, at hindi tayo magiging espirituwal nang hindi naglilingkod![21]

Kung hangad natin ay tunay na kaligayahan, dapat nating ubusin ang ating lakas sa mga layuning higit kaysa sarili nating kapakanan. Taimtim nating ipagdasal kung paano natin epektibo at mapagmahal na mapaglilingkuran ang ating pamilya, kapitbahay, at kapwa Banal.[22]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Rebyuhin ang kuwento sa mga pahina 97–99. Pag-isipan ang mga epekto ng simpleng pagpapakita ng kabaitan ni Pangulong Kimball. Ano ang matututuhan natin sa paraan ng kanyang paglilingkod?
- Paano ninyo ipaliliwanag ang paraan ng paglilingkod ng Tagapagligtas sa iba? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 99–100.) Ano ang magagawa natin para masunod ang Kanyang halimbawa?
- Basahin ang ikaapat na talata sa pahina 100. Kailan natugunan ng Diyos ang inyong mga pangangailangan sa pamamagitan ng ibang tao? Ano ang magagawa natin upang maging handang tugunan ang mga pangangailangan ng iba?
- Rebyuhin sandali ang mga pahina 101–102, na hinahanap ang mga balakid na hahadlang sa ating di-makasariling paglilingkod. Paano natin madaraig ang mga balakid na ito?
- Itinuro ni Pangulong Kimball na kailangan ng mga kabataan ng mga oportunidad na maglingkod (mga pahina 103–104). Bakit kaya? Ano ang magagawa ng mga magulang at lider ng Simbahan upang mabigyan ang mga kabataan ng makabuluhang mga oportunidad na maglingkod?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng magkaroon ng "kasaganaan sa buhay"? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa pahina 104–106.) Bakit humahantong sa masaganang buhay ang di-makasariling paglilingkod?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 25:40; Santiago 1:27; Mosias 2:17; 4:14–16; D at T 88:123

### *Mga Tala*

1. Tingnan sa "Small Acts of Service," *Ensign,* Dis. 1974, 7.
2. Edward L. Kimball at Andrew E. Kimball Jr., *Spencer W. Kimball* (1977), 334.

3. Sa "Do Ye Even So to Them," ni Gordon B. Hinckley, *Ensign,* Dis. 1991, 5.
4. Seminar ng mga kinatawan ng rehiyon, Mar. 30, 1979, Archives of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 3.
5. "Jesus: The Perfect Leader," *Ensign,* Ago. 1979, 6.
6. "The Abundant Life," *Ensign,* Hulyo 1978, 7.
7. *Ensign,* Hulyo 1978, 5–6.
8. *Ensign,* Dis. 1974, 4, 5, 7.
9. Sa Conference Report, Abr. 1976, 71; o *Ensign,* Mayo 1976, 47.
10. *The Teachings of Spencer W. Kimball*, inedit ni Edward L. Kimball (1982), 257.
11. "How to Evaluate Your Performance," *Improvement Era,* Okt. 1969, 16.
12. *The Miracle of Forgiveness* (1969), 100.
13. "President Kimball Speaks Out on Service to Others," *New Era,* Mar. 1981, 49.
14. *Ensign*, Hulyo 1978, 4, 5.
15. "President Kimball Speaks Out on Being a Missionary," *New Era,* Mayo 1981, 48.
16. Sa Conference Report, Okt. 1963, 38–39; o *Improvement Era,* Dis. 1963, 1073.
17. Sa Conference Report, Abr. 1976, 68–69; o *Ensign,* Mayo 1976, 45.
18. "Privileges and Responsibilities of Sisters," *Ensign,* Nob. 1978, 104.
19. *Ensign*, Hulyo 1978, 3, 4.
20. *The Teachings of Spencer W. Kimball*, 250–51.
21. *Ensign,* Dis. 1974, 5.
22. "Seek Learning, Even by Study and Also by Faith," *Ensign,* Set. 1983, 6.

# Buong Pusong Pagpapatawad sa Iba

*Inuutusan tayo ng Panginoon na patawarin ang iba para mapatawad ang sarili nating mga kasalanan at mabiyayaan tayo ng kapayapaan at galak.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Nang magturo si Pangulong Spencer W. Kimball tungkol sa paghingi ng tawad, binigyang-diin din niya ang mahalagang alituntuning magpatawad sa iba. Sa pagsamo sa lahat ng tao na sikaping matutong magpatawad, ikinuwento niya ang sumusunod na karanasan:

"Nahirapan ako sa isang problema sa isang maliit na ward . . . kung saan dalawang kilalang lalaking namumuno sa mga tao ang hindi magkasundo sa matagal at walang-tigil na alitan. Pinaghiwalay sila ng kung anong di-pagkakaunawaan na may pagkapoot. Sa paglipas ng mga araw, linggo, at buwan, lumaki ang alitan nila. Nagsimulang makialam sa problema ang mga pamilya ng magkagalit na panig at sa huli ay halos buong ward na ang sangkot. Kumalat ang balita at lumabas ang mga samaan ng loob at pinalala pa ito ng tsismis hanggang sa mag-away-away ang maliit na grupo. Ipinadala ako para lutasin ang problema. . . . Dumating ako sa naguguluhang grupo sa araw ng Linggo, bandang ika-6 n.g., at kaagad kong pinulong ang mga nag-aalitan.

"Hirap na hirap kami! Panay ang pakiusap at babala at pagsamo at pagsaway ko! Parang walang makasawata sa kanila. Bawat katalo ay tiyak na tiyak na tama siya at may katwiran kaya imposibleng baguhin ang isip niya.

"Lumipas ang mga oras—pasado alas-dose na ng hatinggabi, at parang puspos na ng kawalang-pag-asa ang lugar; galit at



*Pinayuhan ni Pangulong Kimball ang mga miyembro ng Simbahan: "Magpatawad at lumimot, huwag hayaang baguhin at maapektuhan ng mga dating hinaing ang inyong kaluluwa, at sirain ang pagmamahalan at buhay ninyo."*

pagkasuklam pa rin ang madarama. Pare-pareho silang nagmamatigas. Pagkatapos ay may nangyari. Wala sa loob na muli kong binuklat ang Doktrina at mga Tipan ko at naroon ang sagot sa aking harapan. Ilang ulit ko na itong nabasa sa nagdaang mga taon at wala itong espesyal na kahulugan noon. Ngunit sa gabing ito ay iyon mismo ang sagot. Isa iyong pakiusap at pagsamo at

babala at tila tuwiran itong nagmumula sa Panginoon. Nagbasa ako [sa bahagi 64] mula sa ikapitong talata, pero ni hindi nakinig ang magkalaban hanggang sa umabot ako sa ikasiyam na talata. At saka ko nakitang napahiya sila, nagulat, at nag-isip. Tama kaya iyon? Sinabi sa atin ng Panginoon—sa ating lahat—'Dahil dito, sinasabi ko sa inyo, na nararapat ninyong patawarin ang isa't isa.'

"Ito ay isang obligasyon. Narinig na nila ito noon. Binanggit nila ito sa pagsambit ng Panalangin ng Panginoon. Ngunit ngayon: '. . . sapagkat siya na hindi nagpapatawad sa kanyang kapatid ng kanyang mga pagkakasala ay nahatulan na sa harapan ng Panginoon. . .'

"Sa puso nila, sinasabi siguro nila: 'Baka patawarin ko siya kung magsisisi siya at hihingi ng tawad, pero siya ang dapat mauna.' Pagkatapos ay mukhang tinamaan sila sa huling linya: 'Sapagkat mananatili sa kanya ang mas malaking kasalanan.'

"Ano? Ibig sabihin ba niyan dapat akong magpatawad kahit malamig ang pakitungo ng kaaway ko at wala siyang pakialam at salbahe sa akin? Wala nang iba.

"Ang karaniwang pagkakamali ay ang ideyang dapat humingi ng tawad at magpakumbaba ang nagkasala hanggang sa alabok bago patawarin. Siyempre pa, ang taong nakasakit ang dapat makibagay nang lubusan, pero ang nasaktan naman ay dapat patawarin ang nagkasala anuman ang pag-uugali nito. Kung minsan nasisiyahan ang mga tao kapag lumuluhod at nagsusumamo ang kabilang panig, pero hindi ito ang paraan ng ebanghelyo.

"Gulat na umupo nang tuwid ang dalawa, nakinig, nag-isip sandali, at nagsimulang magbigayan. Ang banal na kasulatang ito at lahat ng iba pang binasa ang nagpalambot sa puso nila. Alas-dos n.u. at dalawang magkaaway ang nagkamayan, nakangiti at nagpapatawad at humihingi ng tawad. Dalawang lalaki ang nag-yakap nang mahigpit. Banal ang oras na ito. Pinatawad at kinalimutan ang mga dating hinaing, at muling naging magkaibigan ang magkaaway. Hindi na muling nabanggit ang alitan kahit kailan. Inilibing na sa limot ang nakaraan, at lubos nang kinalimutan ang mga dating pagkakamali, at nanumbalik ang kapayapaan."[1]

Sa buong ministeryo niya, pinayuhan ni Pangulong Kimball ang mga miyembro ng Simbahan na maging mapagpatawad. "Kung may mga di-pagkakaunawaan, linawin ito, magpatawad at lumimot, huwag hayaang baguhin at maapektuhan ng mga dating hinaing ang inyong kaluluwa, at sirain ang pagmamahalan at buhay ninyo. Ayusin ang inyong tahanan. Magmahalan at mahalin ang inyong kapitbahay, kaibigan, mga taong malapit ang tirahan sa inyo, kapag ibinigay sa inyo ng Panginoon ang kapangyarihang ito."[2]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball


**Dapat tayong magpatawad upang mapatawad.**

Dahil tiyak ang pangangailangang magpatawad para magtamo ng buhay na walang hanggan, likas na maiisip ng tao: Paano ako madaling mapapatawad? Isa sa maraming mahahalagang bagay ang namumukod na kailangang-kailangan. Dapat magpatawad ang isang tao para mapatawad.[3]

"Sapagka't kung ipatawad ninyo sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay patatawarin naman kayo ng inyong Ama sa kalangitan:

"Datapuwa't kung hindi ninyo ipatawad sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay hindi rin naman kayo patatawarin ng inyong ama ng inyong mga kasalanan." (Mat. 6:14–15.)

Mahirap gawin? Siyempre. Hindi naman nangako ang Panginoon ng madaling daan, ni simpleng ebanghelyo, ni mababang mga pamantayan, ni mababang huwaran. Malaki ang kapalit, pero sulit na sulit ang mga natatamong gantimpala. Ang Panginoon mismo ay ibinaling ang isa pa niyang pisngi; hinayaan niyang siya ay pahirapan at hagupitin nang walang pagtutol; pinagdusahan niya ang lahat ng kahihiyan subalit hindi siya nanghusga. At ang tanong niya sa ating lahat ay: "Kung gayon, maging anong uri ng mga tao ba nararapat kayo?" At ang sagot niya sa atin ay: "Maging katulad ko." (3 Ne. 27:27.)[4]



*Itinuro ni Jesucristo, "Kung ipatawad ninyo sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay patatawarin naman kayo ng inyong Ama sa kalangitan" (Mateo 6:14).*

---

## Dapat maging taos-puso at ganap ang pagpapatawad natin sa iba.

Ang utos na magpatawad at ang paghusga dahil sa kabiguang gawin ito ay hindi maipahahayag nang mas malinaw pa kaysa sa makabagong paghahayag kay Propetang Joseph Smith:

"Ang aking mga disipulo, noong unang panahon, ay naghangad ng masama laban sa isa't isa at hindi nila pinatawad ang isa't isa sa kanilang mga puso; at dahil sa kasamaang ito sila ay pinahirapan at labis na pinarusahan.

"Dahil dito, sinasabi ko sa inyo, na nararapat ninyong patawarin ang isa't isa; sapagkat siya na hindi nagpapatawad sa kanyang kapatid ng kanyang mga pagkakasala ay nahatulan na sa harapan ng Panginoon; sapagkat mananatili sa kanya ang mas malaking kasalanan.

"Ako, ang Panginoon, ay magpapatawad sa yaong aking patatawarin, subalit kayo ay kinakailangang magpatawad sa lahat ng tao." (D at T 64:8–10.) . . .

Angkop pa rin sa atin ang aral na ito ngayon. Maraming tao ang nagsasabi, kapag nakipagbati sa iba, na nagpapatawad sila, pero patuloy silang naninira, patuloy na nagsususpetsa, patuloy na hindi naniniwala sa katapatan ng kabilang panig. Ito ay kasalanan, dahil kapag nakipagbati na at nakapagsisi, dapat nang magpatawaran at lumimot ang bawat isa, agad na buuing muli ang nasirang pagtitiwala, at ibalik ang dating pagkakaibigan.

Malinaw na nagpatawad ang mga sinaunang disipulo, at mukha namang nakipagkasundo, ngunit "hindi nila pinatawad ang isa't isa sa kanilang mga puso." Hindi ito pagpapatawad, kundi isang uri ng pagkukunwari at panlilinlang at panloloko. Gaya ng pahiwatig sa huwarang panalangin ni Cristo, dapat itong maging taos-puso at alisin sa isipan [tingnan sa Mateo 6:12; tingnan din sa mga talata 14–15]. Ang pagpapatawad ay paglimot. May isang babaeng "dumanas" ng pakikipagbati sa isang branch at nagkunwari at nagsalita para ipahiwatig ito, at maraming sinambit na mga salita [ng] pagpapatawad. At matalim ang tingin na sinabi niya, "Patatawarin ko siya, pero matalas ang memorya ko. Hinding-hindi ako makalilimot." Walang halaga at saysay ang pakunwari niyang pakikipagkasundo. Nagtanim pa rin siya ng sama ng loob. Ang pakikipagkaibigan niya ay bitag na tulad ng sapot ng gagamba, ang pakikipagbati niya ay marupok na tulad ng dayami, at siya mismo ay walang kapayapaan ng isipan. Ang mas masama pa, siya ay "nahatulan na sa harapan ng Panginoon," at nanatili sa kanya ang mas malaking kasalanan kaysa sa taong sabi niya ay nakasakit ng loob niya.

Hindi alam ng palaaway na babaeng ito na hindi siya talaga nagpatawad. Nagkunwari lang siya. Paikut-ikot lang siya, at walang nararating. Sa banal na kasulatang sinipi sa itaas, malalim ang kahulugan ng mga katagang *sa kanilang mga puso*. Kailangang linisin ang damdamin at isipan at kapaitan. Walang katuturan ang puro salita.

"Sapagkat masdan, kung ang isang taong masama ay nagbibigay ng isang handog, ginagawa niya iyon nang laban sa kalooban;

anupa't ito ay ibinibilang sa kanya na parang nanatili pa rin sa kanya ang handog; kaya nga siya ay ibibilang na masama sa harapan ng Diyos." (Moro. 7:8.)

Ganito ang pahayag ni Henry Ward Beecher sa kaisipang ito: "Makapagpapatawad ako pero hindi ako makalilimot ay ibang paraan ng pagsasabing hindi ako makapagpapatawad."

Idaragdag ko na maliban kung patawarin ng isang tao ang mga sala ng kanyang kapatid *nang buong puso* hindi siya karapat-dapat makibahagi ng sakrament.[5]

---

**Dapat nating ipaubaya sa Panginoon ang paghatol.**

Para nasa katwiran tayo dapat tayong magpatawad, at dapat natin itong gawin *magsisi man ang kaaway natin o hindi*, o gaano man kataimtim ang kanyang pagbabago, o humingi man siya ng tawad sa atin o hindi. Dapat nating sundin ang halimbawa at turo ng Guro, na nagsabing: ". . . Nararapat ninyong sabihin sa inyong mga puso—ang Diyos ang hahatol sa akin at sa iyo, at ikaw ay gagantimpalaan alinsunod sa iyong mga gawa." (D at T 64:11.) Ngunit kadalasan ay ayaw itong ipaubaya ng mga tao sa Panginoon, sa takot na baka sa sobrang awa ng Panginoon, mas magaang na parusa ang ipataw kaysa nararapat.[6]

Hindi lang sa hindi kaya o ayaw magpatawad at lumimot ang ilang tao sa mga sala ng iba, kundi gusto pang maghiganti sa pinararatangang nagkasala. Maraming liham at tawag ang dumarating sa akin mula sa mga taong determinadong ilagay ang hustisya sa sarili nilang mga kamay at tiyaking maparusahan ang nagkasala. "Dapat pawalang-bisa ang pagkamiyembro ng lalaking iyan," pahayag ng isang babae, "at hinding-hindi ako titigil hangga't hindi siya napaparusahan." Sabi ng isa pa, "Hinding-hindi ako matatahimik, hangga't miyembro ng Simbahan ang taong iyan." At sabi pa ng isa: "Hinding-hindi ako magsisimba hangga't pinapayagang magsimba ang taong iyan. Gusto kong masuri ang kanyang pagkamiyembro." Isang lalaki ang nagpabalik-balik pa sa Salt Lake City at ilang beses nagpadala ng mahahabang liham ng pagprotesta laban sa bishop at stake president na hindi nadisiplina nang husto ang isang taong ayon sa kanya ay nilabag ang mga batas ng Simbahan.

Sa mga gayong maglalagay ng batas sa sarili nilang mga kamay, muli nating basahin ang positibong pahayag ng Panginoon: " . . . mananatili sa kanya ang mas malaking kasalanan." (D at T 64:9.) Pagpapatuloy ng paghahayag: "At nararapat ninyong sabihin sa inyong mga puso—ang Diyos ang hahatol sa akin at sa iyo, at ikaw ay gagantimpalaan alinsunod sa iyong mga gawa." (D at T 64:11.) Kapag naiulat na sa angkop na mga opisyal ng Simbahan ang mga alam na paglabag, maaari nang ipaubaya ng taong iyon ang kaso at responsibilidad sa mga opisyal ng Simbahan. Kung hahayaan ng mga opisyal na iyon na magkasala ang kapwa nila opisyal, malaking responsibilidad nila ito at mananagot sila.[7]

Hahatol ang Panginoon ayon sa panukat na ginamit natin. Kung marahas tayo, wala tayong dapat asahan kundi karahasan. Kung maawain tayo sa mga nakasakit sa atin, maaawa rin siya sa atin sa ating mga pagkakamali. Kung hindi tayo mapagpatawad, hahayaan niya tayong magdusa sa sarili nating mga kasalanan.

Kahit malinaw ang pahayag sa mga banal na kasulatan na hahatulan ang tao ayon sa panukat na ginagamit niya sa kanyang kapwa, kahit ang makatarungang paghatol ay hindi ipinagkaloob sa karaniwang tao, kundi sa angkop na mga awtoridad ng Simbahan at estado. Ang Panginoon ang hahatol sa huling pagsusuri. . . .

Mahahatulan ng Panginoon ang mga tao sa kanilang mga iniisip gayundin sa kanilang sinasabi at ginagawa, dahil batid niya kahit ang mga layon ng kanilang puso; ngunit hindi ito kayang gawin ng mga tao. Naririnig natin ang sinasabi ng mga tao, nakikita ang kanilang ginagawa, pero dahil hindi natin maunawaan ang kanilang iniisip o nilalayon, madalas tayong magkamali sa paghatol kapag pinipilit nating arukin ang kahulugan at mga motibo ng kanilang mga kilos at binibigyan ito ng sarili nating interpretasyon.[8]

---

**Kahit mukhang mahirap, kaya nating magpatawad.**

Sa konteksto ng pagpapatawad, isang butihing kapatid ang nagtanong sa akin, "Tama, iyan ang dapat gawin, pero paano gawin iyon? Kailangan ba, superman ka?"

"Oo," sabi ko, "pero inutusan tayong maging mga superman. Sabi ng Panginoon, 'Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal.' (Mat. 5:48.) Tayo ay mga diyos na nabubuo pa lang sa sinapupunan, at gusto ng Panginoon na maging perpekto tayo."

"Oo, pinatawad ni Cristo ang mga nanakit sa kanya, pero higit pa siya sa tao," dugtong pa niya.

At ang sagot ko ay: "Pero maraming tao ang nakaalam na posibleng magawa ang kabanalang ito."

Tila maraming kagaya ng butihing kapatid na ito na naniniwala sa teoriyang ang mapagpatawad na espiritu . . . ay humigit-kumulang na tanging sa mga tauhan sa banal na kasulatan o kathang-isip lang makikita at mahirap asahan sa mga karaniwang tao sa daigdig ngayon. Hindi ito totoo.[9]

May kilala akong isang bata pang ina na nabalo sa asawa. Maralita ang pamilya at ang nakuhang seguro ay $2,000 lamang, pero para itong hulog ng langit. Agad nagpadala ng tseke ang kumpanya para sa halagang iyon nang maipakita ang katunayan ng pagkamatay. Naisip ng batang balo na maitatabi niya ito para sa mga emerhensiya, kaya idineposito niya ito sa bangko. Batid ng iba ang kanyang impok, at kinumbinsi siya ng isang kamag-anak na dapat niyang ipahiram dito ang $2,000 sa mataas na patubo.

Lumipas ang mga taon, at wala siyang natanggap na bayad sa puhunan ni sa tubo. Napansin niya na iniiwasan siya ng umutang at walang linaw na mga pangako ang ginawa nito nang maningil siya. Ngayon ay kailangan niya ang pera at wala siyang makuha.

"Kinamumuhian ko siya!" sabi niya sa akin, at ramdam ang galit at kapaitan sa boses niya at matalim siyang tumingin. Lokohin ba naman ng isang lalaking malaki ang katawan ang isang batang balo na may pamilyang susuportahan! "Kinasusuklaman ko siya!" paulit-ulit niyang sinabi. Pagkatapos ay ikinuwento ko sa kanya ang isang lalaking pinatawad ang pumaslang sa kanyang ama. Mataman siyang nakinig. Nakita kong humanga siya. Sa pagwawakas ay may luha sa kanyang mga mata, at ibinulong niya: "Salamat. Salamat talaga. Dapat ko rin palang patawarin ang aking kaaway. Aalisin ko na ngayon ang kapaitang ito sa puso ko.

Hindi ko inaasahang mabalik ang pera kahit kailan, pero bahala na ang Panginoon sa nagkasala sa akin."

Pagkaraan ng ilang linggo, nakita niya akong muli at ipinagtapat na ang mga linggong iyon ang pinakamaligaya sa buhay niya. Nilukob siya ng panibagong kapayapaan at naipagdasal niya ang nagkasala at napatawad ito, kahit hindi siya binayaran nito kahit isang kusing.[10]

---

**Kapag pinatawad natin ang iba, pinalalaya natin ang ating sarili sa pagkamuhi at kapaitan.**

Bakit sinabi sa inyo ng Panginoon na mahalin ang inyong kaaway at gantihan ng kabutihan ang kasamaan? Para makinabang kayo rito. Hindi nasasaktan ang taong labis ninyong kinamumuhian kapag namuhi kayo sa kanya, lalo na kung malayo siya at walang kontak sa inyo, pero bubulukin ng pagkamuhi at kapaitan ang puso ninyong ayaw magpatawad. . . .

Marahil kilala ni Pedro ang mga taong patuloy na nagkakasala sa kanya, at itinanong niya:

"Panginoon, makailang magkakasala ang aking kapatid laban sa akin na siya'y aking patatawarin? . . ."

At sabi ng Panginoon:

"Hindi ko sinasabi sa iyo, Hanggang sa makapito; kundi, Hanggang sa makapitongpung pito." (Mateo 18:21–22.) . . .

. . . Kapag nagsisi na sila at lumuhod para humingi ng tawad, karamihan sa atin ay nakapagpapatawad, pero iniutos ng Panginoon na kailangan nating magpatawad kahit hindi sila magsisi ni humingi ng tawad sa atin. . . .

Dapat maging malinaw sa atin, kung gayon, na dapat pa rin tayong magpatawad nang hindi gumaganti o naghihiganti, dahil gagawin ng Panginoon ang kailangan para sa atin. . . . Nasasaktan ang taong masama ang loob; ito ay nagpapatigas at nagpapababa at nagpapabulok.[11]

Madalas mangyari na nagkakasala ang tao nang hindi sinasadya. May nasabi o nagawa siyang mali ang pagkaintindi o pagkaunawa. Dinidibdib ng nasaktan ang pagkakasala, at pinala-



*"Pagpapatawad ang mahimalang sangkap na tumitiyak ng pagkakasundo at pagmamahalan sa tahanan o sa ward."*

lala pa ito ng ibang bagay na nagbibigay-katwiran sa kanyang paniniwala. Marahil ay isa ito sa mga dahilan kaya iniutos ng Panginoon na ang nasaktan ang unang dapat makipagbati.

"At kung ang inyong kapatid na lalaki o babae ay magkasala sa inyo, siya ay haharapin ninyo nang kayo lamang; at kung siya ay umamin kayo ay magkasundo." (D at T 42:88.) . . .

Tayo ba ay sumusunod sa utos na iyon o nagmumukmok sa sama ng loob, naghihintay na malaman ito ng nagkasala sa atin at lumuhod siya sa atin sa pagsisisi?[12]

Maaaring magalit tayo sa ating mga magulang, o guro, o sa bishop, at pawalang-halaga ang ating sarili habang tayo ay nangunguluntoy at nanliliit sa lason ng kapaitan at pagkamuhi. Habang patuloy ang buhay ng kinamumuhian, na ni hindi alam na nagdurusa ang namumuhi, niloloko ng huli ang kanyang sarili. . . .

. . . Ang paghinto sa pagsisimba para lang pasakitan ang mga lider o maglabas ng sama ng loob ay panloloko sa sarili.[13]

Sa gitna ng sala-salabat na pagkamuhi, kapaitan at paghihiganting madalas ipahayag ngayon, nagpapagaling ang malamyos na himig ng pagpapatawad. Malaki ang epekto niyon sa nagpatawad.[14]

---

**Kapag pinatawad natin ang iba, nagkakaroon tayo ng galak at kapayapaan.**

Sa inspirasyon ng Panginoong Jesucristo, binigyan tayo ni Pablo ng lunas sa mga problema sa buhay na nangangailangan ng pag-unawa at pagpapatawad. "At magmagandang-loob kayo sa isa't isa, mga mahahabagin, na mangagpatawaran kayo sa isa't isa, gaya naman ng pagpapatawad sa inyo ng Dios kay Cristo." (Efe. 4:32.) Kung magkakaroon ng diwang ito ng mabuti at magiliw na pagpapatawad sa isa't isa sa bawat tahanan, mawawala ang pagkamakasarili, kawalang-tiwala at kapaitang nagwawasak sa maraming tahanan at pamilya at mabubuhay nang payapa ang mga tao.[15]

Pagpapatawad ang mahimalang sangkap na tumitiyak ng pagkakasundo at pagmamahalan sa tahanan o sa ward. Kung wala ito magkakaroon ng alitan. Kung walang pagkakaunawaan at patawaran magkakaroon ng pagtatalo, na susundan ng di-pagkakasundo, at nauuwi ito sa kawalan ng katapatan sa mga tahanan, branch at ward. Sa kabilang dako, ang pagpapatawad ay naaayon sa diwa ng ebanghelyo, na may Espiritu ni Cristo. Ito ang diwang dapat nating taglaying lahat kung gusto nating mapatawad sa sarili nating mga sala at maging walang bahid-dungis sa harapan ng Diyos.[16]

Madalas makahadlang at nagiging balakid sa atin ang kapalaluan. Pero kailangan itong itanong ng bawat isa sa ating sarili: "Mas mahalaga ba ang kapalaluan mo kaysa sa iyong kapayapaan?"

Kadalasan, ang isang taong maraming kahanga-hangang bagay na nagawa sa buhay at nakagawa ng malaking kontribusyon ay tutulutang mawala ang malaking gantimpalang nakalaan sana sa kanya dahil sa kapalaluan. Dapat tayong laging magkaroon ng mapagpatawad na puso at nagsisising espiritu, laging handang tunay na magpakumbaba, na tulad ng maniningil ng

buwis [tingnan sa Lucas 18:9–14], at hilingin sa Panginoon na tulungan tayong magpatawad.[17]

Hangga't may mortalidad nabubuhay tayo at nakikihalubilo sa mga taong di-perpekto; at magkakaroon ng mga di-pagkakaunawaan, samaan ng loob, at pananakit ng damdamin. Madalas magkamali ang pag-unawa sa napakagagandang motibo. Nakasisiyang makita ang marami na dahil sa pagmamahal sa iba ay naitama ang kanilang pag-iisip, kinalimutan ang sarili, at pinatawad ang damdam nila ay mga pang-iinsulto. Marami pang ibang nagdaan sa mga mapanganib, malungkot, matinik na landas sa kawalang-pag-asa, na sa huli ay tinanggap ang pagwawasto, kinilala ang mga pagkakamali, inalis ang kapaitan sa kanilang puso, at muling napayapa, ang minimithing kapayapaang iyon na kapansin-pansin kapag nawala. Ang mga kabiguan ng pamimintas, kapaitan, at ang resultang paghihiwalay ay napalitan ng init at liwanag at kapayapaan.[18]

Magagawa ito. Masusupil ng tao ang kanyang sarili. Magtatagumpay ang tao. Mapapatawad ng tao ang lahat ng nagkasala sa kanya at tatanggap ng *kapayapaan* sa buhay na ito at sa buhay na walang hanggan sa daigdig na darating.[19]

Kung hahangarin natin ang kapayapaan, at tayo ang makikipagbati—kung tayo ay magpapatawad at lilimot nang buong puso—kung lilinisin natin ang ating kaluluwa sa kasalanan, kapaitan, at kasamaan bago tayo magbintang o magparatang sa iba—kung patatawarin natin ang lahat ng tunay o inakalang mga pagkakasala bago natin ihingi ng tawad ang ating mga kasalanan—kung babayaran natin ang ating mga utang, malaki man o maliit, bago natin singilin ang mga may utang sa atin—kung papahirin natin ang nakabubulag na puwing sa ating mga mata bago pahirin ang muta ng iba—kayluwalhating daigdig nito! Mababawasan nang husto ang diborsyo; mawawala ang malulungkot na proseso sa mga hukuman sa araw-araw; magiging makalangit ang buhay-pamilya; bibilis ang pagtatayo ng kaharian; at ang kapayapaang iyon na di-masayod ng pag-iisip [tingnan sa Filipos 4:7] ay maghahatid sa ating lahat ng galak at kaligayahang "ni hindi pumasok sa puso ng tao." [Tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:9.][20]

Nawa ay basbasan tayong lahat ng Panginoon na patuloy nating dalhin sa ating puso ang tunay na diwa ng pagsisisi at pagpapatawad hanggang sa mapasakdal natin ang ating sarili, na umaasa sa mga kaluwalhatian ng kadakilaang naghihintay sa mga pinakatapat.[21]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Rebyuhin ang kuwento sa mga pahina 109–112. Bakit kung minsan ay napakahirap mapatawad ng mga tao ang isa't isa? Ano ang kahulugan sa inyo ng mga salitang "Sapagkat mananatili sa kanya ang mas malaking kasalanan" (D at T 64:9)?
- Rebyuhin ang Mateo 6:14–15, na binanggit ni Pangulong Kimball sa pahina 112. Sa palagay ninyo bakit natin dapat patawarin ang iba para tayo mapatawad ng Panginoon?
- Ano ang ilang pag-uugali at kilos na nagpapakitang taos-puso at ganap nating pinatawad ang isang tao? (Tingnan sa mga pahina 113–115.) Bakit dapat "manggaling sa puso" ang pagpapatawad?
- Rebyuhin ang bahaging nagsisimula sa pahina 115. Anong mga turo ng ebanghelyo ang maghahanda sa atin na ipaubaya sa Panginoon ang paghatol?
- Habang binabasa ninyo ang kuwento tungkol sa bata pang ina sa mga pahina 117–118, hanapin kung ano ang nakahadlang sa kanya, sa simula, na magpatawad at paano niya nakayang magpatawad sa huli. Paano natin malalabanan ang mga balakid na humahadlang sa mga hangarin at pagsisikap nating patawarin ang iba?
- Anu-ano ang ilang kahihinatnan ng hindi pagpapatawad? (Tingnan sa mga pahina 118–120.) Anong mga pagpapala ang naranasan ninyo nang patawarin ninyo ang isang tao? Pag-isipan kung paano ninyo magagamit ang diwa ng pagpapatawad sa may mga kaugnayan sa inyo.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 5:43–48; Lucas 6:36–38; Colosas 3:12–15; D at T 82:23

## *Mga Tala*

1. *The Miracle of Forgiveness* (1969), 281–82.
2. *The Teachings of Spencer W. Kimball*, inedit ni Edward L. Kimball (1982), 243.
3. *The Miracle of Forgiveness*, 261.
4. Sa Conference Report, Okt. 1977, 71; o *Ensign,* Nob. 1977, 48.
5. *The Miracle of Forgiveness*, 262–64.
6. *The Miracle of Forgiveness*, 283.
7. *The Miracle of Forgiveness*, 264.
8. *The Miracle of Forgiveness*, 267, 268.
9. *The Miracle of Forgiveness*, 286–87.
10. Sa Conference Report, Okt. 1977, 68–69; o *Ensign,* Nob. 1977, 46. Tingnan din sa *The Miracle of Forgiveness,* 293–94.
11. *Faith Precedes the Miracle* (1972), 191, 192.
12. *Faith Precedes the Miracle,* 194, 195.
13. "On Cheating Yourself," *New Era,* Abr. 1972, 33, 34.
14. *The Miracle of Forgiveness,* 266.
15. *The Miracle of Forgiveness,* 298.
16. *The Miracle of Forgiveness,* 275.
17. *The Miracle of Forgiveness,* 297.
18. Sa Conference Report, Abr. 1955, 98.
19. *The Miracle of Forgiveness,* 300.
20. *Faith Precedes the Miracle,* 195–96.
21. Sa Conference Report, Okt. 1949, 134.

# Pagpapatatag sa Ating Sarili Laban sa Masasamang Impluwensya

*Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay naghahandog sa atin ng kapangyarihan at proteksyon laban sa mga kasamaan ng ating panahon.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball na ang paglaban kay Satanas at mga puwersa nito "ay hindi maliit na pagsagupa sa isang atubiling kaaway, kundi isang napakalaking pakikipaglaban sa isang lubhang makapangyarihan, matatag, at organisadong kaaway na malamang na tumalo sa atin kung hindi tayo malakas, sanay, at maingat"[1]

Noong batang misyonero pa siya sa Central States Mission, isinulat niya sa kanyang diary ang karanasang naglalarawan ng kanyang pasiya na labanan ang tukso. Sakay siya ng tren patungong Chicago, Illinois, nang lapitan siya ng isang lalaki. "Tinangka [niyang] pabasahin ako ng bastos na librong malalaswa ang mga larawan. Sabi ko sa kanya ayaw ko iyon. Tinukso niya akong sumama sa kanya sa Chicago at batid kong hinahatak niya ako sa impiyerno. Pinatahimik ko siya pero pag-alis niya nadama kong isang oras akong namula. Naisip ko—'Ah! pinipilit talaga ni Satanas, sa tulong ng kanyang mga kampon, na iligaw ang mga kabataan.' Pinasalamatan ko ang Panginoon na may lakas akong labanan ito."[2]



*"Kung pakikinggan, [ang Espiritu Santo] ay gagabay, magbibigay-inspirasyon, magbababala, at magpapawalang-bisa sa mga udyok ng demonyo."*

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Totoo si Satanas at gagamitin niya ang lahat para sirain tayo.

Sa mga panahong ito ng kamunduhan at kamalian binabalewala ng mga tao hindi lamang ang Diyos kundi pati ang diyablo. Sa konseptong ito si Satanas ay isang alamat, na magagamit para ituwid ang mga taong naliligaw ng landas ngunit hindi na uso sa ating panahon. Wala nang lalayo pa sa katotohanan kaysa rito. Si Satanas ay isang totoo at hiwalay na espiritu, ngunit wala siyang katawang-tao. Ang hangarin ni Satanas na angkinin tayong lahat ay kasingsidhi ng kabutihan ng ating Ama na akitin tayo sa sarili niyang kahariang walang hanggan.[3]

Ang malaman kung nasaan ang panganib at makilala ang lahat ng anyo nito ay naglalaan ng proteksyon. Nakaabang ang demonyo. Lagi siyang handang linlangin at biktimahin ang lahat ng taong walang malay, lahat ng walang ingat, lahat ng naghihimagsik.[4]

Sinuman ang matipuhang akitin ng kaaway anumang oras, hangad niyang gawing "kaaba-abang katulad ng kanyang sarili" ang lahat ng tao (2 Ne. 2:27). Tunay ngang hangad niya "ang kalungkutan ng buong sangkatauhan" (2 Ne. 2:18). Hindi siya lumilihis sa kanyang mga layunin at matalino at walang-tigil para maangkin sila.[5]

Binalaan tayo ni Pedro: "Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya" (I Ped. 5:8).

At sinabi ng Tagapagligtas na bawat hirang ay lilinlangin ni Lucifer hangga't maaari [tingnan sa Joseph Smith—Mateo 1:22]. Gagamitin [ni Lucifer] ang kanyang katwiran [upang] makalito at ang kanyang mga pangangatuwiran upang makasira. Palalabuin niya ang mga kahulugan, unti-unti [tayong ililigaw], at aakayin mula sa pinakadalisay . . . tungo sa lahat ng uri ng [kasalanan].[6]

Napag-aralan ng dalubhasang manlilinlang ang lahat ng paraan para makamtan ang kanyang mga layon, gamit ang lahat

ng posibleng kasangkapan at kagamitan. Pinangingibabawan, binabaligtad, at binabago at ikinukubli niya ang lahat ng nilikha para sa ikabubuti ng tao, . . . para mangibabaw siya sa kanilang isipan at gamitin sa mali ang kanilang katawan at angkinin ito.

Hindi siya natutulog—masipag siya at matiyaga. Maingat niyang pinag-iisipan ang kanyang problema at saka siya masigasig at maparaang nagpapatuloy upang makamit ang minimithi. Ginagamit niya ang lahat ng limang pandamdam at likas na pagkagutom at pagkauhaw ng tao para iligaw ito. Inaasahan niya ang pagtutol at pinatatatag ang sarili laban dito. Ginagamit niya ang oras at laya at libangan. Siya ay hindi nagbabago at mapanghikayat at sanay. Gumagamit siya ng mga bagay na may pakinabang tulad ng radyo, telebisyon, babasahin, eroplano, at kotse para manlito at manira. Ginagamit niya ang pakikisama, kalungkutan, bawat pangangailangan ng tao upang iligaw ito. Ginagawa niya ang kanyang trabaho sa pinakaangkop na oras sa pinakamagagandang lugar sa pinakamakapangyarihang mga tao. Ginagawa niya ang lahat para makapanlinlang at makalito at makapahamak. Gumagamit siya ng pera, kapangyarihan, puwersa. Tinutukso niya ang tao at inaatake ang pinakamahinang parte nito. Kinukuha niya ang maganda at pinapapangit ito. . . . Ginagamit niya ang lahat ng uri ng pagtuturo upang sirain ang tao.[7]

Tuso ang kaaway. Matalino siya. Alam niya na hindi niya agad mapapagawa ng labis na kasamaan ang mabubuting tao, kaya nandaraya siya, bumubulong ng mga munting kasinungalingan hanggang sa mapasunod niya ang mga gusto niyang bihagin.[8]

---

**Sa tulong ng Panginoon, malalabanan natin ang mga impluwensya ng kasamaan.**

Kung gusto nating alpasan [ang] nakamamatay na mga puwersa ng demonyo at mapanatiling malaya at matatag ang ating tahanan at pamilya laban sa lahat ng mapangwasak na impluwensyang laganap sa ating paligid, kailangan natin ang tulong ng . . . mismong Maylikha. Iisa lang ang tiyak na paraan at iyan ay sa pamamagitan ng ebanghelyo ng Panginoong Jesucristo at pagsunod sa malawak at inspiradong mga turo nito.[9]

Sa buhay ng lahat dumarating ang pagtatalo sa pagitan ng mabuti at masama, sa pagitan ni Satanas at ng Panginoon. Bawat taong sumapit o dumaan sa edad ng pananagutan na walong taon, at sa taos-pusong pagsisisi ay nabinyagan nang wasto, ay tiyak na tatanggap ng Espiritu Santo. Kung pakikinggan, ang miyembrong ito ng Panguluhang Diyos ay gagabay, magbibigay-inspirasyon, at magbababala, at magpapawalang-bisa sa mga udyok ng demonyo.[10]

Siya na higit ang lakas kaysa kay Lucifer, siya na ating kanlungan at lakas, ay kakasihan tayo sa mga oras ng matinding tukso. Kahit hindi pipilitin ng Panginoon kailanman na ilayo ang sinuman sa kasalanan o tukso, sinisikap ng kanyang Espiritu na hikayating gawin ito ng makasalanan sa tulong ng langit. At ang taong makikinig sa magiliw na impluwensya at mga pagsamo ng Espiritu at gagawin ang lahat sa abot-kaya niya na manatiling nagsisisi ay sigurado na sa proteksyon, kapangyarihan, kalayaan at galak.[11]

Si Satanas . . . ay nakipag-agawan para sa pagsamba ni Moises. . . .

"Moises, anak ng tao, sambahin mo ako," panunukso ng diyablo, kasama ang pangako ng mga mundo at luho at kapangyarihan. . . .

. . . Iniutos ng propeta: "Lumayo ka, Satanas. . . ." (Moises 1:16.) Ang sinungaling, ang manunukso, ang diyablo na ayaw isuko ang posibleng biktimang ito, ngayon ay napopoot at nagngangalit na "sumigaw sa malakas na tinig at naghuhumiyaw sa lupa, at nag-utos, sinasabing: Ako ang Bugtong na Anak, sambahin ako." (Moises 1:19.)

Natukoy ni Moises ang panlilinlang at nakita ang kapangyarihan ng kadiliman at ang "kapaitan ng impiyerno." Narito ang puwersang hindi madaling tantiyahin ni palayasin. Dahil sa takot, tumawag siya sa Diyos, at nag-utos nang may panibagong kapangyarihan.

"Hindi ako titigil na manawagan sa Diyos . . . sapagkat ang kanyang kaluwalhatian ay napasaakin, kaya nga ako ay maaaring

humatol sa pagitan mo at niya. . . . Sa pangalan ng Bugtong na Anak, lumayas ka, Satanas." (Moises 1:18, 21.)

Kahit si Lucifer, . . . na nangungunang kaaway ng sangkatauhan, ay hindi tatagal sa kapangyarihan ng priesthod ng Diyos. Nangangatal, nanginginig, nagmumura, nananangis, nananaghoy, at nagngangalit ang mga ngipin, nilisan niya ang nanalong si Moises.[12]

Dapat tayong maging handa na gumawa ng matapang na paninindigan sa harap ni Satanas . . . at laban sa mga kampon at kapangyarihan at pinuno ng kadiliman. Kailangan natin ang buong kagayakan ng Diyos nang tayo ay makatagal. [Tingnan sa Efeso 6:12–13.][13]

"Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Dios," payo ni Pablo [Efeso 6:11]. Sa banal na impluwensya at proteksyong ito, maaari nating mawari ang mga panlilinlang ng kaaway sa anumang mapang-akit na mga salita at katwiran at maaari tayong "mangakatagal sa araw na masama, at kung magawa ang lahat ay magsitibay." [Tingnan sa Efeso 6:13.][14]

---

**Hindi tayo dapat patangay sa pinakamaliit mang tukso.**

Pumapasok ang mabibigat na kasalanan sa ating buhay kapag nagpatangay tayo sa maliliit na tukso. Bihirang magkasala nang mabigat ang isang tao nang hindi muna nagpapatangay sa mas maliliit na kasalanan, na nagiging daan sa mas mabigat. May nagbigay ng halimbawa ng isang uri ng kasalanan sa pagsasabing, "Hindi basta-basta nagiging sinungaling ang isang taong tapat na katulad ng biglang pagsulpot ng mga damong ligaw sa malinis na parang."

Napakahirap, kung hindi man imposible, na mapasok ng demonyo ang isang pintuang sarado. Parang hindi niya kayang buksan ang mga pintuang nakakandado. Pero kung bukas nang kaunti ang pintuan, ipapasok niya ang daliri ng kanyang paa, at di maglalaon ay kasunod na ang buong paa, at binti at katawan at ulo niya, at sa bandang huli ay tuluyan na siyang nakapasok.

Ang sitwasyong ito ay kamukha ng pabula tungkol sa kamelyo at ng may-ari nito na naglalakbay patawid ng buhangin ng disyerto nang dumating ang malakas na hangin. Agad nagtayo ng tolda ang manlalakbay at pumasok, isinara ang mga takip para iligtas ang sarili sa matalim at maaligasgas na buhangin ng nagngangalit na bagyo. Siyempre pa, naiwan ang kamelyo sa labas, at habang hinahaplit ng malupit na hangin ang buhangin papunta sa kanyang katawan at mga mata at ilong hindi niya ito natiis at sa huli ay nagsumamong papasukin siya sa tolda.

"Ako lang ang kasya rito," sabi ng manlalakbay.

"Pero puwede ba kahit ilong ko na lang para makalanghap ako ng hanging walang buhangin?" tanong ng kamelyo.

"Puwede mo sigurong gawin 'yan," sagot ng manlalakbay, at binuksan niya nang kaunti ang takip at pumasok ang mahabang ilong ng kamelyo. Kayginhawa na ng kamelyo ngayon! Ngunit di naglaon ay nagsawa ang kamelyo sa mahapding buhangin sa kanyang mga mata at tainga . . . :

"Kumakaskas sa ulo ko ang buhanging dala ng hangin. Puwede ko bang ipasok kahit ulo ko lang?"

Muli, ikinatwiran ng manlalakbay na hindi makasasama sa kanya ang pumayag, dahil kakasya ang ulo ng kamelyo sa may ibabaw ng tolda na hindi naman niya ginagamit. Kaya ipinasok ng kamelyo ang ulo niya at muling nasiyahan ang hayop—pero panandalian lang.

"Kahit ang harapan ko lang," pagsamo niya, at muling naawa ang manlalakbay at di naglaon ay nasa loob na ng tolda ang balikat at binti ng kamelyo. Sa huli, sa gayon ding pagsamo at pagpayag, buong katawan na ng kamelyo, kanyang likuran at lahat na ang nasa loob ng tolda. Pero napakasikip na ng tolda ngayon para sa dalawa, at sinipa ng kamelyo ang manlalakbay palabas sa hangin at bagyo.

Gaya ng kamelyo, madaling nagiging amo si Lucifer kapag pumatol ang isang tao sa mga una niyang panunukso. Di naglalaon at ganap nang natatahimik ang konsiyensya, nananaig ang impluwensya ng kasamaan, at sumasara ang pintuan tungo sa kaligtasan hanggang sa buksan itong muli ng lubos na pagsisisi.

Ang kahalagahan ng hindi pagpatol sa tukso kahit kaunti ay nabigyang-diin ng halimbawa ng Tagapagligtas. Hindi ba't nakita niya ang panganib noong nasa bundok sila ng kanyang tiwaling kapatid na si Lucifer, at labis na tinutukso ng bihasang manunuksong iyon? Nagbukas sana siya ng pintuan at nakipaglaro sa panganib sa pagsasabing, "Sige nga, Satanas, pakinggan ko nga ang plano mo. Hindi ako papatol, hindi ako patatangay, hindi ko tatanggapin—pakikinggan ko lang."

Hindi nangatwiran nang gayon si Cristo. Walang atubili at maagap niyang tinapos ang pag-uusap, at nag-utos: "Humayo ka, Satanas," na malamang na ibig sabihin ay, "Lumayas ka sa harapan ko—iwan mo ako—hindi ako makikinig—wala akong pakialam sa iyo." Pagkatapos ay mababasa natin, "iniwan siya ng diablo." [Mateo 4:10–11.]

Ito ang ating angkop na huwaran, kung gusto nating iwasang magkasala kaysa mahirapang pagsisihan ito. Sa pag-aaral ko ng kuwento ng Manunubos at mga tukso sa kanya, natitiyak ko na ginugol niya ang kanyang lakas sa pagpapatatag ng sarili laban sa tukso kaysa labanan at talunin ito.[15]

---

**Ang mga tamang desisyon ngayon ay makatutulong sa atin na malabanan ang mga tuksong darating.**

Isa sa mga pangunahing gawain ng bawat tao ang pagpapasiya. Ilang beses sa isang araw tayo nagpapasiya at kailangang magpasiya kung saan tayo tutungo. Ang ilang pagpipilian ay matagal at mahirap, ngunit dinadala nila tayo sa tamang landas tungo sa ating tunay na layunin; ang iba ay maikli, malawak, at kawili-wili, ngunit patungo sila sa maling landasin. Mahalaga na malinaw sa ating isipan ang ating tunay na layunin upang hindi tayo malito ng bawat sangang-daan sa walang kabuluhang mga tanong na: Alin ang mas madali o mas masayang daan? o, Saan patungo ang iba?

Pinakamadaling gumawa ng mga tamang desisyon kapag maaga natin itong ginagawa, na may mithiin sa isipan; hindi tayo lubhang nag-aalala sa oras ng pagpapasiya, kung kailan pagod na tayo at labis na natutukso.

Noong ako ay bata pa, sinabi ko sa aking sarili na hindi ako kailanman titikim ng tsaa, kape, tabako, o alak. Nalaman ko na ang matibay na determinasyong ito ay nagligtas sa akin nang maraming beses sa . . . aking iba't ibang karanasan. Maraming pagkakataon na muntik na akong makasipsip o makahawak o makasubok, pero di-nagbabagong determinasyong matibay na naitatag ang nagbigay sa akin ng magandang dahilan at lakas upang [tumanggi].

. . . Ngayon na ang oras para ipasiyang wala tayong ibang gusto kundi ang oportunidad na makapiling nang walang hanggan ang ating Ama, kaya nga bawat pasiyang gagawin natin ay maaapektuhan ng determinasyon nating huwag tulutang makasagabal ang anuman sa pagkakamit ng mithiing iyon.[6]

Magkaroon ng disiplina sa sarili upang, habang tumatagal, hindi mo na kailangang magpabagu-bago ng pasiya kung ano ang gagawin kapag nahaharap ka sa tukso maya't maya. *Minsan* ka lang magpapasiya sa ilang bagay!

Kaylaking pagpapala ang maging malaya sa paulit-ulit na paghihirap na magpasiya hinggil sa isang tukso. Aksaya iyon sa oras at napakadelikado.[17]

Maaari nating isantabi ang ilang bagay nang minsanan at kalimutan na ito! Mapagpapasiyahan natin nang minsanan ang ilang bagay na gagawin nating bahagi ng ating buhay at pagkatapos ay maging tapat dito—nang hindi nag-aalala at pabagubago ang isip nang ilang daang beses kung ano ang gagawin at hindi gagawin.

Pag-aalinlangan at kawalang-pag-asa ang mga sitwasyong gustung-gusto ng Kaaway, dahil napakaraming tao ang mabibiktima niya sa mga oras na iyon. . . . Kung hindi pa ninyo nagagawa, magpasiyang magdesisyon![18]

Kayganda sana kung mapagpapasiya natin ang lahat ng lalaki't babaeng Banal sa mga Huling Araw habang bata pa na sabihing, "Hinding-hindi ako patatangay kay Satanas o kaninuman na gustong sirain ko ang aking sarili."[19]

Ang oras ng pagtigil sa paggawa ng kasamaan ay bago pa ito simulan. Ang lihim ng magandang buhay ay nasa pangangalaga

at pag-iwas. Ang mga nagpapatangay sa kasamaan ay karaniwang yaong mga isinusubo ang sarili nila sa panganib.[20]

---

**Nilalabanan natin ang kaaway kapag tinatanggap natin ang ating mga kahinaan at nagpupunyaging madaig ito.**

Dahil laki ako sa bukid, alam ko na kapag nakalabas ang mga baboy, dapat ko munang tingnan ang mga butas na dati nilang nilusutan. Kapag nasa bukid ang baka at naghahanap ng mas maraming damo sa ibang lugar, alam ko kung saan muna maghahanap ng nilusutan niya. Malamang na doon ito sa may bakod na nilundagan niya noon, o kung saan mang bakod ang nasira. Gayundin alam ng diyablo kung saan manunukso, saan mabisa ang kanyang mga pag-atake. Nakikita niya ang mahinang bahagi. Saan man mahina ang isang tao noon, pinakamadali pa rin siyang matukso roon.[21]

Mukhang laging nakapaligid sa atin ang kasamaan. . . . Kung gayon, dapat tayong maging listong lagi. Tinatandaan natin ang ating mga kahinaan at lumalaban upang madaig ito.[22]

Karamihan sa atin ay may mga kahinaang kayang daigin ng kasawian maliban kung tayo ay wastong mapangalagaan at mapatibay. . . .

Maraming . . . halimbawa ng lakas at kapalaluan sa kasaysayan, kapwa ng tao at ng bansa, na bumigay nang atakihin ang kahinaan. Bagama't kadalasan ay pisikal ang mga kahinaang ito, kahit sa tingin lang, alam ni Lucifer at ng kanyang mga kampon ang mga gawi, kahinaan, at bahagi ng tao na madaling tablan at sinasamantala ang mga ito para sirain ang ating espirituwalidad. Ang isang tao ay maaaring uhaw sa alak; ang isa pa ay maaaring walang kabusugan; ang isa pa ay mahilig sa seks; ang isa naman ay mahilig sa pera, at mga luho at ginhawang mabibili nito; ang isa ay gutom sa kapangyarihan; at kung anu-ano pa.[23]

Hayaan siya na mahilig sa kasamaan na maging tapat at kilalanin ang kanyang kahinaan. Sinasabi ko sa inyo na ayaw ng Panginoon na magkasala tayo. Hindi niya nilikhang masama ang tao. . . . Tinutulutan ang kasalanan sa mundo, at pinayagan si Satanas na tuksuhin tayo, ngunit may laya tayong pumili. Maaari



*Sinabi ni Pangulong Kimball na para tayo makapag-ingat sa kaaway, kailangan nating "manangan nang mahigpit sa gabay na bakal."*

tayong magkasala o mamuhay nang matwid, ngunit hindi natin kayang takasan ang responsibilidad. Kahinaan at karuwagan ang isisi ang ating kasalanan sa Panginoon, at sabihing ito ay likas at hindi mapipigil. Paraan ng taong mahilig tumakas sa responsibilidad ang isisi ang ating mga kasalanan sa ating mga magulang at pagpapalaki sa atin. Maaaring bigo ang mga magulang ng isang tao; maaaring hadlang ang ating pinagmulan, pero bilang mga anak ng buhay na Diyos likas sa atin ang kapangyarihang makaahon sa ating kinalalagyan, at baguhin ang ating buhay.[24]

Nakikiusap kami sa ating mga miyembro saanman, "Pasakop nga kayo sa Dios. Magsisalangsang kayo sa diablo, at tatakas siya sa inyo." (Santiago 4:7.) . . .

Maaaring may ilang karaniwan nang di-mapakali dahil sa mga nangyayari sa mundo at lumalaganap na kasamaan, ngunit sabi ng Panginoon, ". . . kung kayo ay handa kayo ay hindi matatakot" (D at T 38:30), at muli, "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo. . . . Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man." (Juan 14:27.)[25]

Bilang mga Banal sa mga Huling Araw dapat tayong maging maingat. Ang paraan para makapag-ingat ang bawat tao at bawat pamilya laban sa mga tukso ng Kaaway at makapaghanda para sa dakilang araw ng Panginoon ay manangan nang mahigpit sa gabay na bakal, palaguin ang pananampalataya, magsisi sa ating mga pagkakasala at pagkukulang, at sabik na gumawa para sa Kanyang kaharian sa lupa, na walang iba kundi Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Narito ang tanging tunay na kaligayahan para sa lahat ng anak ng ating Ama.[26]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Aling mga turo ni Pangulong Kimball tungkol kay Satanas at sa kanyang mga pamamaraan ang nakatutulong sa inyo at bakit? (Tingnan sa mga pahina 126–127.)
- Rebyuhin ang bahaging nagsisimula sa pahina 127. Sa anong mga paraan tayo matutulungan ng Panginoon na malabanan ang kasamaan? (Para sa halimbawa, tingnan ang kuwento sa pahina 124.) Kailan kayo tumanggap ng ganitong klaseng tulong?
- Basahin ang pabula sa pahina 130. Sa palagay ninyo bakit pinapasok ng manlalakbay ang kamelyo sa kanyang tolda? Pag-isipan kung paano nilabanan ng Tagapagligtas ang tukso (tingnan sa pahina 131). Anu-ano ang ilang paraan na matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na makilala at malabanan kahit ang pinakamaliliit na tukso?

- Rebyuhin ang buong ikalawang talata sa pahina 131. Ihambing ang proseso ng pag-iwas sa kasalanan sa proseso ng pagsisisi rito.
- Sabi ni Pangulong Kimball, "Pinakamadaling gumawa ng mga tamang desisyon kapag maaga natin itong ginagawa" (pahina 131). Paano maaapektuhan ang ating buhay ng maaagang desisyong sundin ang mga utos tulad ng Word of Wisdom? (Para sa halimbawa, tingnan sa pahina 132.) Anu-ano ang ilang desisyong nauugnay sa pamumuhay ng ebanghelyo na matatag ninyong naisagawa?
- Pag-isipan ang mga obserbasyon ni Pangulong Kimball tungkol sa kanyang mga baboy at baka (mga pahina 133–134). Ano ang mapapala natin sa pagkilala sa ating mga kahinaan at pagtanggap sa responsibilidad para dito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* I Mga Taga Corinto 10:13; 1 Nephi 15:23–25; Helaman 5:12; Eter 12:27; D at T 10:5

## *Mga Tala*


1. Sa Conference Report, Brisbane Australia Area Conference 1976, 19.
2. Sa "The Mission Experience of Spencer W. Kimball," *Brigham Young University Studies,* taglagas 1985, 126.
3. *The Miracle of Forgiveness* (1969), 21.
4. *The Miracle of Forgiveness,* 213.
5. "The Role of Righteous Women," *Ensign,* Nob. 1979, 104.
6. "President Kimball Speaks Out on Morality," *Ensign,* Nob. 1980, 94.
7. "How to Evaluate Your Performance," *Improvement Era,* Okt. 1969, 12.
8. "The Gospel of Repentance," *Ensign,* Okt. 1982, 2.
9. Sa Conference Report, Abr. 1979, 5; o *Ensign,* Mayo 1979, 6.
10. *The Miracle of Forgiveness,* 14–15.
11. *The Miracle of Forgiveness,* 176.
12. *Faith Precedes the Miracle* (1972), 87, 88.
13. "The Blessings and Responsibilities of Womanhood," *Ensign,* Mar. 1976, 71.
14. *Faith Precedes the Miracle,* 219.
15. *The Miracle of Forgiveness,* 215–17.
16. "Decisions: Why It's Important to Make Some Now," *New Era,* Abr. 1971, 3.
17. "President Kimball Speaks Out on Planning Your Life," *New Era,* Set. 1981, 50.
18. Sa Conference Report, Abr. 1976, 70; o *Ensign,* Mayo 1976, 46.
19. Sa Conference Report, Manila Philippines Area Conference 1975, 5.
20. *The Miracle of Forgiveness,* 15.
21. *The Miracle of Forgiveness,* 171.
22. *The Miracle of Forgiveness,* 209–10.
23. *The Miracle of Forgiveness,* 218–19.
24. *An Apostle Speaks to Youth—Be Ye Clean: Steps to Repentance and Forgiveness* (polyeto, 1970), 13.
25. Sa Conference Report, Abr. 1974, 6; o *Ensign,* Mayo 1974, 6.
26. Sa Conference Report, Okt. 1982, 4; o *Ensign,* Nob. 1982, 5.

# Masinop na Pamumuhay: Pagsunod sa mga Alituntunin ng Pagtayo sa Sariling mga Paa at Kahandaan

*Ang matalino at masinop na pamumuhay ay isang estilo ng pamumuhay na nagpapatatag sa pagkatao at nagdaragdag sa ating temporal, sosyal, emosyonal, at espirituwal na kapakanan.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Bilang batang mag-asawa, "alam" ni Spencer W. Kimball at ng kanyang maybahay na si Camilla "na hindi sila mayaman. Pero may trabaho sila at kakayahan. Alam nila kung paano pamahalaan ang sarili nilang pera, namuhay nang ayon sa kanilang kinikita, nag-impok para sa kinabukasan."[1]

Naranasan ng mga Kimball ang panahon ng laganap na kahirapan ng ekonomiya—Unang Digmaang Pandaigdig (1914–18), ang Malawakang Kahirapan (1929–39), at Ikalawang Digmaang Pandaigdig (1939–45). Dahil dumanas ng mga hamong ito, nasabi ni Pangulong Kimball, "Natakot ako sa nakita ng sarili kong mga mata na hindi gawin ang magagawa ko para maligtas laban sa mga kalamidad."[2]

Kasama ang mga paghihirap ng iba sa mga bagay na nakita niya: "Buong buhay ko mula pagkabata ay naririnig ko nang sinabi ng mga Kapatid, 'magbayad ng utang at umiwas sa utang.' Ilang taon akong nagtrabaho sa mga bangko at nakita ko ang nakakatakot na sitwasyon ng maraming tao dahil hindi nila pinansin ang mahalagang payong iyan."



*"Sundin natin ang mga alituntunin ng kahandaan ng sarili at ng pamilya sa pang-araw-araw nating buhay."*

Dagdag pa sa trabaho niya sa bangko, humawak ng libro si Spencer para sa ilang tindahan sa lugar. "Isa sa mga nakagugulat na bagay sa buhay ko na makita sa mga libro ang utang ng maraming tao sa komunidad na alam ko. Kilala ko sila. Tantiyado ko ang kanilang kinikita, at nakita ko rin ang pag-aaksaya nila niyon. Sa madaling salita, nakita ko na bumibili sila ng mga damit, sapatos, at lahat ng mayroon sila nang 'hulugan.'

"At nalaman ko na tungkulin kong sumahin ang mga bayarin nila tuwing katapusan ng buwan. At marami sa kanila ang hindi makabayad sa katapusan ng buwan. Ni hindi nila mabayaran ang mga hulog na isinaayos para sa kanila. At dahil pinalaki ako sa isang tahanang masinop sa pera, hindi ko ito maunawaan. Nauunawaan ko kung bakit bumibili ang isang tao ng bahay o marahil ng isang kotse nang hulugan. Pero hindi ko talaga maunawaan kung bakit nagsusuot ang sinuman ng mga damit na hindi kanila. O kumakain ng pagkaing binili nila 'nang hulugan.' "[3]

Sa kanyang mga turo binanggit ni Pangulong Kimball hindi lamang ang mga isyung pinansyal kundi pati ang iba pang mga bagay na nauugnay sa masinop na pamumuhay, tulad ng personal na responsibilidad, trabaho, at pagtatanim at pag-iimbak ng pagkain sa tahanan. Sabi niya: "Sundin natin ang mga alituntunin ng kahandaan ng sarili at ng pamilya sa pang-araw-araw nating buhay. 'Kung kayo ay handa kayo ay hindi matatakot' (D at T 38:30).[14]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Tayo ang responsable sa sarili nating kapakanang sosyal, emosyonal, espirituwal, pisikal, at pangkabuhayan.

Iniutos ng Panginoon sa Simbahan at mga miyembro nito na tumayo sa sariling mga paa at magsarili. (Tingnan sa D at T 78:13–14.)

Ang responsibilidad para sa kapakanang sosyal, emosyonal, espirituwal, pisikal, o pangkabuhayan ng bawat tao ay nakasalalay una sa kanyang sarili, ikalawa sa kanyang pamilya, at ikatlo sa Simbahan kung siya ay tapat na miyembro nito.

Walang tunay na Banal sa mga Huling Araw, na may kakayahang pisikal o emosyonal, na kusang ipapaako sa iba ang kapakanan niya o ng kanyang pamilya. Basta't kaya niya, sa ilalim ng inspirasyon ng Panginoon at sa sariling kayod, siya ang maglalaan sa kanyang sarili at kanyang pamilya ng espirituwal at temporal na mga pangangailangan sa buhay. (Tingnan sa I Kay Timoteo 5:8.)[5]

Sa paglalakbay at pagbisita namin sa mga tao sa buong mundo, nauunawaan namin ang malaking temporal na pangangailangan ng ating mga miyembro. At habang hinahangad natin silang tulungan, nalalaman natin ang malaking kahalagahan ng pagkatuto nila sa dakilang aral na ito: na ang pinakamalaking espirituwal na tagumpay ay dumarating kapag nadaraig natin ang laman. Pinatatatag natin ang pagkatao kapag hinihikayat natin ang mga tao na pangalagaan ang sarili nilang mga pangangailangan.[6]

Walang anumang pamimilosopo, pagdadahilan, o pangangatwiran ang babago sa pangunahing pangangailangang tumayo sa sariling mga paa. Ito ay totoo dahil:

"Lahat ng katotohanan ay nagsasarili sa yaong katayuan na pinaglagyan ng Diyos, . . . gaya rin ng lahat ng katalinuhan; kung hindi ay walang pagkabuhay." (D at T 93:30.) Ipinahayag ng Panginoon na narito ang "kalayaan ng tao" (tingnan sa D at T 93:31), at kaakibat ng kalayaang ito ang responsibilidad sa sarili. Sa kalayaang ito maaari tayong luwalhatiin o isumpa. Nawa ay mag-isa at sama-sama tayong makatayo sa sarili nating mga paa sa tuwina. Ito ang ating pamana at obligasyon.[7]

Labis na nating nabigyang-diin ang kahandaan ng sarili at ng pamilya. Sana ay angkop na tumutugon ang bawat miyembro ng Simbahan sa tagubiling ito. Sana rin ay nauunawaan at nabibigyang-halaga natin ang positibo at hindi ang negatibo. Gusto ko ang paraan ng pagtuturo ng Relief Society ng kahandaan ng sarili at ng pamilya bilang "masinop na pamumuhay." Nagpapahiwatig ito ng pagsisinop ng ating kabuhayan, matalinong pagpaplano ng pananalapi, lubos na paglalaan para sa personal na kalusugan, at sapat na paghahanda para sa edukasyon at pagtatrabaho, na nagbibigay ng angkop na pansin sa pagtatanim at pag-iimbak

ng pagkain sa tahanan gayundin sa pagkakaroon ng tibay ng damdamin.[8]

---

**Pinayuhan tayong magtanim at mag-imbak ng pagkain sa tahanan.**

Hinimok ng Panginoon ang kanyang mga tao na mag-impok para sa tag-ulan, maghanda para sa kahirapan, at magtabi para sa mga emerhensiya, ng isang taon o mahigit pang suplay ng mga pangunahing pangangailangan upang pagsapit ng baha, lindol, taggutom, bagyo, mga unos sa buhay, ay malalampasan ng ating pamilya ang hirap.[9]

Hinihikayat namin kayong magtanim ng lahat ng pagkaing kaya ninyong itanim sa sarili ninyong bakuran. Mga duhat, ubas, punungkahoy—itanim ito kung angkop ang klima ninyo sa paglago nito. Magtanim ng mga gulay at kainin ito mula sa inyong sariling bakuran. Kahit yaong nakatira sa mga apartment o condominium ay makapagtatanim ng kaunting pagkain sa mga paso at lata. Pag-aralan ang pinakamaiinam na pamamaraan sa paglalaan ng sarili ninyong pagkain. Gawing malinis at kaakit-akit at mabunga ang inyong halamanan. Kung may mga bata sa inyong tahanan, bigyan sila ng takdang mga responsibilidad sa proseso.[10]

Sana ay maunawaan natin na, habang ang pagkakaroon ng halamanan. . . ay madalas makatulong sa pagbawas ng gastos sa pagkain at naglalaan ng masarap at sariwang prutas at gulay, higit pa rito ang nagagawa nito. Sino ang makakasukat sa halaga ng espesyal na pag-uusap ng isang dalaga at ng Tatay niya habang nagbubunot ng damo o nagdidilig sa halamanan? Paano natin masusuri ang buting dulot ng hayagang mga leksyon sa pagtatanim, paglilinang, at walang hanggang batas ng anihan? At paano natin matatawaran ang pagsasama ng pamilya at pagtutulungang kaakibat ng matagumpay na paggawa ng de-lata? Oo, nagtatabi tayo ng kabuhayan, ngunit marahil ang higit na mabuti ay nasa mga leksyon sa buhay na natututuhan natin sa *masinop na pamumuhay*.[11]

Hinihikayat namin ang mga pamilya na magkaroon nitong isang taong suplay, at paulit-ulit naming sinasambit ang banal na kasulatan ng Panginoon kung saan sinabi Niya, "Bakit tinatawag ninyo ako, Panginoon, Panginoon, at di ninyo ginagawa ang mga bagay na aking sinasabi?" [Lucas 6:46.] Walang saysay na gamitin nila ang tinatawag nilang espirituwalidad, at tawagin siya sa mahahalaga niyang pangalan, ngunit mabigong gawin ang mga bagay na kanyang sinasabi.[12]

Habang yumayaman tayo at lumalaki ang impok natin sa bangko, nakasisiguro tayo, at nadarama natin kung minsan na hindi natin kailangan ang suplay na iminungkahi ng mga Kapatid. . . . Dapat nating tandaan na nagbabago ang mga kalagayan at labis nating pasasalamatan o ng iba ang isang taong suplay ng mga pangunahing bagay. Kaya nga makabubuting makinig tayo sa sinabi sa atin at sundin ito nang hayagan.[13]

---

**Dapat nating pagtrabahuhan ang natatanggap natin.**

Patungkol sa lahat ng panahon sa ating buhay, naniniwala ako na dapat tulungan ng tao ang kanilang sarili. Dapat silang magararo at magtanim at maglinang at mag-ani at huwag asahang magkaroon ng makakain nang dahil sa kanilang pananampalataya.[14]

Ang trabaho ay pangangailangang espirituwal at pangkabuhayan.[15]

Ang pagtatrabaho ay naghahatid ng kaligayahan, pagpapahalaga sa sarili, at kasaganaan. Ito ang paraan sa lahat ng tagumpay; kabaligtaran ito ng katamaran. Inutusan tayong magtrabaho. (Tingnan sa Gen. 3:19.) Ang mga pagtatangkang matamo ang ating temporal, sosyal, emosyonal, o espirituwal na kapakanan dahil sa bigay ay paglabag sa banal na batas na dapat nating pagtrabahuhan ang natatanggap natin.[16]

Hindi na tayo dapat paalalahanan nang madalas na ang tulong pangkapakanan ng Simbahan ay espirituwal ang diwa at ang espirituwal na mga ugat na ito ay maluluoy kung tutulutan natin ang anumang gaya ng pilosopiya ng paglilimos na pumasok sa pamamahala natin sa Welfare Services. Sinumang natulungan ay may magagawa. Sundin natin ang sistema ng Simbahan tungkol



*"Ang pagtatrabaho ay naghahatid ng kaligayahan, pagpapahalaga sa sarili, at kasaganaan. Ito ang paraan sa lahat ng tagumpay; kabaligtaran ito ng katamaran."*

dito at tiyakin na lahat ng makatanggap ay maglilingkod bilang kapalit. Nawa ay mag-ingat tayo sa pagtanggap ng mga makamundong kapalit ng plano na pangalagaan ang kanyang mahihirap na tao sa ganitong paraan ng Panginoon.[17]

Ang paraan ng Panginoon ay nagtatatag ng pagpapahalaga sa sarili at nagbibigay at nagpapalinis ng dangal ng tao, samantalang ang paraan ng mundo ay nagpapababa sa pagtingin ng tao sa kanyang sarili at nagpapatindi ng galit.

Ang paraan ng Panginoon ay nagtutulak sa tao na bilisan ang kanyang mga pagsisikap na tumayong muli sa sariling mga paa, bagama't maaaring pansamantala niyang kailanganin ang tulong at pag-alalay dahil sa mga natatanging kalagayan. Ang paraan ng mundo ay nagpapalubha sa pagsandig ng tao sa mga programang pangkapakanan at nahihilig siyang higit pang umasa sa halip na mahikayat siyang bumalik sa pagsasarili.

Ang paraan ng Panginoon ay tumutulong sa ating mga miyembro na magkaroon ng patotoo sa kanilang sarili tungkol sa ebanghelyo ng pagtatrabaho. Dahil ang trabaho ay mahalaga sa kaligayahan ng tao gayundin sa pagiging mabunga niya sa mga gawain. Ang paraan ng mundo, gayunman, ay lalo't higit na nagbibigay-diin sa paglilibang at pag-iwas sa trabaho.[18]

Tama lang ang magtrabaho. Bawat lalaki at babae at bata ay dapat magtrabaho. Maging mga batang paslit ay dapat matutong makihati, tumulong sa pag-aayos ng bahay at bakuran, magtanim sa halamanan, magtanim ng mga puno, mamitas ng prutas, at gawin ang lahat ng kailangang gawin, dahil iyon ay nagpapatatag sa kanilang pagkatao at pananampalataya at pag-uugali.

Nais namin na bigyan ninyong mga magulang ng magagawa ang inyong mga anak. Igiit na mag-aral sila ng leksyon sa paaralan. Huwag silang payagan na palagi na lang maglaro. May oras para maglaro, may oras para magtrabaho, at may oras para mag-aral. Siguruhing lumaki ang inyong mga anak ayon sa alam ninyong dapat nilang paglaki.[19]

Trabaho ang dapat maging tuntunin sa buhay ng mga miyembro ng ating Simbahan. (Tingnan sa D at T 42:42; 75:29; 68:30–32; 56:17.)[20]

---

**Maaari tayong tumayo sa sarili nating mga paa sa pamamagitan ng pag-iimpok, pag-iwas sa utang, at pamumuhay nang naaayon sa ating kita.**

Handa ba kayo at protektado laban sa kamatayan, sakit, matagalang pagkalumpo ng naghahanapbuhay sa pamilya? Gaano katagal kayo makakatiis kung wala nang kita? Anu-ano ang mga naitabi ninyo? Gaano katagal kayo makakabayad sa bahay, kotse, kasangkapan, muwebles? . . .

Ang unang reaksyon ay: Hindi namin kaya. Hindi nga namin kayang bayaran ang lahat ng pangangailangan namin sa buhay. . . . Kung hirap kayong magbayad kahit tumataas ang suweldo ninyo, maganda ang trabaho, walang sakit, maraming nagagawa, bata pa, paano ninyo tutugunan ang mga emerhensiya kapag nawalan kayo ng trabaho, nagkasakit at iba pang di inaasahang problema ang lumitaw?[21]

Hindi ninyo dapat gastusin ang lahat ng kita ninyo. Dapat mag-impok ng pera para sa mga misyon at pag-aaral ng inyong mga anak. Maaari silang bigyan ng mga responsibilidad at maliliit na gawain para makatulong din silang makaipon ng pondo at sa halip na gastusin ang maliliit na kitang iyon, iipunin nila iyon para sa mga dakilang layuning ito. Nangangahulugan ito na hindi magpapaluho ang mga magulang ngayon, pero mas malaking pakinabang ang darating sa hinaharap.[22]

Umiwas sa utang. . . . Lahat ngayon ay parang nahihilig mangutang. "Kunin ang inyong mga (credit) card, at bilhin ang lahat nang hulugan": hinihikayat kayong gawin ito. Pero ang totoo ay ***hindi*** natin kailangang gawin ito para mabuhay.[23]

Iniisip namin kung ano ang gagawin ng mga miyembro natin na ginagastos ang lahat ng kita nila at higit pa. Kung magbawasan sa trabaho at suweldo, paano na? Sobra ba ang gastos ninyo kaysa kinikita? May utang ba kayo na hindi ninyo mababayaran kung bumagsak ang ekonomiya? May naitabi ba kayo kung may mangyari mang masama?[24]

Magplano at magtrabaho sa paraang magpapaligaya sa inyo kahit wala kayo ng ilang bagay na makukuha sana ninyo sa oras ng kasaganaan. Mamuhay ayon sa inyong kinikita at huwag sosobra doon. . . . Matalino at maingat ninyong bilhin ang inyong mga pangangailangan. Sikaping magtabi ng bahagi ng inyong kinikita. Huwag ipagkamaling pangangailangan ang maraming gusto.[25]

Matuto tayong mamuhay nang mag-isa, bilang mga pamilya, at bilang mga ward at stake nang ayon sa ating kita. May lakas at kaligtasan sa alituntuning ito. May nagsabi na yumayaman tayo kapag nabubuhay tayo kahit wala ang ilang bagay. Bilang mga pamilya at bilang Simbahan, kaya at dapat nating ilaan ang *tunay na mahalaga* para sa ating mga miyembro, ngunit ingatan nating huwag maghangad ng higit pa rito o para sa mga layuning walang tuwirang kaugnayan sa kapakanan ng ating pamilya at sa pangunahing misyon ng Simbahan.[26]

**Ang kahandaan ay isang uri ng pamumuhay na may sariling mga gantimpala.**

Ang kahandaan, kapag wastong hinangad, ay isang uri ng pamumuhay, hindi biglaan at kahanga-hangang programa.[27]

Matutukoy natin ang lahat ng bahagi ng kahandaan ng sarili at ng pamilya, hindi sa oras ng malaking pinsala o kapahamakan, kundi sa paglilinang ng isang estilo ng pamumuhay na siya ring gantimpala nito sa araw-araw.

Gawin natin ang mga bagay na ito dahil ito ay tama, dahil ito ay nakasisiya, at dahil sumusunod tayo sa mga payo ng Panginoon. Sa diwang ito magiging handa tayo anuman ang mangyari, at pasasaganain at aaliwin tayo ng Panginoon. Totoo na darating ang kahirapan—dahil sinabi ito ng Panginoon—at, oo, ang mga stake ng Sion ay "isang tanggulan, at isang kanlungan mula sa bagyo." (D at T 115:6.) Ngunit kung matalino at masinop tayong namumuhay, maliligtas tayo sa Kanyang kamay.[28]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Sabihin nang nakaugnay ang ating buhay sa mga pamilya, kaibigan, Simbahan, at komunidad, ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng tumayo sa sariling paa at magsarili? (Tingnan sa mga pahina 139–140.)
- Itinuro ni Pangulong Kimball na ang "kapakanang sosyal, emosyonal, espirituwal, pisikal, [at] pangkabuhayan" ay mga elemento ng masinop na pamumuhay (pahina 139). Sa anong mga paraan nauugnay ang kapakanang espirituwal sa iba pang mga elemento?
- Habang pinag-aaralan ninyo ang bahaging nagsisimula sa pahina 141, isipin kung gaano kayo kahanda para sa "mga unos sa buhay." Paano tayo higit na makapaghahanda?

- Anong mga pakinabang maliban sa pagkain ang maidudulot ng isang halamanan sa pamilya? (Tingnan sa pahina 141.)
- Sabi ni Pangulong Kimball "ang trabaho ay pangangailangang espirituwal" (pahina 142). Anong mga espirituwal na pakinabang ang naranasan ninyo sa pagtatrabaho? Sa anong mga paraan natin matutulungan ang ating mga anak na malaman ang kahalagahan ng trabaho?
- Ano sa palagay ninyo ang kaibhan ng gusto sa pangangailangan? Anong mga pag-uugali ang makakapigil sa ating mga gusto? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 144 at ang mga kuwento sa mga pahina 137–139.) Ano ang mga pakinabang ng pagkakaroon ng badyet? Anong tulong ang gagabay sa atin sa pagbabadyet ng ating kabuhayan?
- Basahin ang bahaging nasa pahina 146. Sa anong mga paraan maghahatid ng pang-araw-araw na mga gantimpala ang kahandaan?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Genesis 41:14–57; 2 Nephi 5:17; D at T 29:8–11

## *Mga Tala*

1. Edward L. Kimball at Andrew E. Kimball Jr., *Spencer W. Kimball* (1977), 99.
2. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball (1982), 372.
3. Sa Conference Report, Abr. 1975, 166–67.
4. Sa Conference Report, Okt. 1978, 114; o *Ensign,* Nob. 1978, 75.
5. Sa Conference Report, Okt. 1977, 124; o *Ensign,* Nob. 1977, 77–78.
6. Sa Conference Report, Okt. 1977, 123; o *Ensign*, Nob. 1977, 77.
7. Sa Conference Report, Abr. 1978, 120; o *Ensign*, Mayo 1978, 79.
8. Sa Conference Report, Okt. 1977, 125; o *Ensign*, Nob. 1977, 78.
9. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 374.
10. Sa Conference Report, Abr. 1976, 170–71; o *Ensign,* Mayo 1976, 124.
11. Sa Conference Report, Okt. 1977, 125; o *Ensign,* Nob. 1977, 78.
12. Sa Conference Report, Abr. 1976, 171; o *Ensign,* Mayo 1976, 125.
13. Sa Conference Report, Abr. 1976, 170; o *Ensign,* Mayo 1976, 124.
14. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 370.
15. Sa Conference Report, Abr. 1981, 107; o *Ensign,* Mayo 1981, 80.
16. Sa Conference Report, Okt. 1977, 124; o *Ensign,* Nob. 1977, 77.
17. Sa Conference Report, Abr. 1978, 119–20; o *Ensign,* Mayo 1978, 79.
18. Sa Conference Report, Abr. 1976, 172; o *Ensign,* Mayo 1976, 125.
19. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 360–61.
20. Sa Conference Report, Okt. 1977, 124; o *Ensign,* Nob. 1977, 77.
21. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 372.

22. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 371–72.
23. Sa Conference Report, Abr. 1976, 171; o *Ensign,* Mayo 1976, 125.
24. Sa Conference Report, Okt. 1974, 7; o *Ensign,* Nob. 1974, 7.
25. Sa Conference Report, Abr. 1981, 107, 108; o *Ensign,* Mayo 1981, 80.
26. Sa Conference Report, Abr. 1981, 63; o *Ensign,* Mayo 1981, 46.
27. Seminar ng mga kinatawan ng rehiyon, Set. 30, 1976, Archives of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 8.
28. Sa Conference Report, Okt. 1977, 125–26; o *Ensign,* Nob. 1977, 78.

# Integridad


*Magkaroon sana tayo ng integridad—ang uri ng kaluluwa na labis nating binibigyang halaga sa iba.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Bago siya natawag na Apostol, aktibo si Spencer W. Kimball sa negosyo at komunidad sa Arizona. Kapartner siya sa negosyong insurance at real estate at kasali sa mga organisasyong pangserbisyo sa lugar at sa buong estado. Sa mga bagay na ito, kilala siya sa kanyang katapatan at integridad. Nasusulat tungkol sa kanya: "Personal na kabutihan ang katangiang napapansin ng mga tao kay Spencer W. Kimball. . . . Lagi siyang tapat, tumutupad sa pangako at nakikipagkasundo nang may katapatan at walang halong panlilinlang."[1]

Ang integridad ay bahagi ng kanyang pagkatao mula pa sa pagkabata, tulad ng mamamalas sa sumusunod na kuwento: "Nanghiram ng isang kabayo at isang lumang kalesang magagamit si Spencer at ilang batang lalaki nang mag-field trip ang klase nila sa agham sa paaralan. Sa mabakong daan nabali ang muwelye ng kalesa. Kinabukasan nagpaliwanag si Spencer sa kanyang mga kaibigan, 'Dapat tayong mag-ambagan para sa nabaling muwelye,' pero walang tumulong. Hinikayat niya sila, at sinabing, 'Mababayaran ang muwelyeng iyan, kahit ako lang mag-isa.'[2]

Sa pagsasalita sa isang pangkalahatang miting ng priesthood noong Oktubre 1974, binanggit ni Pangulong Marion G. Romney, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ang halimbawa ni Pangulong Kimball: "Sa mga taong lumipas naging huwaran siya ng integridad. Walang nagdududa na gagampanan niya ang sagradong tungkuling ipinagkatiwala sa kanya ng Panginoon kahit ikamatay pa niya. . . . Kayluwalhati sana, mga lalaki ng priesthood, kung lahat tayo ay may integridad ng isang Pangulong Kimball."[3]



*Si Daniel ay "isang bihag at alipin ngunit isa ring propeta ng Diyos na handang mamatay para sa kanyang mga paniniwala. Pinahalagahan ba ang integridad?"*

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Ang integridad ay mahalaga sa mabuting pagkatao.

Ang integridad (kahandaan at kakayahang ipamuhay ang ating mga paniniwala at pangako) ay isa sa mga saligang bato ng mabuting pagkatao, at kung hindi mabuti ang pagkatao ng isang tao wala siyang pag-asang makapiling ang Diyos dito o sa kawalang-hanggan.[4]

Ang integridad ay isang kalagayan o kalidad ng pagiging ganap, buo, o walang sira. Ito ay pagiging buo at walang kakulangan. Ito ay kadalisayan at katatagang moral. Ito ay dalisay at taos-pusong katapatan. Ito ay katapangan, isang katangian ng tao na hindi matatawaran. Ito ay katapatan, katuwiran, at kabutihan. Alisin ninyo ang mga ito at walang matitira kundi kahungkagan. . . .

Ang integridad sa mga tao at grupo ay hindi pagtatanong ng, "Ano ang iisipin ng ibang tao sa akin, at sa mga gawi ko?" kundi, "Ano ang iisipin ko sa aking sarili kung magawa ko ito o hindi ko magawa iyon?" Angkop ba ito? Tama ba ito? Sasang-ayon ba ang Guro? . . .

Ang integridad sa tao ay dapat maghatid ng kapayapaan ng kalooban, katiyakan ng layunin, at seguridad sa pagkilos. Kabaligtaran ang hatid ng kawalan nito: di-pagkakaisa, takot, kalungkutan, kawalang-katiyakan.[5]

Makabubuti kung madalas nating iisiping lahat na baka may nakatago o nalimutan tayo sa ating buhay na may kaunting bahid ng pagkukunwari at kapangitan o kamalian. O mayroon kaya tayong ilang maliliit na kasalanan at kasinungalingang binibigyang-dahilan o pinangangatwiranan? May mga nagawa ba tayong kasalanan na inaakala nating hindi mapapansin? Sinisikap ba nating itago ang maliliit na kakitiran ng isipan at kasiyahang lihim nating ginagawa—na pinangangatwiranan na walang halaga at balewala ang mga ito? May mga bahagi ba sa ating isipan at kilos at pag-uugali na gusto nating itago sa mga taong labis nating iginagalang?[6]

**Nagpapamalas tayo ng integridad sa pagtupad sa ating mga tipan nang may dangal.**

Kapag nakikipagtipan o nakikipagkasundo tayo sa Diyos, dapat natin itong tuparin anuman ang kapalit. Huwag tayong gumaya sa estudyanteng pumapayag na ipamuhay ang ilang pamantayan ng asal at pagkatapos ay sinisira ang kanyang sumpa at tinitingnan kung gaano katagal niya maitatago ang kanyang panloloko. Huwag tayong gumaya sa misyonerong pumapayag na maglingkod sa Panginoon nang dalawang taon, pagkatapos ay sinasayang ang kanyang oras sa katamaran at pangangatwiran. Huwag tayong gumaya sa miyembro ng Simbahan na nakikibahagi sa sakrament sa umaga, pagkatapos ay nilalapastangan ang Sabbath sa hapong iyon.[7]

Kapag hindi natin pinahalagahan ang ating mga tipan, mapipinsala natin ang ating sariling kawalang-hanggan. . . . Madaling magdahilan at nakakaakit mangatwiran, pero ipinaliwanag ng Panginoon sa makabagong paghahayag na "kung ating tatangkaing pagtakpan ang ating mga kasalanan, o bigyang-kasiyahan ang ating kapalaluan, [o] ang ating walang kabuluhang adhikain . . . ang kalangitan ay lalayo; ang Espiritu ng Panginoon ay magdadalamhati; at . . . [ang tao] ay naiwan sa kanyang sarili, upang sumikad sa mga tinik" (D at T 121:37–38).

Siyempre, puwede tayong mamili; may kalayaan tayong pumili, pero hindi natin matatakasan ang mga kahihinatnan ng ating mga pasiya. At kung mahina ang ating integridad, diyan tayo titirahin ng diyablo.[8]

Ang mga pakikipagtipan natin sa Diyos ay may kasamang mga pangakong *gagawin*, tulad ng paggawa ng kabutihan at pag-iwas sa kasalanan, at hindi lamang pag-iwas sa bagay na hindi dapat gawin. Nakipagtipan nang gayon ang mga anak ni Israel sa pamamagitan ni Moises, at sinabi, "Yaong lahat na sinalita ng Panginoon ay *aming gagawin*" (Exodo 19:8, idinagdag ang italics), bagama't halos katatalikod pa lang ni Moises ay sinira na nila ang kanilang pangako at gumawa ng mali. Sa tubig ng binyag gayon din ang ipinapangako natin at pinaninibago natin ito sa



*"Ang mga pakikipagtipan natin sa Diyos ay may kasamang mga pangakong gagawin, tulad ng paggawa ng kabutihan at pag-iwas sa kasamaan, at hindi lamang pag-iwas sa bagay na hindi dapat gawin*

ordenansa ng sakrament. Ang hindi paggalang sa mga pangakong ito, ang pagtangging maglingkod o tumanggap ng responsibilidad at hindi ito gampanan nang husto, ay kasalanan. . . .

Ang mga maytaglay ng Melchizedek Priesthood at yaong tumanggap ng kanilang mga endowment sa templo ay gumawa pa ng mga natatanging pangakong *gumawa*, gumawa ng kabutihan. Ipinahayag ng Panginoon ang mga pangako sa isa't isa ng Ama sa Langit at ng mga maytaglay ng priesthood bilang isang "sumpa at tipan." [D at T 84:39.]. . . Sinusuway ng isang tao ang tipan sa priesthood sa pamamagitan ng paglabag sa mga utos—ngunit gayundin sa hindi pagganap sa kanyang mga tungkulin. Alinsunod dito, ***buwag lang kumilos ang isang tao ay nasuway na niya ang tipang ito.***[9]

Tuparin ang inyong mga pangako. Panatilihin ang inyong integridad. Ipamuhay ang inyong mga tipan. Ibigay sa Panginoon ngayong taon at taun-taon ang inyong katapatan at lubos na

pananampalataya. Gawin ito "nang may dangal" at pagpapalain kayo ngayon at magpakailanman.[10]

---

**Kung mandaraya tayo, niloloko natin ang ating sarili.**

Ang pag-iral at paglaganap ng halos lahat ng pandaraya ay dahil sa pangit na saloobing tinatawag nating pangangatwiran. Ito ang una, at pinakamalala, at pinakamapanlinlang na anyo ng pandaraya: Dinadaya natin ang ating sarili.[11]

Ang pangangatwiran ay kaaway ng pagsisisi. Patuloy ang Espiritu ng Diyos sa pagpapalakas, pagtulong, at pagliligtas sa pusong tapat, ngunit tiyak na tumitigil ang Espiritu ng Diyos sa pagtulong sa taong nagdadahilan sa ginawang kamalian.[12]

Sinabi ng ating Tagapaglikha sa mensaheng nakaukit sa Sinai, "Huwag kang magnanakaw." [Exodo 20:15.] Muli itong iginiit patungkol sa Panunumbalik, "Huwag kayong magnakaw." (D at T 59:6.)

Sa katungkulang pampubliko at sa pribadong buhay, dumadagundong ang salita ng Panginoon: "Huwag kayong magnakaw; . . . ni gumawa ng anumang bagay tulad nito." (D at T 59:6.)

Natatagpuan natin ang ating sarili na nangangatwiran sa lahat ng uri ng pagiging hindi matapat, kabilang na ang pang-uumit sa tindahan, na isang hamak at abang gawain ng milyun-milyong nagsasabi na sila ay kagalang-galang at disenteng tao.

Ang pagiging hindi matapat ay nangyayari sa maraming iba't ibang anyo: . . . sa paglalaro sa pag-ibig at damdamin para magkapera; pagnanakaw ng benta ng tindahan o pagnanakaw ng mga kagamitan mula sa mga pinaglilingkuran; pandaraya sa mga libro; . . . sa pagpapalibre sa buwis; pangungutang sa gobyerno o pribadong tao na walang balak magbayad; pagpapahayag ng di-makatarungan at di-wastong pagkalugi upang makaiwas sa pagbabayad ng mga utang; pagnanakaw ng pera sa kalsada o sa tahanan at iba pang mahahalagang ari-arian; pagnanakaw ng *oras*, pagtatrabaho nang kulang sa oras; pagsakay sa mga pampublikong sasakyan nang hindi nagbabayad ng pamasahe; at lahat ng anyo ng pagiging hindi matapat sa lahat ng dako at sa lahat ng kalagayan. . . .

"Ginagawa iyon ng lahat" ang madalas na idahilan. Walang lipunang uunlad kung walang katapatan, pagtitiwala, at pagpipigil sa sarili.[13]

Mandaraya ang taong bibili nang higit sa kaya niyang bayaran. Ito ay pandaraya. Walang dangal ang hindi magbayad nang tapat sa kanyang mga utang. Sa tingin ko lahat ng luhong tinatamasa ng isang tao na nakapapahamak sa isang nagpautang ay malaking katiwalian. . . . Hindi palaging kahiya-hiya ang mangutang, ngunit talagang kahiya-hiya ang hindi magbayad ng mga utang.[14]

Maaaring medyo maghirap ang isang taong pinagnakawan ng kaunti o malaking halaga o ng mga bagay, ngunit nakapanlulumo at nakakaaba ang prosesong ito sa nagnakaw.[15]

---

**Nakakaimpluwensya ang pamantayan ng ating integridad sa ating pamilya at sa iba.**

Ang isang magulang na pinababata ang edad ng anak para makaiwas sa pagbabayad nang buo sa mga sinehan at eroplano at tren at bus ay tinuturuang mandaya ang bata. Hindi niya malilimutan ang mga leksyong ito. Tinutulutan ng ilang magulang na labagin ng anak ang batas ukol sa mga paputok, paggamit ng baril, pamimingwit at pangangaso nang walang lisensya. Tinutulutang magmaneho ang mga anak nang walang lisensya o pinatatanda ang kanilang edad. Yaong nangunguha ng maliliit na bagay nang hindi nagpapaalam, tulad ng bunga ng puno mula sa bakuran ng kapitbahay, bolpen mula sa lamesa, pakete ng babolgam mula sa bukas na estante, lahat ay tahimik na nagtuturo na walang masama sa pagnanakaw ng kaunti at pagsisinungaling.[16]

Ang mga magulang na "pinagtatakpan" ang kanilang mga anak, inihihingi sila ng paumanhin at binabayaran ang kanilang ninakaw, ay nawawalan ng mahalagang pagkakataong maturuan ng leksyon ang anak kaya't lalong napapahamak ang kanilang anak. Kung ipasasauli sa bata ang pera o lapis o prutas kasabay ng paghingi ng paumanhin, malamang na matigil ang hilig niyang magnakaw. Kung hahangaan siya at gagawing munting bayani, kung ituturing na biro ang kanyang pagnanakaw, malamang na lalo pa siyang magnakaw.[17]

Dapat turuan ng mga magulang ang lumalaki nilang mga anak ng paggalang sa pag-aari at karapatan ng iba sa pamamagitan ng halimbawa at tuntunin. Ang mga magulang na pahihingin ng tawad ang kanilang mga anak at pababayaran at ipapabalik sa kanila—nang siguro ay doble o triple pa—ang kanilang ninakaw, nabasag, o nasira—magiging mararangal na mamamayan ang mga batang iyon at magdudulot ng karangalan at kaluwalhatian sa kanilang mga magulang. Ang mga magulang na gumagalang mismo sa batas at kaayusan at sumusunod sa lahat ng patakaran, sa pamamagitan ng huwarang iyon at sa kanilang pagsang-ayon o di pagsang-ayon, ay dinidisiplina at pinoprotektahan ang kanilang mga anak laban sa kaguluhan at paghihimagsik.[18]

Hinihimok namin kayong turuan ang inyong mga anak ng karangalan at integridad at katapatan. Posible ba na hindi alam ng ilang anak natin kung gaano kalubhang kasalanan ang magnakaw? Hindi kapani-paniwala—ang kalalaan ng paninira, pagnanakaw, panloloob, at pang-uumit. Protektahan ang inyong pamilya laban dito sa pamamagitan ng wastong pagtuturo.[19]

Tiyakin nating isama sa mga home evening ang leksyon tungkol sa katapatan at integridad.[20]

Maaaring malakas ang kalaban natin, pero dapat nating ituro sa ating mga anak na ang kasalanan ay kasalanan. Tinutulutang makalusot ang pandaraya ng mga bata sa isports at mga laro. Ang pandarayang ito ay umiiral din sa kolehiyo at maging sa propesyon at negosyo. Maliban pa sa ito ay mali, maling-mali, pinahihina rin nito ang pinakapundasyon ng kanilang kultura at pagkatao.[21]

Sa tren mula New York patungong Baltimore ay umupo kami sa bagon na kainan sa tapat ng isang mangangalakal at nagsabi, “Bihirang umulan [na]ng ganito sa Lungsod ng Salt Lake.”

Di nagtagal at napunta ang pag-uusap sa ginintuang tanong: “Gaano ang nalalaman mo tungkol sa Simbahan?”

“Kaunti lamang ang nalalaman ko tungkol sa Simbahan,” sabi niya, “ngunit may kilala akong kasapi nito.” Nagtatayo siya ng mga subdibisyon sa New York. “May isang pangalawang kontratista na gumagawa para sa akin,” pagpapatuloy niya. “Siya ay lubhang

tapat at may integridad na hindi ko siya kailanman [hinilingan] na sumali sa subasta sa isang gawain. Siya ang dakilang halimbawa ng karangalan. Kung ang mga Mormon ay tulad ng lalaking ito, gusto kong malaman ang tungkol sa isang simbahan na nakagagawa ng ganitong karangal na mga tao." Iniwanan namin siya ng babasahin at ipinadala ang mga misyonero upang turuan siya.[22]

---

## Ang mga banal na kasulatan ay naglalaan ng mga halimbawa ng dakilang katapangan at integridad.

Kaylaki ng paghanga ng isang tao kay Pedro . . . nang makita siyang nakatayo nang buong tikas at katapangan at lakas sa harap ng mga hukom at pinunong puwede siyang ipakulong, ipahagupit, at baka nga ipapatay pa. Para nating naririnig ang walang takot na mga salitang iyon nang harapin niya ang kanyang mga kaaway at sinabing: "Dapat muna kaming magsitalima sa Dios bago sa mga tao." (Mga Gawa 5:29.)

Tumitig si Pedro sa mga mata ng madla at pinatotohanan sa kanila ang Diyos na kanilang ipinako sa krus [tingnan sa Mga Gawa 3:13–15]. . . .

Sa mga nakarinig sa patotoo at utos na ito, 5,000 katao ang nakakita sa labis na katapangan at integridad na ito! At 5,000 katao ang naniwala.

Balikan natin si Daniel, isang bihag at alipin ngunit isa ring propeta ng Diyos na handang mamatay para sa kanyang mga paniniwala. Pinahalagahan ba ang integridad? Ipinamuhay ni Daniel ang ebanghelyo. . . . Sa hukuman ng hari, halos walang maipintas sa kanya, ngunit kahit para sa isang pinuno ay ni hindi siya uminom ng alak ng hari ni nagpakabundat sa karne at masasarap na pagkain. Ang kanyang kahinahunan at kadalisayan ng kanyang pananampalataya ay nagbigay sa kanya ng kalusugan at karunungan at kaalaman at kasanayan at pang-unawa, at napalapit siya sa kanyang Ama sa langit dahil sa kanyang pananampalataya, at dumating sa kanya ang mga paghahayag tuwing kailangan niya. Ang pagbubunyag niya ng mga panaginip ng hari at mga interpretasyon niyon ay naghatid sa kanya ng karangalan at papuri at mga handog at mataas na katungkulang nais kamtin

ng maraming tao kahit ipagbili nila ang kanilang kaluluwa. Pero nang papiliin siya kung titigil siya sa pagdarasal o itatapon siya sa kulungan ng mga leon, hayagan siyang nagdasal at nagpailalim sa parusa. [Tingnan sa Daniel 1–2, 6.]

Ipinaaalala natin sa ating sarili ang integridad ng tatlong Hebreo na sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego, na gaya ni Daniel ay hinamon ang mga tao at pinuno, na magpakatotoo sa sarili at manalig sa kanilang pananampalataya. Inutusan sila ng batas ng emperador na lumuhod at sambahin ang isang malaking imaheng ginto na ipinagawa ng hari. Bukod pa sa pagkawala ng reputasyon at posisyon, at napagalit ang hari, hinarap nila ang nagniningas na hurno sa halip na itakwil ang kanilang Diyos.

. . . Nang umalingawngaw sa buong paligid ang tunog ng tambuli, plauta, alpa, at iba pang instrumento at pinuno ng mga lalaki't babae sa lahat ng dako ang kanilang tahanan at mga lansangan ng nangakaluhod na nagsisisamba sa malaking imaheng ginto, tatlong lalaki ang tumangging insultuhin ang tunay nilang Diyos. Nagdasal sila sa Diyos, at nang harapin sila ng napopoot at galit na haring emperador, matapang silang sumagot sa harap ng tiyak na kamatayan:

"Narito, ang aming Dios na aming pinaglilingkuran ay makapagliligtas sa amin sa mabangis na hurnong nagniningas; at ililigtas niya kami sa iyong kamay, Oh hari.

"Nguni't kung hindi, talastasin mo, Oh hari, na hindi kami mangaglilingkod sa iyong mga dios, ni magsisisamba man sa larawang ginto na iyong itinayo." (Daniel 3:17–18.)

Integridad! Ang mga pangako ng buhay na walang hanggan mula sa Diyos ay nakahihigit sa lahat ng pangako ng tao na kabantugan, kaginhawahan, katiwasayan. Sinabi ng mga taong ito na matapang at may integridad, "Hindi namin kailangang mabuhay, pero kailangan naming magpakatotoo sa aming sarili at sa Diyos.". . .

Sa pagsisikap nating maging perpekto ay walang kabutihan na higit na mahalaga kaysa sa [integridad] at katapatan. Hayaan kung gayon na tayo ay maging buo, hindi nadadaig, dalisay,



*Minabuti nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego na "humarap sa nagniningas na hurno kaysa itakwil nila ang kanilang Diyos." Iniligtas sila ng Panginoon mula sa apoy.*

at tapat, upang paunlarin sa ating sarili ang katangiang iyon ng kaluluwa na labis nating [binibigyang halaga] sa iba.[23]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Rebyuhin ang ikalawang talata sa pahina 149. Ano ang mga katangian ng pagkatao na nahayag sa reaksyon ng batang si Spencer? Ano kayang mga katulad nito ang nararanasan natin ngayon?

- Pag-aralan ang unang apat na talata sa pahina 151, na hinahanap ang mga salitang ginamit ni Pangulong Kimball sa pagpapaliwanag ng integridad. Kailan ninyo namalas na nagdudulot ng "kapayapaan ng kalooban, katiyakan ng layunin, at seguridad sa pagkilos" ang integridad? Kailan ninyo nakita na pinagsisimulan ng "di-pagkakaisa, takot, kalungkutan, kawalang-katiyakan" ang kawalan ng integridad?
- Anong ilang pag-uugali tungkol sa mga tipan ang humahadlang sa pagkakaroon ng integridad ng isang tao? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 152–153.) Paano natin mapaglalabanan ang mga pag-uugaling ito? Pag-isipan ang integridad ninyo sa pagsunod sa inyong mga tipan.
- Sa anong mga paraan natin "dinadaya ang ating sarili" kung tayo ay hindi tapat? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 155–157.)
- Rebyuhin ang mga halimbawa ni Pangulong Kimball sa panloloko at katapatan ng mga magulang (mga pahina "00" [129–30)]. Pag-isipan kung ano ang ginagawa ninyo para maturuan ng integridad ang mga anak.
- Basahin ang kuwentong nagsisimula sa ikalimang talata sa pahina 156. Paano naapektuhan ng integridad ng iba ang inyong buhay?
- Pag-aralan ang ikalimang talata sa pahina 151. Pag-isipang suriin ang inyong buhay, tulad ng payo ni Pangulong Kimball. Itanong sa inyong sarili ang mga tanong niya.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Job 27:5–6; Mga Kawikaan 20:7; Alma 53:20–21; D at T 97:8; 136:20, 25–26

## *Mga Tala*

1. Francis M. Gibbons, *Spencer W. Kimball: Resolute Disciple, Prophet of God* (1995), 106.
2. Edward L. Kimball at Andrew E. Kimball Jr., *The Story of Spencer W. Kimball: A Short Man, a Long Stride* (1985), 23.
3. Sa Conference Report, Okt. 1974, 103, 106; o *Ensign,* Nob. 1974, 73, 75.
4. "Give the Lord Your Loyalty," *Ensign*, Mar. 1980, 2.
5. *The Teachings of Spencer W. Kimball*, inedit ni Edward L. Kimball (1982), 192.

6. Sa Conference Report, Mexico City Mexico Area Conference 1972, 32.
7. "The Example of Abraham," *Ensign,* Hunyo 1975, 6.
8. *Ensign,* Mar. 1980, 2.
9. *The Miracle of Forgiveness* (1969), 94–95, 96.
10. "On My Honor," *Ensign,* Abr. 1979, 5.
11. *Ensign,* Abr. 1979, 5.
12. *Faith Precedes the Miracle* (1972), 234.
13. "A Report and a Challenge," *Ensign,* Nob. 1976, 6.
14. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 196.
15. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 198.
16. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 343.
17. *The Miracle of Forgiveness,* 50.
18. "Train Up a Child," *Ensign,* Abr. 1978, 4.
19. Sa Conference Report, Okt. 1974, 5; o *Ensign,* Nob. 1974, 5.
20. Sa Conference Report, Temple View New Zealand Area Conference 1976, 29.
21. "What I Hope You Will Teach My Grandchildren," mensahe sa mga kawani ng seminary at institute, Brigham Young University, Hulyo 11, 1966, Archives of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 2.
22. *Faith Precedes the Miracle,* 240–41.
23. *Faith Precedes the Miracle,* 244–46, 248.



*"Walang-takot na pananampalataya ang naghatid sa kanya nang may lungkot sa lupain ng Moria kasama ang kanyang anak na si Isaac."*

# Pagsunod Dahil sa Pananampalataya sa Diyos

*Makakatulong sa atin ang pananampalataya sa Panginoon na ipamuhay ang mga utos nang taos-puso at tumanggap ng di-mabilang na mga pagpapala.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Noong Marso 1972, si Spencer W. Kimball na Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol noon, ay nagkaroon ng malubhang sakit sa puso. Noong panahong iyon, isa sa mga doktor niya si Russell M. Nelson, na kalaunan ay naging miyembro ng Korum ng Labindalawa. Paggunita ni Elder Nelson:

"Nang humina ang puso ni Pangulong Kimball at nadama niyang malapit na siyang mamatay, nakipagpulong siya sa mga pangunahin niyang lider sa Simbahan, ang Unang Panguluhan. Para makuha ang hinihinging impormasyon sa paggagamot, inimbitahan niya ako at ang kanyang matapat na espesyalista sa puso na si Dr. Ernest L. Wilkinson.

"Pabulong na nagsimula si Pangulong Kimball, 'Mamamatay na ako. Dama kong malapit na akong pumanaw. Sa bilis ng paghina ko ngayon naniniwala akong mga dalawang buwan na lang ako tatagal. Ngayon ay gusto kong ilahad ng doktor ko ang nasa isip niya.'

"Tiniyak ni Dr. Wilkinson ang nadarama ni Pangulong Kimball, at sinabing malamang na hindi na siya gagaling at mamamatay na sa lalong madaling panahon.

"Sa gayon ay tinawag ako at tinanong ni Pangulong Kimball bilang siruhano sa puso, 'Ano ang magagawa ng operasyon?'

"Sinabi ko na ang isang operasyon, kung gagawin man, ay dalawang beses gagawin. Una, kailangang palitan ang balbula

ng aorta. Ikalawa, dapat alisan ng bara ang isang mahalagang ugat ng puso sa isang bypass graft.

Pagkatapos ay itinanong ni Pangulong Harold B. Lee ng Unang Panguluhan ang mahalagang tanong, 'Ano ang mga panganib kung gagawin iyan?'

" 'Hindi ko alam,' sagot ko. 'Sa isang lalaking pitumpu't pitong taong gulang, mapanganib ang anuman sa mga operasyong ito. Pero napakadelikadong gawin ang dalawang ito sa taong mahina na ang puso kaya hindi na ipinapayo ang operasyon. . . .'

"Nang sumagot ang pagod nang si Pangulong Kimball na, 'Matanda na ako at handa nang mamatay,' sumingit si Pangulong Lee. Tumindig siya, ipinukpok ang kamao sa lamesa, at sinabi, sa kapangyarihan ng isang propeta, 'Spencer, tinawag ka na! Hindi ka mamamatay! Gagawin mo ang lahat ng kailangan mong gawin para alagaan ang sarili mo at mabuhay.'

"Sumagot si Pangulong Kimball, 'Kung gayon magpapaopera ako.'

"Sumailalim siya sa kumplikadong operasyon hindi dahil sinabi ng mga doktor niya na ligtas naman ito, kundi dahil masunurin siya sa payo ng Panginoon, na ipinahayag sa pamamagitan ng mga lider ng Simbahan—kahit delikado ito para sa kanya.

"Batid ng lahat ang kinahinatnan. Pinagpala siyang makaligtas sa operasyon na pumigil sa bilis ng kanyang paghina."[1]

Sa pamamagitan ng halimbawa at payo niya sa mga Banal, itinuro ni Pangulong Kimball na pinagpapala tayo kapag nanalig tayo sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang kalooban.

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Ginaganyak tayo ng tunay na pananampalataya na sundin ang kalooban ng Diyos.

Ang pagsampalataya ay kahandaang tumanggap nang walang buong regular na katibayan at sumulong at gumawa. "Ang pananampalataya na walang mga gawa ay patay" [Santiago 2:26] at ang patay na pananampalataya ay hindi makaaakay sa isang tao na magbagong-buhay o maglingkod nang buong



*Inihambing ni Pangulong Kimball ang pananampalataya sa pagpihit ng radyo.*

giting. Ang tunay na pananampalataya ay nag-uudyok sa isang tao sa makabuluhan at kapaki-pakinabang na mga gawain na para bang nakatitiyak siya.[2]

Matatamasa ng isang tao ang mga pakinabang ng mga himala sa pisikal na mundo nang walang ganap na kaalaman sa mga alituntuning nakapailalim dito. Mapagliliwanag niya ang karimlan sa pagpindot sa isang buton at makababasa sa pinakamadilim na gabi. Hindi niya kailangang mag-imbento ng elektrisidad, ni malaman kung paano kakabitan ng mga kawad ang bahay. Pero kailangan niya ng sapat na pananampalataya upang makakuha ng mga ilawan at pananampalataya upang masindihan ito. Sa gayon ay tatanggap siya ng ilaw. . . . Maipipihit niya ang pihitan at malulugod sa matamis na musika mula sa malayo kahit hindi siya lumikha ng radyo o di ganap na maunawaan kung paano ito gamitin, ngunit hindi siya pagpapalain kahit kailan kung hindi niya ikakabit ang kanyang radyo sa elektrisidad, at ipipihit sa tama ang pihitan. Gayundin, tatanggap ang isang tao ng mga pagpapala at pagpapahayag, kung kanyang pagsisikapan. Pananampalatayang makikita sa panalangin at gawa ang susi para matanggap ang mga iyon.[3]

Nagdarasal tayo para maliwanagan, pagkatapos ay ibinubuhos ang lahat ng ating makakaya gamit ang ating mga aklat at isipan

at kabutihan para matamo ang inspirasyon. Hiling natin ay katarungan, at ginagamit ang buong lakas natin upang kumilos nang buong talino at magkaroon ng karunungan. Ipinagdarasal nating magtagumpay sa ating gawain at pagkatapos ay nag-aaral tayong mabuti at nagpupunyagi sa abot ng ating makakaya para masagot ang ating mga dalangin. Kapag nagdasal tayo para sa kalusugan dapat nating ipamuhay ang mga batas ng kalusugan at gawin ang lahat ng kaya natin para manatiling malusog at masigla ang ating katawan. Nagdarasal tayo para sa proteksyon at nag-iingat para makaiwas sa panganib. Kailangang samahan ng gawa ang pananampalataya.[4]

Kailangan ang pananampalataya sa Diyos para malinis ng mga tao ang kanilang buhay; malimutan ang sarili sa paglilingkod sa kapwa at madaig ang lahat ng kahinaan ng laman; pananampalatayang maghahatid ng ganap na pagsisisi, na patuloy at aakay sa kanila sa binyag, priesthood, at mga ordenansa sa templo.[5]

Dito matatagpuan ang katalinuhan ng ebanghelyo ni Jesucristo, na mga taong espirituwal lamang ang nakakakita. Sa ilalim ng mapagpalang mga batas ng ebanghelyo, lahat—mayaman o mahirap, edukado o mangmang—ay hinihikayat munang umunawa nang may pananampalataya at sa pagsisikap ay ipakita ang pananampalatayang iyon sa mas mataas at mas marangal na buhay.[6]

---

## Ang pagsunod ayon sa pananampalataya ay hindi bulag na pagsunod.

Matalino at makabuluhan tayong sumusunod kapag kusa, mapagpakumbaba, at masaya nating sinusunod ang mga utos ng ating Panginoon.[7]

Sumunod! Makinig! Napakahirap ipagawa! Madalas nating marinig: "Walang puwedeng magsabi sa akin kung ano ang isusuot, kakainin o iinumin. Walang puwedeng magplano ng aking mga Sabbath, magbadyet ng aking kita, ni maglimita ng personal kong kalayaan sa anumang paraan! Gagawin ko ang gusto kong gawin! Hindi ako *sumusunod nang pikit-mata*!"

Pikit-matang pagsunod! Ang kitid ng pang-unawa nila! . . .

Kapag sinusunod ng mga tao ang mga utos ng isang maylikha, hindi ito pikit-matang pagsunod. Malaki ang pagkakaiba ng pagsukut-sukot ng isang alipin sa kanyang amo at ng kapita-pitagan at kusang pagsunod ng isang tao sa kanyang Diyos. Ang diktador ay ambisyoso, sakim, at may mga lihim na motibo. Bawat utos ng Diyos ay makatwiran, bawat tagubilin ay may layunin, at lahat ay para sa kabutihan ng nasasakupan. Ang una ay maaaring pikit-matang pagsunod, ngunit ang huli ay tiyak na pagsunod dahil sa pananampalataya. . . .

Pikit-matang pagsunod ba ang igalang ng isang tao ang karatulang "Mataas ang Boltahe—Lumayo [High Voltage—Keep Away]" o ito ba ay pagsunod dahil sa pananampalataya ayon sa pasiya ng mga dalubhasang nakaaalam sa peligro?

Pikit-matang pagsunod ba ang paggamit ng seatbelt ng pasahero sa eroplano kapag lumabas na ang paunawa o ito ba ay pagtitiwala sa karanasan at karunungan ng mga higit na nakakaalam sa mga peligro at panganib?

Pikit-matang pagsunod ba ang masiglang paglukso ng batang munti mula sa lamesa papunta sa matitipunong bisig ng kanyang nakangiting ama, o ito ba ay lubos na pagtitiwala sa isang mapagmahal na magulang na nakatitiyak sa kanyang pagsalo at higit na mahal ang bata kaysa sa buhay mismo? . . .

Pikit-matang pagsunod nga ba kapag tayo, sa limitado nating pananaw, mababaw na kaalaman, sakim na mga hangarin, mga lihim na motibo, at makamundong pagnanasa, ay tumanggap ng patnubay at sumunod sa mga utos ng ating mapagmahal na Ama na . . . lumikha ng mundo para sa atin, nagmamahal sa atin, at nagplano ng isang makabuluhang programa para sa atin, nang walang anumang lihim na motibo, na ang pinakamalaking galak at kaluwalhatian ay "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan" ng lahat ng anak niya? [Tingnan sa Moises 1:39.][8]

Hindi pikit-matang pagsunod, kahit walang lubos na pagunawa, ang sundin ang isang Amang napatunayang karapat-dapat ang kanyang sarili.[9]

**Sa mga banal na kasulatan ay may mga halimbawa ng pagsunod dahil sa pananampalataya.**

Ang mga butihin at matatalinong magulang nating sina Adan at Eva ay uliran sa pagsunod ayon sa pananampalatayang tulad ng sa bata:

". . . At si Adan ay naging masunurin sa mga kautusan ng Panginoon.

"At pagkalipas ng maraming araw, isang anghel ng Panginoon ang nagpakita kay Adan, nagsasabing: Bakit ka nag-aalay ng mga hain sa Panginoon? At sinabi ni Adan sa kanya: Hindi ko batid, maliban sa iniutos sa akin ng Panginoon.

"At sa gayon nangusap ang anghel, nagsasabing: Ang bagay na ito ay kahalintulad ng sakripisyo ng bugtong na Anak ng Ama, na puspos ng biyaya at katotohanan." (Moises 5:5–7.)

Bulag na pagsunod? Siguradong hindi. Kilala na nila si Jehova, narinig na ang kanyang tinig, lumakad kasama siya sa Halamanan ng Eden, at batid ang kanyang kabutihan, katarungan, at pag-unawa. Kaya nga "maraming araw" silang pumatay ng walang bahid-dungis na mga tupa at inialay ang mga ito nang hindi alam kung bakit, ngunit lubos ang tiwala na matwid ang layunin ng batas at ihahayag ang dahilan matapos silang sumunod.[10]

Sabi ni Pablo sa mga Hebreo:

"Sa pananampalataya si Noe, nang paunawaan ng Dios tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita, dala ng banal na takot, ay naghanda ng isang daong sa ikaliligtas ng kaniyang sangbahayan." (Heb. 11:7.)

Wala pang patunay na uulan at babaha. Pinagtawanan siya ng kanyang mga tao at tinawag na hangal. Walang nakinig sa kanyang pangaral. Itinuring na walang saysay ang kanyang mga babala. Wala pang nangyaring ganito; ni hindi pa nagkaroon ng bahang lulukob sa daigdig. Malaking kahangalan ang gumawa ng arka sa tuyong lupa sa sikat ng araw at patuloy ang karaniwang daloy ng buhay! Ngunit naubos ang oras. Natapos ang arka. Dumating ang baha. Nalunod ang mga suwail at mapaghimagsik.

Ang himala ng arka ay patunay ng pananampalatayang ipinakita sa paggawa nito.

Muling sinabi ni Pablo:

"Sa pananampalataya si Sara rin ay tumanggap ng lakas upang ipaglihi ang binhi, nang lipas na ang kaniyang gulang, palibhasa'y inari niyang tapat ang nangako." (Mga Hebreo 11:11.) . . .

Kakatwang masabihan na manganganak pa ang mga mahigit nang sandaang taong gulang na kahit si Sara ay nagduda noong una. Ngunit nanaig ang pananampalataya ng isang marangal na mag-asawa, at isinilang ang himalang anak upang magpanimula ng mga bansa.

Nagpakita ng malaking pananampalataya si Abraham sa malaking pagsubok sa kanya. Ang kanyang "anak na pangako," na nakatakdang maging ama ng mga imperyo, ay kailangan ngayong isakripisyo sa altar. Utos iyon ng Diyos, ngunit parang hindi ito naaayon! Paano magiging ama ng di-mabilang na inapo ang kanyang anak na si Isaac kung bata pa ay kikitlan na siya ng buhay? Bakit tinawag si Abraham para gawin ang nakapaghihimagsik na gawaing ito? Imposibleng lutasin ito, imposible! Subalit naniwala siya sa Diyos. Walang-takot na pananampalataya ang naghatid sa kanya nang may lungkot sa lupain ng Moria kasama ang kanyang batang anak. . . .

"Sa pagtingin niya sa pangako ng Dios, ay hindi nag-alinlangan sa pamamagitan ng di pananampalataya; kundi lumakas ng lumakas sa pamamagitan ng pananampalataya, na niluluwalhati ang Dios;

"At lubos nanalig na ang Dios na nangako ay may kapangyarihang makagawa noon." (Mga Taga Roma 4:20–21.)

Batid nina Amang Abraham at Inang Sara—batid nilang matutupad ang pangako. *Paano*—hindi nila alam at hindi nagpilit na malaman. Walang alinlangang mabubuhay si Isaac para maging ninuno ng napakaraming inapo. Batid nilang mangyayari iyon, kahit ikamatay pa niya. Batid nilang ibabangon pa siya mula sa mga patay para matupad ang pangako, at dito ay nauna ang pananampalataya sa himala.[11]

Alalahanin na hindi malinaw ang wakas sa simula kina Abraham, Moises, Eliajah, at iba pa. Sila ay . . . nabuhay sa pananampalataya at hindi sa kaalaman. Alalahaning muli na walang tarangkahang bukas; hindi lasing si Laban; at hindi makatwirang umasa sa mundo nang sumampalataya si Nephi at humayo upang kunin ang mga lamina. Walang damit na yari sa asbestos o iba pang ordinaryong gamit sa kaligtasan sa nagniningas na hurno upang iligtas ang tatlong Hebreo sa kamatayan; walang katad ni bakal na busal sa bibig ang mga leon nang itapon sa kulungan si Daniel. . . .

. . . Alalahanin na walang bayan at lungsod, walang bukid at halamanan, walang tahanan at kamalig, walang namumulaklak na disyerto sa Utah nang tawirin ng inusig na mga pioneer ang kapatagan. At alalahanin na walang mga banal na nilikha sa Palmyra, sa Susquehanna o sa Cumorah nang tahimik na pumasok sa Kakahuyan si Joseph na gustong makaalam, lumuhod sa panalangin sa baybay-ilog, at umakyat sa dalisdis ng sagradong burol.[12]

---

**Nauuna ang pananampalataya sa himala.**

Sa pananampalataya ay itinatanim natin ang binhi, at kapagdaka ay nakikita natin ang himala ng pagyabong. Kadalasan ay hindi ito nauunawaan ng mga tao at binabaligtad ang pamamaraan. Nag-aani muna sila bago magtanim, gantimpala muna bago paglilingkod, himala bago pananampalataya. . . . Marami sa atin ang nagnanais na magkaroon ng kalusugan at lakas nang hindi sumusunod sa mga batas ng kalusugan, nais magkaroon ng kasaganaan nang hindi nagbabayad ng ating mga ikapu. Nais nating mapalapit sa ating Ama ngunit ayaw nating mag-ayuno at manalangin, nais nating magkaroon ng ulan sa panahong kailangan at ng kapayapaan sa lupain nang hindi ginagawang banal ang araw ng [Sabbath] at nang hindi sumusunod sa ibang kautusan ng Panginoon. Pinipitas natin ang rosas bago itanim ang mga ugat; inaani natin ang palay bago ito itanim at linangin.

Kung uunawain lang natin ang isinulat ni Moroni:

"Sapagkat kung walang pananampalataya sa mga anak ng tao, ang Diyos ay hindi makagagawa ng himala sa kanila. . . .

"At ni hindi kailanman nakagawa ang sinuman ng mga himala hanggang sa sila muna ay nagkaroon ng pananampalataya; anupa't sila ay unang naniwala sa Anak ng Diyos." (Eter 12:12, 18.)[13]

Kung mabubuhay tayo ngayon ayon sa pananampalataya, kung maniniwala tayo sa saganang pangako ng Diyos, kung susunod tayo at matiyagang maghihintay, tutuparin ng Panginoon ang lahat ng saganang pangako niya sa atin:

". . . Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya." (I Mga Taga Cor. 2:9.)[14]

Malaking pananampalataya ang kailangan para magbayad ng mga ikapu kapag kakaunti ang pera at maraming pangangailangan. Pananampalataya ang kailangan para mag-ayuno at manalangin ang pamilya at sundin ang Word of Wisdom. Pananampalataya ang kailangan para mag-home teaching, gumawa ng gawaing misyonero [ang miyembro], at iba pang serbisyo, kapag kailangang magsakripisyo. Pananampalataya ang kailangan para magmisyon nang full-time. Ngunit alamin ito—na lahat ng ito ay tungkol sa pagtatanim, samantalang tapat at debotong mga pamilya, espirituwal na katiyakan, kapayapaan, at buhay na walang hanggan ang ani. . . .

. . . Tulad ng walang-takot na pananampalataya na pumigil sa bibig ng mga leon, nagpawalang-bisa sa ningas ng apoy, nagbukas ng mga tuyong landas patawid sa mga ilog at dagat, nagligtas sa baha at tagtuyot, at naghatid ng makalangit na pagpapamalas ayon sa pagsamo ng mga propeta, gayundin naman na ang pananampalataya sa buhay ng bawat isa sa atin ang magpapagaling sa maysakit, magpapaginhawa sa nagdadalamhati, magpapalakas ng determinasyon laban sa tukso, magpapalaya sa pagkaalipin sa masasamang gawi, magpapalakas upang makapagsisi at makapagbagong-buhay, at aakay sa tiyak na kaalaman ng kabanalan ni Jesucristo. Makatutulong sa atin ang matatag na pananampalataya para maipamuhay ang mga utos nang taos-puso at sa gayon ay maghatid ng mga pagpapalang di mabilang, na may kapayapaan, kaganapan, at kadakilaan sa kaharian ng Diyos.[15]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Tingnan ang pamagat ng kabanatang ito. Bakit pagsampalataya ang pagsunod?
- Basahin ang desisyong kinailangang gawin ni Pangulong Kimball noong Marso 1972 (mga pahina 163–164). Sa palagay ninyo anong mga alituntunin ng ebanghelyo ang angkop kapag naharap tayo sa mahihirap na desisyon?
- Sa pagbabasa ninyo ng paghahambing ni Pangulong Kimball sa "bulag na pagsunod" at "pagsunod dahil sa pananampalataya," anong mga pagkakaiba ang nakikita ninyo? (Tingnan sa mga pahina 166–167.) Ano ang alam natin tungkol sa Ama sa Langit na makatutulong upang sundin natin Siya "nang kusa, mapagpakumbaba, at masaya"? Ano ang masasabi ninyo sa taong nagsasabi na bulag ang pagsunod ng mga miyembro ng Simbahan sa kanilang mga lider?
- Rebyuhin ang mga kuwento sa banal na kasulatan sa mga pahina 168–170. Ano ang ilang bagay na karaniwan sa mga tao sa mga kuwentong ito? Ano ang karaniwan sa inyo at sa kanila? Ano ang matututuhan ninyo sa kanila?
- Kailan ninyo nakita na nauna ang pananampalataya sa himala? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 170–171.) Paano natin maituturo sa ating pamilya na nauuna ang pananampalataya sa himala?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Josue 22:5; Santiago 2:14–26; Eter 12:4–21; Moroni 7:33; D at T 130:20–21

## *Mga Tala*


1. "Spencer W. Kimball: Man of Faith," *Ensign*, Dis. 1985, 40.
2. "The Fourth Article of Faith," *Instructor*, Abr. 1955, 109.
3. *The Teachings of Spencer W. Kimball*, inedit ni Edward L. Kimball (1982), 62.
4. *The Teachings of Spencer W. Kimball*, 122.
5. "Beloved Youth, Study and Learn," sa *Life's Directions* (1962), 188–89.
6. Sa Conference Report, London England Area Conference 1976, 36.
7. Sa Conference Report, Okt. 1954, 55.
8. Sa Conference Report, Okt. 1954, 51, 52, 53.
9. *The Teachings of Spencer W. Kimball*, 59.
10. Sa Conference Report, Okt. 1954, 54.
11. Sa Conference Report, Okt. 1952, 48, 49.
12. Sa Conference Report, Okt. 1952, 51.
13. Sa Conference Report, Okt. 1952, 47.
14. Sa Conference Report, Abr. 1952, 22.
15. *Faith Precedes the Miracle* (1972), 11, 12.

K A B A N A T A 1 4

# "Huwag Kang Magkakaroon ng Ibang mga Dios sa Harap Ko"

*Dapat nating unahin ang Panginoon at ang Kanyang layunin at iwasang sumamba sa mga diyus-diyusan.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Pinayuhan ni Pangulong Spencer W. Kimball ang mga Banal sa mga Huling Araw na unahin ang Panginoon sa kanilang buhay at huwag ituon ang kanilang puso sa mga makamundong bagay. Itinuro niya na kapag inuuna natin ang mga bagay na tulad ng mga materyal na ari-arian, negosyo, libangan, at kabantugan kaysa sa Panginoon, sinasamba natin ang mga diyus-diyusan. Binigyang-diin niya na kasama sa mga diyus-diyusan o idolo "ang lahat ng nagpapalayo sa tao sa tungkulin, katapatan, at pagmamahal at paglilingkod sa Diyos."[1]

Buong-pusong katapatan sa Panginoon ang saligan sa buhay ni Pangulong Kimball at ng kanyang mga magulang. Sa mga huling taon ng 1890s, noong bata pa si Spencer, tinawag ang tatay niyang si Andrew bilang stake president sa timog-silangang Arizona. Hindi madali para sa pamilyang Kimball ang lisanin ang maginhawang pamumuhay sa Salt Lake City upang mamuhay sa hangganan ng disyerto, ngunit para kay Andrew Kimball "iisa lang ang sagot at iyon ay ang humayo."[2]

Ilang taon ang lumipas, gayon din ang ipinakitang katapatan sa Panginoon ni Spencer W. Kimball nang tawagin siyang pangalawang tagapayo sa stake presidency. Sila ng asawa niyang si Camilla ay "nag-usap tungkol sa pagbalik niya sa kolehiyo para maging accountant o guro," pero kailangan niyang isantabi ang mga planong iyon kapag tinanggap niya ang tungkulin sa Simbahan.[3]

Nang iorden si Pangulong Kimball bilang Apostol, pinagtibay ng payo sa kanya ni Pangulong Heber J. Grant ang alituntuning unahin ang Panginoon at ang Kanyang kaharian: "Ituon ang puso mo sa paglilingkod sa Panginoon mong Diyos. Mula sa sandaling ito mismo magpasiyang unahin ang layunin at gawaing ito sa lahat ng iyong iniisip."[4]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Kapag minahal natin at pinagtiwalaan ang anuman nang higit kaysa sa Panginoon, sinasamba natin ang ating sariling mga diyus-diyusan.

Sa pag-aaral ko ng sinaunang banal na kasulatan, lalo't higit akong nakukumbinsi na may kabuluhan ang katotohanan na ang utos na "Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko" ang una sa Sampung Utos.

Iilang tao ang sadya at kusang nagpasiyang tanggihan ang Diyos at kanyang mga pagpapala. Bagkus, natututuhan natin mula sa mga banal na kasulatan na dahil mukhang mas mahirap manalig kaysa umasa sa mga bagay na madaling makuha, nahilig ang makamundong tao na ibaling sa mga materyal na bagay ang tiwala niya sa Diyos. Samakatuwid, sa buong panahong napailalim ang tao sa kapangyarihan ni Satanas at nawalan ng pananampalataya, umasa sila sa "kamay na laman" at sa "mga diyos ng pilak, at ginto, ng tanso, bakal, kahoy, at bato, na hindi nakakakita, ni nakakarinig, ni nakakaalam" (Dan. 5:23)—ibig sabihin ay sa mga diyus-diyusan. Sa tingin ko ito ang nananaig na tema sa Lumang Tipan. Anumang bagay ang ganap na pagtuunan ng puso at tiwala ng tao ay kanyang diyos; at kung hindi man ang totoo at buhay na Diyos ng Israel ang kanyang diyos, sumasamba ang taong iyon sa diyus-diyusan.

Matatag ang paniniwala ko na kapag binasa natin ang mga banal na kasulatang ito at sinikap na "ihalintulad yaon sa [ating] sarili," gaya ng mungkahi ni Nephi (1 Ne. 19:24), marami tayong makikitang pagkakatulad ng sinaunang pagsamba sa mga imaheng inanyuan at ng mga huwaran sa pag-uugali sa sarili nating karanasan.[5]



*"Ang mga diyus-diyusang ito ng kapangyarihan, kayamanan, at impluwensya ay . . . katulad na katulad ng mga gintong guya ng mga anak ni Israel sa ilang."*

Ang pagsamba sa diyus-diyusan ay isa sa pinakamabibigat na kasalanan. . . .

Ang mga makabagong idolo o diyus-diyusan ay maaaring nasa kaanyuan ng mga damit, tahanan, negosyo, makina, sasakyan, mga bangka na gamit sa paglilibang, at maraming iba pang bagay sa mundo na naglalayo sa atin sa landas na patungo sa pagiging diyos. . . .

Ang mga bagay na hindi nakikita o nahahawakan ay madali ring maging mga diyus-diyusan sa atin. Ang mga digri sa unibersidad at gantimpala . . . at titulo . . . ay maaaring maging mga diyus-diyusan. . . .

Maraming tao ang inuuna muna ang pagbili at pagkumpleto ng kasangkapan sa tahanan at pagbili ng sasakyan—at saka matutuklasang "hindi nila kayang magbayad" ng ikapu. Sino ang kanilang sinasamba? Tiyak na hindi ang Panginoon ng langit at lupa. . . .

Marami ang sumasamba sa [pangangaso], pangingisda, pagbabakasyon, lingguhang pagpipiknik at paglilibot. Ang [sinasamba] naman ng iba ay ang mga larong pampalakasan, baseball, football, bullfight, o golf. . . .

Ang isa pang imahen na sinasamba ng mga tao ay ang kapangyarihan at katanyagan. . . . Ang mga diyus-diyusang ito ng kapangyarihan, kayamanan, at impluwensya ay gumugugol ng marami sa ating oras at katulad na katulad ng mga gintong guya ng mga anak ni Israel sa ilang.[6]

---

**Madali tayong tablan ng impluwensya ni Satanas kapag tayo ay makamundo.**

Sa kabila ng ating malaking katuwaan sa paglalarawan sa ating sarili bilang makabago, at ng pag-iisip na nagtataglay tayo ng kaalaman [ng mundo] na hindi tinaglay ng mga tao noong nakalipas na panahon—sa kabila ng mga bagay na ito, tayo, sa kabuuan, ay mga mapangalunyang tao—isang katayuang lubhang karumal-dumal sa Panginoon.[7]

Naaalala ko ang artikulong nabasa ilang taon na ang nakalipas tungkol sa isang grupo ng mga lalaking nagtungo sa gubat para manghuli ng mga unggoy. Sinubukan nila ang ilang iba't ibang paraan sa paghuli ng mga unggoy, pati na mga lambat. Ngunit dahil masasaktan sa lambat ang gayon kaliliit na nilikha, sa huli ay nakaisip sila ng magandang solusyon. Gumawa sila ng maraming maliliit na kahon, at binutasan ang ibabaw ng bawat isa na sapat ang laki para maipasok ng unggoy ang kamay nito. At saka nila inilagay ang mga kahong ito sa ilalim ng mga puno at nilagyan ang bawat isa ng pagkaing kinahihiligan ng mga unggoy.

Pag-alis ng mga lalaki, nagbabaan na ang mga unggoy mula sa mga puno at sinuri ang mga kahon. Nang makitang may makukuhang mga pagkain, dumakot sila sa loob ng mga kahon para kunin ito. Pero nang tangkaing hatakin ng isang unggoy ang kamay niyang may hawak ng pagkain, hindi niya ito mailabas sa kahon dahil ang maliit niyang kamay, na may pagkain, ay napakalaki na.

Sa oras na ito, lalabas na ang mga lalaking nakatago sa mga halaman at dadakmain ang mga unggoy. At ito ang nakapagtataka: Kapag nakita na ng mga unggoy ang pagdating ng mga lalaki, nagtititili sila at nagkakagulo sa kagustuhang makatakas; pero madali lang sana kung bibitawan nila ang pagkain para

mahatak nila ang mga kamay nila mula sa mga kahon at makatakas. Madali silang nahuli ng mga lalaki.

At parang madalas mangyari iyon sa mga tao, na mahigpit ang kapit sa mga bagay ng mundo—yaong bagay na telestiyal—kaya walang paghimok at pagmamadaling makatutulak sa kanila para bumitaw alang-alang sa bagay na selestiyal. Madali silang masunggaban ni Satanas. Kung pipilitin nating gugulin ang lahat ng oras at kabuhayan natin sa pagtatatag ng makamundong kaharian para sa atin, iyan mismo ang ating mamanahin.[8]

---

## Kaysa ituon ang ating puso sa mga makamundong bagay, dapat nating gamitin ang ating kabuhayan sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos.

Ang pagkakaroon ng kayamanan ay hindi [naman talaga] kasalanan. Ngunit [maaaring magkasala] sa paglikom at paggamit ng kayamanan. . . .

Ang kasaysayan ng Aklat ni Mormon ay malinaw na nagpakita ng mapanirang bunga ng pagnanasa sa kayamanan. Tuwing nagpapakabait ang mga tao, umuunlad sila. At nauwi ang pag-unlad sa pagyaman, pagyaman sa pag-ibig sa kayamanan, hanggang sa ibigin nila ang ginhawa at luho. Nawala ang kanilang espirituwalidad, at lubhang nagkasala at naging masama, at muntik nang mapatay ng kanilang mga kaaway. . . . Kung ginamit lamang ng mga tao ang kanilang kayamanan para sa mabubuting layunin, nagtamasa sana sila ng tuluy-tuloy na kasaganaan.[9]

Bilang isang lahi, biniyayaan tayo ng Panginoon ng kaunlarang hindi napantayan noong araw. Ang mga bagay na sakop ng ating kapangyarihan ay mabubuti, at kailangan sa gawain natin dito sa lupa. Pero natatakot ako na marami sa atin ang sagana sa mga langkay at kawan at lupain at kamalig at kayamanan at nagsimulang sambahin ang mga ito bilang mga diyus-diyusan, at kontrolado nila tayo. . . . Limot na ang katotohanan na tungkulin nating gamitin ang mga ito sa ating mga pamilya at korum upang itatag ang kaharian ng Diyos—upang isulong ang pagsisikap ng mga misyonero at gawain sa genealogy at templo; upang mapalaki ang ating mga anak bilang makabuluhang mga alagad ng Panginoon;

upang mapagpala ang iba sa lahat ng paraan, nang sila man ay maging makabuluhan. Sa halip, inuubos natin ang mga pagpapalang ito sa sarili nating mga hangarin, at tulad ng sabi ni Moroni, "Pinalalamutian [ninyo] ang inyong sarili ng yaong walang buhay, gayon man ay pinahihintulutan ang nagugutom at ang nangangailangan, at ang hubad, at ang may karamdaman at ang naghihirap na dumaraan sa harapan ninyo nang hindi sila pinapansin." (Morm. 8:39.)

Sabi nga ng Panginoon mismo sa ating panahon, "Hindi nila hinanap ang Panginoon upang itatag ang kanyang kabutihan, kundi ang bawat tao ay lumalakad sa sarili niyang paraan, at alinsunod sa larawan ng sarili niyang diyos, na kung kaninong larawan ay kahalintulad ng daigdig, at *kung kaninong kaanyuan ay yaong sa diyus-diyusan*, na naluluma at masasawi sa Babilonia, maging ang Babilonia na makapangyarihan ay babagsak." (D at T 1:16; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik.)[10]

Sabi ng Panginoon, ". . . hanapin muna ninyo ang kaniyang kaharian, at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo." (Mat. 6:33.) Gayunman, napakadalas nating gustong unahin ang "mga bagay."[11]

Marahil wala ang kasalanan sa "mga bagay" kundi sa ating pag-uugali at pagsamba sa "mga bagay." Maliban kung talagang makaipon at yumaman ang isang taong sakim habang nananatiling tapat sa Diyos at sa kanyang programa—maliban kung mapanatiling banal ng mayaman ang Sabbath, mapanatiling dalisay ang kanyang katawan at espiritu, at maglingkod nang bukas-palad sa kanyang kapwa sa takdang paraan ng Diyos—maliban kung may ganap na pagpipigil ang mayaman at gamitin ang lahat ng kanyang pag-aari sa kapakinabangan ng iba, ayon sa panawagan ng Panginoon sa pamamagitan ng mga awtorisado niyang tagapaglingkod, kung gayon ang taong iyon, para sa kabutihan ng kanyang kaluluwa, ay dapat talagang "humayo [at] ipagbili ang tinatangkilik [niya], at ibigay [niya] sa mga dukha, . . . at pumarito ka, sumunod ka sa akin." (Mateo 19:21.)

"Sapagka't kung saan naroon ang iyong kayamanan, doon naman doroon ang iyong puso." (Mateo 6:21.)[12]



*"Ang tungkulin natin ay gamitin ang [ating] kabuhayan sa ating mga pamilya at korum upang itatag ang kaharian ng Diyos."*

---

### Ang mga pagpapalang natatanggap natin sa paglilingkod sa Panginoon ay lalong higit pa sa mga gantimpalang alay ng mundo.

Isang lalaking kilala ko ang natawag sa isang posisyon sa Simbahan, pero pakiramdam niya ay hindi niya ito matatanggap dahil mas kailangan ng mga negosyo niya ang kanyang pansin at oras kaysa gusto niyang gugulin sa gawain ng Panginoon. Iniwan niya ang paglilingkod sa Panginoon sa paghahanap ng Kayamanan, at milyonaryo na siya ngayon.

Pero kamakailan lang ay may natutuhan akong nakatutuwang bagay: Kung ang isang lalaki ay may gintong nagkakahalaga ng isang milyong dolyar ayon sa presyo ngayon, kanya ang mga 27-bilyong bahagi ng lahat ng ginto sa balat ng lupa pa lang. Napakaliit ng halagang ito para hindi sukat paniwalaan ng tao. Pero may higit pa rito: Ang Panginoong lumikha at may kapangyarihan sa buong daigdig ay naglalang ng maraming iba pang daigdig, maging "mga daigdig na di mabilang" (Moises 1:33); at

nang matanggap ng lalaking ito ang sumpa at tipan ng priesthood (D at T 84:33–44), natanggap niya ang pangakong "lahat ng mayroon ang aking Ama" mula sa Panginoon (t. 38). Malaking pagkakamali ang isantabi ang lahat ng dakilang pangakong ito alang-alang sa ginto at makamundong seguridad nang dahil sa kawalan ng kaalaman. Nakalulungkot at nakakaawa talagang isipin na nagkasya na lang siya sa napakaliit na bagay; higit na mahalaga ang mga kaluluwa ng tao kaysa rito.

Sumagot ang isang kabataang lalaki, nang matawag sa misyon, na wala siyang talento para sa gayong klaseng bagay. Magaling siyang mag-alaga at magkumpuni ng bago niyang kotseng matulin. Natutuwa siya sa puwersa at tulin nito, at kapag nagmamaneho siya, akala niya ay talagang may nararating nga siya sa tuluy-tuloy na takbo nito.

Sa lahat ng ito, kuntento na ang tatay niya sa pagsasabing, "Gusto niyang gumawa ng kung anu-ano. Sapat na iyon sa kanya."

Sapat na para sa isang anak ng Diyos? Hindi alam ng kabataang ito na ang puwersa ng kotse niya ay napakaliit kumpara sa puwersa ng dagat, o ng araw; at maraming araw, lahat ay kontrolado ng batas at ng priesthood, sa huli—isang kapangyarihan ng priesthood na napalakas sana niya sa paglilingkod sa Panginoon. Nakuntento siya sa isang kaawa-awang diyos, na yari sa bakal at goma at makintab na chrome.

Isang mag-asawang matanda na ang nagretiro na sa trabaho at dahil dito, pati na sa Simbahan. Bumili sila ng isang pickup at camper at, para makaiwas sa lahat ng obligasyon, nilibot ang mundo at nalugod sa kaunting naipon nila sa natitira pa nilang buhay. Wala silang panahon para sa templo, napakaabala nila para magsiyasat ng genealogy at magmisyon. Nawalan ng kontak ang lalaki sa korum ng mga high priest at madalas itong wala sa bahay para gawin ang personal niyang kasaysayan. Kailangang-kailangan ang karanasan at pamumuno nila sa kanilang branch, pero, dahil hindi sila "nakatiis hanggang wakas," hindi sila mahagilap.[13]

**Dapat nating mahalin at sundin ang Panginoon nang buong puso.**

Hindi sapat na kilalanin natin ang Panginoon bilang kataas-taasan at iwasang sumamba sa mga diyus-diyusan; dapat nating mahalin ang Panginoon nang buong puso, kakayahan, isipan, at lakas. Dapat natin siyang igalang at sundin para magkaroon ng buhay na walang hanggan. Galak na galak siya sa kabutihan ng kanyang mga anak![14]

Maliwanag ang takdang-gawain natin: huwag magmithi ng mga makamundong bagay sa buhay; iwasang sumamba sa mga diyus-diyusan at sumulong nang may pananampalataya; ibahagi ang ebanghelyo sa ating mga kaaway, para hindi na nila tayo awayin.

Dapat nating iwasang sumamba sa mga makabagong diyus-diyusan at iwasang umasa sa "kamay na laman," dahil sinabi ng Panginoon sa buong mundo sa ating panahon, "hindi ko paliligtasin ang sinumang mamamalagi sa Babilonia." (D at T 64:24.)

Nang ipangaral ni Pedro ang mensaheng ito sa mga tao sa araw ng Pentecostes, marami sa kanila ang "nangasaktan ang kanilang puso, at sinabi kay Pedro at sa ibang mga apostol, Mga kapatid, anong gagawin namin?" (Mga Gawa 2:37.)

At sumagot si Pedro: "Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang . . . Espiritu Santo." (T. 38.)

. . . Ang aming mensahe ay katulad ng kay Pedro. At ang sinabi pa ng Panginoon mismo na "hahanggan sa mga dulo ng mundo, upang ang lahat ng makaririnig ay makarinig:

"Maghanda kayo, maghanda kayo para sa yaong paparito, sapagkat ang Panginoon ay nalalapit na." (D at T 1:1–12.)

Naniniwala kami na ang paraan para makapaghanda ang bawat tao at pamilya ayon sa turo ng Panginoon ay magsimulang higit na sumampalataya, magsisi, at makilahok sa gawain ng kanyang kaharian sa lupa, na walang iba kundi Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Mukhang mahirap sa simula,

pero kapag naunawaan ng isang tao ang tunay na gawain, kapag bahagya niyang nakita ang kawalang-hanggan sa tunay na kahulugan nito, magiging mas mahalaga ang mga pagpapala kaysa pagtalikod sa "mundo."[15]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Sa palagay mo bakit "Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko" ang una sa Sampung Utos?
- Pag-isipan ang pahayag na ito: "Anumang bagay na ganap na pinagtutuunan ng puso at pagtitiwala ng tao ay kanyang diyos" (pahina 175). Anu-ano ang ilang diyus-diyusan sa mundo ngayon? (Tingnan sa mga halimbawa sa mga pahina 175–177.)
- Ano ang matututuhan natin mula sa kuwento ng mga bitag sa unggoy? (Tingnan sa mga pahina 177–178.) Ano ang isinasapalaran natin kung mahigpit ang kapit natin sa mga bagay ng mundong ito?
- Rebyuhin ang mga pahina 178–179. Anu-ano ang ilang panganib ng pagiging mayaman? Sa anong mga paraan natin nararapat gamitin ang kabuhayang bigay sa atin ng Panginoon?
- Rebyuhin ang mga kuwento sa mga pahina 180–181. Sa palagay ninyo bakit handang isakripisyo ng ilang tao ang mga pagpapala ng paglilingkod sa kaharian ng Panginoon? Ano ang dapat nating maging layunin kapag naglilingkod tayo?
- Sa palagay ninyo ano ang kahulugan ng "mahalin ang Panginoon nang buong puso, kakayahan, isipan, at lakas"? (pahina 182). Ano ang magagawa ng mga magulang upang tulungan ang kanilang mga anak na mahalin ang Panginoon?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Exodo 20:3–6; Mateo 6:24; 22:36–38; Colosas 3:1–5; 2 Nephi 9:30, 37; D at T 133:14

## *Mga Tala*

1. *The Miracle of Forgiveness* (1969), 40.
2. Andrew Kimball, sa *Spencer W. Kimball* (1977), nina Edward L. Kimball at Andrew E. Kimball Jr., 20.
3. Tingnan sa Edward L. Kimball, "Spencer W. Kimball," sa *The Presidents of the Church*, inedit ni Leonard J. Arrington (1986), 381.
4. Sa *Spencer W. Kimball,* 205.
5. "The False Gods We Worship," *Ensign*, Hunyo 1976, 4.
6. *The Miracle of Forgiveness,* 40, 41–42.
7. *Ensign,* Hunyo 1976, 6.
8. *Ensign,* Hunyo 1976, 5–6.
9. *The Miracle of Forgiveness,* 47.
10. *Ensign,* Hunyo 1976, 4–5.
11. Sa Conference Report, Abr. 1972, 28; o *Ensign,* Hulyo 1972, 38.
12. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball (1982), 358.
13. *Ensign,* Hunyo 1976, 5.
14. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 243.
15. *Ensign,* Hunyo 1976, 6.

KABANATA 15

# Dapat Tayong Maging Mapitagang mga Tao

*Higit pa sa pag-uugali, ang pagpipitagan ay magandang katangiang dapat maging bahagi ng ating pamumuhay.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Noong 1955 inilaan ni Pangulong David O. McKay ang unang templo sa Europa, ang Bern Switzerland Temple. Si Elder Spencer W. Kimball, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang nakatakdang magsalita sa panghapong sesyon sa unang araw ng dedikasyon. Isang oras siyang napag-isa sa templo noong araw na iyon "para ihanda ang puso't isipan sa hapong iyon, na banayad, tahimik, magalang at mapitagan."[1] Sa kanyang pananalita sinabi niya: "Pagkagising ko kaninang umaga at nang magsimulang magkamalay pagkaraan ng gabi, nakita ko ang pagbubukang-liwayway, at una kong naisip ang banal na templong ilalaan sa araw na ito. Naisip ko, 'Hindi ako kakain ngayon. Dapat makintab ang sapatos, plantsado ang damit, at malinis ang isipan ko.' Papuntang Zollikofen ayaw kong magsalita, at pagdating ko sa silid na ito at pagkaupo sa tabi ni [Pangulong McKay] at puro pabulong ang pagsasalita niya, nalaman ko noon na naramdaman rin niya ang ilang naramdaman ko. 'Banal sa Panginoon, Kabanalang angkop sa mga Banal ng Panginoon.' "[2]

Ang pagpipitagan ni Pangulong Kimball ay hindi nakalaan lamang sa mga okasyong tulad ng dedikasyon ng mga templo. Binanggit niya ang kapitagan bilang isang uri ng pamumuhay, at naging halimbawa ng turong ito kahit sa maliit at pang-araw-araw na mga gawain. Halimbawa, minsan nang bisitahin niya ang isang meetinghouse, tahimik siyang pumasok sa banyo, itinapon



*Silid selestiyal sa Mount Timpanogos Utah Temple. Itinuro ni Pangulong Kimball na ang templo ay "dapat maging lugar ng pagpipitagan sa Kanya."*

ang mga paper towel na nakakalat sa sahig, at nilinis ang lababo. Isang lokal na lider ng Simbahan ang nakapansin sa simpleng pagpapamalas ng paggalang na ito. Dahil nabigyang inspirasyon ng halimbawa ni Pangulong Kimball, itinuro niya sa iba na magpakita ng higit na pagpipitagan sa mga sagradong lugar at bagay.[3]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Ang pagpipitagan ay hindi pansamantalang pag-uugaling para lang sa araw ng Linggo kundi patuloy na katapatan sa Diyos.

Ang pagpipitagan ay masasabing isang "marubdob na paggalang, pagmamahal, at paghanga, na tulad sa ibang bagay na banal." Katapatan sa Diyos ang isa pang pakahulugan sa pagpipitagan.

Itinuturing ng marami nating mga pinuno na isa sa pinakamaringal na katangian ng kaluluwa ang pagpipitagan, na nagpapahiwatig na kailangan dito ang tunay na pananampalataya sa Diyos at sa kanyang kabutihan, mataas na kultura, at pagmamahal sa mas mabubuting bagay sa buhay. . . .

Tulad ng iba pang mga alituntunin ng ebanghelyo, naghahatid ng ibayong galak ang pagpipitagan.

Dapat nating tandaan na ang pagpipitagan ay hindi malungkot at pansamantalang pag-uugali natin tuwing Linggo. Ang tunay na pagpipitagan ay may kalakip na kaligayahan, at pagmamahal, paggalang, pasasalamat, at takot sa Diyos. Isa itong magandang katangian na dapat maging bahagi ng ating pamumuhay. Sa katunayan, dapat ay mga Banal sa mga Huling Araw ang siyang maging pinakamapitagang mga tao sa buong mundo.[4]

### Dapat tayong maging mapitagan sa Ama at sa Anak at sa Kanilang banal na mga pangalan.

Ang pagpipitagan sa Ama at sa Anak ay mahalagang kwalipikasyon o katangian ng mga magmamana ng kahariang selestiyal. Sa bahagi 76 ng Doktrina at mga Tipan, na kilala bilang "Ang Pangitain," na ibinigay kina Joseph Smith at Sidney Rigdon noong Pebrero 1832, mababasa natin:

"At sa ganito nakita namin ang kaluwalhatian ng selestiyal, na nakahihigit sa lahat ng bagay—kung saan ang Diyos, maging ang Ama, ay naghahari sa kanyang luklukan magpakailanman at walang katapusan;

"Sa harapan ng kanyang luklukan lahat ng bagay ay yumuyukod sa mapagpakumbabang pagpipitagan, at nagbibigay sa kanya ng kaluwalhatian magpakailanman at walang katapusan.

"Sila na nananahanan sa kanyang kinaroroonan ay simbahan ng Panganay; at kanilang nakikita ang gaya ng pagkakakita sa kanila, at nakaaalam gaya ng pagkakaalam sa kanila, makaraang matanggap ang kanyang kaganapan at ang kanyang biyaya.

"At kanya silang ginawang pantay-pantay sa kapangyarihan, at sa lakas, at nasasakupan." (D at T 76:92–95.)

Isa pang makabagong pahayag ang nagtuturo sa atin ng pagpipitagan maging sa pangalan ng Diyos; sinabihan tayong huwag lapastanganin ang pangalan ng Ama, at iwasan ang madalas na paggamit nito. (D at T 107:2–4.) . . .

Lalabas na ang pagpipitagan sa Diyos at sa kanyang pangalan ay isa sa mga pinakamahalagang katangiang maaari nating taglayin.[5]

Isang araw sa ospital, nang itinutulak ako papalabas mula sa operating room ng isang narses na natisod, at kapagdaka ay lumabas sa kanyang nagngangalit na mga labi ang masasamang salita na hinaluan ng mga pangalan ng Tagapagligtas. Kahit halos wala pa akong malay-tao, ako ay nanliit at nagsumamong: "Pakiusap! Pakiusap! Pangalan iyan ng Panginoon ko na iyong hinahamak."

Nagkaroon ng mapanglaw na katahimikan, at pagkatapos sa mapagpakumbabang tinig siya ay bumulong na, "Ikinalulungkot ko po." Sa sandaling iyon ay nakalimutan niyang mahigpit na inutusan ng Panginoon ang lahat ng kanyang mga tao na, "Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios, sa walang kabuluhan; sapagka't hindi aariin ng Panginoong walang sala ang bumanggit ng kaniyang pangalan sa walang kabuluhan" (Exod. 20:7). . . .

Sa entablado, sa telepono, araw-araw na napapahumindig ang sensitibong mga tainga at mata sa walang-pakundangan at

lapastangang paggamit ng mga pangalan ng Panginoon nating Diyos. Sa club, sa bukid, sa mga kabarkada, sa negosyo, at sa lahat ng uri ng pamumuhay ginagamit nang mapangahas at makasalanan ang mga pangalan ng Manunubos. Tayong mga walang-isip at walang-ingat, at tayong masasama at suwail, ay dapat tandaan na hindi natin magagamit ang pangalan ng Panginoon sa walang kabuluhan nang hindi napaparusahan. Hindi ba't nag-aanyaya tayo ng kapahamakan kapag nilapastangan natin ang lahat ng bagay na banal at sagrado, maging sa karaniwan at walang-pitagang paggamit ng pangalan ng Diyos sa araw-araw nating pakikipag-usap? . . .

Kakila-kilabot ang gamitin nang walang galang ng sinumang nilalang ang mga pangalan ng Diyos. At kasama rito ang paggamit ng pangalan ng Panginoon nang walang awtoridad, at maraming taong nagsasabing sila ay tumatanggap ng mga pahayag at may awtoridad na hindi direktang nagmula sa Panginoon.

Sa paglipas ng mga panahon, hindi huminto ang mga propeta sa pagpapatigil sa malubhang kasalanang ito. Pinanagot at pinagsisi ni propetang Isaias yaong mga "nagsisumpa sa pangalan ng Panginoon, at nagsibanggit ng Dios ng Israel, nguni't hindi sa katotohanan, o sa katuwiran man" (Isa. 48:1). . . .

Ang [pagbanggit sa] pangalan ng Panginoon nang may pagpipitagan ay dapat lamang na maging bahagi ng buhay natin bilang mga miyembro ng Simbahan. Halimbawa, tayo, bilang mga mabuting Banal sa mga Huling Araw, ay hindi naninigarilyo. Hindi tayo umiinom ng alak. Hindi tayo gumagamit ng tsaa at kape. Gayon din, hindi tayo gumagamit ng masamang pananalita. Hindi tayo nagmumura o naninirang puri. Hindi natin ginagamit ang pangalan ng Panginoon sa walang kabuluhan. Hindi mahirap ang maging ganap sa pag-iwas sa ugaling panunumpa o pagmumura, dahil kapag itinikom ng isang tao ang kanyang bibig laban sa masasamang salita at panunumpa, siya ay patungo na sa pagiging perpekto sa bagay na iyon.

Ngunit hindi nagwawakas doon ang ating responsibilidad. Iyon ay pag-iwas lamang na magkasala. Para makagawa ng kabutihan, dapat nating banggitin ang pangalan ng Panginoon nang

may pagpipitagan at kabanalan sa ating mga panalangin, pagsasalita, at pakikipag-usap. . . .

Ginawang perpekto ni Jesus ang kanyang buhay at naging ating Cristo. Pinadanak ang napakahalagang dugo ng isang diyos, at naging Tagapagligtas natin siya; ibinuwis ang perpektong buhay niya, at naging Manunubos natin siya; makababalik tayo sa ating Ama sa Langit dahil sa kanyang pagbabayad-sala, subalit walang pakialam, walang pagpapahalaga ang karamihan sa mga nakikinabang! Ang kawalan ng utang-na-loob ay kasalanan na noon pa man.

Napakaraming nagpapahayag ng paniniwala sa kanya at sa kanyang mga gawain, subalit kakaunti ang gumagalang sa kanya. Milyun-milyon sa atin ang nagsasabing tayo ay Kristiyano, subalit bihira tayong lumuhod sa pasasalamat sa pinakamahalaga niyang regalo, ang kanyang buhay.

Muli nating ilaan ang ating sarili sa mapitagang pag-uugali, sa pasasalamat sa ating Panginoon para sa walang-kapantay niyang sakripisyo. Tandaan natin ang makabagong utos, "Kaya nga, ang lahat ng tao ay mag-ingat kung paano nila sinasambit ang aking pangalan sa kanilang mga labi" (D at T 63:61).[6]

---

## Dapat maging mga lugar ng pagpipitagan ang mga templo, meetinghouse, at tahanan.

Sa isa pang napakahalagang aspeto, nagbilin ang Panginoon sa pamamagitan ng makabagong paghahayag na dapat tayong lubos na magbigay-pitagan sa kanyang banal na tahanan. Sa mahalagang paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith na kilala bilang panalangin sa dedikasyon ng Kirtland Temple, itinagubilin na ito, tulad ng iba pang mga banal na templong itinayo para sa Panginoon, ay dapat maging lugar ng pagpipitagan sa Kanya. (Tingnan sa D at T 109:13, 16–21.)

Sa tunay na kahulugan, ang sinabi tungkol sa mga banal na templo ng Simbahan ay nararapat sa lahat ng "bahay ng Panginoon," maging ito man ay meetinghouse o anumang lugar na sambahan ng mga Banal, o sa katunayan, ang alinmang tahanan ng mga Banal sa mga Huling Araw.[7]



*Itinuro ni Pangulong Kimball na "umuusbong, sumisigla, at napapabanal ang pananampalataya" sa mga kapilya ng mga Banal sa mga Huling Araw.*

Sa mga Banal sa mga Huling Araw ang kapilya ay hindi taguan o selda sa isang katedral, hindi lugar na may mga altar na ginto at mamahaling bato. Iyon ay lugar na hindi marangya o pasikat, walang mga estatwa at karaniwan ay walang mga larawan, simple at payak ang dekorasyon, malinis at maliwanag at mapitagan. Iyon ay lugar kung saan nakaupo nang maayos ang mga tao, sa tunay na kapatiran, kung saan itinuturo ang mga leksyon, kumakanta ang mga koro, nagdarasal at nangangaral ang mga miyembro, at lahat ay natututo at nakatatanggap ng inspirasyon—at kung saan bata't matanda ay tumatanggap ng sakrament. Dito hinuhutok at ipinamumuhay ang kaisipan at gawi, at dito umuusbong, sumisigla, at napapabanal ang pananampalataya.

Ang kapilya ay hindi inilaan para sa balatkayong kabanalan kung saan may nangakasimangot, matitigas ang leeg, o malamig at hungkag ang katahimikan, gayunman ang pagpipitagan sa mga banal na lugar, sagradong layunin, at mga banal na katauhan ay dapat laging matagpuan doon.[8]

Mapitagan ba tayo? Nagpapakita ba ng pagpipitagan sa ating Tagapaglikha ang ating mga kilos sa tahanan at simbahan?

Kung minsan ay nagtataka kami. Dumadalo kami sa mga sakrament miting at kumperensya kung saan pagala-gala ang mga bata sa pasilyo. Sa oras ng miting, napapansin naming nag-uusap ang matatandang magkakatabi, natutulog ang mga tao, at nagkukumpulan ang mga kabataan sa may bukana ng kapilya. Nakikita namin ang mga pamilyang nahuhuli ng dating at maingay na nagsisiupo, at mga grupong malakas ang pag-uusap sa kapilya pagkatapos ng miting.

Nag-aalala kami sa mga investigator, kaibigan, at mga taong mahina pa ang patotoo at nagsisimula pa lang tumatag. Mabisa bang kasangkapan ng misyonero ang mga miting natin, kung saan ang Espiritu ng Panginoon ang namamayani at umaantig sa mga puso? O para lang madama ang Espiritu ay kailangan pa muna nating alisin ang mga walang kabuluhang sagabal?[9]

Ang taong dakila ay mapitagan. Mangingimi siya sa isang bahay-sambahan kahit nag-iisa siya roon. Walang kongregasyong nakatipon nang utusan ng Panginoon si Moises: "Hubarin mo ang iyong panyapak sa iyong mga paa, sapagka't ang dakong iyong kinatatayuan ay banal na lupa!" [Tingnan sa Exodo 3:5.] Dapat planuhing mabuti ng mga namumunong opisyal na walang bulungang maririnig o makikita sa harapan. Dapat sanayin at disiplinahin ng mga magulang ang kanilang mga anak at tabihan sila sa upuan (maliban kung may namamahala sa bawat klase). Dapat sanayin ang mga usher na tahimik na paupuin ang mga tao nang walang gaanong ingay. Dapat dumating nang maaga ang mga dadalo, magbatian sa mahinang boses, bagalan ang kanilang hakbang, maupo sa bandang harapan, at tahimik na umupo na nagninilay-nilay. Lahat ay dapat lubos na makilahok hangga't maaari—sabayan ang pagkanta, sabayan ang pagdarasal, makibahagi ng sakrament nang may taos na pasasalamat at muling ilaan ang sarili sa mga tipang ginawa noon. May pagkakataon tayong dinggin nang may pagpapahalaga ang mga leksyong itinuturo, mga sermon na ipinangangaral at mga patotoong ibinabahagi, nang hindi hinahatulan ang kahusayan kundi ang katapatan ng nagsasalita. Narito ang pagkakataong lubos na matuto mula sa magagaling, dahil ang pinakamapakumbabang guro o tagapagsalita ay magbabahagi ng kaisipang

malilinang. Pagpasok natin nang tahimik sa pintuan ng kapilya matatalikuran natin ang lahat ng kapintasan, problema, at alalahanin—lahat ng plano sa trabaho, pulitika, lipunan, at libangan—at mahinahong ituon ang sarili sa pagninilay-nilay at pagsamba. Makababahagi tayo sa espirituwal na kapaligiran. Mailalaan natin ang ating sarili sa pagkatuto, pagsisisi, pagpapatawad, pagpapatotoo, pasasalamat, at pagmamahal.[10]

---

**Ang pagpipitagan ay nagsisimula sa tahanan.**

Kung gayon, saan nagsisimula ang pagpipitagan, at paano tayo magkakaroon nito?

Ang tahanan ang susi sa pagiging mapitagan, tulad ng iba pang makadiyos na pag-uugali.

Hayaan ninyong bigyang-diin ko ang kahalagahan ng pagtuturo ng pagdarasal sa mga bata. Sa mga pansariling panalangin at sa panalangin ng pamilya natututo ang mga batang musmos na magyuko ng ulo, humalukipkip, at ipikit ang mga mata habang nagdarasal sa ating Ama sa Langit. Sa pag-uugaling natutuhan sa tahanan nakukuha ang pag-uugali sa mga miting sa Simbahan. Agad nauunawaan ng batang natutong manalangin sa tahanan na dapat siyang tumahimik at pumayapa kapag nagdarasal sa mga miting sa simbahan.

Gayundin, kapag lagi tayong nagdaraos ng family home evening sa bahay, alam ng mga bata na may mga espesyal na oras, hindi lang sa simbahan kundi pati sa tahanan, kung kailan natututo tayo tungkol sa ating Ama sa Langit at lahat ay dapat magpakabait nang husto.

Natutuwa sa musika ang mga bata. Ang mga himnong madalas kantahin sa simbahan ay makakanta rin sa tahanan. Lalong makikinabang ang mga batang paslit kung tutulungan sila ng mga magulang na matutuhan ang mga simpleng himno sa bahay. Sa gayon, masasabik kumanta ang mga bata sa sakrament at sa iba pang mga miting.

Siyempre pa, dapat dumalo ang mga magulang sa mga miting tuwing linggo kasama ang kanilang mga anak.



*"Sa pag-uugaling natutuhan sa tahanan nakukuha ang pag-uugali sa mga miting sa Simbahan."*

Dapat magtulungan ang mag-asawa para tiyaking maging masaya ang karanasan ng pamilya sa paghahanda para sa mga miting. Ang pagmamadaling ipunin ang mga bata, magbihis, at magmadaling pumunta sa miting ay nakasisira sa pagpipitagan.

Kapag laging ganito ang pamilya lagi silang mahuhuli sa simbahan, at madalas ay may maaanghang na salitang nakasasakit ng damdamin, at madalas mayamot at di mapakali ang mga bata sa miting. Mas mapitagan ang pamilyang maagang naghahanda para sa mga miting, dumarating sa kapilya bago magsimula ang miting, at tabi-tabing nauupo upang makinig sa pambungad na musika at alisin sa isipan nila ang mga makamundong problema.

Kung minsan ay nahihirapan ang mga magulang na may maliliit na anak na tulungan ang mga anak nila na pahalagahan ang mga miting at bawalan silang mag-ingay o manggulo. Ang pagtitiyaga, paghihigpit, at paghahanda sa tahanan ay mahahalagang sangkap sa tagumpay. Kung nalilito sila kung paano didisiplinahin

ang mga anak sa simbahan, mahihingan ng payo ng mga batang magulang ang mas may karanasan ng mag-asawa sa ward.

Kadalasan, bago at pagkatapos magmiting, nagkukumpulan sa kapilya ang mga miyembro para magkumustahan. Ang bahagyang kawalang-pitagang ito ay hindi sinasadya dahil mahilig tayong makipagkaibigan at magandang pagkakataon ang Sabbath para magkuwentuhan, makihalubilo, at makipagkilala. Dapat maging halimbawa ang mga magulang sa kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng pakikipag-uusap sa pasilyo o sa iba pang bahagi sa labas ng kapilya bago at pagkatapos ng mga miting. Pagkatapos ng miting, makatutulong ang mga magulang sa pagdadala sa tahanan ng nadamang diwa sa miting sa pamamagitan ng pagtalakay sa bahay ng isang kaisipan, isang bilang na musikal, o iba pang magandang bahagi ng miting sa kanilang mga anak.[11]

---

**Maaaring magkaroon ng malaking epekto sa iba ang halimbawa ng ating pagpipitagan.**

Natalakay na natin ang kahalagahan ng pagpipitagan at nasuri ang ilang kahulugan nito. Nagbigay na rin tayo ng ilang mungkahi tungkol sa pagtataguyod ng pagpipitagan sa bahay at sa simbahan. Gayunman, ang tunay na pagbabago sa kilos ng mga tao ay darating kapag sama-samang nagsisikap ang mga lokal na lider at pamilya sa paglutas sa kanilang mga problema tungkol sa pagpipitagan. Nakikinita natin ang pagsisikap ng buong Simbahan na dagdagan pa ang pagpipitagan. . . .

Ang tunay na pagpipitagan ay napakahalagang katangian, ngunit mabilis itong maglaho sa mundo sa paglaganap ng impluwensya ng kasamaan. Hindi natin lubos na maunawaan ang kapangyarihan nating gumawa ng kabutihan kung milyunmilyong miyembro ng totoong simbahan ni Cristo ang magsisilbing halimbawa ng pagpipitagan. Hindi natin mawawari ang marami pang buhay na maiimpluwensyahan natin. At siguro higit sa lahat, hindi natin nakikinita ang malaking espirituwal na epekto sa ating pamilya kung magiging mapitagan talaga tayo tulad ng dapat mangyari.[12]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Rebyuhin ang mga halimbawa ng pagpipitagan sa mga pahina 185–187. Ano ang iminumungkahi ng dalawang kuwentong ito tungkol sa kahulugan ng pagkamapitagan? Anong mga halimbawa ng pagpipitagan ang napansin ninyo sa inyong buhay? Ano ang natutuhan ninyo mula sa mga karanasang ito?
- Rebyuhin ang unang apat na talata sa pahina 187, na hinahanap ang mga turo ni Pangulong Kimball tungkol sa kung ano ang mapitagan at hindi mapitagan. Bakit dapat maging "pinakamapitagang mga tao sa buong mundo" ang mga Banal sa mga Huling Araw?
- Sa palagay ninyo paano tayo dapat tumugon kapag naririnig natin ang isang tao na nilalapastangan ang pangalan ng Panginoon? Ano ang natutuhan ninyo sa halimbawa ni Pangulong Kimball? (Tingnan sa pahina 188.) Ano ang magagawa natin upang igalang ang pangalan ng Panginoon?
- Rebyuhin ang mga pahina 190–193, na hinahanap ang mapitagan at di-mapitagang mga kilos at pag-uugali. Sa anong mga paraan tayo personal na naiimpluwensyahan ng mga kilos at pag-uugaling iyon? Paano kaya maiimpluwensyahan ng mga ito ang ating pamilya at ang iba? Isipin kung ano ang magagawa ninyo at ng inyong pamilya para maging mapitagan sa simbahan.
- Sa palagay ninyo ano ang magagawa ng mga magulang sa bahay para gustuhin ng kanilang mga anak na maging mapitagan sa sakrament miting? sa iba pang mga miting at aktibidad ng Simbahan? (Tingnan ang mga halimbawa sa mga pahina 193–195.)
- Pag-aralan ang huling dalawang talata sa kabanata (pahina 195). Sa anong mga paraan kaya maiimpluwensyahan ng higit nating kapitagan ang ating pamilya? ang ating komunidad?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* I Mga Hari 6:1, 7; Mateo 21:12–14; Alma 37:14–16; D at T 63:61–62, 64

## *Mga Tala*

1. Tingnan sa *Spencer W. Kimball: Resolute Disciple, Prophet of God* (1995), ni Francis M. Gibbons, 192.
2. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball (1982), 534.
3. Tingnan sa *Spencer W. Kimball: Resolute Disciple, Prophet of God,* ni Gibbons, xi.
4. *We Should Be a Reverent People* (polyeto, 1976), 1, 2.
5. *We Should Be a Reverent People,* 1–2.
6. "President Kimball Speaks Out on Profanity," *Ensign,* Peb. 1981, 3, 4–5.
7. *We Should Be a Reverent People,* 2.
8. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 222.
9. *We Should Be a Reverent People,* 1.
10. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 222–23.
11. *We Should Be a Reverent People,* 2–3.
12. *We Should Be a Reverent People,* 4.

# Ang Sabbath—Isang Kaluguran

*Ang Sabbath ay araw ng masigla at masayang pagsamba.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Sa pagdalaw ni Pangulong Spencer W. Kimball sa buong Simbahan, natuwa siya nang makitang iginagalang ng mga Banal ang araw ng Sabbath. Ikinuwento niya ang dalawang lalaking nakilala niya na pinagpala sa pagsisikap nilang panatilihing banal ang araw ng Sabbath:

"Sa isang stake kamakailan ininterbyu ko ang isang lalaki para sa isang mahalagang tungkulin sa muling pagsasaayos ng stake. At sinabi ko sa kanya, 'Ano ang trabaho mo?' At sinabi niya, 'May gasolinahan po ako.' At itinanong ko, 'Nagbubukas ka ba kapag Sabbath?' Ang sagot niya'y 'Hindi po.' 'Sapat ba naman ang kinikita mo? Parang iniisip ng karamihan sa mga may-ari ng gasolinahan na dapat silang magbukas tuwing Sabbath.' 'Malakas naman po ang kita ko,' sabi niya. 'Mabait ang Panginoon sa akin.' 'Wala ka bang mahigpit na kakumpetensya?' tanong ko. 'Meron po,' sagot niya. 'Sa kabila ng kalsada may lalaking laging nagbubukas ng tindahan buong araw ng Linggo.' 'At kahit kailan hindi ka nagbukas?' tanong ko. 'Hindi po,' sabi niya, 'at nagpapasalamat ako, at mabait ang Panginoon, at may sapat ako para sa aking mga pangangailangan.'

"Nasa ibang stake ako, na isinasaayos ding muli, at isa pang kapatid ang iminungkahi para sa isa sa mga pinakamataas na tungkulin; at nang tanungin namin kung ano ang trabaho niya, sinabi niyang may groseri siya. 'Halos karamihan sa mga tindahan ay bukas kapag Sabbath. Ikaw?' 'Sarado po kami tuwing Linggo,' sabi niya. 'Pero paano ka makikipagsabayan sa mga taong ito na nagbubukas pitong araw sa isang linggo?' 'Nakakaagapay naman kami. Kahit paano malakas ang kita namin,' ang sagot niya. 'Pero hindi ba't Sabbath



*"Tawagin ang Sabbath na kaluguran, at ang banal ng Panginoon" (Isaias 58:13).*

ang pinakamabiling araw sa inyo?' 'Opo,' sagot niya, 'siguro doble ang maibebenta namin sa Sabbath kaysa sa karaniwang araw, pero nakakaraos kami kahit wala iyon, at mabait ang Panginoon; mapagpala siya; napakabuti niya.' . . . At hindi ko mapigilang sabihing, 'Pagpalain ka ng Diyos, tapat kong kapatid. Hindi ipagwawalang-bahala ng Panginoon ang lahat ng sakripisyong ito. Malinis ang perang kinikita mo. Tiyak na hindi ito makahahadlang sa pagtahak mo sa landas tungo sa kaharian ng Diyos.' "[1]

Itinuring ni Pangulong Kimball ang Sabbath bilang araw ng masigla, at masayang pagsamba—araw para isantabi ang mga bagay ng daigdig at punuin ang araw ng mabubuting aktibidad. Sa pagbanggit sa mga banal na kasulatan, hinikayat niya ang mga Banal na gawing "kaluguran" ang Sabbath at harapin ang araw nang may "maligayang mga puso at mukha" (Isaias 58:13; D at T 59:15).[2]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Iniuutos ng Panginoon sa Kanyang mga tao sa tuwina na igalang ang araw ng Sabbath.

Bumaba si Moises mula sa nayayanig, umuusok na Bundok ng Sinai at dinala sa naliligaw na mga anak ni Israel ang Sampung Utos, mga pangunahing panuntunan para sa mabuting pamumuhay. Gayunman hindi bago ang mga kautusang ito. Ipinaalam na ito noon pa man kay Adan at sa kanyang angkan, na inutusang ipamuhay ang mga ito mula pa sa simula, at binanggit lang muli ng Panginoon kay Moises. At ang mga utos ay nauna pa sa buhay sa mundo at bahagi ng pagsubok para sa mga mortal na pinlano noon sa pulong sa langit.

Nakasaad sa una sa Sampung Utos na dapat sambahin ng mga tao ang Panginoon; ang ikaapat ay nagtatakda ng araw ng Sabbath na para lamang sa gayong pagsamba:

"Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko. [. . .]

"Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin.

"Anim na araw na gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain.

"Ngunit ang ikapitong araw ay Sabbath sa Panginoon mong Dios: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw, ni ang iyong anak na lalake ni babae, ni ang iyong aliping lalake ni babae, ni ang iyong baka, ni ang iyong tagaibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang daan:

"Sapagka't sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nangaroon, at nagpahinga sa ikapitong araw; na ano pa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng sabbath, at pinakabanal." (Exodo 20:3, 8–11.)

Para sa marami, maliit na bagay lang ang paglabag sa Sabbath ngunit para sa ating Ama sa Langit ito'y paglabag sa isa sa mga pangunahing kautusan. Patunay ito ng kabiguan ng tao na ipasa ang pagsubok na itinakda para sa bawat isa sa atin bago pa nilikha ang mundo, na "susubukin. . . sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos." (Abraham 3:25.) . . .

Ang banal na utos na ibinaba mula sa dumadagundong na Bundok ng Sinai ay "Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin." Ang kautusang iyon ay hindi kailanman inalis o binago. Sa halip, pinagtibay pa ito sa makabagong panahon:

"Subalit tandaan na dito, sa araw ng Panginoon, inyong iaalay ang inyong mga handog at ang inyong mga sakramento sa Kataas-taasan, ipinagtatapat ang inyong mga kasalanan sa inyong mga kapatid at sa harapan ng Panginoon.

"At sa araw na ito wala kayong iba pang bagay na gagawin, kundi ihanda ang inyong pagkain nang may katapatan ng puso upang . . . ang inyong kagalakan ay malubos." (D at T 59:12–13.)[3]

---

**Ang Sabbath ay hindi araw para sa negosyo o libangan.**

Hinihimok ko . . . ang mga Banal sa lahat ng dako na mahigpit na panatilihing banal ang araw ng Sabbath. Mabilis ang pagkawala ng sagradong kabuluhan ng banal na araw ng Panginoon sa buong mundo. . . . Lalong sinisira ng tao ang mga sagradong layunin ng Sabbath sa paghahangad ng kayamanan, kasiyahan, libangan, at pagsamba sa huwad at materyal na mga diyusdiyosan. Patuloy naming hinihimok ang lahat ng Banal at mga

taong may takot sa Diyos sa lahat ng dako na igalang ang araw ng Sabbath at panatilihin itong banal. Walang negosyong magbubukas sa Sabbath kung walang tatangkilik sa kanila sa banal na araw na iyon. Totoo rin ito sa mga pasyalan, mga lugar na pinagdarausan ng sport, at iba't ibang uri ng libangan. Ang paghahangad sa salapi ay tila nakalalamang kaysa sa utos ng Panginoon na, "Ipangingilin ninyo ang aking mga sabbath, at igagalang ninyo ang aking santuario" (Lev. 19:30).[4]

Napapansin natin na sa maraming lugar ng mga Kristiyano mayroon pa rin tayong mga negosyo na bukas sa sagradong araw ng Sabbath. Sigurado tayo na ang lunas rito ay nakasalalay sa atin mismo, na mga mamimili. Tiyak na hindi mananatiling bukas ang mga tindahan at negosyo kung tayo, na mga tao, ay hindi bibili sa kanila. Maaari bang isaalang-alang ninyong muli ang bagay na ito. Ituro ninyo ito sa inyong mga home evening at talakayin ito sa inyong mga anak Nakakatuwa kung magpapasiya ang bawat pamilya na mula ngayon ay wala nang bibili sa araw ng Linggo.[5]

Tayo ay naging isang mundo ng mga tagalabag ng Sabbath. Tuwing Sabbath ang mga lawa ay puno ng mga bangka, siksik sa tao ang mga dalampasigan, mas marami ang nanonood ng sine, puno ng tao ang laruan ng golf. Ang Sabbath ang pinipiling araw para sa mga rodeo, kapulungan, piknik ng pamilya; kahit ang mga palaro ay ginaganap sa sagradong araw na ito. "Bukas kami, tuloy po kayo" ang slogan ng marami, at ang ating banal na araw ay naging isang pista-opisyal na lang. At dahil iniisip ng napakaraming tao na pista-opisyal ang araw na ito, napakaraming iba pa ang nagsisilbi sa mga taong ito na mahilig sa kasiyahan at pagkita ng salapi. . . .

Ang pangangaso at pangingisda sa araw ng Panginoon ay hindi pagpapanatiling banal nito. Ang pagtatanim o paglinang o pag-ani ng pananim sa araw ng Sabbath ay hindi pagpapanatiling banal sa araw ng Panginoon. Ang pagpipiknik, paglalaro o pag-sakay ng rodeo o panonood ng karera o palabas o iba pang libangan sa araw na iyon ay hindi banal na paggunita dito.

Kahit nakapagtataka, ang ilan sa mga Banal sa mga Huling Araw, na tapat sa iba pang bagay, ay binibigyang-katwiran ang sarili sa hindi pagdalo paminsan-minsan sa mga miting sa simbahan para

maglibang, iniisip na hindi na mainam mangisda kung wala siya sa ilog sa unang araw ng pangingisda o hindi sapat ang haba ng bakasyon kung hindi ito sisimulan sa araw ng Linggo o hindi niya mapapanood ang pelikulang gusto niya kung hindi niya ito panonoorin sa araw ng Sabbath. At sa paglabag nila sa araw ng Sabbath madalas ay kasama nila ang kanilang mga pamilya. . . .

Hindi naman pinipintasan ang legal na paglilibang—mga isport, piknik, palabas, at pelikula. Lahat ay may kakayahang pasiglahin ang buhay, at ang Simbahan bilang isang organisasyon ay aktibong tumatangkilik sa gayong mga aktibidad. Ngunit may angkop na panahon at lugar para sa lahat ng makabuluhang bagay—panahon para magtrabaho, maglibang, sumamba. . . .

Totoong may ilang tao na kailangang magtrabaho sa araw ng Sabbath. At, sa katotohanan, ang ilan sa mga trabaho na talagang kailangan—pag-aalaga ng maysakit, halimbawa—ay talagang nakapagpapabanal sa Sabbath. Gayunman, sa gayong mga gawain ang motibo natin ang isasaalang-alang na mabuti.[6]

Kung minsan, ang pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath ay itinuturing na sakripisyo at pagkakait sa sarili, ngunit hindi gayon. Ito'y pagsasaayos lamang ng oras at pagpili ng ating gagawin. May sapat na oras, lalo na sa panahon natin ngayon sa kasaysayan ng mundo, sa anim na araw ng linggo kung kailan makapagtatrabaho at makapaglilibang tayo. Maraming magagawa para maisaayos at mahikayat ang paggawa ng mga aktibidad sa simpleng araw, upang maiwasan ang Sabbath.[7]

---

**Ang Sabbath ay panahon para tayo ay espirituwal na mapagyaman sa pamamagitan ng pagsamba at makabuluhang paggawa.**

Ang Sabbath ay banal na araw para gumawa ng banal at makabuluhang mga bagay. Ang hindi pagtatrabaho at paglilibang ay mahalaga, ngunit hindi sapat. Kailangan sa araw ng Sabbath ang kapaki-pakinabang na pag-iisip at pagkilos, at kung ang isang tao ay magpapahinga lamang at walang gagawin sa araw ng Sabbath, nilalabag niya ito. Para mapanatili itong banal, ang isang tao ay dapat nakaluhod at nagdarasal, naghahanda ng leksyon, nag-aaral ng ebanghelyo, nagmumuni-muni, dumadalaw sa maysakit



*Ang Sabbath "ay araw ng pagsamba at pagpapakita ng ating pasasalamat at pagpapahalaga sa Panginoon."*

at nagdurusa, sumusulat sa mga misyonero, umiidlip, nagbabasa ng makabuluhang materyal, at dumadalo sa lahat ng miting sa araw na iyon kung saan siya inaasahang dumalo.[8]

Mag-ukol ng oras [sa Sabbath] na magkasama-sama bilang pamilya para mag-usap-usap, mag-aral ng mga banal na kasulatan, dumalaw sa mga kaibigan, kamag-anak, at sa mga maysakit at nalulungkot. Ito rin ang pinakamagandang araw para sumulat sa inyong journal at gumawa ng genealogy.[9]

Sa Hebreo ang ibig sabihin ng salitang *Sabbath* ay "kapahingahan." Naghihikayat ito ng kapanatagan, kapayapaan ng isipan at kaluluwa. Ito ang panahon para iwaksi ang pansariling mga interes at mga gawaing masyadong pinagkakaabalahan.

Ang araw ng Sabbath ay ibinigay sa lahat ng henerasyon ng tao bilang pinakapalaging tipan [tingnan sa Exodo 31:16]. Ito ay isang tanda sa pagitan ng Panginoon at ng kanyang mga anak magpakailanman [tingnan sa Exodo 31:17]. Ito ang araw ng pagsamba at pagpapakita ng pasasalamat at pagpapahalaga sa Panginoon. Ito ang araw para isuko ang bawat makamundong mithiin at mapagpakumbabang purihin ang Panginoon, sapagkat

pagpapakumbaba ang simula ng kadakilaan. Hindi ito araw ng paghihirap at pasakit kundi ng kapahingahan at matwid na pagsasaya. Hindi ito araw ng saganang handaan, kundi araw ng simpleng pagkain at espirituwal na salu-salo. . . . Ito ang araw na mapagpalang ibinigay sa atin ng ating Ama sa Langit. Ito ang araw kung kailan mailalabas ang mga hayop para manginain sa damuhan at pagpahingahin; kung kailan maitatabi ang araro sa kamalig at di gagamitin ang iba pang makina; ang araw kung kailan ang nagpapatrabaho at trabahador, amo at tagapaglingkod ay mapapahinga mula sa pag-aararo, paghuhukay, pagtatrabaho. Ito ang araw kung kailan maaaring isara ang opisina at ipagpaliban ang pangangalakal, at kalimutan ang mga alalahanin; ang araw kung kailan pansamantalang mapalalaya ang tao sa unang kautusan na, "Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa. . . ." [Tingnan sa Genesis 3:19.] Ito ang araw kung kailan maaaring mapahinga ang mga katawan, mapanatag ang isipan, at mapaunlad ang mga kaluluwa. Ito ang araw kung kailan maaaring kumanta ng mga awitin, mag-alay ng mga panalangin, mangaral, at magpatotoo, at kung kailan makaaakyat sa mataas na antas ang tao, at halos mapawi ang panahon, lugar, at distansya sa pagitan niya at ng kanyang Manlilikha.

Ang Sabbath ang araw ng pagmumuni-muni—ng pagsusuri ng ating mga kahinaan, ng pagtatapat ng ating mga kasalanan sa ating mga kasama at sa ating Panginoon. Ito ang araw ng pag-aayuno na may "mga damit na magaspang at abo." Ito ang araw ng pagbabasa ng mabubuting aklat, araw ng pagninilay at pag-iisip, araw ng pag-aaral ng leksyon para sa organisasyon ng priesthood at auxiliary, araw ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan at paghahanda ng mga mensahe, araw ng pag-idlip at pagpapahinga, araw ng pagdalaw sa maysakit, araw ng pangangaral ng ebanghelyo, ng pagbabahay-bahay, araw ng tahimik na pag-uusap-usap sa pamilya at mapalapit pang lalo sa ating mga anak, araw ng angkop na pagsusuyuan, araw ng paggawa ng mabuti, araw ng pag-inom sa bukal ng kaalaman at ng tagubilin, araw ng paghingi ng kapatawaran para sa ating mga kasalanan, araw ng pagpapayaman ng ating espiritu at kaluluwa, araw upang ibalik tayo sa ating espirituwal na katayuan, araw ng pakikibahagi sa mga sagisag ng sakripisyo at pagbabayad-sala [ng Panginoon],

araw ng pagninilay ng mga kaluwalhatian ng ebanghelyo at ng walang hanggang kaharian, araw ng pag-akyat sa mataas na landas na patungo sa ating Ama sa Langit.[10]

Umaasa kami . . . na bago matapos ang sunud-sunod na mga miting ninyo sa araw ng Linggo, depende sa inyo-inyong . . . iskedyul ng miting, ay gagawin ninyo ang ipinagawa ng Tagapagligtas sa mga disipulong Nephita: Matapos niyang turuan sila, pinauwi niya sila sa kani-kanilang mga tahanan upang pagbulayin at ipagdasal ang mga nasabi (tingnan sa 3 Ne. 17:3). Isaisip natin ang huwarang iyon.[11]

---

### Ang ganap at masaganang Sabbath ay kinabibilangan ng pagdalo sa mga miting ng Simbahan at pakikibahagi ng sakrament.

Tila ang ideya ng Panginoon sa isang ganap at saganang Sabbath ay ang pagsamba at pagkatuto tungkol sa kanya at pakikibahagi sa kanyang sakrament. Nais niyang punuin natin ang araw ng kapaki-pakinabang at espirituwal na mga aktibidad. Nais niyang gawin natin ang mga bagay na ito nang may pasasalamat at maliligayang puso at mukha, at hindi nang may labis na tawanan. Nais niyang dumalo ang ating kalalakihan at binatilyo sa kanilang miting sa priesthood na nakapaghanda ng kanilang mga leksyon at may nagagalak na puso. Nais niyang dumalo ng Sunday School ang kanyang mga tao at matutuhan doon ang kanyang plano ng kaligtasan. Nais niyang dumalo ang kanyang mga tao sa sakrament miting upang umawit kasama ng mga Banal at manalangin na taglay ang diwa ng nag-aalay ng panalangin, at makibahagi sa mga sagisag ng sakrament, na muling nangangako ng ganap na katapatan, nagpapasakop nang walang pasubali, walang sawang paggawa, palagiang pag-alaala sa kanya.[12]

Sino ang dapat dumalo sa mga sakrament miting? Ang kautusan ay ipinasabi sa pamamagitan ng Propeta sa mga tao na "kung kaninong mga paa ay nakatindig sa lupain ng Sion," ang mga miyembro ng kanyang simbahan [tingnan sa D at T 59:3, 9]. Ang kautusang ito ay hindi lamang para sa mga nasa hustong gulang kundi para sa lahat ng bata at matanda. . . . Ano ang magagawa ng mga magulang upang mas makatulong sa

pagpapatatag ng pamilya kundi ang sama-samang madala ang buong pamilya, malaki man o maliit, sa meetinghouse para sa mga sakrament miting? Doon makakaugalian ng mga bata ang palagiang pagdalo, makakaiwas sa paglabag sa araw ng Sabbath, at kahit musmos pa, ay mauunawaan ang mga turo at patotoo, at ang diwang naroroon. Ang mga lider ng ward at korum ay dapat maging halimbawa sa mga tao sa bagay na ito.[13]

Noong musmos pa lang ako, itinuro sa akin na ugaliing magpunta sa sakrament miting. Lagi akong isinasama ni Inay. Sa mga maalinsangang tanghaling iyon, nakakaramdam ako kaagad ng antok at matutulog sa kanyang kandungan. Wala man akong gaanong natutuhan sa mga mensahe, pero nakaugalian ko ang "pagpunta sa miting." Nanatili sa akin ang ugaling ito sa buong buhay ko.[14]

Walang musmos na sadyang nakaaalam na pumapasok sa katawan niya ang sinag ng araw; hindi niya namamalayan na nagbibigay ng lakas sa munti niyang katawan ang sinag na iyon. Walang musmos na nakatatanto sa kahalagahan ng gatas ng kanyang ina ni ng pagkaing mula sa de lata na nagbibigay sa kanya ng sustansiya. Subalit, doon niya kinukuha ang kanyang lakas at kakayahang lumaki at humusto sa gulang balang-araw. . . .

At maraming matututuhan ang bawat bata sa sakrament miting, nang hindi natatanto ang buong kahulugan nito. May matututuhan sila sa tuwi-tuwina.[15]

Hindi ba't malaki ang nasasayang na panahon at pagsisikap kung tuwing Linggo ng umaga ay titigil tayo at sasabihing, "Pupunta ba ako o hindi sa miting ng priesthood? Pupunta ba ako o hindi sa sakrament miting ngayon? Pupunta ba tayo o hindi?" Kayraming nasayang na pagsisikap. . . . Magpasiya na kung pupunta ba kayo o hindi.[16]

Isang lalaking kakilala ko ang nasa bahay lang tuwing Sabbath at nangangatuwiran na mas makikinabang siya sa pagbabasa ng makabuluhang aklat sa bahay kaysa dumalo sa sakrament miting at makinig sa pangit na mensahe. Ngunit ang tahanan, bagamat sagrado ito, ay hindi bahay-dalanginan. Hindi isinasagawa ang sakrament dito; hindi madarama rito ang pakikipagkaibigan sa mga miyembro, ni ang pagtatapat ng mga kasalanan sa mga kapatid na lalake

sa simbahan. Ang mga kabundukan ay maaaring tawaging mga templo ng Diyos at ang mga gubat at ilog ang kanyang likha, ngunit tanging sa meetinghouse, o sa bahay-dalanginan lamang, maisasakatuparan ang lahat ng mga iniuutos ng Panginoon. Kaya nga binigyang-diin niya sa atin na: "Kinakailangan na ang simbahan ay matipon nang madalas upang makakain ng tinapay at makainom ng alak sa pag-alaala sa Panginoong Jesus." (D at T 20:75.)[17]

Hindi tayo pumupunta sa mga miting ng Sabbath para maaliw o matagubilinan lamang. Pumupunta tayo para sambahin ang Panginoon. Ito ay responsibilidad ng bawat isa, at anuman ang sinasabi sa pulpito, kung nais ng isang tao na sambahin ang Panginoon sa espiritu at katotohanan, magagawa niya ito sa pagdalo sa kanyang mga miting, pagbahagi ng sakrament, at pagninilay sa kagandahan ng ebanghelyo. Kung hindi kayo nasisiyahan sa mga miting na ito, kayo ang nabigo. Walang ibang makasasamba para sa inyo; kayo ang dapat gumawa ng sarili ninyong paghihintay sa Panginoon.[18]

## Nangako ng mga pagpapala ang Panginoon sa matatapat na nagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath.

Ang layunin ng kautusan na [panatilihing banal ang araw ng Sabbath] ay hindi para pagkaitan ang tao ng isang bagay. Bawat kautusang ibinibigay ng Diyos sa kanyang mga tagapaglingkod ay para sa kapakinabangan ng mga tumatanggap at sumusunod dito. Ang tao ang nakikinabang sa mabuti at mahigpit na pagsunod; ang tao ang nagdurusa sa paglabag sa mga batas ng Diyos. . . .

Sa mga paglalakbay ko, nakakakita ako ng matatapat na tao na walang pakialam sa perang kikitain sa araw ng Linggo at sa mga bagay na ipinagbabawal. Nakakita ako ng mga magbabaka na hindi nagbebenta sa araw ng Sabbath; ang mga tindahan ng prutas sa tabi ng daan na karaniwang bukas sa maghapo't magdamag kapag panahon ng mga prutas ay sarado sa araw ng Sabbath; ang mga botika, kainan, at mga tindahan sa tabing daan ay sarado sa araw ng Panginoon—at tila may sapat naman para sa kanilang pangangailangan ang mga may-ari at kasabay niyon ay nakadarama pa ng tunay na kasiyahan sa pagsunod sa batas na iyon.



*Itinuro ni Pangulong Kimball na ang Sabbath ay araw ng "tahimik na pag-uusap-usap sa pamilya."*

At sa tuwing makakakita ako ng mabubuting tao na pinapalampas ang mga ganitong pagkita ng pera, ay nagagalak ako at nadarama sa aking puso na pagpapalain sila sa kanilang katapatan at katatagan.[19]

Alam kong hindi kailanman magdurusa ang mga tao, sa huli, sa anumang pinansyal na sakripisyong gagawin, sapagkat iniutos sa atin [ng Diyos] na ipamuhay ang kanyang mga batas at pagkatapos ay hinamon tayong:

". . . subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan." (Malakias 3:10.)[20]

Hinggil sa kautusang ito, kasama ang iba pa, tayo nang sundin si propetang Josue: "Ngayon nga ay matakot kayo sa Panginoon, at paglingkuran ninyo siya sa pagtatapat at sa katotohanan: . . . piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran; . . . nguni't sa ganang akin at ng aking sangbahayan ay maglilingkod kami sa Panginoon." (Josue 24:14–15.)

Sa gayo'y makaaasa tayo sa mga pagpapalang ipinangako sa mga anak ni Israel: "Inyong ipangingilin ang aking mga sabbath, at inyong igagalang ang aking santuario: ako ang Panginoon.

"Kung lalakad kayo ng ayon sa aking mga palatuntunan at iingatan ninyo ang aking mga utos, at inyong tutuparin:

"Ay maglalagpak nga ako ng ulan sa kapanahunan, at ang lupain ay pakikinabangan, at ang mga kahoy sa parang ay magbubunga.

"At ang inyong paggiik ay aabot hanggang sa pagaani ng mga ubas, at ang pagaani ng ubas ay aabot sa paghahasik: at kakanin ninyo ang inyong pagkain na sagana, at tatahan kayong tiwasay sa inyong lupain.

"At magbibigay ako ng kapayapaan sa lupain, at mahihiga kayo, at walang katatakutan kayo." (Lev. 26:2–6.)[21]

---

**Kung mahal natin ang Panginoon, susundin natin ang araw ng Sabbath at pananatilihing banal ito.**

Tila ang dahilan kung bakit napakahirap para sa napakaraming tao na sundin ang araw ng Sabbath ay dahil nakasulat pa rin ito sa mga tapyas na bato sa halip na nakasulat sa kanilang mga puso. . . .

. . . Sa panahon natin ngayon tila nakita [ng Panginoon] ang katalinuhan ng kanyang mga tao, at iniisip na mauunawaan nila ang ganap na diwa ng pagsamba at pagsunod sa Sabbath nang sabihin niya sa kanila:

"Maghandog kayo ng hain sa Panginoon ninyong Diyos sa kabutihan, maging yaong may bagbag na puso at nagsisising espiritu." (D at T 59:8.)

. . . Ibinigay niya sa atin ang una at dakilang utos:

"Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo." (Mat. 22:37.)

Mahirap isipin na ang isang taong nagmamahal sa Panginoon nang buong puso at kaluluwa at may bagbag na puso at nagsisising espiritu na kumikilala sa walang hanggang kaloob na ibinigay sa kanya ng Panginoon ay hindi maglalaan ng isang araw sa

isang linggo para magbigay-halaga at magpasalamat, at isulong ang mabubuting gawa ng Panginoon. Ang pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath ay sukatan ng pagmamahal natin sa ating Ama sa Langit.[22]

Madalas itanong ng tao kung ano ang dapat o hindi dapat gawin: ano ang karapat-dapat at hindi karapat-dapat sa araw ng Sabbath. Ngunit kung mahal ng isang tao ang Panginoon nang buong puso, kapangyarihan, pag-iisip, at lakas; kung iwawaksi ng tao ang kanyang kasakiman at susupilin ang pagnanasa; kung susukatin ng tao ang bawat aktibidad sa araw ng Sabbath gamit ang pamantayan ng pagsamba; kung tapat ang isang tao sa kanyang Panginoon at sa kanyang sarili; kung ang isang tao ay magaalay ng "bagbag na puso at nagsisising espiritu," mas malamang na walang paglabag sa araw ng Sabbath sa buhay ng taong iyon.[23]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Rebyuhin ang mga pahina 200–201. Pag-isipan ang kahalagahang ibinigay ng Panginoon sa araw ng Sabbath at kung bakit naiiba ang araw ng Sabbath sa ibang mga araw ng linggo. Bakit isang "kaluguran" ang araw ng Sabbath?
- Rebyuhin ang mga pahina 201–203, para hanapin ang mga bagay na hindi natin dapat gawin sa araw ng Sabbath. Bakit hindi angkop ang mga aktibidad na ito sa araw ng Sabbath? Sa mga pahina 203–208, nagbigay si Pangulong Kimball ng mga halimbawa ng "kapaki-pakinabang at espirituwal na mga aktibidad" para sa araw ng Sabbath. Ano ang ginagawa ninyo at ng inyong pamilya para lalong mapanatiling banal ang araw ng Sabbath?
- Sinabi ni Pangulong Kimball na "ang mga motibo ang isasaalang-alang na mabuti" sa mga taong kailangang magtrabaho sa araw ng Sabbath (pahina 203). Ano ang magagawa ng mga tao para mapanatili ang diwa ng pagsamba sa araw ng Sabbath kapag sila'y kailangang magtrabaho?

- Ano ang ibig sabihin sa atin ng ang araw ng Sabbath ay araw ng pamamahinga? (Para sa ilang mga halimbawa, tingnan sa mga pahina 203–206.) Bakit mali ang basta mamahinga lamang, na walang ginagawa sa araw ng Sabbath?
- Rebyuhin ang mga layunin sa pagdalo sa mga miting sa Simbahan sa mga pahina 206–208. Kailan ninyo huling nadama ang lubos na pagsamba sa pulong ng Simbahan at bakit? Paano ninyo gagawing mas makabuluhan ang pagdalo at pagsamba ninyo sa Simbahan?
- Nagpatotoo si Pangulong Kimball tungkol sa mga pagpapalang matatanggap natin kapag pinananatili nating banal ang Sabbath (mga pahina 208–210; tingnan din ang mga kuwento sa mga pahina 198–200). Ano ang ilang mga pagpapala na natanggap ninyo sa pagsunod sa kautusang ito?
- Sa family home evening o pulong ng pamilya, isipin ang magagawa ng inyong pamilya para tulungan ang isa't isa na mapanatiling banal ang araw ng Sabbath.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Genesis 2:1–3; Marcos 2:23–28; 3:1–5; Mosias 13:16–19; D at T 68:29

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Okt. 1953, 55.
2. Tingnan sa "The Sabbath—A Delight," *Ensign*, Ene. 1978, 4–5.
3. *Faith Precedes the Miracle* (1972), 267–69.
4. Sa Conference Report, Okt. 1978, 5; o *Ensign*, Nob. 1978, 5.
5. Sa Conference Report, Okt. 1975, 6; o *Ensign*, Nob. 1975, 6.
6. *Ensign*, Ene. 1978, 2, 4, 5.
7. *Ensign*, Ene. 1978, 4.
8. *Ensign*, Ene. 1978, 4.
9. Sa Conference Report, Abr. 1981, 62; o *Ensign*, Mayo 1981, 45.
10. "The Fourth Commandment," sa *M Man—Gleaner Manual 1963–1964* (manwal ng lider), 277–78.
11. Sa Conference Report, Abr. 1980, 5; o *Ensign*, Mayo 1980, 4.
12. "The Fourth Commandment," 279–80.
13. *The Teachings of Spencer W. Kimball*, inedit ni Edward L. Kimball (1982), 221.
14. Sa Conference Report, Okt, 1944, 43.
15. *The Teachings of Spencer W. Kimball*, 517.
16. *The Teachings of Spencer W. Kimball*, 517.
17. *The Teachings of Spencer W. Kimball*, 220.
18. *Ensign*, Ene. 1978, 4–5.
19. *Ensign*, Ene. 1978, 4, 5.
20. Sa Conference Report, Okt. 1953, 56.
21. *Ensign*, Ene. 1978, 5.
22. "The Fourth Commandment," 275–76.
23. "The Fourth Commandment," 280.

# Ang Batas ng Kalinisang-Puri

*Ang Panginoon ay may iisa lamang pamantayan ng moralidad—ganap na kalinisang-puri para sa mga kalalakihan at kababaihan bago ang pag-aasawa at ganap na katapatan pagkatapos niyon.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Sa pagpapayo sa mga miyembro ng Simbahan tungkol sa pakikipagdeyt, pagsusuyuan, at pag-aasawa, binigyang-diin ni Pangulong Spencer W. Kimball ang kahalagahan ng pamumuhay ng batas ng Panginoon tungkol sa kalinisang-puri at katapatan. Nagbabala rin siya laban sa mga pagtatangka ni Satanas na gawing tila makatwiran o di masama ang paglabag sa batas na ito. Ikinuwento niya ang batang magkasintahang nabiktima ng panlilinlang na ito ng kaaway:

"Sabi ng lalaki, 'Oo, naakit kami sa isa't isa, pero hindi namin iniisip na mali iyon dahil mahal namin ang isa't isa.' Akala ko mali lang ang pagkaintindi ko sa kanya. Mula pa nang magsimula ang daigdig, napakarami na ng imoralidad, ngunit ang marinig na nangangatwiran pa tungkol dito ang isang kabataang Banal sa mga Huling Araw ay ikinabigla ko. Inulit niya, 'Hindi, hindi ito mali, dahil mahal namin ang isa't isa.'

"Inulit-ulit nila ang karumal-dumal na kasalanang ito kung kaya't napaniwala nila ang kanilang sarili, at natutuhan nilang ipaglaban ito, at habang ipinaglalaban ito ay buong katigasan ng ulo silang nanindigan, halos hindi na masaway pa."

Sa kanilang pangangatwiran, ang sagot ni Pangulong Kimball ay, "Hindi, mga minamahal kong kabataan, hindi ninyo minahal ang isa't isa. Sa halip pinagnasaan ninyo ang isa't isa. . . . Kung talagang mahal ng isang tao ang isa pa, mas pipiliin pa niyang mamatay para sa taong iyon kaysa saktan siya. Sa oras ng pagnanasa, naitutulak



*"Ang kasal ay panghabambuhay at sa kawalang-hanggan. . . .
Ang pag-aasawa ay nagbibigay-buhay."*

palabas sa isang pintuan ang dalisay na pag-ibig habang unti-unting pumapasok sa isa pang pintuan ang pagnanasa."[1]

Nagpatotoo rin si Pangulong Kimball na ang galak at kapayapaan ay nagmumula sa pagsunod sa batas ng kalinisang-puri. Nakita niya ang mga pagpapalang ito sa buhay ng matatapat na miyembro, tulad ng karanasan niyang ito sa templo:

"Dito ay may kapayapaan at pagkakaisa at sabik na pag-asam. Isang matikas na binata at napakarikit na dalagang nakapangkasal, na ang kariktan ay di mailarawan, ang nakaluhod [sa] altar. Bilang isang may awtoridad, inihayag ko ang makalangit na seremonya na nagkasal at nagbuklod sa kanila para sa kawalang-hanggan dito sa mundo at sa mga selestiyal na daigdig. Ang mga dalisay na puso ay naroon. Ang langit ay naroon."[2]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Ipinagbabawal ng batas ng kalinisang-puri ang lahat ng relasyong seksuwal sa labas ng kasal.

Upang maunawaan ang paniniwala ng Simbahan tungkol sa moralidad, ipinapahayag namin nang buong katatagan at walang pagbabago na ito ay hindi tulad ng isang gula-gulanit na damit, kupas, makaluma, at puno ng sulsi, na dapat nang itapon. Ang Diyos ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, at hindi nagbabago ang kanyang mga tipan at doktrina; at kahit wala nang init ang araw at hindi na nagniningning ang mga bituin, ang batas ng kalinisang-puri ay pangunahin pa rin sa daigdig ng Diyos at sa simbahan ng Panginoon. Ang mga dating pinahahalagahan ay pinaninindigan ng Simbahan hindi dahil dati na ang mga ito, kundi dahil wasto ang mga ito.[3]

Ang ganap na kalinisang-puri bago ang pag-aasawa at ganap na katapatan matapos iyon ang siya pa ring pamantayan kung saan ang bawat paglabag ay tiyak na kasalanan, pagdurusa, at kalungkutan.[4]

Yaong mga humahamak sa institusyon ng kasal, at makaluma ang tingin sa kalinisang-puri bago ang kasal at sa katapatan pagkatapos niyon, ay tila determinadong magtakda ng sarili nilang bagong pamantayan at iginigiit ito sa iba. Hindi ba nila nakikita

ang napakalaking kasakiman na sa bandang huli'y hahantong sa labis na kalungkutan? Hindi ba nila nakikita na, dahil sa udyok ng kasiyahan, palayo sila nang palayo sa kagalakan? Hindi ba nila nakikita na ang uri ng tagumpay nila ay magbubunga ng kahungkagan at kawalang-kabuluhan kung saan walang panandaliang kasiyahan ang makasasagip sa kanila sa bandang huli? Ang batas ng pag-ani ay hindi pa napawawalang-bisa [tingnan sa Mga Taga Galacia 6:7].[5]

Ang mga sinaunang apostol at propeta ay nagbanggit ng napakaraming kasalanan na lubos nilang ikinagalit. Karamihan sa mga ito ay kasalanang seksuwal—pakikiapid, walang katutubong pag-ibig, kahalayan, kataksilan, walang pagpipigil sa sarili, mahahalay na salita, kawalang-kadalisayan, masamang pita, pangangalunya. Kabilang sa mga ito ang lahat ng relasyong seksuwal sa labas ng kasal—mapusok na pagyayapusan at paghahalikan, maling paggamit ng seks, pagpaparaos sa sarili, at sobrang pag-iisip at pagsasalita tungkol sa seks. Kabilang rito ang bawat nakatago at lihim na kasalanan at lahat ng hindi banal at dalisay na pag-iisip at gawa. Isa sa pinakamabigat sa mga ito ang insesto o seksuwal na relasyon ng magkamag-anak.[6]

Kung ang isang tao ay may pagnanasa at interes [sa kapwa niya lalaki o babae], ang paglaban niya dito ay tulad din ng paglaban niya sa anumang pagnanasa sa mapusok na pagyayapusan at paghahalikan o pakikiapid. Kinokondena at ipinagbabawal ng Panginoon ang gawaing ito tulad ng pagkondena Niya sa pakikiapid at sa iba pang gawaing seksuwal. . . . Muli, salungat sa paniniwala at sinasabi ng maraming tao, ang [gawaing] ito, tulad ng pangangalunya, ay maaaring mapagtagumpayan at may kapatawaran, ngunit muli, ito'y sa pamamagitan lamang ng taimtim at wastong pagsisisi, na ibig sabihi'y ganap na pagwaksi at lubusang pagbabago ng isip at gawa. Ang katotohanang may ilang pamahalaan at simbahan at maraming tiwaling tao na nagsisikap pagaanin ang bigat ng gayong gawain mula sa pagiging isang krimen tungo sa pagiging personal na pribilehiyo ay hindi nagpapabago sa katangian ni sa bigat ng kasalanan ng gawaing ito. Ang mabubuting tao, matatalinong tao, mga taong may takot sa Diyos saanman ay patuloy pa ring tinutuligsa ang gawaing ito dahil hindi ito karapat-dapat sa mga anak na lalaki at babae ng Diyos; at tinutuligsa at

kinokondena ito ng simbahan ni Cristo. . . . Ang karumal-dumal na kasalanang homoseksuwal ay nagaganap sa lahat ng panahon. Maraming lungsod at sibilisasyon ang naglaho na dahil dito.[7]

Ang dalisay na pagtatalik sa legal na kasal ay pinahihintulutan. May tamang panahon at angkop na paggamit ng lahat ng bagay na mahalaga. Ngunit ang mga pakikipagtalik sa labas ng legal na kasal ay nagiging daan para ang isang tao ay maging isang bagay na gagamitin lamang, pagsasamantalahan, at bagay na maaaring ipagpalit, maabuso, mabibili. . . .

Ang bawal na relasyong seksuwal ay kasakiman, kataksilan, at kawalang-katapatan. Ang hindi pagtanggap ng responsibilidad ay karuwagan, kawalang-katapatan. Ang kasal ay panghabambuhay at sa kawalang-hanggan. Ang pangangalunya at iba pang paglabag ay para sa kasalukuyan, para sa oras na ito, para sa "ngayon." Ang kasal o pag-aasawa ay nagbibigay-buhay. Ang pangangalunya ay humahantong sa kamatayan.[8]

---

**Ang pag-ibig ay kalugud-lugod at di makasarili, ngunit ang pagnanasa ay tiwali at sakim.**

Ang isang binata ay hindi tunay na lalaki kung nangangako siya ng popularidad, kasayahan, seguridad, katuwaan, at maging pag-ibig, gayong ang kaya lamang niyang ibigay ay pagnanasa at ang masasamang ibubunga nito—matinding panunumbat ng budhi, pagkasiphayo, poot, pagkasuklam, at sa huli'y pandidiri at posibleng pagbubuntis nang hindi lehitimo at walang dangal. Nagsusumamo siya ng pagmamahal, at ang ibinibigay lamang niya ay pawang pagnanasa. Gayundin naman na ibinebenta ng dalaga ang kanyang sarili sa napakamurang halaga. Ang bunga ay pagkasira ng buhay at kawalan ng puri ng kaluluwa. . . .

At sinasabi pa rin ng mga kabataang ito na ito ay pag-ibig. Napakalaking paninira sa pinakamagandang salita! Mapait ang bunga dahil bulok ang puno. Sinasambit ng kanilang mga labi ang, "Mahal kita." Sinasabi ng kanilang mga katawan na, "Gusto kita." Mabait at kalugud-lugod ang pag-ibig. Ang umiibig ay nagbibigay, hindi umaangkin. Ang umiibig ay naglilingkod, hindi nanamantala. . . .

Ano ang pag-ibig? Akala ng maraming tao ito ay pisikal na atraksyon lamang at pangkaraniwan lamang sa kanila ang sabihing "umiibig" at "pag-ibig sa unang pagkikita." . . . Maaaring kaagad mabighani ang isang tao sa iba, ngunit higit pa sa pisikal na atraksyon ang pag-ibig. Ito ay malalim, ganap, at malawak. Ang pisikal na atraksyon ay isa lamang sa maraming elemento nito; kailangang may pananampalataya at tiwala at pang-unawa at pagtutulungan. Kailangang may iisang mga adhikain at pamantayan. Kailangan ang matinding katapatan at pagsasamahan. Ang pag-ibig ay kalinisan at pag-unlad at sakripisyo at pagpaparaya. Hindi napapagod o nagmamaliw ang ganitong uri ng pag-ibig, kundi nagpapatuloy sa gitna ng karamdaman, at kalungkutan, kahirapan at paghihikahos, tagumpay at kabiguan, sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Para magpatuloy ang pagmamahalan, kailangang laging nag-iibayo ang tiwala at pang-unawa, ang madalas at tapat na pagpapakita ng pagpapahalaga at pagmamahal. Kailangang kalimutan ang sarili at palaging magmalasakit sa iba. Ang mga naisin, inaasam, at layunin ay dapat nakatuon tuwina sa iisang landas. . . .

Ang isang binata na pinangangalagaan ang kanyang kasintahan laban sa lahat ng panggagamit o pang-aabuso, laban sa pangungutya at kabuktutan mula sa kanya mismo o sa iba, ay nagpapahayag ng tunay na pagmamahal. Ngunit ang isang binata na ginagamit ang kanyang kasama bilang laruang magbibigay sa kanya ng panandaliang kasiyahan—iyan ay pagnanasa.

Ang isang dalaga na ginagawang kabigha-bighani ang sarili sa espirituwal, pangkaisipan, at pisikal na aspeto ngunit hindi nagsasalita o nagdaramit o kumikilos para pukawin o gisingin ang pisikal na reaksyon ng katabing kasintahan ay nagpapahayag ng tunay na pagmamahal. Ang dalaga na humahawak at pumupukaw at humahaplos at nanunukso at nanggagamit ay nagpapakita ng pagnanasa at pananamantala. . . .

Mag-ingat sa panlilinlang ng diyablo na ginagawang mukhang mabuti ang masama sa pamamagitan ng pagbibigay rito ng kabansagang nagtatago ng tunay na katangian nito. Ang gayong pamamaraan ang nagbibigay-katwiran na ang pagnanasa ay pag-ibig.[9]

Bagamat ang seks ay mahalaga at kasiya-siyang bahagi ng buhay may-asawa, kailangan nating tandaan na hindi nilayon ang buhay para sa seks lamang.[10]

Ang pagsasama ng lalaki at babae, ng mag-asawa (at *tanging* mag-asawa lamang), ay para sa pangunahing layunin na magsilang ng mga anak sa mundo. Ang mga karanasang seksuwal ay hindi kailanman nilayon ng Panginoon na maging laruan lamang o para lamang bigyang-kasiyahan ang simbuyo ng damdamin at pagnanasa. Wala tayong alam na tagubilin mula sa Panginoon na limitado lamang sa paglikha ng bata ang pagtatalik ng mag-asawa, ngunit marami tayong nakikitang katibayan mula pa kay Adan hanggang sa panahon ngayon na hindi kailanman nagbigay ng kondisyon ang Panginoon hinggil sa pagtatalik na walang pakundangan.[11]

---

### Dapat nating iwasan ang pornograpiya at iba pang uri ng imoralidad.

Tayo ay mga espirituwal na anak ng Diyos at . . . tayo ang kanyang pinakadakilang likha. Sa bawat isa sa atin ay naroon ang potensyal na maging Diyos—dalisay, banal, tunay, maimpluwensya, makapangyarihan, malaya sa makamundong puwersa. Nalaman natin mula sa mga banal na kasulatan na walang hanggan ang pag-iral ng bawat isa sa atin, na kasama natin ang Diyos sa simula pa (tingnan sa Abr. 3:22). Ang pagkaunawang iyon ang nagbigay sa atin ng kakaibang pagpapahalaga sa dignidad ng tao.

Ngunit may mga huwad na guro sa lahat ng dako na gumagamit ng mga pananalita at pornograpiya, magasin, radyo, telebisyon, malalaswang salita—nagpapalaganap ng karumal-dumal at maling paniniwala na sumisira sa mga pamantayan ng kagandahang-asal, at ito'y upang bigyang-kasiyahan ang pagnanasa ng laman.[12]

Kinasusuklaman natin ang pornograpiyang tila laganap na sa lupain. Sinisikap ng batas na supilin ito, ngunit ang pinakamainam na paraan para pigilin ito ay ang pagtayuin ang mga kalalakihan at kababaihan, kasama ang kanilang pamilya, ng harang laban dito. Tatanungin namin kayo, "Gusto ba ninyo, kayong mabubuting mamamayan ng inyong komunidad, na wasakin ng masamang bisyong ito ang inyong mga pamilya at kapitbahay?"[13]

Kapag nakikita natin ang kasamaan ng napakaraming tao sa ating lipunan sa kanilang determinasyong igiit sa mga tao ang malalaswang pagtatanghal, mahahalay na pananalita, mga bagay na hindi normal na ginagawa, iniisip natin, iniunat na ba ni Satanas ang kanyang masama at imbing kamay upang hilahin sa kanyang panig ang mga tao sa mundong ito? Wala na ba tayong sapat na bilang ng mabubuting tao na pipigil sa kasamaang ito na nagbabanta sa ating daigdig? Bakit patuloy tayong nakikipag-kompromiso sa kasamaan at bakit patuloy nating kinukunsinti ang kasalanan?[14]

Umaasa tayo na hindi kukunsintihin ng ating mga magulang at lider ang pornograpiya. Ito ay talagang basura, ngunit ngayo'y ipinangangalandakang tulad ng isang normal at kasiya-siyang pagkain. . . . Magkaugnay ang pornograpiya at ang malalaswang pagnanasang seksuwal at di normal na pagtatalik.[15]

Sa kasawiang-palad ang mga kasalanang dulot ng pornograpiya ay nagiging sanhi pa ng ibang mabibigat na kasalanan, kabilang na ang pagpapalaglag.[16]

Katawa-tawang sabihin na walang epekto ang pornograpiya. May tiyak itong kaugnayan sa krimen. Ang pagpatay, pagnanakaw, panggagahasa, prostitusyon, at masamang bisyo ay nauudyukan ng imoralidad na ito. Ang bilang ng nagaganap na krimeng may kinalaman sa seks ay tila nagpapakita ng kaugnayan ng krimen at pornograpiya.

Tunay na wala itong naitutulong na mabuti sa lipunan. Hinihikayat natin ang ating mga pamilya na pangalagaan ang kanilang mga anak hangga't maaari. Nabubuhay tayo sa daigdig na kakaunti o wala nang mga limitasyon, ngunit kailangan nating tiyakin na hindi tayo magiging bahagi ng daigdig na iyon na walang limitasyon, ang daigdig na iyon na lalo pang lumalala.[17]

Ang mga miyembro ng Simbahan sa lahat ng dako ay hinihikayat na huwag lamang iwasan ang laganap na kapahamakang dulot ng pornograpiya, kundi bilang mga mamamayan ay maging aktibo at patuloy na makibahagi sa paglaban sa mapaminsalang kalaban ng sangkatauhan sa buong daigdig. . . .

. . . Turuan ang inyong mga anak na iwasan ang mahahalay na materyal na parang isang salot. Bilang mga mamamayan, makiisa sa paglaban sa kahalayan sa inyong mga komunidad. Huwag magpadala sa pagwawalang-bahala ng mga nakikinabang sa pornograpiya, na nagsasabing ang pag-alis sa pornograpiya ay pagkakait sa mga tao ng karapatang pumili. Huwag ninyong hayaang buong kamalian nilang itanghal na kalayaan ang imoralidad.

Nanganganib ang napakahalagang mga kaluluwa—mga taong malapit at mahal ng bawat isa sa atin.[18]

---

**Dapat pangalagaan ng mga magulang at lider ang kanilang mga anak at kabataan laban sa imoral na mga impluwensya.**

Matututuhan sa inyo ng inyong mga anak hangga't bata pa sila na hindi sila kailanman dapat makisali sa anumang uri ng imoralidad. Hindi ito dapat minsan lang sabihin sa kanila. Ngunit bago sila mag-asawa dapat maraming-maraming beses na silang napagsabihan, at dapat nilang malaman na hindi lang ang kanilang pamilya at mga magulang ang umaasa sa dakilang paglilingkod na ito, kundi ang Panginoon sa Langit. Inaasahan ni Jesucristo na mananatili silang malinis at malaya sa imoralidad.[19]

Ang kawalang-puri ang pinakamatinding kasamaan ng panahon. Tulad ng pugita, pinupulupot nito ang kanyang mga galamay sa isang tao. Napakaraming landas ang umaakay sa mga kabataang ito sa ganitong mga kalapastanganan. Hayaan ninyong magbanggit ako ng ilang pamamaraan na sumisira sa moralidad.

Ang ilan ay hindi gaanong nakikibahagi sa aktibidad ng simbahan at inilalayo ang kanilang sarili sa nakadadalisay at nangangalagang impluwensya ng Simbahan. Tila pumapangalawa lamang ang ebanghelyo sa kanilang personal na mga interes. Hindi sila dumadalo sa kanilang mga miting, at hinahayaang manguna ang mga gawain sa eskuwelahan, lipunan, o negosyo o trabaho kaysa sa mahahalagang aktibidad ng simbahan at ebanghelyo hanggang sa manlamig na sila sa Simbahan at sa mga pamantayan nito.



*Si Pangulong Kimball ay nagbigay ng malinaw na mga panuntunan para sa mga kabataang nakikipagdeyt.*

Isa pa sa maraming bagay na humahantong sa kawalang-puri ay ang kawalan ng kahinhinan. Maraming kabataang babae at lalaki ngayon ang nagmamalaki sa kanilang kaalaman sa paggawa ng bata. Akala nila'y alam na nila ang lahat ng sagot. Walang pakundangan nilang pinag-uusapan ang seks na parang ang pinag-uusapan nila ay mga sasakyan at pelikula at damit. At unti-unting nabubuo ang diwa ng kawalan ng kahinhinan hanggang sa tila wala ng bagay na sagrado pa.[20]

Walang dahilan para magsuot ang kababaihan ng damit na litaw na ang dibdib o kaya'y hapit sa katawan dahil lamang sa iyon ang uso. Puwede tayong lumikha ng sarili nating istilo. . . .

Ni wala ring dahilan para ipaglantaran ng mga kabataang lalaki ang kanilang katawan. Ang mga kabataang ito ay makapagpapakita ng lakas ng loob at mabuting pasiya kung hihikayatin nila ang kanilang mga kaibigang babae na magsuot ng disenteng damit. Kung hindi makikipagdeyt ang isang binata sa

isang dalagang hindi maayos ang suot, di-magtatagal ay mababago ang istilo. . . .

Ipinangako ng Panginoon sa magigiting na, "Iyo ang lahat ng akin." Upang makamit ang dakila at walang hanggang mga pagpapalang ito, hindi kayo dapat magbakasakali. Panatilihing kalugud-lugod at malinis at dalisay ang inyong buhay, upang hindi mapagkaitan ng mga biyaya kailan man. Upang magawa ito, makabubuti sa inyo na iwasan "ang bawat anyo ng masama" at ang bawat pamamaraang humahantong sa masama."[21]

Hindi labis na pagbibigay-diin ang sabihin na ang kawalan ng kahinhinan ay isa sa mga patibong na dapat nating iwasan kung gusto nating malayo tayo sa tukso at mapanatiling malinis ang ating sarili.[22]

Iminumungkahi ko . . . ang sumusunod na pamantayan. Ang anumang pakikipagdeyt o pakikipagpareha habang nakikihalubilo sa iba ay dapat munang ipagpaliban hanggang sa edad man lamang na 16 o mas matanda pa, at kahit nasa gayon nang edad kailangan pa ring pag-isipang mabuti ang pagpili at ang kaseryosohan nito. Kailangang magkaroon ng limitasyon ang mga kabataan sa pagiging malapit sa isa't isa nang ilang taon pa, dahil magmimisyon pa ang lalaki kapag 19 na taong gulang na siya.

Ang pakikipagdeyt at lalung-lalo na ang pakikipagdeyt sa iisang tao lamang sa napakabatang edad ay lubhang delikado. Sinisira nito ang buong plano ng buhay. Pinagkakaitan kayo nito ng makabuluhan at mayayamang karanasan; nalilimitahan nito ang mga pakikipagkaibigan; dahil dito ay nababawasan ang mga pakikipagkilala na napakahalaga sa pagpili ng makakasama sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.

Talagang may takdang panahon sa pagdalo sa mga sayawan, paglalakbay, pakikihalubilo, pakikipagdeyt, at kahit ang seryosong pakikipagdeyt na hahantong sa pagsusuyuang magdadala sa mga kabataang ito sa banal na templo para sa walang hanggang kasal. At ang tamang panahon ang siyang pinakamahalaga. Mali pa rin ang gawin kahit ang tamang bagay sa maling panahon at maling lugar at sa maling pagkakataon.[23]

Panatilihing malinis at malaya ang inyong buhay mula sa lahat ng hindi banal at maruming isipan at gawa. Iwasan ang lahat ng

samahang humahamak at nagpapababa sa mataas, at mabubuting pamantayang itinakda para sa atin. Sa gayong paraan ay uunlad na mabuti ang inyong buhay at mapupuspos kayo ng kapayapaan at kagalakan.[24]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Ihambing ang magkasintahang inilarawan ni Pangulong Kimball sa pahina 213 sa magkasintahang tinukoy niya sa ikalawang talata sa pahina 215. Ano ang maaaring dahilan ng pagkakaiba sa asal at kilos ng magkasintahang ito na mga Banal sa mga Huling Araw?
- Basahin ang ikatlong talata sa pahina 215. Ano ang masasabi ninyo sa isang taong nagsasabi na makaluma ang kalinisang-puri? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 215–217.) Ano ang ilan sa mga kahihinatnan ng pagwawalang-halaga sa batas ng kalinisang-puri? Ano ang ilan sa mga pagpapala ng pagsunod nito?
- Pag-isipan kung paano ninyo kukumpletuhin ang mga pangungusap na ito: Ang umibig ay ______. Ang magnasa ay ______. (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 217–219.) Paano maiimpluwensyahan ng ating pagkaunawa sa pag-ibig ang ating isipan at kilos?
- Sa inyong palagay bakit nagbabala noon pa laban sa pornograpiya si Pangulong Kimball at ang maraming lider ng Simbahan? (Tingnan sa mga pahina 219–221.) Sa anu-anong paraan natin malalabanan ang paglaganap at impluwensya ng pornograpiya? Ano ang magagawa natin sa ating mga pamilya para "makapagtayo ng mga hadlang laban dito"?
- Rebyuhin ang mga pamantayan sa mga pahina 221–224. Bakit kailangang ituro nang maaga ng mga magulang at lider ang batas ng kalinisang-puri sa buhay ng isang bata? Ano ang magagawa ng mga magulang at lider para matulungan ang mga kabataan na manatiling tapat sa Simbahan at sa mga

pamantayan nito? Anu-anong mapagkukunan ang ibinibigay ng Simbahan upang matulungan ang mga kabataan na maunawaan at masunod ang mga pamantayan ng Simbahan?

- Paanong magkaugnay ang kahinhinan at ang batas ng kalinisang-puri?
- *Ano ang ibig sabihin ng maging mahinhin sa pamamaraan ng ating pananamit? Sa anu-anong paraan tayo "makalilikha ng sarili nating istilo"? (pahina 222). Ano ang ibig sabihin ng maging mahinhin sa ating pagsasalita at asal? Paano natin matutulungan ang mga kabataan na maunawaan na kailangang maging mahinhin sa lahat ng aspeto ng kanilang buhay?*

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan*: I Mga Taga Corinto 6:9, 18–20; Jacob 2:7; Alma 39:3–5, 9; 3 Nephi 12:27–30; D at T 42:22–23, 40–41; 59:6

## *Mga Tala*


1. *Faith Precedes the Miracle* (1972), 151–52, 153, 154.
2. Sa Conference Report, Okt. 1971, 153; o *Ensign*, Dis. 1971, 36.
3. *Faith Precedes the Miracle*, 155.
4. Sa Conference Report, Okt. 1980, 4; o *Ensign*, Nob. 1980, 40.
5. Sa Conference Report, Abr. 1978, 117; o *Ensign*, Mayo 1978, 78.
6. "President Kimball Speaks Out on Morality," *Ensign*, Nob. 1980, 95.
7. *Ensign*, Nob. 1980, 97.
8. *Faith Precedes the Miracle*, 155, 156–57.
9. *Faith Precedes the Miracle*, 157–59.
10. *The Miracle of Forgiveness* (1969), 73.
11. "The Lord's Plan for Men and Women." *Ensign*, Okt. 1975, 4.
12. *Ensign*, Nob. 1980, 94.
13. Sa Conference Report, Abr. 1975, 8–9; o *Ensign*, Mayo 1975, 7.
14. Sa Conference Report, Abr. 1975, 162; o *Ensign*, Mayo 1975, 109.
15. Sa Conference Report, Okt. 1974, 7; o *Ensign*, Nob. 1974, 7.
16. "A Report and a Challenge," *Ensign*, Nob. 1976, 6.
17. Sa Conference Report, Okt. 1974, 7; o *Ensign*, Nob. 1974, 7.
18. *Ensign*, Nob. 1976, 5, 6.
19. Sa Conference Report, La Paz Bolivia Area Conference 1977, 22–23.
20. *Faith Precedes the Miracle*, 162–63.
21. *Faith Precedes the Miracle*, 166, 167, 168.
22. *The Miracle of Forgiveness*, 227.
23. *Ensign*, Nob. 1980, 96.
24. *Ensign*, Nob. 1980, 98.

# Marangal, Masaya, Matagumpay na Pag-aasawa

*Ang mga mag-asawa ay nagtatamasa ng matiwasay at walang hanggang ugnayan kapag nananatili silang tapat sa Panginoon at sa isa't isa.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Bago siya matawag sa Korum ng Labindalawang Apostol, si Spencer W. Kimball ay kasosyo sa isang kumpanya ng insurance at realty sa Safford, Arizona. Naalala ng isa sa kanyang mga empleyado, si Carmen Richardson Smith, ang katapatan nina Spencer at Camilla Kimball nang mapolyo ang kanilang anak na si Edward noong mga unang taon ng 1930s:

"Ang relasyon nina Brother Kimball at ng kanyang asawa ay isang bagay na hinangaan ko nang lubos. Noong nasa California si Eddie at nagpapagamot pa, namalagi sa tabi niya si Sister Kimball at nagpunta doon si Pangulong Kimball sa kritikal na mga panahon. Habang nagpapagaling si Eddie matapos ang operasyon, umuuwi si Brother Kimball para alagaan ang ibang miyembro ng pamilya, samantalang naiiwan ang kanyang asawa para bantayan si Eddie.

"Palagay ko araw-araw siyang sumusulat kay Camilla. Hindi lamang basta liham na may 50 salita. Kung minsan kapag kapos siya sa oras, idinidikta niya sa akin ang liham, at naaalala ko pa ang nadama ko noon: halos sagradong karangalan iyon.

"Mabuti at masaya ang pagsasama nila, at malaki ang pagpapahalaga nila sa isa't isa. Tila umiikot nang lubos ang buhay nila sa isa't isa."[1]

Ang pagmamahalan nina Spencer at Camilla Kimball, na kitang-kita na noong bata pa sila, ay lalong tumindi at lumalim



*"Sa bawat pangyayari ay laging nasa tabi ko si Camilla."*

habang nagkakaedad sila. Madalas na nagpapahayag ng pasasalamat si Pangulong Kimball sa samahan nilang mag-asawa: "Sa bawat pangyayari ay nasa tabi ko palagi si Camilla. Inilibing namin ang aming mga magulang at ibang mahal sa buhay, at nawalan kami ng maliliit na anak na isinilang nang wala pa sa tamang panahon. Naranasan namin ang matinding lungkot at saya. . . . Magkasama kaming umiyak at magkasamang nagtawanan. . . . Ang buhay namin ay puno ng saya sa kabila ng lahat ng malulungkot at malulubhang bagay. Kami ay nagsayaw; umawit; nag-asikaso ng mga panauhin; nagmahal at minahal. Sa isang asawang tulad ni Camilla Eyring, ang buhay ay naging kumpleto, masigla, at masagana."[2]

Sa pagkakaroon ng matagal at masayang buhay may-asawa, napuna niyang: "Kailangan natin ng mabuti at mabait na asawang hindi magbibilang ng kulubot sa ating mukha, hindi tatandaan ang mga kahangalan natin ni ang ating mga kahinaan; . . . kailangan natin ng mapagmahal na asawa na nakasama nating nagdusa at tumangis at nanalangin at sumamba; isang taong kasama nating dumanas ng lungkot at kabiguan, isang taong nagmamahal sa atin sa kung ano tayo o nais na maging sa halip na kung ano tayo sa panlabas na kaanyuan."[3]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Ang kasal na walang hanggan ay inordena ng Diyos, at ang pamilya ay mahalaga sa plano ng Ama sa Langit para sa atin.

Ang pag-aasawa, *marangal* na pag-aasawa ay inordena ng Diyos. Ipinahayag niya na ang pangunahing yunit ng lipunan ay dapat ang tahanan at pamilya, at dapat mabalaan tayo na ang maling kultura ng panahon ay ang pagtalikod sa planong ito na inordena ng Diyos. . . .

Tila tumitindi ang pagtutol sa kasal mula sa masasamang tao ng mundo at lalong dumarami ang mga mag-asawa na hindi mag-aanak. Siyempre ang susunod na tanong ay, "Bakit magpapakasal pa?" At maiintindihan natin ang ilang dahilan kung bakit "kinokontra ang pagpapakasal." Sinasabi nila na isang pasanin,

pagkatali, responsibilidad ang mga anak. Nakumbinsi ng maraming tao ang kanilang sarili na ang edukasyon, kalayaan mula sa mga limitasyon at responsibilidad—ang siyang pinakamagandang buhay. At sa kasamaang-palad ang kahangalan at nakapipinsalang ideyang ito ang unti-unting pinaniniwalaan ng ating mga tao mismo.[4]

Upang malabanan at mapigilan ang masasamang itinuturo sa media at sa pelikula at sa telebisyon at sa kalye, dapat nating ituro ang kasal, wastong kasal, kasal na walang hanggan.[5]

Ang pangunahing dahilan sa kasal na walang hanggan ay sapagkat walang hanggan ang buhay; at ang pag-aasawa, upang makaakma sa walang hanggang mga layunin, ay dapat akma sa haba ng buhay. Ang pagkakasal na ginagawa ng mga opisyal ng batas, o ng opisyal ng Simbahan sa labas ng mga templo ay para sa buhay lamang na ito, "hanggang sa paghiwalayin kayo ng kamatayan" o "hangga't kayo ay kapwa buhay." Natatapos ito sa kamatayan. . . . Ang kasal na walang hanggan ay isinasagawa ng propeta ng Panginoon o ng iilan na binigyan niya ng awtoridad. Isinasagawa ito sa mga banal na templong itinayo at inilaan para sa layuning iyon. Ang ganitong kasal lamang ang lumalampas sa libingan at naipagpapatuloy nito ang ugnayan ng mag-asawa at ng magulang at anak tungo at hanggang sa kawalang-hanggan.[6]

Tiyak na ang marangal, masaya, at matagumpay na pag-aasawa ang siyang pinakapangunahing mithiin ng bawat normal na tao. Ang kasal ay dinisenyo ng Panginoon upang magpatatag, magpasaya ng mga tahanan at angkan. Ang sinumang tahasang umiiwas sa pag-aasawa ay hindi lang hindi normal, kundi binibigo rin niya ang sariling buhay.

Binibigyang-katwiran ko ang salitang *normal* dahil nagtakda mismo ang Panginoon ng pamantayan nang pagsamahin niya sina Adan at Eva, ang unang lalaki at babaeng nilikha niya sa mundong ito, at nagsagawa ng banal na seremonya ng kasal upang maging mag-asawa sila. Magkaiba sila ng katangian, na may magkaibang papel na gagampanan. Pagkatapos na pagkatapos niyang isagawa ang seremonya, sinabi niya sa kanila: "Magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at inyong supilin; at magkaroon kayo ng kapangyarihan" (Gen.1:28).

Normal na magpakasal at normal at tamang magkaroon ng mga anak. Dapat naisin at planuhin ng bawat tao na magpakasal dahil iyon ang naiplano ng Diyos sa langit para sa atin. Sa ganyang paraan niya ito isinagawa.[7]

*Ang buong plano [ng Panginoon] ay matalinong binuo upang maipadala sa mundo ang mga anak nang may pagmamahal at pag-asa sa kanilang magulang. Kung nanaig ang mga mababaw na ideya ng maraming mortal ngayon, matagal na sanang nagwakas ang daigdig, ang sangkatauhan, at lahat ng wastong bagay. . . .*

. . . Sinabi ng Panginoon na upang matamo ang pinakamataas sa tatlong kalangitan o antas ng kaluwalhatian sa kahariang selestiyal, "ang isang tao ay kailangang pumasok sa orden na ito ng pagkasaserdote [ibig sabihin ang bago at walang hanggang tipan ng kasal];

"At kung hindi niya gagawin, hindi niya ito matatamo." (D at T 131: 2–3.)

Ito ang tamang paraan.

May ilang kalalakihang hindi makapag-asawa dahil iyon ang gusto nila. Pinagkaitan nila ng mga biyaya ang kanilang sarili. Maaaring marami ring kababaihan ang nagkakait sa kanilang sarili ng mga biyaya. May ibang hindi kailanman nakapag-asawa dahil hindi sila nagkaroon ng pagkakataon. Alam natin, siyempre pa, na maglalaan nang sapat na palugit ang Panginoon at walang taong maparurusahan sa isang bagay na wala siyang magagawa. . . .

Ngunit, tungkol sa pag-aasawa at papel na ginagampanan ng lalaki at babae, huwag hayaang suwayin ninuman ang Diyos. . . .

Taimtim akong umaasa na ang ating mga dalagita at dalaga, at mga binata at binatilyo, ay malayang iinom sa tubig ng buhay at iaayon ang kanilang buhay sa maganda at malinaw na tungkuling iniatas sa kanila ng Panginoon.

Umaasa ako na hindi natin tatangkaing perpektuhin ang planong perpekto na, kundi hangarin ng ating buong kapangyarihan, isipan, at lakas na perpektuhin ang ating sarili sa malinaw na planong ibinigay sa atin. Dahil ang ilan sa ati'y nabigo, tunay na di makatarungang isisi iyon sa plano. Kontrolin natin ang

ating mga pag-uugali, aktibidad, ang buong buhay natin, nang tayo'y maging tagapagmana sa sagana at napakaraming biyayang ipinangako sa atin.[8]

---

**Ang kasal na walang hanggan ay nangangailangan ng mabuting paghahanda.**

Ang pag-aasawa marahil ang pinakamahalaga sa lahat ng desisyon at may pinakamalalaking epekto, dahil may kinalaman ito hindi lamang sa panandaliang kaligayahan, kundi sa kagalakang walang hanggan. Naaapektuhan nito hindi lamang ang mag-asawa, kundi pati ang kanilang pamilya at lalung-lalo na ang kanilang mga anak at mga anak ng kanilang mga anak sa paglipas ng maraming henerasyon.

Sa pagpili ng makakasama sa buhay na ito at sa walang hanggan walang alinlangang kailangang gawin ang pinakamabuting pagpaplano at pag-iisip at pagdarasal at pag-aayuno upang matiyak na sa lahat ng desisyon, hindi dapat magkamali sa isang ito. Sa tunay na pag-aasawa kailangang may pagkakaisa ng isip at maging ng puso. Hindi lamang nakabatay sa emosyon ang desisyon, kundi ang isip at puso na pinalalakas ng pag-aayuno at pagdarasal at seryosong pag-iisip, ang magbibigay sa isang tao ng pinakamalaking pagkakataon na lumigaya sa buhay may-asawa. Kasama rito ang sakripisyo, pagbabahagi, at kailangang magparaya nang lubos. . . .

. . . Ang "dalawang taong tugmang-tugma sa isa't isa" ay kathang-isip at ilusyon lamang; at bagama't buong sigasig at panalanging sikapin ng bawat binata at dalaga na makatagpo ng mapapangasawa na lubos na makakasundo at maganda, tiyak na halos kahit sinong mabuting lalaki at babae ay magiging maligaya at matagumpay sa pag-aasawa kung kapwa sila handang magsakripisyo. . . .

Dapat matanto ng dalawang ikakasal na upang lumigaya sa buhay may-asawa na inaasam nila, kailangang maunawaan nila na ang kasal ay hindi solusyon sa lahat ng problema, kundi ang ibig sabihin nito ay sakripisyo, pagbibigayan, at pagkabawas ng ilang pansariling kalayaan. Ito'y nangangahulugan ng mahaba, mahirap na pamumuhay. Ito'y nangangahulugan ng mga anak na



*"Halos sinumang mabuting lalaki at babae ay magkakaroon ng kaligayahan at matagumpay na pag-aasawa kung kapwa sila handang magsakripisyo."*

magdudulot ng mga pasaning pinansyal, mahirap na pagsisilbi, mga pag-aaruga at pag-aalala; ngunit nangangahulugan din ito ng pinakamalalim at pinakamatamis na damdamin sa lahat.[9]

Ang pagpapaliban sa pag-aasawa . . . ay hindi lubusang katanggap-tanggap. Dapat planuhin ng lahat ng normal na tao ang kanilang buhay at isama ang tamang pagpapakasal sa templo sa kanilang kasibulan at magpakarami at magkapamilya hangga't di pa katandaan.[10]

Ang mga kabataang iyon na nagpaplano na makasal sa templo ay nakabuo na ng huwarang susundin na kanilang sasang-ayunan sa pagpaplano nila ng napiling katuwang sa sandaling matagpuan nila ito. Bago pa man sila ikasal sa banal na lugar, magkasama na nilang pinaplano ang kanilang buhay, at ipagpapatuloy ang prosesong ito bilang mag-asawa sa kanilang pag-uusap upang ituon ang kanilang landas sa masaya, matagumpay at espirituwal na buhay tungo sa kadakilaan sa kaharian ng Diyos.[11]

Maglilibot ang sinuman sa inyo sa buong mundo para sa ordenansa ng pagbubuklod kung alam ninyo ang kahalagahan nito, kung natatanto ninyo kung gaano kadakila ito. Hindi makahahadlang sa inyo ang layo, kakulangan ng pera, at sitwasyon, sa pagpapakasal sa banal na templo ng Panginoon.[12]

May bagong diwa sa Sion kapag sinabi ng mga kabataang babae sa kanilang mga kasintahan, "Kung hindi ka makakakuha ng rekomend sa templo, hindi ko itatali ang sarili ko sa iyo, maski dito lang sa mundo." At sasabihin ng mga binatang misyonerong galing sa misyon sa kanilang mga kasintahan, "Ipagpaumanhin mo, kahit mahal na mahal kita, hindi ako magpapakasal sa labas ng banal na templo." . . .

. . . Nagtataka tayo na sa kabila ng mga pagpapala at pangakong ito, hindi pa rin nagpapakasal nang wasto ang mga tao at bunga nito ay sinasayang ang kanilang buhay sa isang nagyeyelong kagubatan na hindi na kailanman matutunaw. Bakit naiisip pa ng sinumang kabataan na magpakasal sa labas ng templo at ilagay sa panganib ang mga kaluwalhatiang matatamo?[13]

---

**Maaaring sundin ng mga mag-asawa ang subok nang mabisang pormula upang magkasama nilang mahanap ang kaligayahan.**

Halos lahat ng buhay may-asawa ay magiging maganda, matiwasay, masaya, at walang hanggan kung magpapasiya ang dalawang taong pangunahing sangkot na dapat, kailangan, at mangyayari ito.[14]

Ang pagsasagawa lamang ng seremonya ay hindi nagdudulot ng kaligayahan at matagumpay na buhay may-asawa. Hindi nagmumula ang kaligayahan sa pagpindot sa buton, tulad sa ilawang de-kuryente; ang kaligayahan ay nasa isipan at nagmumula sa kalooban. Dapat itong pagsikapan. Hindi ito nabibili ng salapi; hindi ito nakakamtan nang walang kapalit.

Iniisip ng ilan na ang kaligayahan ay marangyang pamumuhay, na puno ng ginhawa, yaman, at saya tuwina; ngunit ang tunay na buhay may-asawa ay batay sa kaligayahang higit pa rito, yaong nagmumula sa pagbibigayan, paglilingkod, pagbabahagi, pagsasakripisyo, at pagpaparaya.

Di magtatagal matapos ang seremonya, matatanto ng dalawang taong magkaiba ang pinagmulan na dapat nilang harapin ang malinaw na katotohanan. Wala na ang buhay ng pag-iilusyon o pagkukunwari; dapat na tayong lumabas mula sa mga ulap at ituntong nang matatag ang ating mga paa sa lupa. Dapat nang gawin ang responsibilidad at tanggapin ang mga bagong tungkulin. Dapat nang limitahan ang ilang pansariling kalayaan, at gawin ang maraming pakikibagay, mapagparayang pakikibagay.

Di magtatagal matapos ang kasal matatanto ng isang tao na may mga kahinaan ang asawa na hindi naihayag o natuklasan noon. Ang magagandang katangiang kitang-kita noong panahon ng pagsusuyuan ay hindi na gaanong napapansin ngayon, at ang mga kahinaang napakaliit at wala namang epekto noon ay lumalaki at damang-dama na ngayon. Dumating na ang panahon para sa maunawaing puso, para sa mas mataas na pagpapahalaga sa sarili, at para sa mabuting pag-iisip, pagbibigay-katwiran, at pagpaplano. . . .

May isang subok nang mabisang pormula na makagagarantiya sa masaya at walang hanggang kasal ng bawat mag-asawa; ngunit tulad ng lahat ng pormula, hindi dapat isaisantabi, bawasan o limitahan ang pangunahing mga sangkap. Ang pagpili bago manligaw at ang patuloy na pagsusuyuan matapos ang kasal ay parehong mahalaga, ngunit hindi hihigit ang kahalagahan sa mismong pagsasama, na ang tagumpay ay nakasalalay sa dalawang tao—hindi sa isa, kundi sa dalawa.

Sa pag-aasawang nagsimula at nakasalig sa mga makatwirang pamantayan . . . , walang pinagsanib na kapangyarihang makawawasak nito maliban sa kapangyarihang nasa isa o sa mag-asawa mismo; at kailangan nilang akuin ang pananagutan sa lahat ng ito. Maaaring makaimpluwensya sa mabuti o masama ang ibang tao at ahensya. Maaaring makaimpluwensya ang kalagayan sa pera, lipunan, pulitika, at iba pa; ngunit ang pagsasama ay nakasalalay unang-una sa mag-asawa na laging magagawang matagumpay at masaya ang kanilang pagsasama kung sila ay determinado, mapagparaya, at matwid.

Simple lang ang pormula; kaunti ang mga sangkap, bagama't marami ang maidaragdag sa bawat isa.

Una, kailangan ang tamang saloobin sa pag-aasawa, kung saan pinag-isipan ang pagpili ng mapapangasawa na hangga't maaari'y halos perpekto na ito sa lahat ng bagay na mahalaga sa bawat isa sa kanila. At pagkatapos kailangang dumulog sa altar ng templo ang dalawang taong iyon na natatantong kailangang magsikap silang mabuti tungo sa matagumpay na pamumuhay nang magkasama.

Ikalawa, kailangan ang lubos na pagpaparaya, paglimot sa sarili at pangangasiwa sa buhay-pamilya at sa lahat ng bagay na may kinalaman dito para sa kabutihan ng pamilya, at supilin ang sarili.

Ikatlo, kailangan ang patuloy na pagsusuyuan at pagpapadama ng pagmamahal, kabaitan, at konsiderasyon sa isa't isa upang mapanatiling masigla at matindi ang pagmamahalan.

Ikaapat, kailangan ang ganap na pamumuhay ng mga kautusan ng Panginoon tulad ng nakasaad sa ebanghelyo ni Jesucristo.

Kung pagsasama-samahing mabuti ang mga sangkap na ito at patuloy na gagawin, parang imposibleng dumating ang kalungkutan, magpatuloy ang di pagkakaunawaan, o maganap ang paghihiwalay. Maghahanap na ng ibang trabaho ang mga abogadong humahawak sa mga kaso ng diborsyo at magsasara na ang mga korteng dumirinig ng kaso ng diborsyo.[15]

---

**Ang pagpaparaya at pagsunod sa mga kautusan ay humahantong sa matagumpay na pag-aasawa.**

Dapat matanto ng mga magkasintahan bago sila magpakasal na dapat literal at ganap na tanggapin ng bawat isa na ang kapakanan ng bagong pamilya ang dapat laging unahin kaysa kapakanan ng sinuman sa mag-asawa. Dapat alisin ng bawat isa ang "ako" at ang "akin" at palitan ng . . . "tayo" at "atin." Kailangang isiping mabuti sa bawat desisyon na may dalawa o higit pang maaapektuhan. Sa paggawa ng babae ng malalaking desisyon ngayon, aalalahanin na niya ang magiging epekto nito sa mga magulang, mga anak, tahanan, at sa kanilang espirituwal na buhay. Ang pagpili ng lalaki na trabaho, ang kanyang pakikihalubilo sa mga tao, mga kaibigan, bawat hilig niya ay dapat na ngayong isipin nang may pag-unawa na siya ay bahagi lamang ng isang pamilya, na ang kapakanan ng buong grupo ang dapat isaalang-alang.[16]

Para maging maayos ang pagsasama ng dalawang tao, kailangan nila ng badyet, na ginawa mismo ng mag-asawa, at sunding mabuti ang badyet na iyon. Maraming mag-asawa ang nagkakaproblema sa pera kapag bumili nang wala sa takdang panahon. Alalahaning ang pag-aasawa ay pagiging magkatuwang at malamang na hindi magtagumpay kung hindi gagawin iyon.[17]

Ang buhay may-asawa ay maaaring hindi laging matiwasay at walang problema, ngunit maaari pa ring maging lubos na payapa ito. Maaaring dumanas ang mag-asawa ng kahirapan, sakit, kalungkutan, kabiguan, at maging kamatayan sa pamilya, ngunit maging ang mga ito ay hindi magkakait sa kanila ng kapayapaan. Magiging matagumpay ang kanilang pagsasama hangga't walang kasakimang sangkot dito. Ang kaguluhan at problema ay maglalapit sa mga magulang tungo sa di matitinag na pagsasama kung may ganap na pagpaparaya roon. . . .

Ang pag-ibig ay parang bulaklak, at, tulad ng katawan, kailangang pakainin ito palagi. Hindi magtatagal manghihina at mamamatay ang katawang mortal kung hindi pakakainin nang palagian. Hindi magtatagal malalanta at mamamatay ang bagong sibol na bulaklak kung walang pagkain at tubig. At gayundin hindi maaasahang tatagal magpakailanman ang pag-ibig kung hindi ito patuloy na pangangalagaan ng mga aspeto ng pagmamahal, ng pagpapakita ng pagpapahalaga at paghanga, ng pagpapahayag ng pasasalamat, at mapagparayang pagsasaalang-alang.

Ang ganap na pagpaparaya ay tiyak na katuparan ng isa pang aspeto sa matagumpay na pagsasama ng mag-asawa. Kung ang hangarin sa tuwina ng isang tao ay ang interes, ginhawa, at kaligayahan ng asawa, ang pag-ibig na nadama sa pagsusuyuan at binigkis ng kasal ay lalago nang lubusan. Maraming mag-asawa ang hinahayaang humina ang kanilang pagsasama at manlamig ang kanilang pagmamahal na tulad ng lumang tinapay o laos na biro o malamig na sarsa. Walang alinlangan na ang pagkaing napakahalaga sa pag-ibig ay konsiderasyon, kabaitan, pagkamaalalahin, pagpapakita ng pagmamahal, mga yakap ng pagpapahalaga, paghanga, pagmamalaki, pagsasamahan, pagtitiwala, katapatan, pagtutuwang, pagkakapantay, at pag-asa sa isa't isa.

Upang tunay na maging masaya sa pag-aasawa, kailangan ang matapat na pagsunod ng isang tao sa mga kautusan ng Panginoon. Walang sinuman, may-asawa man o wala, na tunay na maligaya maliban kung siya ay matwid. May mga pansamantalang kasiyahan at pakunwaring saya sa ngayon, ngunit ang palagian at ganap na kaligayahan ay darating lamang sa pamamagitan ng kalinisan at pagiging marapat. . . .

. . . Kung mahal ng dalawang tao ang Panginoon nang higit sa sariling buhay at pagkatapos ay mahal nila ang isa't isa nang higit sa sariling buhay, magkasamang nagsisikap na ganap na nakaayon sa programa ng ebanghelyo bilang kanilang pangunahing batayan, tiyak na mapapasakanila ang malaking kaligayahang ito. Kapag ang mag-asawa ay madalas magpunta sa banal na templo, magkasamang nagdarasal nang nakaluhod kasama ang pamilya sa kanilang tahanan, magkahawak-kamay na dumadalo sa kanilang mga miting sa simbahan, pinananatiling ganap na malinis ang buhay—ang isipan at katawan—nang sa gayon ang kanilang buong pag-iisip at hangarin at pagmamahal ay nakatuong lahat sa nilalang na iyon, na kanilang asawa, at kapwa nagsisikap na itaguyod ang kaharian ng Diyos, kung gayon nasa sukdulan na ang kaligayahan.[18]

---

## Kailangan sa pag-aasawa ang ganap na pagpisan at ganap na katapatan.

May mga may-asawa na tumitingin-tingin pa at nagkakagusto sa ibang tao, iniisip na hindi naman masama na makipagharutan nang kaunti, na hatiin ang kanilang damdamin at gustuhin ang isang tao bukod sa kanilang asawa. Malinaw na sinabi ng Panginoon: "Inyong mahalin ang inyong asawa nang buo ninyong puso, at pumisan sa kanya at wala nang iba." (D at T 42:22.)

At, kapag sinabi ng Panginoon na *buo* ninyong puso, hindi puwede rito ang pagbabahagi ni paghahati ni pagkakait. At sa kababaihan ang ibig sabihin nito'y: "Inyong mahalin ang inyong asawa nang *buo* ninyong puso, at pumisan sa kanya at wala nang iba."

Ang mga salitang *wala nang iba* ay nag-aalis sa sinuman at anuman. Kung gayon ang asawa ang siyang nagiging pangunahin sa buhay ng mag-asawa, at ni ang kasiyahan sa pakikihalubilo sa iba, ni pagtatrabaho, ni pulitika o anupamang ibang interes o tao o bagay ay hindi dapat mauna sa asawa. Kung minsan nakakakita tayo ng kababaihan na masyadong abala at laging nakatuon ang pansin sa mga anak at kinalilimutan na ang asawa, at kung minsan pa nga'y inilalayo ang mga ito sa kanya.

Ang sabi ng Panginoon sa kanila: "Pumisan sa *kanya* at wala nang iba."[19]

Kadalasan, patuloy pa ring nakapisan ang mga tao sa kanilang ina at ama at mga kaibigan. Kung minsan ayaw pang bitawan ng mga ina ang impluwensya nila sa kanilang mga anak. Ang mga mag-asawa ay bumabalik sa kanilang ina at ama para humingi ng mungkahi at payo at magpahayag ng saloobin, gayong dapat na ang pagpisan sa lahat ng bagay ay sa maybahay na, at lahat ng maseselang bagay ay dapat panatilihing lihim at hindi ibunyag sa iba.[20]

Kailangan sa pag-aasawa ang ganap na pagpisan at ganap na katapatan. Inaangkin ng bawat mag-asawa ang isa't isa nang may pagkaunawang ibibigay niya nang lubos sa asawa ang buong puso, lakas, katapatan, dangal, at pagmamahal nang may ganap na dignidad. Anumang paglihis dito ay kasalanan; anumang damdamin para sa iba ay paglabag. Tulad ng dapat tayong magkaroon ng "matang nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos," gayundin naman na dapat na ang ating mata, tainga, puso ay nakatuon sa pagsasama at asawa at pamilya.[21]

Sumasamo ako sa lahat ng nabibigkis sa mga pangako at tipan ng kasal, na gawing banal ang kasal na iyon, panatilihing sariwa ito, at buong katapatan at madalas na ipadamang mabuti ang pagmamahal.

Mga lalaki, magsiuwi—taglay ang katawan, espiritu, isipan, katapatan, interes, at pagmamahal—at mahalin ang inyong asawa sa isang banal at di natitinag na ugnayan.

Mga babae, magsiuwing taglay ang lahat ng inyong interes, katapatan, pagnanais, at pagmamahal—magkasamang sikaping gawing

makalangit ang inyong tahanan. Sa gayo'y malulugod nang labis ang inyong Panginoon at Guro at makatitiyak kayo na sukdulan ang inyong magiging kaligayahan.[22]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Sa inyong palagay, ano ang ilang katibayan na ang pag-aasawa ay marangal? masaya? matagumpay? Alin sa mga katibayang ito ang nakita sa pakikitungo ni Pangulong Kimball sa asawa niyang si Camilla? (Tingnan sa mga pahina 226–228.).
- Rebyuhin ang bahagi na nagsisimula sa pahina 228. Ano ang ilan sa mga impluwensya sa daigdig ngayon na itinuturing ninyong tutol sa pagpapakasal? Ano ang mga epekto ng gayong mga pag-atake? Ano ang magagawa natin para malabanan at mapigilan ang mga ito, lalo na sa ating mga tahanan?
- Alin sa mga turo ni Pangulong Kimball tungkol sa paghahanda para sa kasal na walang hanggan ang lubos na hinangaan ninyo at bakit? (Tingnan sa mga pahina 231–233.). Alin sa mga turo ang makatutulong sa mga may-asawa na?
- Binanggit ni Pangulong Kimball ang "subok nang mabisang pormula" sa buhay may-asawa (mga pahina 234–235). Kung nawawala ang isa sa mga sangkap, paano maaapektuhan ang pagsasama ng mag-asawa?
- Itinuro ni Pangulong Kimball na dapat "pumisan" ang mag-asawa sa isa't isa at wala ng iba (mga pahina 237–239.) Ano ang magagawa ng mag-asawa upang matiyak na hindi makasasagabal sa kanilang relasyon ang mga gawain at interes nila sa labas?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Genesis 2:18, 21–24; I Mga Taga Corinto 11:11; Mga Taga Efeso 5:22–25; D at T 132:7–21

## *Mga Tala*


1. Sa "President Spencer W. Kimball: On the Occasion of His 80th Birthday," *Ensign,* Mar. 1975, 6, 8.
2. Sa Caroline Eyring Miner at Edward L. Kimball, *Camilla: A Biography of Camilla Eyring Kimball* (1980), viii.
3. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* ed. Edward L. Kimball (1982), 310.
4. Sa Conference Report, Abr. 1979, 5–6, 7; o *Ensign,* Mayo 1979, 6.
5. "Marriage Is Honorable," sa *Speeches of the Year, 1973* (1974), 266.
6. *The Miracle of Forgiveness* (1969), 243.
7. "The Importance of Celestial Marriage," *Ensign,* Okt. 1979, 5.
8. "The Lord's Plan for Men and Women," *Ensign,* Okt, 1975, 4–5.
9. "Oneness in Marriage," *Ensign,* Mar. 1977, 3, 4.
10. Sa Conference Report, Stockholm Sweden Area Conference 1974, 10.
11. *The Miracle of Forgiveness,* 249.
12. *Ensign,* Okt. 1979, 4–5.
13. "The Marriage Decision," *Ensign,* Peb. 1975, 6.
14. "Marriage Is Honorable," 257.
15. *Ensign,* Mar. 1977, 3, 4.
16. *Ensign,* Mar. 1977, 4.
17. Sa Conference Report, Okt. 1975, 6; o *Ensign,* Nob. 1975, 6.
18. *Ensign,* Mar. 1977, 4, 5.
19. *Faith Precedes the Miracle* (1972), 142–43.
20. *Ensign,* Mar. 1977, 5.
21. *Faith Precedes the Miracles,* 143.
22. *Faith Precedes the Miracle,* 148.

# Pagpapalakas sa Ating mga Pamilya

*Kailangan nating palakasin at pangalagaan ang ating mga pamilya sa pamamagitan ng pagtuturo at pamumuhay ng ebanghelyo sa ating mga tahanan.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Madalas bigyang-diin ni Pangulong Spencer W. Kimball na kailangang palakasin ang mga pamilya sa pamamagitan ng pamumuhay ng ebanghelyo sa tahanan. Sa paglalarawan ng kanyang sariling mga karanasan, sinabi niyang: "Noong kabataan ko, at kasama ko ang aking asawa at mga anak sa aming tahanan, naaalala ko ang mga masasayang aktibidad ng aming pamilya. Nasa tahanan namin ang langit. Kapag may ginawa ang isang tao, ito man ay pagkanta ng awitin, pamumuno sa laro, pagbigkas ng saligan ng pananampalataya, pagkukuwento, pagbabahagi ng talento, o paggawa ng tungkulin, may pag-unlad at magandang pakiramdam."[1]

Pinalalakas nina Pangulong Kimball at ng kanyang asawang si Camilla ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng pagtuturo at paghihikayat sa kanila at pagkatapos ay hinahayaan silang maging responsable sa mga pagpili nila. Naalala ng kanilang anak na si Olive Beth, na sila ay "gumagabay sa halip na itulak kami sa mga landas na gusto nilang puntahan namin."[2]

Nagpakita ng matinding pagmamahal sa kanilang mga anak sina Pangulo at Sister Kimball. Sinabi ng isa nilang anak na si Edward: "Napakalambing ng aking ama. Alam kong mahal niya ako." Naalala ni Edward ang naging karanasan niya noong dumalo siya sa banal na pagtitipon sa Salt Lake Temple: "Libu-libong kalalakihan ang naroon. Nang matapos ang miting, nakita



*Sina Pangulo at Sister Kimball kasama ang mga miyembro ng kanilang pamilya.*

ako ng [aking ama] na kumakanta sa koro. Habang papalabas siya, lumapit siya, niyakap at hinalikan ako."[3]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Ang pamilya ang sentro sa plano ng ating Ama at ito ang pundasyon ng lipunan.

Ang buhay-pamilya ang pinakamainam na paraan sa pagtatamo ng kaligayahan sa mundong ito, at ito ay malinaw na huwarang ibinigay sa atin ng Panginoon tungkol sa kung ano ang mangyayari sa susunod na daigdig.[4]

Itinatag ng Panginoon ang buong plano sa simula na may amang lumilikha, nagtutustos, at nagmamahal at gumagabay, at isang ina na naglilihi at nagbubuntis at nangangalaga at nagpapakain at nagtuturo. Maaari namang itatag ito ng Panginoon sa ibang paraan ngunit pinili niyang magkaroon ng yunit na may responsibilidad at may layunin ang pagsasamahan, kung saan sinasanay ang mga anak at dinidisiplina ang bawat isa at natututuhang mahalin, igalang, at pahalagahan ang isa't isa. Ang pamilya ang dakilang plano ng buhay ayon sa plano at pagkakatatag ng ating Ama sa Langit.[5]

Ang pamilya ang pangunahing yunit ng kaharian ng Diyos sa daigdig. Ang Simbahan ay hindi maaaring maging mas matatag kaysa mga pamilya nito.[6]

Mula sa simula, binigyang-diin na ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang buhay-pamilya. Nauunawaan natin sa tuwina na ang mga pundasyon ng pamilya, bilang walang hanggang yunit, ay inilatag na bago pa man nilikha ang daigdig na ito! Ang lipunan na walang pamilya ay walang pundasyon at mauuwi sa wala. . . .

Tayo sa lahat ng mga tao . . . ay hindi dapat padala sa mga maling pahayag na ang yunit ng pamilya ay masasabing nakatali sa partikular na bahagi ng pag-unlad na pinagdaraanan ng isang lipunan dito sa lupa. Malaya tayong labanan ang mga pagkilos na iyon na sumisira sa kahalagahan ng pamilya at nagbibigay-diin sa pagkamakasarili ng tao. Alam natin na ang

pamilya ay walang hanggan. Alam nating kapag may nangyaring mali sa pamilya, may mangyayaring mali sa bawat iba pang institusyon sa lipunan. . . .

Ang ating mga institusyong pulitikal . . . ay hindi makasasagip sa atin kung ang ating pangunahing institusyon, ang pamilya, ay hindi buo. Hindi tayo maililigtas ng mga kasunduang pangkapayapaan kapag may pagtatalu-talo sa halip na pagmamahalan sa tahanan. Hindi tayo masasagip ng mga programa sa patrabaho kapag marami ang hindi naturuang magtrabaho o walang pagkakataong magtrabaho o sa ilang pagkakataon ay ayaw gawin ito. Hindi tayo mapangangalagaan ng mga alagad ng batas kung napakaraming tao ang ayaw disiplinahin ang kanilang sarili o magpadisiplina.[7]

Wala tayong pagpipilian . . . kundi ang patuloy na itaguyod ang adhikain ng pamilyang Banal sa mga Huling Araw. Ang katotohanang may ilan sa ngayon na walang pagkakataong mamuhay sa gayong pamilya ay hindi sapat na dahilan para huminto na sa pagsasalita tungkol dito. Tunay na sensitibo tayo kapag buhay-pamilya ang pinag-uusapan, gayunpaman, natatanto nating marami . . . ang kasalukuyang walang pribilehiyo na mapabilang o makatulong sa gayong pamilya. Ngunit hindi natin maisasantabi ang pamantayang ito, dahil napakaraming iba pang bagay ang nakasalalay dito.[8]

---

**Kailangang may imbakan ng espirituwal na kalakasan ang mga magulang upang maitaguyod ang kanilang mga anak sa mga karanasan sa buhay.**

Sa buhay natin ay maraming iba't ibang uri ng imbakan. Ang ilan ay imbakan ng tubig. Ang ilan ay imbakan ng pagkain, tulad ng ginagawa natin sa programang pangkapakanan ng pamilya at ng ginawa ni Jose sa lupain ng Egipto sa loob ng pitong taon ng kasaganaan. Kailangang mayroon ding imbakan ng kaalaman upang matugunan ang mga pangangailagan sa hinaharap; imbakan ng tapang upang mapaglabanan ang paglaganap ng takot na nagbibigay ng kawalang-katiyakan sa buhay; imbakan ng pisikal na lakas upang tulungan tayong makayanan ang kadalasang mga pahirap ng trabaho at pagkakasakit; imbakan ng kabutihan;

imbakan ng tatag ng loob; imbakan ng pananampalataya. Oo, lalung-lalo na ang imbakan ng pananampalataya upang sa oras na tuksuhin tayo ng daigdig ay manatili tayong matatag at malakas; kapag ang mga panunukso ng nabubulok na daigdig sa ating paligid ay mangailangan ang ating lakas, sasairin ang ating espirituwal na kasiglahan, at hahangaring hilahin tayong pababa, kailangan natin ng imbakan ng pananampalataya na magbibigay-lakas sa mga kabataan at kalaunan sa mga nasa hustong gulang sa malungkot, mahirap, kahila-hilakbot na sandali, kabiguan, maling pag-aakala, at mga panahon ng paghihirap, kakulangan, kalituhan, at kasiphayuan. . . .

Nagpapasalamat ako sa aking mga magulang, sapagkat gumawa sila ng mga imbakan para sa aming magkakapatid. Ang mga imbakan ay puno ng nakaugaliang pananalangin, pag-aaral, mga aktibidad, mahusay na paglilingkod, at katotohanan at kabutihan. Tuwing umaga at gabi lumuluhod kami sa aming mga silya sa tabi ng mesa at halinhinang nagdarasal. Nang mag-asawa ako, nagpatuloy ang mga nakagawian, at ipinagpatuloy ng aming bagong pamilya ang mga ito.[9]

Buhay sa tahanan, wastong pagtuturo sa tahanan, patnubay at pamumuno ng magulang—ito ang mga lunas sa karamdaman ng daigdig at mga anak nito. Ito ang mga lunas sa espirituwal at emosyonal na sakit at ang lunas sa mga problema nito. Hindi dapat ipaubaya ng mga magulang sa iba ang pagsasanay ng kanilang mga anak.

Parang dumarami na ang mga nagpapasa ng responsibilidad na ito mula sa tahanan tungo sa mga impluwensya sa labas, gaya ng eskuwelahan at ng simbahan, at ang mas nakababahala pa, sa iba't ibang ahensya at institusyong nangangalaga sa mga bata. Bagamat mahalaga ang mga panlabas na impluwensyang ito, hinding-hindi nito mapapalitan ang impluwensya ng ama at ina. Ang palagiang pagsasanay, pagbabantay, pagsama, at pagmamasid sa ating mga anak ay kailangan para manatiling buo ang ating mga tahanan at mapagpala ang ating mga anak sa sariling pamamaraan ng Panginoon.[10]

Ang mga auxiliary ng Simbahan ay napakahalaga, at dapat tayong makibahagi sa mga pagpapalang ibinibigay ng mga ito.



*"Buhay sa tahanan, wastong pagtuturo sa tahanan, patnubay at pagtuturo ng magulang—ito ang mga lunas sa mga sakit ng daigdig at mga anak nito."*

Ngunit kailanman, ay hindi natin dapat payagang maging kapalit ito ng mga magulang, at alisan ang mga magulang ng responsibilidad na turuan ang kanilang mga anak ng ebanghelyo ni Jesucristo.[11]

Dapat itanong ng mga lider ng auxiliary at mga guro ng kabataan, paano ko matutulungan ang mga kabataang ito na mahalin at sundin ang kanilang mga magulang, igalang sila, at maging matulungin sa mga responsibilidad ng pamilya? Paano kami magiiskedyul ng mga miting, ensayo, at aktibidad na di makagagambala sa mga ugnayan at responsibilidad sa tahanan, at mabigyan ng oras ang mga aktibidad ng pamilya?

Ang ating pangako na mamuhay sa tahanang nakasentro sa ebanghelyo ang dapat maging malinaw na mensahe ng bawat programa ng priesthood at auxiliary, na binabawasan, hangga't maaari ang ilang opsyonal na aktibidad na mag-aalis ng pansin na dapat ituon sa pamilya at sa tahanan.[12]

Tanging sa wastong pagpaplano at pagsasaayos ng ating buhay-pamilya magagabayan ang ating mga anak at maililigtas sila sa mga patibong na humahantong sa kasalanan at pagkawasak, at mailalagay sila sa landas na patungo sa kaligayahan at kadakilaan. Sa bagay na ito, wala nang mas mabisa pa kaysa sa halimbawa ng kanilang sariling mga magulang at ng impluwensya ng buhay nila sa tahanan. Ang buhay ng ating mga anak ay halos magiging katulad ng nakikita nila sa kanilang mga tahanan habang sila'y nagbibinata at nagdadalaga. Samakatwid dapat nating iayon ang ating buhay sa landas na nais nating tahakin ng ating mga anak.[13]

Tataglayin ng bata sa kanyang buhay ang marami sa nakikita niyang pamumuhay ng kanyang pamilya. Kung nakikita niyang madalas pumunta sa templo ang kanyang mga magulang, sisimulan niyang planuhin na palaging magpunta sa templo. Kung tinuturuan siyang magdasal para sa mga misyonero, unti-unti siyang mahihimok sa programa ng gawaing-misyonero. Ngayon, napakasimple nito, ngunit ito ang pamamaraan ng buhay. At ipinangangako ko sa inyo na dudulutan kayo ng inyong mga anak ng karangalan at kaluwalhatian sa pagbibigay ninyo sa kanila ng wastong halimbawa at pagsasanay.[14]

Kung minsan nakakakita ako ng mga anak na galing sa mabuting pamilya na nagrerebelde, lumalaban, naliligaw, nagkakasala, at talagang kinakalaban ang Diyos. Dulot nito'y pighati sa kanilang mga magulang, na ginawa ang lahat . . . para magturo at mamuhay bilang mga halimbawa. Ngunit paulit-ulit kong nakikita na marami sa mga anak ding ito, na matapos ang maraming taon ng pagkaligaw, ay nagiging mahinahon at natatanto kung ano ang nawala sa kanila, nagsisisi, at nakakagawa ng malaking kontribusyon sa espirituwal na aspeto ng kanilang komunidad. Naniniwala ako na ang dahilan kung bakit nangyayari ito ay, sa kabila ng matinding pagsubok na naranasan ng mga taong ito, malaki pa rin ang impluwensya sa kanila, at higit pa sa inaakala nila, ng takbo ng buhay sa mga tahanang kinalakihan nila. Kapag, sa paglipas ng mga taon, nakadarama sila ng pag-asam na buhayin sa kanilang sariling pamilya ang kapaligirang tulad ng tinamasa nila

noong sila'y mga bata pa, bumabalik sila sa pananampalatayang nagbigay ng kahulugan sa buhay ng kanilang mga magulang.[15]

Mga ama at ina, ang pinakauna ninyong responsibilidad ay ang inyong pamilya. Sa sama-samang pagsisikap mapapasainyo ang tahanang inaasam ng Panginoon na mapasainyo. Sa pagpapakita ng pagmamahal at pagmamalasakit sa isa't isa at sa inyong mga anak, makapagtatayo kayo ng imbakan ng espirituwal na lakas na hindi kailanman mauubos.[16]

---

**Kailangan nating patatagin ang ating pamilya laban sa kasamaang nakapalibot sa atin.**

Darating ang panahon na tanging yaong naniniwala nang taimtim at buong sigla sa pamilya ang siya lamang makapagliligtas sa kanilang pamilya sa gitna ng nag-iibayong kasamaang nakapalibot sa atin.[17]

Alam ng diyablo kung saan sasalakay. Sasalakayin niya ang tahanan. Sisirain niya ang pamilya. Iyon ang gusto niyang gawin. . . . Magpasiya tayong hindi niya ito magagawa sa ating mga pamilya.[18]

Kailangang patuloy nating patatagin ang ating mga tahanan at pamilya at ipagtanggol sila laban sa pagdagsa ng kasamaang tulad ng diborsyo, watak-watak na pamilya, karahasan, at pang-aabuso, lalo na sa mga anak at asawang babae. Kailangang lagi tayong nakabantay laban sa imoralidad, pornograpiya, at pagpapasasa sa seks na sumisira ng kalinisang-puri ng mga miyembro ng pamilya, bata at matanda. . . .

. . . Nakikita natin ang mga puwersa ng kasamaang ito halos sa lahat ng lugar na puntahan natin. Palagi tayong nakalantad sa mga ito. Dinadala natin ito sa tahanan mula sa eskuwelahan, sa palaruan, sa sinehan, sa opisina, at sa pamilihan. Kakaunti lamang ang lugar na pinupuntahan natin araw-araw kung saan matatakasan natin ang mga ito.

Ano kung gayon, ang nararapat na hakbang? Ano ang kailangan nating gawin? Dapat lagi tayong alerto sa kasamaang dulot ng mga ito sa ating tahanan at sugpuin ang mga ito tulad ng ginagawa natin sa mikrobyo at duming galing sa sakit.

Kailangang halughugin natin ang mga ito sa mga nakatagong bahagi ng ating isipan, para lumaya ang ating sarili sa gayong kamunduhan, at mapuksa ang mga baga ng kasamaan bago pa ito maging nakatutupok na apoy. Paano natin gagawin ito?

Kung nais nating matakasan ang mapanganib na pagsalanta ng diyablo at mapanatiling ligtas at matibay na napoproteksyonan ang ating mga tahanan at pamilya laban sa lahat ng mapangwasak na impluwensyang ito na talamak na nakapalibot sa atin, kailangan natin ang tulong ng mismong tagapagtatag at tagabuo ng planong ito sa pamilya—ang Manlilikha mismo. May isang paraan lamang at iyan ay sa pamamagitan ng ebanghelyo ni Jesucristo at pagiging masunurin sa malalim at nagbibigay-inspirasyong aral nito. Talagang dapat nating matanto na ang katumbas ng tahanang malaya sa masasamang impluwensyang iyon ay ang pagsunod sa mga kautusan ng Diyos.[19]

Sa pagbabasa ng mga magulang ng mga pahayagan at magasin at nakikita ang pilit na itinuturo ng daigdig sa kanilang mga anak, dapat higit silang maging determinado na huwag masira ng gayong kasalanan at pagkakamali ang kanilang mga anak. Dapat ibigay ng mga magulang sa kanilang tahanan ang disiplina, at ang pagsasanay na lalaban at pipigil sa kasamaang ginagawa sa mundo. Habang natututuhan ng mga bata ang di magagandang bagay ng daigdig, dapat ding matutuhan nila ang mabubuting bagay sa daigdig at ang tamang pagtugon at saloobin.[20]

Ilang taon na ang nakalipas binisita namin ang isang bansa na nagtuturo ng kakaibang mga ideolohiya at "nakapamiminsalang mga doktrina" araw-araw sa eskuwelahan at sa pahayagang kotrolado ng pamahalaan. Araw-araw nakikinig ang mga batang ito sa mga doktrina, pilosopiya, at adhikaing isinasalaysay ng kanilang mga guro.

May nagsabi na "kayang pabitakin ng patuloy na pagpatak ng tubig ang pinakamatigas na bato." Alam ko ito, kaya nagtanong ako tungkol sa mga bata: "Taglay pa rin ba nila ang kanilang pananampalataya? Hindi ba sila nadadaig ng palagiang pang-iimpluwensya ng kanilang mga guro? Paano kayo makasisigurong hindi nila iiwan ang simpleng pananampalataya sa Diyos?"

Ganito ang kabuuan ng kanilang sagot "Inaayos namin ang nasirang imbakan gabi-gabi. Tinuturuan namin ang aming mga anak ng totoong kabutihan nang sa gayo'y hindi mabuo sa isip nila ang mga maling pilosopiya. Ang aming mga anak ay lumalaki sa pananampalataya at kabutihan sa kabila ng halos di madaig na mga impluwensya sa labas."

Maging ang mga may bitak na dam ay maaaring maayos at maisalba, at mapipigilan ng mga sako na may lamang buhangin ang baha. At ang muli't muling sinasambit na katotohanan, panibagong panalangin, mga turo ng ebanghelyo, pagpapakita ng pagmamahal, at pagtutuon ng pansin ng magulang ay makapagliligtas sa anak at makapagpapanatili sa kanya sa tamang daan.[21]

---

**Ang tahanan ang lugar kung saan maituturo at mapangangalagaan ang espirituwalidad.**

Ang tunay na tahanan ng Banal sa mga Huling Araw ay kanlungan laban sa mga unos at pakikibaka sa buhay. Ang espirituwalidad ay sumisibol at inaalagaan ng araw-araw na panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, pagtalakay ng ebanghelyo sa tahanan at mga kaugnay na aktibidad, mga home evening, pagpupulong ng pamilya, magkasamang pagtatrabaho at paglilibang, paglilingkod sa isa't isa, at pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga nakapalibot sa atin. Napangangalagaan din ang espirituwalidad sa ating mga pagtitiyaga, kabaitan, at pagpapatawad sa isa't isa at sa pamumuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa pamilya. Sa tahanan tayo nagiging dalubhasa at iskolar sa kabutihan ng ebanghelyo, natututo at magkakasamang ipinamumuhay ang mga katotohanan ng ebanghelyo.[22]

Sa tahanan dapat maranasan ang pag-asa sa Panginoon sa tuwina at hindi kapag may espesyal na okasyon lamang. Isang paraan para maitatag iyon ay sa palagian at taimtim ng pagdarasal. Hindi sapat ang magdasal lamang. Napakahalaga ng totohanang pakikipag-usap natin sa Panginoon, nananampalatayang ihahayag niya sa atin bilang mga magulang ang kailangan nating malaman at gawin para sa kapakanan ng ating mga pamilya.[23]

Ang sarilinan at pampamilyang pag-aaral ng banal na kasulatan ay pinakamahalaga sa pagkatuto sa ebanghelyo. Ang araw-araw na



*Sa pamamagitan ng "palagian at taimtim na pagdarasal," ang tahanan ay nagiging "lugar kung saan nadarama sa tuwina ang pag-asa sa Panginoon."*

pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pagtalakay sa mga ito nang sama-sama ay matagal nang iminumungkahi bilang mabisang kasangkapan laban sa kamangmangan at mga panunukso ni Satanas. Ang kaugaliang ito'y magdudulot ng malaking kaligayahan at tutulong sa mga miyembro ng pamilya na mahalin ang Panginoon at ang kanyang kabutihan.

Tungkol sa pamamahala ng ating pamilya, naturuan na tayo nang wasto na ang pulong ng pamilya ang pinakamahalagang pulong sa Simbahan. Sa ilalim ng patnubay ng ama at ina, na dapat ding sumangguni sa isa't isa, maaari ding talakayin sa mga pulong ng pamilya ang mga bagay-bagay tungkol sa pamilya, pananalapi ng pamilya, pagpaplano, at pagsuporta at pagpapalakas ng mga miyembro nito.[24]

Tungkol sa ating mga home evening, ang gabi sa piling ng pamilya sa tahanan o sa ibang lugar na gusto ng pamilya ay bahagi lamang ng kinakailangang pagdaros ng home evening.

Importanteng maituro sa mga anak ang paraan ng pamumuhay na siyang napakahalaga. Ang panonood ng palabas o pagsasalu-salo, o pangingisda, ay kalahati lamang ng talagang kinakailangan, ngunit ang paglagi sa tahanan at pagtuturo sa mga anak ng ebanghelyo, ng mga banal na kasulatan, at pagmamahal sa isa't isa at sa mga magulang ang siyang pinakamahalaga.[25]

Sa pamamagitan ng matibay nating pangako na magdaraos ng regular at nagbibigay-inspirasyong family home evening at sa mabuting pagpaplano ng gagawin sa gabing iyon, naghahatid tayo ng mensahe sa ating mga anak na kanilang maaalala magpakailanman. Kaya sa pag-uukol natin ng panahon sa ating mga anak, ibinibigay natin ang ating presensya, isang regalong kapansin-pansin sa tuwina.[26]

Nais kong ihambing sa isang payong ang home evening, panalangin ng pamilya, at iba pang kaakibat na mga aktibidad ng Simbahan para sa ikaliligtas ng pamilya, kapag ang mga ito ay palagiang ginagawa. Kung hindi nakabukas ang payong, para lang itong baston na kaunting proteksyon lang ang maibibigay laban sa mga unos ng kalikasan. Gayundin walang gaanong halaga ang mga planong ibinigay ng Diyos maliban kung ginagamit ang mga ito.

Kapag nakabukas ang payong nauunat ang sedang materyal nito. Kapag pumatak ang ulan dito, dumadaloy lang ito; kapag bumagsak ang niyebe, dumudulas ito; kapag dumating ang ulang may yelo, tumatalbog ito; kapag umihip ang hangin, nasasangga ito ng payong. At sa gayunding paraan, itinataboy ng espirituwal na payong na ito ang mga kalaban na kamangmangan, pamahiin, pagdududa, apostasiya, imoralidad, at iba pang anyo ng kawalang-Diyos.

Dalangin ko na bubuksan nating lahat ang ating mga espirituwal na payong para proteksyunan ang ating mga pamilya.[27]

---

### Dapat nating mahalin ang ating mga anak tulad ng pagmamahal ng Diyos sa atin.

Ang Diyos ang ating Ama. Mahal Niya tayo. Nag-uukol siya ng maraming lakas sa pagsisikap na sanayin tayo, at dapat nating sundan ang Kanyang halimbawa at mahalin nang lubos ang ating sariling mga anak at palakihin sila sa kabutihan.[28]

Gaano na katagal nang huli ninyong yakapin ang inyong mga anak, malaki man sila o maliit, at sinabi sa kanilang mahal ninyo sila at nagagalak na maaari silang mapasainyo magpakailanman?[29]

Oh, mga kapatid ko, *maaaring maging walang hanggan ang pamilya!* Huwag ninyong hayaang ilayo kayo sa kanila ng mga tukso ngayon! *Kabanalan, kawalang-hanggan, at pamilya*—sama-sama sila, nagkakaisa, at dapat gayundin tayo![30]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Sa pagtukoy sa kanyang sariling pamilya, naalala ni Pangulong Kimball na, "Nasa tahanan namin ang langit" (pahina 241). Paano tayo makalilikha ng makalangit na kapaligiran sa ating mga tahanan? Sa anu-anong paraan tayo maihahanda ng buhay sa tahanan sa buhay na walang hanggan?
- Ano ang ilan sa pinakamahahalagang bagay na magagawa ng mga magulang para makapaglaan ng mga imbakan ng espirituwal na lakas para sa kanilang mga anak? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 244–251.).
- Anu-anong kapahamakan ang susuungin ng mga magulang kung ipapaubaya nila sa ibang tao ang pagsasanay sa kanilang mga anak? Anu-anong mga mapagkukunan ang makatutulong sa mga magulang sa pagtuturo ng mga anak? Sa paanong paraan masusuportahan ng mga lider at guro sa Simbahan ang mga magulang? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 245–247.)
- Pag-isipan ang payo ni Pangulong Kimball sa mga pahina 250–253. Anong katibayan ang nakita ninyo na talagang gumagawa ng kaibhan ang pananalangin ng pamilya, pag-aaral ng pamilya ng mga banal na kasulatan, pagpupulong ng pamilya, at family home evening?
- Basahin ang huling talata sa pahina 241. Pagkatapos ay pagbulaybulayin ang mga tanong ni Pangulong Kimball sa itaas ng pahinang ito: "Gaano na katagal nang huli ninyong yakapin ang

inyong mga anak, malaki man sila o maliit, at sinabi sa kanilang mahal ninyo sila at nagagalak na maaari silang mapasainyo magpakailanman?"

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Deuteronomio 6:3–7; 2 Nephi 25:26; Mosias 4:14–15; D at T 68:25–28

## *Mga Tala*


1. "Therefore I Was Taught," *Ensign,* Ene. 1982, 3.
2. Olive Beth Mack, "How a Daughter Sees Her Father, the Prophet," mensahe sa debosyonal, Salt Lake Institute of Religion, Abr. 9, 1976, 8.
3. Sa Gerry Avant, "As Father, Prophet Made Time Count," *Church News*, Hunyo 11, 1977, 5.
4. "Privileges and Responsibilities of Sisters," *Ensign*, Nob. 1978, 103.
5. Sa Conference Report, Abr. 1973, 151; o *Ensign*, Hulyo 1973, 15.
6. Sa Conference Report, Abr. 1978, 67; o *Ensign,* Mayo 1978, 45.
7. Sa Conference Report, Okt. 1980, 3, 4; o *Ensign,* Nob. 1980, 4, 5.
8. *Ensign*, Nob. 1978, 103.
9. *Faith Precedes the Miracle* (1972), 110–11.
10. Sa Conference Report, Abr. 1979, 4–5; o *Ensign*, Mayo 1979, 5.
11. "The Example of Abraham," *Ensign,* Hunyo 1975, 5.
12. "Living the Gospel in the Home," *Ensign,* Mayo 1978, 101.
13. *The Miracle of Forgiveness* (1969), 258–59.
14. *Sa Conference Report, Seoul Korea Area Conference 1975, 35.*
15. Sa Conference Report, Okt. 1974, 160; o *Ensign,* Nob. 1974, 111.
16. *Ensign,* Hunyo 1975, 5.
17. Sa Conference Report, Okt. 1980, 3; o *Ensign,* Nob. 1980, 4.
18. Sa Conference Report, Okt. 1975, 165; o *Ensign,* Nob. 1975, 111.
19. Sa Conference Report, Abr. 1979, 5; o *Ensign,* Mayo 1979, 5, 6.
20. "Train Up a Child," *Ensign*, Abr. 1978, 4.
21. *Faith Precedes the Miracle,* 113–14.
22. *Ensign,* Ene. 1982, 3.
23. Sa Conference Report, Okt. 1974, 161–62; o *Ensign,* Nob. 1974, 113.
24. *Ensign,* Ene. 1982, 4.
25. Sa Conference Report, Okt. 1977, 4; o *Ensign,* Nob. 1977, 4.
26. *Sa Conference Report, Abr. 1978, 5; o* Ensign, *Mayo 1978, 5.*
27. Sa Conference Report, Okt. 1969, 23; o *Improvement Era,* Dis. 1969, 50–51.
28. *Ensign,* Abr. 1978, 5.
29. Sa Conference Report, Okt. 1974, 161; o *Ensign*, Nob. 1974, 112–13.
30. Sa Conference Report, Okt. 1980, 5; o *Ensign,* Nob. 1980, 5.

# Ang Kababaihan ng Simbahan

*Ang mabubuting kababaihan na ginagampanan ang mabibigat na responsibilidad na ibinigay sa kanila ng Diyos ay malaking pagpapala sa kanilang pamilya, sa Simbahan, at sa mundo.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

"Hanga ako sa katapatan ng marami sa ating mga kapatid na babae at sa kanilang lubos na katapatan sa adhikain ng kabutihan," ang sinulat ni Pangulong Spencer W. Kimball. Pagkatapos ay ikinuwento niya ang sumusunod:

"Ang sariling journal ng aking kahanga-hangang ina ay tala ng habambuhay na pasasalamat sa pagkakataong makapaglingkod at nalulungkot lamang na hindi na siya makagagawa pa. Nangiti ako nang mabasa ko kailan lang ang isang tala na may petsang Enero 16, 1900. Naglilingkod siya noon bilang unang tagapayo sa aming Relief Society sa Thatcher, Arizona at nagpunta ang panguluhan sa tahanan ng isang kapatid na hindi makapanahi dahil may sakit ang sanggol nito. Dinala ni Inay ang kanyang makinang panahi, baon na pananghalian, ang kanyang beybi, at upuan nito, at nagsimula silang magtrabaho. Isinulat niya nang gabing iyon, 'nakagawa kami ng apat na apron, apat na pares ng pantalon, at nasimulan ang isang kamiseta para sa isa sa mga batang lalaki.' Kailangang huminto sila nang alas-4 ng hapon para pumunta sa isang libing, kaya't 'hindi na nadagdagan pa ang aming natahi.' Dapat sana'y humanga ako sa nagawa nilang iyon, sa halip na isiping, 'Eh, kakaunti lang iyon.'

Pagkaraan ng dalawang araw, nagtipon ang Relief Society sa aming tahanan para magtrabaho. 'Marami kaming sister,' ang isinulat ni Inay, at 'nakagawa nang marami.' At pagkatapos ng gawaing iyon, nagpunta naman siya nang walang reklamo sa board meeting.

"Iyan ang uri ng tahanan na nakalakhan ko, isang tahanang pinangangasiwaan ng isang babae na nagpakita ng paglilingkod sa lahat ng kanyang ginagawa. Iyan ang uri ng tahanan na binuo ng aking asawa. Iyan ang uri ng tahanan na binubuo ng libu-libong kahanga-hangang kababaihan sa buong Simbahan."[1]

Itinuro ni Pangulong Kimball ang kahalagahan ng lahat ng mabubuting kababaihan sa plano ng Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak. Sabi niya: "Balang-araw, kapag naikuwento nang buo ang dispensasyong ito at ang mga nagdaang dispensasyon, mapupuno ito ng magigiting na kuwento ng ating kababaihan, ng kanilang karunungan at debosyon, ng tibay ng kanilang loob, na madarama ng isang tao na marahil, kung paanong ang kababaihan ang nauna roon sa libingan ng Panginoong Jesucristo matapos ang kanyang pagkabuhay na muli, gayundin naman na ang ating mabubuting kababaihan ay karaniwang likas na sensitibo sa mga bagay na walang hanggan ang kahalagahan."[2]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Sapagkat binigyan ng iba't ibang responsibilidad, kailangang magtulungan ang mga babae at lalaki sa pagsasamahang may pantay na karapatan at paggalang sa bawat isa.

Maliwanag na itinuro sa atin ng mga banal na kasulatan at propeta na ang Diyos, na perpekto ang katangiang makatarungan, ay "hindi nagtatangi . . . ng mga tao" (Mga Gawa 10:34). . . . Lubos ang pagkapantay-pantay natin bilang kanyang mga espiritung anak. Pantay-pantay tayo sa pagtanggap ng ganap na pagmamahal ng Diyos sa bawat isa sa atin. Isinulat ng namayapang si Elder John A. Widtsoe:

"Ang lugar ng babae sa Simbahan ay lumakad na kasabay ng lalaki, hindi nauuna sa kanya o nahuhuli. Sa Simbahan may lubos na pagkapantay-pantay sa pagitan ng lalaki at babae. Ang ebanghelyo ay pinlano ng Panginoon kapwa para sa kalalakihan at kababaihan" (*Improvement Era,* Mar. 1942, p. 161).

Gayunpaman sa mga katiyakang iyon, magkaiba ang ating mga ginagampanan at tungkulin. Walang hanggan ang mga pagkakaibang ito—ang kababaihan ay binigyan ng maraming malalaking



*Si Pangulong Spencer W. Kimball at ang kanyang asawa na si Camilla.*

responsibilidad sa pagiging ina at sa kapatiran at ang kalalakihan nama'y binigyan ng maraming responsibilidad sa pagiging ama at sa priesthood—ngunit ang lalake ay di maaaring walang babae at ang babae ay di maaaring walang lalake sa Panginoon (tingnan sa 1 Cor. 11:11). Parehong pagpapala ang mabuting lalaki at mabuting babae sa lahat ng mga naiimpluwensyahan ng kanilang buhay.

Alalahanin na sa daigdig na pinanggalingan natin bago tayo naparito sa lupa, ang matatapat na kababaihan ay binigyan ng mga partikular na gawain samantalang ang matatapat na kalalakihan ay naordena sa simula pa lang sa partikular na mga gawain sa priesthood. Bagama't hindi natin naaalala ngayon ang mga detalye, hindi nito nababago ang maluwalhating katotohanan ng pinagkasunduan natin noon.[3]

Kung minsan nakaririnig tayo ng nakababahalang mga balita tungkol sa paano tinatrato ang mga babae. Siguro kapag nangyari ito, resulta ito ng pagiging manhid at kawalan ng malasakit, pero hindi dapat ganito, mga kapatid. Ang kababaihan ng Simbahang ito ay may gawaing gagawin, na bagama't kakaiba, ay kasinghalaga ng gawaing ginagawa natin. Sa katunayan, ang gawain nila ay tulad din ng mahahalagang gawain na pinagagawa sa atin—bagama't magkakaiba ang ating mga ginagampanan at tungkulin. . . .

Hindi hangad ng ating kababaihan na ibigay ang layaw nila o kaya'y tratuhin nang mababa; nais nilang igalang at respetuhin sila bilang ating mga kapatid at kapantay natin. Binabanggit ko ang lahat ng ito, mga kapatid ko, hindi dahil sa ang mga doktrina o mga turo ng Simbahan tungkol sa kababaihan ay pinag-aalinlanganan, kundi dahil pinag-aalinlanganan sa ilang sitwasyon ang klase ng ating pag-uugali.[4]

Ang Relief Society ay organisasyon ng Panginoon para sa kababaihan. Kapupunan ito ng pagsasanay sa priesthood na ibinibigay sa mga kalalakihan. May kapangyarihan sa organisasyong ito na hindi pa lubusang nagagamit para palakasin ang mga tahanan ng Sion at itayo ang Kaharian ng Diyos. . . .

. . . Sa Kanyang karunungan at awa, nilalang ng ating Ama ang kalalakihan at kababaihan na umaasa sa isa't isa sa lubos na pag-unlad ng kanilang potensyal. Dahil magkaiba ang kanilang mga katangian, mapupunan nila ang isa't isa; dahil halos marami silang pagkakatulad, mauunawaan nila ang isa't isa. Huwag kainggitan ang isa't isa sa kanilang kaibhan; hayaang kapwa nila makita kung ano ang mahina at kung ano ang pinakamaganda sa mga pagkakaibang iyon, at kumilos nang nararapat. At nawa ang kapatiran ng priesthood at ng Relief Society ay maging pagpapala sa buhay ng lahat ng miyembro ng dakilang

Simbahang ito, habang tinutulungan natin ang isa't isa sa landas na patungo sa pagiging perpekto.[5]

---

### Tinawag ng Diyos ang kababaihan para tumulong na pagyamanin, pangalagaan, at bantayan ang tahanan at pamilya.

Ang maging mabuting babae ay isang bagay na maluwalhati sa anumang panahon. Ang maging mabuting babae sa huling panahon ng mundong ito, bago ang ikalawang pagparito ng ating Tagapagligtas, ay natatanging dakilang tungkulin. Maaaring higit sa sampung beses ang lakas at impluwensya ng mabuting babae ngayon kaysa noong mga panahong mas mapayapa. Inilagay siya rito para tumulong na pagyamanin, protektahan, at bantayan ang tahanan—na siyang pangunahin at pinakamarangal na institusyon ng lipunan. Maaaring manghina at bumagsak pa ang ilang institusyon sa lipunan, subalit makatutulong ang mabuting babae para mailigtas ang tahanan, na maaaring siyang huli at natatanging santuwaryo na alam ng ilang mortal sa gitna ng unos at paghihirap.[6]

Nagbabasa kayo ng diyaryo, nanonood ng telebisyon, nakikinig ng radyo, nagbabasa ng mga aklat at magasin, at marami sa mga pumapasok sa inyong isipan ay nilayon upang iligaw kayo. . . . Ang ilan sa mga bagay na sinasabi nila sa inyo sa mga panahong ito ay: hindi na kailangang magpakasal; hindi na kailangang magpakasal para magkaanak; hindi kailangang magkaanak; maaari ninyong makamit ang lahat ng kasiyahan sa mundo nang wala ang mga obligasyon at responsibilidad na ito. . . . [Maraming] paraan para ibigay sa inyo ang kaluwagang ito, na tinatawag nilang kalayaan. Sinasabi nila sa inyo na kayo'y nakatali (nakagapos) sa inyong mga tahanan, sa inyong asawa, sa inyong mga anak, sa inyong gawaing-bahay. Binabanggit at isinusulat nila sa inyo ang tungkol sa isang kalayaang hindi naman nila talagang alam. . . .

Si Eva, na kagagaling pa lamang sa walang hanggang kaharian, ay tila naunawaan ang buhay, sapagkat siya'y masaya—masaya!—na kinain nila ang ipinagbabawal na bunga. . . . Sinimulan ng ating pinakamamahal na inang si Eva ang lahi ng tao nang may kagalakan, ginustong magkaroon ng mga anak, masaya sa kagalakang idudulot ng mga ito sa kanya, handang



*"Ang pagiging ina ay banal na tungkulin, isang sagradong dedikasyon sa pagsasakatuparan ng gawain ng Panginoon."*

harapin ang mga problemang may kaugnayan sa pamilya, gayundin ang mga kagalakan. . . .

Ang mga ina ay may sagradong tungkulin. Sila'y mga katuwang ng Diyos, gayundin ang kanilang mga asawa, una sa pagsilang sa espiritung mga anak ng Panginoon at sa pagpapalaki sa mga anak na iyon upang paglingkuran nila ang Panginoon at sundin ang kanyang mga utos. . . . Ang pagiging ina ay banal na tungkulin, isang sagradong dedikasyon para isakatuparan ang gawain ng Panginoon, isang paglalaan at debosyon para sa pagpapalaki at pagpapaunlad, pangangalaga ng katawan, isipan, at espiritu ng mga taong napanatili ang kanilang unang kalagayan at naparito sa mundong ito para sa kanilang ikalawang kalagayan upang matuto at subukin at gumawa tungo sa pagiging diyos.[7]

Napakaraming babae ang nag-uukol ng kanilang oras sa kasayahan, pulitika, paglilingkod sa publiko gayong dapat ay nasa

tahanan sila para turuan at sanayin at tanggapin at mahalin ang kanilang mga anak tungo sa katiwasayan.[8]

Walang higit na karangalang maibibigay sa isang babae maliban sa pagtulong sa banal na plano [ng Diyos]. Nais kong sabihin nang walang alinlangan na hindi makahahanap ng higit na kasiyahan at kagalakan at kapayapaan at hindi makatutulong nang malaki ang isang babae sa sangkatauhan maliban sa pagiging matalino at karapat-dapat na babae at nagpapalaki ng mabubuting anak.[9]

---

## Ipinangako ng Panginoon ang mga pagpapala ng walang hanggang buhay may-pamilya sa lahat ng matatapat na kababaihan.

Ang ilan sa inyo ay namatayan ng asawa, ang iba'y nadiborsiyo. Ang ilan sa inyo'y hindi pa nagkaroon ng pagkakataong makapag-asawa. Subalit, sa pananaw ng kawalang-hanggan, ang kawalan ng mga pagpapalang ito "ay maikling sandali na lamang" (tingnan sa D at T 121:7). . . .

Alalahanin din, na habang nakatuon ang ating pansin sa mga kaluwalhatian at kahalagahan ng buhay may-pamilya rito, na tayong lahat ay kabilang sa walang hanggang pamilya ng ating Ama sa Langit.

Makatitiyak din kayo, na lahat ng matatapat na kababaihan na hindi nagkaroon ng pagkakataon sa kanilang ikalawang kalagayan na mabuklod sa isang karapat-dapat na lalaki, na hindi naman nila kasalanan, ay makakamtan ang pagpapalang iyon sa kawalang-hanggan. Sa mga pagkakataong labis ninyong inaasam ang pagtanggap at pagmamahal na iyon na nagmumula sa buhay may-pamilya sa mundo, dapat ninyong malaman na batid ng ating Ama sa Langit ang inyong pagdadalamhati, at balang-araw ay pagpapalain niya kayo sa paraang di ninyo kayang mailarawan.

Kung minsan para masubukan at mapatunayan ay kailangan tayong pansamantalang mapagkaitan—subalit ang mabubuting kababaihan at kalalakihan ay tatanggap ng *lahat* balang-araw—isipin ninyo ito, mga kapatid—*lahat* ng mayroon ang Ama! Hindi lamang sulit ang hintayin ito; sulit ding mamuhay para rito!

Samantala, hindi kailangang mag-asawa o maging ina upang sundin ang una at pangalawang dakilang utos—na mahalin ang Diyos at ang kapwa—na sinabi ni Jesus na batayan ng buong kautusan at ng lahat ng mga propeta.[10]

Kayo na sa ngayon ay di pa nararanasan ang nakaugaliang papel ng babae, hindi dahil sa pinili ninyo, kundi dahil sa mga kadahilanang hindi ninyo saklaw, ay marami pa ring magagawa upang matulungan ang iba.[11]

---

**Dapat hangarin ng bawat babae na gampanan ang kanyang banal na potensyal.**

Nasisiyahan tayo at humahanga sa wastong pag-unlad at pagpapakita ng maraming talento ng ating mga kababaihan.[12]

Hinihikayat natin ang lahat ng ating kababaihan na samantalahin ang mga pagkakataon na tumanggap ng liwanag at kaalaman sa paaralan, sa personal na pag-aaral, at sa Relief Society.[13]

Makapagtatakda kayo ng inyong mga mithiin, mga kabataang babae, na inyong aabutin at pagsisikapan. Patuloy na pagsikapan ito. Maging madasalin at mapagpakumbaba sa paghahangad ng karunungan at kaalaman. Nasa panahon kayo ng inyong buhay ngayon para mag-aral at maghanda. Pag-aralan ang lahat ng mapag-aaralan ninyo. Ang pag-unlad ay dumarating mula sa pagtatakda ng matataas na mithiin at sa pag-abot sa mga bituin.[14]

Bawat batang babae, at sinasabi kong bawat batang babae, ay dapat ihanda ang sarili sa pag-aasawa at sa mga responsibilidad sa pangangalaga ng tahanan at pamilya. Hindi ninyo mababasa iyan sa mga magasin ngayon, gayunpaman ito ay totoo. Dapat siyang hikayating ipagkapuri ang paghahanda sa tunay na paglilingkod ng kababaihan. Dapat na may kasanayan siya sa mga bagay na mapapakinabangan at magpapaunlad sa kanyang buhay may-pamilya. Dapat niyang paunlarin ang kanyang mga talento, patibayin ang kaalaman at patotoo sa ebanghelyo, at kasabikan ang paglilingkod sa iba. Ang ilang kababaihan ay maaaring matawag na magmisyon nang full- time, at lahat ay magkakaroon ng pagkakataon na maging lubos na makabuluhan sa kaharian ng Diyos kung ihahanda nila ang kanilang sarili. . . . Gusto natin na lahat

ng ating kababaihan ay makapag-aral nang husto, sapagkat ang mga anak ay maaaring hindi na makabawi dahil sa kamangmangan ng kanilang mga ina.[15]

Hangad naming magpatuloy kayo at kamtin ang edukasyong iyan. . . na siyang maghahanda sa inyo para sa kawalang-hanggan *gayundin* sa lubos na paglilingkod sa mortalidad. Dagdag pa sa mahahalaga at kinakailangang mga kasanayang iyon na kasama sa pangangasiwa ng tahanan, may iba pang mga kasanayan na maaaring magpaunlad nang wasto at siyang magpapatindi ng pagiging epektibo ninyo sa tahanan, sa Simbahan, at komunidad.

Muli, dapat maging matalino kayo sa mga gagawin ninyong pagpili, at hindi namin hangad na walang-alam o di epektibo ang kababaihan ng Simbahan. Kayo'y magiging mas mabubuting ina at asawa, sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan, kung pauunlarin ninyo ang mga kasanayan na ibinigay sa inyo at gagamitin ang mga talentong kaloob ng Diyos sa inyo.[16]

Nais naming makamtan ng ating kababaihan ang lahat ng mabuti. Naniniwala kaming dapat kamtin ang lahat ng mga pagpapalang ito—kultura, kapinuhan, edukasyon, kaalaman, pagiging perpekto—upang mapalaki at masanay ng mga ina ang ating mga anak sa kabutihan.[17]

Binibigyang-diin ko muli na kailangan talaga ng bawat babae na pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Gusto nating ang ating mga tahanan ay mapagpala ng mga kababaihang maalam sa mga banal na kasulatan—may-asawa man kayo o wala, bata o matanda, biyuda o nakatira sa isang pamilya.

Anuman ang inyong kalagayan, habang nagiging maalam kayo sa mga katotohanan ng mga banal na kasulatan, mas magiging epektibo kayo sa pagsunod sa pangalawang dakilang utos, mahalin ang inyong kapwa gaya ng inyong sarili. Maging mga dalubhasa sa mga banal na kasulatan—hindi para maliitin ang kapwa kundi para pasiglahin sila! Tutal, sino ba ang higit na kailangang "mag-ingat na mabuti" sa mga katotohanan ng ebanghelyo (na siyang masasandigan nila sa oras ng pangangailangan) kundi ang mga kababaihan at ina na siyang labis na nangangalaga at nagtuturo?

Hangarin ang kahusayan sa lahat ng inyong mabubuting gawain, at sa lahat ng aspeto ng inyong buhay.

Alalahanin, mahal na mga kapatid, na ang mga walang hanggang pagpapala na napasainyo sa pagiging miyembro ng Ang Simbahan ni Jeuscristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay mas malaki, napakalaki kaysa sa iba pang pagpapala na maaari ninyong matanggap. Ang pinakadakilang pagkilala na maibibigay sa inyo sa daigdig na ito ay ang makilala bilang babaeng may takot sa Diyos. Ang pinakadakilang katayuan na maipagkakaloob sa inyo ay ang pagiging anak na babae ng Diyos na nakaranas ng tunay na kapatiran, pagiging asawa, at ina, o iba pang mga gawain na nakaimpluwensiyang mabuti sa buhay ng mga tao. . . .

. . . Kailangang isaloob ninyong lahat ang mga katotohanan ng ebanghelyo tungkol sa walang hanggang katangian ng inyong indibiduwal na identidad at ang kakaiba ninyong personalidad. Kailangang lalo ninyong madama ang ganap na pagmamahal ng ating Ama sa Langit sa inyo at damhin ang pagpapahalaga niya sa inyo bilang isang indibiduwal. Pagbulay-bulayin ang mga dakilang katotohanang ito, lalung-lalo na sa mga sandaling iyon kung kailan (sa katahimikan ng pag-aagam-agam na mararanasan ninyo bilang indibiduwal) maaaring magtaka kayo at magulumihanan. . . .

Wala nang mas dakila at mas maluwalhating mga pangako na ibinigay sa mga kababaihan kaysa sa dumating sa pamamagitan ng ebanghelyo at Simbahan ni Jesucristo. Saan pa ninyo matututuhan kung sino talaga kayo? Saan pa kayo mabibigyan ng mahahalagang paliwanag at katiyakan tungkol sa katangian ng buhay? Ano ang iba pang mapagkukunan ninyo ng kaalaman tungkol sa sarili ninyong kaibhan at identidad? Kanino pa ninyo matututuhan ang tungkol sa maluwalhating plano ng kaligayahan ng ating Ama sa Langit?[18]

---

## Malaki ang magiging kontribusyon ng mabubuting kababaihan sa mundo at sa kaharian ng Diyos.

Hindi pa kailanman nangyari sa kapanahunan ng mundo na ang papel ng babae ay napagkamalian. Hindi kailanman nangyari sa Simbahan na ang kababaihan ay nakagawa ng higit pa upang ipakita sa mundo ang kaya at dapat na tunay nilang gampanan.



*"Walang higit na dakila at maluwalhating mga pangako ang ibinigay sa kababaihan kaysa yaong dumating sa pamamagitan ng ebanghelyo at Simbahan ni Jesucristo."*

Ang epekto at impluwensiya ng kababaihan at mga ina sa ating mundo ay napakahalaga. Ang kaisipang "ang kamay na siyang umuugoy sa duyan ang naghahari sa mundo" ay lalong totoo ngayon kaysa noon.[19]

Gaano kahalaga sa kababaihang Banal sa mga Huling Araw ang mabigyan ng napakaespesyal na mga gawain na ibinigay ng ating Ama sa Langit, lalung-lalo na kayo na nagkaroon ng pagkakataong isilang sa bahaging ito ng huling dispensasyong ito. Hayaang ipagpatuloy ng ibang kababaihan nang walang-pag-iintindi. . . ang makasarili nilang mga interes. Maaaring kayo ang lakas na labis na kinakailangan para sa pagmamahal at katotohanan at kabutihan sa planetang ito. . . .

. . . Mahal kong mga kapatid na babae, maaari bang magmungkahi ako ng isang bagay na hindi pa nasabi noon o maski

man lang sa paraang ito. Ang karamihan sa malaking pag-unlad sa Simbahan sa mga huling araw ay darating sapagkat marami sa mabubuting kababaihan ng mundo (na kadalasa'y mas espirituwal) ang mapupunta sa Simbahan nang maramihan. Mangyayari ito dahil magpapakita ng kabutihan at kahusayan sa pananalita ang kababaihan ng Simbahan sa kanilang buhay at makikitang natatangi at kakaiba ang kababaihan ng Simbahan—sa masayang paraan—mula sa kababaihan ng sanlibutan. . . . Dahil dito ang mga halimbawa ng kababaihan ng Simbahan ay magiging mahalagang pwersa sa pagdami ng bilang at espirituwal na pag-unlad ng Simbahan sa mga huling araw. . . .

Mahal namin kayo mga kapatid. Nagtitiwala kami sa inyo. Nagagalak kami sa inyong katapatan. Labis kaming napalalakas dahil narito kayo. . . sa bahaging ito ng dispensasyong ito kung saan lubhang kinakailangan ang inyong mga talento at espirituwal na lakas.[20]

## Mga Mungkahi para sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Rebyuhin ang kuwento sa pahina 255 at ang ikalawang talata sa pahina 256. Anong nagbibigay-inspirasyong mga kuwento ang naisip ninyo tungkol sa kababaihan sa inyong pamilya at sa Simbahan?
- Pag-aralan ang huling talata sa pahina 258. Sa paliwanag tungkol sa pagkakaiba ng kanilang mga katangian at responsibilidad, paano matutulungan ng kalalakihan at kababaihan ang isa't isa? Paano sila magkatuwang na gagawa sa pamilya? sa Simbahan?
- Bakit napakahalaga at "dakilang tungkulin" ang pagiging mabuting babae ngayon? (pahina 259). Sa paanong paraan sinisikap ng mundo na ilihis ang kababaihan mula sa tungkuling ito? Paano natin matutulungan ang mga kabataang lalaki at babae na pahalagahan ang dakilang tungkuling ito?

- Habang binabasa ninyo ang pahina 261 at ang huling talata sa pahina 261 at unang dalawang talata sa pahina 262, pagbulay-bulayin ang sinasabi ng mga turong ito tungkol sa pagmamahal ng Ama sa Langit sa lahat ng Kanyang mga anak?
- Ano ang ilang paraan para maisakatuparan ng kababaihan ng Simbahan ang kanilang potensyal na mula sa Diyos? (Tingnan sa mga pahina 262–264.) Paano masusuportahan ng kalalakihan ng Simbahan ang mga gawain ng kababaihan ng Simbahan? (Tingnan sa mga pahina 258.)
- Pagbulay-bulayin ang talata na nagsisimula sa ibaba ng pahina 265. Ano ang naiisip ninyo tungkol sa mga pahayag na ito? Paano nagaganap ngayon ang propesiyang ito tungkol sa pag-unlad ng Simbahan?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Kawikaan 31:10–31; Mga Taga Efeso 5:22–29; Alma 56:41–48; D at T 25:1, 5–10; Moises 3:18, 21–25

## *Mga Tala*

1. "Relief Society—Its Promise and Potential," *Ensign,* Mar. 1976, 2, 4.
2. Sa Conference Report, Abr. 1978, 6; o *Ensign,* Mayo 1978, 5.
3. "The Role of Righteous Women," *Ensign,* Nob. 1979, 102.
4. Sa Conference Report, Okt. 1979, 71–72; o *Ensign,* Nob. 1979, 49.
5. "Relief Society—Its Promise and Potential," *Ensign,* Mar. 1976, 4, 5.
6. "Privileges and Responsibilities of Sisters," *Ensign,* Nob. 1978, 103.
7. "The Blessings and Responsibilities of Womanhood," *Ensign,* Mar. 1976, 71, 72–73.
8. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball (1982), 319.
9. "Sisters, Seek Everything That Is Good," *Ensign,* Mar. 1979, 4.
10. *Ensign,* Nob. 1979, 102–3.
11. *My Beloved Sisters* (1979), 11.
12. Sa Conference Report, Abr. 1978, 6; o *Ensign,* Mayo 1978, 6.
13. "Relief Society—Its Promise and Potential," *Ensign,* Mar. 1976, 4.
14. *Ensign,* Nob. 1978, 103.
15. *Men of Example* (polyeto, 1975), 9, 10.
16. *Ensign,* Nob. 1979, 103.
17. *Ensign,* Mar. 1979, 4.
18. *Ensign,* Nob. 1979, 102, 103.
19. Pambungad sa *Woman* (1979), 1.
20. *Ensign,* Nob. 1979, 103–4.

# Ang Propetang si Joseph Smith

*Si Joseph Smith ay isang instrumento sa mga kamay ng Panginoon sa pagpapanumbalik ng lahat ng nawala noong mga siglo ng espirituwal na kadiliman.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Noong 1970s, naglakbay si Pangulong Spencer W. Kimball kasama ang mga lider ng Simbahan sa buong mundo para makita ang mga miyembro sa mga kumperensya ng area. Sa isa sa mga kumperensyang ito, nagpasalamat siya sa pamana ni Propetang Joseph Smith:

"Dahil nagpunta ang isang labing-apat na taong-gulang na bata sa kakahuyan sa New York para manalangin, ang lahat ng daang libong kataong ito ay nagsipunta sa mga kumperensya ng area. Dahil nagpunta ang labing-apat na taong-gulang na bata sa kakahuyan para manalangin, nang mabasa niya sa mga banal na kasulatan na, 'Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios' (Santiago 1:5), dahil ipinamuhay niya ang mga paghahayag mula sa langit, napasaatin Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nasa atin ang lahat ng pagpapala na maging pinakamaligayang tao sa buong mundo, dahil isang labing-apat na taong-gulang na bata ang nagpunta sa kakahuyan para manalangin. Nagpapasalamat ako na nagpunta si Joseph sa kakahuyan, at nagpapasalamat ako na alam niya ang kanyang ginagawa at siya'y seryoso sa pagsunod sa salita ng Diyos nang ito'y dumating sa kanya at isinagawa ito at itinayo ang kahariang ito."[1]

"Sa iba pang pagkakataon, inilarawan ni Pangulong Kimball ang nadama niya nang mamasdan ang larawan ni Propetang Joseph Smith na makikita sa isang silid sa Salt Lake Temple: "Tiningnan ko ang pader sa harapan at naroon si Joseph Smith,



*"Marahil ang pinakadakilang paghahayag na ibinigay sa mundo ay nang magpakita [kay Joseph Smith] ang Ama at Anak noong umagang iyon sa kakahuyan sa New York."*

at naisip kong napakadakilang propeta ni Joseph Smith. Hindi siya pangkaraniwang tao. . . . Naisip ko ang lahat ng pag-uusig sa kanya at ang dinanas niyang paghihirap. Naisip ko ang lahat ng paghahayag mula sa langit na natanggap niya na ibinigay naman niya sa atin. At sa oras na iyon nagkaroon akong muli ng panibagong lakas."[2]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Tinawag si Joseph Smith bilang propeta alinsunod sa kaalaman at karunungan ng Diyos sa simula pa lamang.

Inihanda si Joseph Smith sa loob ng maraming siglo bago pa siya ipanganak. Pinangalanan na siyang Joseph bago pa man siya isilang [tingnan sa 2 Nephi 3:14–15]. Ang misyon niya ay pumarito sa mundo sa tamang panahon sa mga huling araw na ito upang buksan ang mga pintuan sa malawak na daigdig, upang ibigay ang ebanghelyo sa kanila, at magbigay ng pag-asa sa buhay na walang hanggan.[3]

Si Joseph Smith, ang propeta ng Panginoon, ay itinalaga, tinawag bago pa man isinilang, tinawag noon pa man maraming taon na ang nakalilipas, upang dumating sa panahong ito at . . . buksan ang mundo sa pangangaral ng totoo at buhay na ebanghelyo.

. . . Dumating si Joseph Smith dito sa mundong humihingi ng tulong; sapagkat daan-daang taon na itong nanghihina. . . . Daan-daang taon na mula nang magkaroon ito ng propeta. . . . At kaya nga panahon na.[4]

Tiyak na ang Diyos na ating Ama at ang kanyang Anak na si Jesucristo, na nagpakita sa batang nasa edad ng Aaronic Priesthood, na si Joseph Smith, upang bigyan ang batang iyon ng mga tagubilin para sa lahat ng tao, ay hindi lang basta nagpakita nang walang dahilan sa isang tao sa planetang ito. Sa halip, sinabi ng Panginoon na ang pagpapakitang ito, na talagang pinlano, ay nangyari sapagkat ". . . Ako, ang Panginoon, nalalaman ang kapahamakang sasapit sa mga naninirahan sa mundo, ay tinawag ang aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., at nangusap sa kanya mula sa langit, at nagbigay sa kanya ng mga kautusan." (D at T 1:17.)

Hindi kumikilos ang Diyos nang walang anumang dahilan, kundi palagi itong nakaplano bilang mapagmahal na ama.[5]

---

### Ang Unang Pangitain ni Joseph Smith ay nagbukas sa isang bagong dispensasyon ng banal na paghahayag.

Dahil sa espesyal na pangangailangan, sa espesyal na panahon, sa tamang pagkakataon, inihahayag ng Diyos ang kanyang sarili sa mga tao na handa sa gayong mga pagpapakita. At dahil ang Diyos ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, hindi magsasara ang kalangitan maliban kung walang paniniwala ang mga tao.

Sa ating sariling dispensasyon dumating ang gayong napakagandang karanasan. May dagliang pangangailangan, natakpan ng apostasiya ang mundo at ng malaking kadiliman ang mga tao, at nalito ang mga isipan ng tao at hindi makita ang liwanag sa kadiliman [tingnan sa Isaias 60:2]. Dumating na ang panahon. Poprotektahan ng kalayaang pangrelihiyon ang binhi hanggang sa ito'y umusbong at lumaki. At isang tao ang inihanda sa katauhan ng isang bata, mabuti at bukas ang isipan, na may matibay na pananampalataya sa sinabi ng Diyos na ang kalangitan ay hindi mananatiling parang bakal at ang lupa ay parang tanso na tulad ng nagdaang maraming siglo [tingnan sa Levitico 26:19].

Ang lumalaking propeta na ito ay walang mga maling palagay at paniniwala. Hindi siya puno ng mga tradisyon at alamat at pamahiin at pabula ng mga siglo. Wala siyang dapat iwaksi. Nanalangin siya para sa kaalaman at tagubilin. Ang kapangyarihan ng kadiliman ay nauna sa liwanag. Nang lumuhod siyang mag-isa sa tahimik na kagubatan, ang taimtim niyang panalangin ay nagdulot ng matinding labanan na nagbanta ng kanyang pagkawasak. Sa loob ng maraming siglo, si Lucifer na walang hanggan ang kapangyarihan ay nagawang pigilan ang isipan ng mga tao at hindi papayag na matalo. Banta ito sa kanyang walang hanggang kapangyarihan. Hayaan nating ilahad ni Joseph Smith ang sarili niyang kuwento:

". . . Daglian akong sinunggaban ng isang kapangyarihan na ganap akong dinaig . . . upang igapos ang aking dila. . . . Nagtipon ang makapal na kadiliman sa aking paligid, at sa wari

ko ng sandaling yaon, na tila ako ay nakatadhana sa biglaang pagkawasak.

". . . sa sandaling yaon nang ako ay nakahanda nang . . . ipaubaya ang aking sarili sa pagkawasak—hindi sa isang likhang-isip na pagkawasak, kundi sa kapangyarihan ng isang tunay na nilikha na mula sa hindi nakikitang daigdig . . . ako ay nakakita ng isang haligi ng liwanag na tamang-tama sa tapat ng aking ulo, higit pa sa liwanag ng araw. . . .


". . . natuklasan kong naligtas na ang aking sarili mula sa kaaway na gumapos sa akin. Nang tumuon sa akin ang liwanag, nakakita ako ng dalawang katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!"* [Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–17.][6]

Ang kalangitan na nakapinid nang napakahigpit sa loob ng maraming siglo ay nabuksan na ngayon. Ang mga tinig na noo'y tahimik at mahina at di naririnig sa maraming siglo ay nagsimula na ngayong mangusap. Ang paghahayag na noo'y halos mawala at sinasabing hindi umiiral ay maririnig na ngayon. . . .

Sumibol ang bagong katotohanan, isang konsepto na hindi nauunawaan ng milyun-milyong tao sa mundo, at sa sandaling iyon nag-iisang tao lamang sa balat ng lupa ang nakaaalam nang may lubos na katiyakan na ang Diyos ay isang katauhan, na ang Ama at Anak ay magkahiwalay na katauhan na may [niluwalhating] katawan na may laman at buto [at na siya] ay nilikha sa kanilang larawan. Tulad ng Anak na nasa larawan ng kanyang Ama, ang Diyos Ama rin ay kawangis ng Anak.[7]

Walang makatutupad sa layuning alisin ang kalituhan noon sa mga nagdaang siglo maliban sa kabuuan ng pangitain kay Joseph. [Hindi] mapapawi ng impresyon lamang, nakatagong tinig, o panaginip ang di malilinaw na palagay at paniniwala noon.[8]

Ipinagkatiwala sa batang lalaking ito ang pinakamalaking piraso ng kaalaman na batid ng tao. Alalahanin na noong umagang iyon ng tagsibol walang sinuman sa lahat ng tao sa mundo ang may lubos na kaalaman tungkol sa Diyos. Maraming mabu-



*Bilang bahagi ng Panunumbalik, natanggap nina Propetang Joseph Smith at Oliver Cowdery ang Aaronic Priesthood mula sa nabuhay na mag-uling si Juan Bautista.*

buting tao, subalit lahat sila'y lumalakad sa espirituwal na kadiliman sa loob ng maraming siglo. Subalit narito ang isang batang lalaking nakaalam. . . .

Alam ni Joseph, di tulad ng iba pang kaluluwang nabubuhay, ang mga katotohanang ito:

Alam niyang buhay ang Diyos, na Siya ay [niluwalhating] katauhan na may laman at mga buto at personalidad, tulad natin o tayo tulad Niya, sa Kanyang larawan.

Alam niya na ang itinuturo noon pa na tatlong katauhan sa isang Diyos ay gawa-gawa lamang, isang panlilinlang. Alam niyang ang Ama at Anak ay dalawang magkaibang katauhan na may kaanyuan, tinig, at . . . personalidad.

Alam niyang wala sa mundo ang ebanghelyo, dahil nalaman niya ito sa mga Diyos, at ang totoong Simbahan ay wala sa mundo, dahil ipinaalam ito sa kanya ng Diyos ng langit at lupa.[9]

Marahil ang pinakadakilang paghahayag na ibinigay sa mundo ay nang magpakita sa kanya ang Ama at Anak noong umagang iyon sa kakahuyan sa New York.[10]

## Si Joseph Smith ang instrumento ng Panginoon sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo.

Sinabihan ang batang propeta na siya ay magiging instrumento sa mga kamay ng Panginoon sa pagpapanumbalik ng walang hanggang ebanghelyo kasama ang lahat ng nawala noong unang mga siglo. At ang mga pangitain at paghahayag na ito ay nagpatuloy pa sa maraming taon kung saan naririnig muli't muli pa ang tinig ni Jehova, at ibinalik sa mundo sa pamamagitan ng batang propetang ito ang mga katotohanan ng ebanghelyo, ang priesthood ng Diyos, ang pagka-apostol, ang mga awtoridad at kapangyarihan, ang organisasyon ng Simbahan, nang sa gayon ang mga paghahayag at walang hanggang katotohanan ay mapasa lupa at makamtan ng lahat ng tao na tatanggap nito.[11]

Nagpakita si Propetang Moroni kay Joseph at gumugol ng mahabang oras sa pagpapaliwanag tungkol sa paninirahan ng mga tao ni Lehi sa mga lupalop ng Amerika at gayundin sa Aklat ni Mormon, na ilalabas at isasalin. . . . Ang talaang ito, ang Aklat ni Mormon, ay tutulong upang maitatag ang pagkadiyos ng Panginoong Jesucristo.[12]

Sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos, naisalin [ni Joseph] ang talaang iyon, na kilala ngayon bilang Aklat ni Mormon.[13]

Naihayag ang ebanghelyo nang taludtod sa taludtod at tuntunin sa tuntunin, at naipanumbalik ang mga katotohanan, at naibigay ang kapangyarihan at naihayag ang awtoridad, at unti-unti nagkaroon ng sapat na liwanag at sapat na mga tao para sa organisasyon ng kahariang ito ng Diyos na nakita ni Daniel noong nakaraang dalawa at kalahating milenyo [tingnan sa Daniel 2:44–45].[14]

Matapos ang mahabang siglo ng espirituwal na kadiliman, ang ilaw ay nagsimulang lumiwanag nang mabuksan ng paghahayag ang dispensasyong ito. Tumanggap si Propetang Joseph Smith ng mga paghahayag mula sa Panginoon na nagbabalik sa mundo ng mga bagay na nawala—ang priesthood ng Diyos—ang awtoridad, ang kapangyarihan, ang karapatang pangasiwaan ang mga ordenansa, at ang patuloy na mga paghahayag ng Panginoon sa kanyang mga tao rito sa lupa.[15]

Ang kapangyarihan ay ibinigay kay Joseph Smith, nang sa pamamagitan nito'y maibuklod din sa langit ang ibinuklod sa lupa. Ang mga susing iyon ay ipinasa-pasa sa mga pangulo ng Simbahan.[16]

---

## Tinatakan ni Joseph Smith ng kanyang dugo ang kanyang patotoo.

Ang mga detalye sa buhay ni Joseph Smith ay pamilyar sa atin. Kaagad niyang sinabi ang kanyang maluwalhating pangitain tungkol sa Ama at Anak at kaagad siyang kinutya at inusig. Naglathala ang makabagong mga eskriba at Fariseo ng daan-daang mapanirang aklat at artikulo, ipinakulong siya . . . , binuhusan ng alkitran at nilagyan ng mga balahibo, binaril at ginawa ang lahat para siya'y mapatay. Sa kabila ng pagsisikap nilang patayin siya, naligtasan niya ang mahigit dalawampung taon ng mapait na pang-uusig upang maisagawa ang kanyang misyon hanggang sa pagsapit ng kanyang kamatayan.

Dalawampu't apat na taong pagdurusa ang dinanas niya, gayunpaman dalawampu't apat na taon ding kaligayahan ang natamasa niya sa pakikipag-usap sa Diyos at sa iba pang mga imortal! Natupad ang kanyang misyon—nagkaugnay muli ang langit at lupa; naitatag ang Simbahan; sinanay si Brigham Young at iba pang dakilang mga lider upang ipagpatuloy ang gawain; at ipinagkaloob niya sa uluhan ng Labindalawa ang lahat ng susi at kapangyarihan na hawak ng mga apostol na hawak niya mismo, at sinabi niya sa kanila: "Naitatag ko na ang mga pundasyon at ito dapat ang maging saligan ninyo, sapagkat nakasalaylay sa inyong mga balikat ang kaharian."

At dumating na ang kanyang oras upang tatakan ng kanyang dugo ang kanyang patotoo, na madalas niyang patotohanan sa maraming kaibigan at kaaway. . . .

. . . Bagama't umasa siya at nanalangin na lumampas ang saro, alam niya na hindi ito mangyayari. Sinabi niya: "Ako ay patutungong gaya ng isang kordero sa katayan." [Tingnan sa D at T 135:4.]

At sa katayan nga! Umalingawngaw ang putukan! At malayang dumaloy ang dugo ng mga martir, sapagkat, si Hyrum, na



*Ang pagkamatay ni Joseph Smith, na napaslang kasama ang kanyang kapatid na si Hyrum Smith noong 1844, ay isa pang tiyak na katibayan ng kabanalan ng ebanghelyo ni Jesucristo."*

kanyang kuya, ay piniling sumama sa kanya. Ang natatanging dugong ito ay umagos sa lupa, tinatakan ang walang kamatayan at di mapasisinungalingang patotoo na patuloy na maririnig at madarama sa puso't isipan.[17]

Tinatakan ni Jesus ng dugo ang kanyang patotoo. Gayundin si Esteban. At ngayo'y tinatakan ni Joseph Smith ang kanyang patotoo ng kanyang dugo at namatay nang bata pa upang sabihin sa buong mundo na ang mga lamina kung saan nagmula ang Aklat ni Mormon ay natagpuan sa isang burol malapit sa Palmyra sa estado ng New York. At sa gayon, sa pamamagitan ng pag-unawa sa aklat na ito, at sa banal na Biblia, ang ebanghelyo ni Jesucrito, sa pangangasiwa ng kanyang mga anghel, ay muling naipanumbalik sa mundo.[18]

Pinangalagaan si Joseph at iniligtas ang kanyang buhay sa bawat pang-uusig hanggang sa matapos ang kanyang gawain. Ginampanan niya ang kanyang bahagi sa panunumbalik ng ebang-

helyo at priesthood at lahat ng iba pang mga susi ng dispensasyon at hanggang sa maitatag ang organisasyon ng kaharian. Hindi siya mapapatay bago sumapit ang sandaling iyon, kahit na sumiklab nang labis ang buong galit ng impiyerno laban sa kanya. Gusto niyang mabuhay pa. Matamis ang mabuhay sa kanya. Nangangako ito ng matatamis na ugnayan sa kanyang pamilya, mga kapatid, at ang kasiyahan na makitang namumulaklak ang gawain. Ngunit tapos na ang kanyang gawain; maaari na itong ipagpatuloy ngayon ng iba pang matatatag na lider; kailangan na siya sa ibang mga gawain. Sa edad na tatlumpu't walo, na napakabata pa, siya'y namatay, at sinimulan ang kanyang gawain sa ibang daigdig.[19]

"Babagsak ang Mormonismo kung papatayin natin ang kanilang propeta," sabi nila . . . habang walang awa nilang pinapaslang si Joseph Smith. Walang alinlangan na ang makahayop nilang ngisi ng kasiyahan sa napakasamang gawaing iyon ay napalitan ng balisang pagsimangot nang matanto nilang sumipa lamang sila sa mga tinik, na sarili lamang nila ang nasaktan. Hindi nawasak ang Mormonismo ng malupit na kamatayan, sa halip ito ang nagpasigla rito. Pinataba ng nabaril na katawan ang lupa; ang dugong pinaagos nila ang dumilig sa binhi; at ang espiritu na napunta sa langit ay magpapatotoo laban sa kanila sa buong kawalang-hanggan. Ang adhikain ay patuloy pa rin at umuunlad.[20]

Hindi nawala ang gawain [ni Joseph Smith]. Ang patotoo niya ay matatag na sumulong, tungo sa kawalang-hanggan.[21]

Ngayon, maraming taong tanyag sa pinag-aralan, praktikalidad, at kabutihan, ang tumatayo upang magpatotoo na ang pagkamatay ni Joseph Smith, tulad ng mga martir na nauna sa kanya, ay isa pang tiyak na katibayan ng kabanalan ng ebanghelyo ni Jesucristo, na ipinanumbalik sa kabuuan nito sa pamamagitan ng mapagpakumbabang propetang iyon.[22]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Ano sa palagay ninyo ang ilan sa mga pinakadakilang bagay na inihayag ng Panginoon sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 270–273.) Kapag may nagtanong sa inyo na hindi miyembro ng Simbahan tungkol kay Joseph Smith, ano ang sasabihin ninyo?
- Ano ang papel ng Diyos at ni Joseph Smith sa pagbubukas ng kalangitan para sa panunumbalik ng ebanghelyo? (Tingnan sa mga pahina 268, 270–273.) Sa paanong paraan inihanda si Joseph Smith para tumanggap ng paghahayag?
- Ano ang nalaman ni Joseph Smith matapos ang Unang Pangitain na hindi niya alam noon? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 271–273.) Sa inyong palagay paano nabago ang nadarama niya sa Diyos at sa sarili? Paano kayo naimpluwensyahan ng inyong patotoo tungkol sa Unang Pangitain?
- Sa anong paraan naging instrumento ng Panginoon si Joseph Smith sa pag-uugnay ng langit at lupa? (Tingnan sa mga pahina 274–275.) Sa inyong palagay ano ang ibig sabihin ng maging instrumento sa mga kamay ng Diyos?
- Sinabi ni Pangulong Kimball na hinangad ng masasamang tao na wasakin ang Mormonismo sa pamamagitan ng pagpatay kay Joseph Smith (pahina 277). Ano ang iniisip at nadarama ninyo habang pinag-iisipan ninyo ang nangyari sa Simbahan mula nang mamatay si Joseph Smith?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Isaias 29:11–14; D at T 135; 136:37–39

## Mga Tala

1. Sa Conference Report, Melbourne Australia Area Conference 1976, 23.
2. Sa Conference Report, Guatemala City Area Conference 1977, 22.
3. Sa Conference Report, Manila Philippines Area Conference, 1975, 6.
4. Sa Conference Report, Temple View New Zealand Area Conference 1976, 51.
5. "Small Acts of Service," *Ensign,* Dis. 1974, 4–5.
6. *Faith Precedes the Miracle* (1972), 92–93.
7. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* (1982), 429.
8. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 430.
9. "The Prophet Joseph Smith and the First Vision," Annual Joseph Smith Memorial Sermon, Utah State University, Dis. 13, 1970, 7.
10. Sa Conference Report, Taipei Taiwan Area Conference, 1975, 14.

11. Sa Conference Report, Abr. 1974, 67–68; o *Ensign,* Mayo 1974, 47.
12. Sa Conference Report, Abr. 1976, 11, 12; o *Ensign,* Mayo 1976, 9.
13. Sa Conference Report, Abr. 1980, 74; o *Ensign,* Mayo 1980, 51.
14. Sa Conference Report, Abr. 1976, 12; o *Ensign,* Mayo 1976, 9.
15. Sa Conference Report, London England Area Conference 1976, 35.
16. Sa Conference Report, São Pablo Brazil Area Conference 1975, 72.
17. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 1979–80.
18. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 143.
19. Sa Conference Report, Abr. 1945, 59.
20. Sa Conference Report, Abr. 1955, 96.
21. Sa Conference Report, Abr. 1946, 50.
22. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 181–82.

# Paghahayag: "Isang Walang Katapusang Himig at Dumadagundong na Pagsamo"

*Ang patuloy na paghahayag ay napakahalaga sa ebanghelyo ni Jesucristo.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Minsan nagsalita si Pangulong Spencer W. Kimball sa isang kumperensya ng mga mamamahayag na ginanap sa Arizona Temple Visitor's Center. Isang reporter ang nagtanong sa kanya: "Kayo po ay ipinakilala bilang pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at bilang propeta rin. Ang tanong ko ay: Nakikipag-usap ba ang Diyos sa inyo?" Sumagot si Pangulong Kimball: "Oo. Nakikipag-usap ang Diyos sa kanyang mga propeta ngayon tulad ng pakikipag-usap niya sa kanyang mga propeta noon at tulad din ng makikipag-usap siya sa kanila sa hinaharap. Maaalala mong sinulat ni Amos, 'Tunay na ang Panginoong Dios ay walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang lihim sa kaniyang mga lingkod na propeta.' Kung minsan naririnig ang kanyang tinig. Kung minsan naman ay isinusugo niya ang kanyang mga propeta tulad ng ginawa niya kay Jose, ang amain ni Jesus. Karaniwan, ito'y sa pamamagitan ng isang marahan at banayad na tinig ng Diyos sa ating diwa. Oo. Nasagot ko ba ang tanong mo, iho?"[1]

Tiwala si Pangulong Kimball sa alituntunin ng patuloy na paghahayag, sinasabing ito "ang pinakamahalaga sa ebanghelyo ng buhay na Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo."[2] Ang pagtitiwalang ito, sabi ni Elder Neal A. Maxwell ng Korum ng Labindalawang Apostol, "ay malinaw na bahagi ng katangian ng napakaespesyal na taong ito."[3] Ginampanang mabuti ni



*"Lumuluhod ako at nananalangin nang taimtim araw at gabi na bigyan ako ng Panginoon ng inspirasyon at ihayag sa akin ang daang aking tatahakin at kung ano ang sasabihin ko sa mga tao ng Simbahang ito."*

Pangulong Kimball ang kanyang responsibilidad bilang Pangulo ng Simbahan, nalalamang siya lamang ang tanging tao sa mundo na may awtoridad na tumanggap ng paghahayag para sa Simbahan. Pinatotohanan niya: "Alam kong tinawag ako ng Panginoon sa tungkuling ito. Alam kong may mas dakilang mga propeta, marahil, kaysa sa akin, subalit hangad kong gawin ang lahat ng makakaya ko para isulong ang gawain ng Panginoon tulad ng nais niyang mangyari. Lumuluhod ako at nananalangin nang taimtim araw at gabi na bigyang-inspirasyon ako ng Panginoon at ihayag sa akin ang daang aking tatahakin at kung ano ang sasabihin ko sa mga tao ng Simbahang ito."[4]

Sa buong panahon ng kanyang panunungkulan bilang Pangulo ng Simbahan, tumanggap siya ng paghahayag para magabayan ang mga Banal. Ang pinakatanyag sa lahat ng paghahayag na ito ay dumating noong Hunyo 1978, nang ihayag ng Panginoon sa kanya at sa kanya ring mga kapatid sa Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol na ang mga pagpapala ng priesthood na limitado sa iilan noon, ay makakamtan na ng lahat ng karapat-dapat na miyembro ng Simbahan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan, Opisyal na Paghahayag 2). Dumating ang paghahayag na ito matapos ang maraming taon ng pagbubulay-bulay at pagdarasal ng iba pang mga Pangulo ng Simbahan tungkol sa bagay na ito.

Hindi na ipinaliwanag pa ni Pangulong Kimball sa mga tao ang tungkol sa paghahayag na ito. Subalit nagbigay siya ng maikling pahayag tungkol sa paghahanda ng kanyang sarili upang matanggap ito, at madalas niyang binabanggit ang nadarama niya tungkol dito:

"Batid kong may isang bagay tayong kinakaharap na lubos na mahalaga para sa karamihan ng mga anak ng Diyos. Alam kong matatanggap lang natin ang paghahayag ng Panginoon sa pamamagitan ng pagiging karapat-dapat at pagiging handa sa mga ito at kahandaang tanggapin ang mga ito at ilagay sa wastong kalalagyan ang mga ito. Araw-araw akong pumupuntang mag-isa sa mga silid sa itaas ng templo nang may lubos na kataimtiman, at

iniaalay ko roon ang aking kaluluwa at iniaalay ang aking mga pagpupunyagi na maisulong ito. Nais kong gawin ang nais niya. Nakipag-usap ako sa kanya tungkol dito at nagsabing, 'Panginoon, ang nais ko lamang ay ang tama. Hindi kami nagpaplano ng anuman upang maging kagila-gilalas sa pag-unlad. Ang hangad lang po namin ay ang bagay na nais ninyo, at nais namin iyon kung nais po ninyo, at hindi kung kailan namin gusto."[5]

"Kami ngayon na sinang-ayunan ninyo bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag ay labis na natuwa noong tagsibol ng 1978 tulad ng mga sinaunang kapatid nang sabihin sa paghahayag 'na ang mga Gentil ay mga tagapagmana . . . at mga may bahagi sa pangako na kay Cristo [Jesus] sa pamamagitan ng evangelio' (Efe. 3:6). Ito ang bagay na sinabi ni Pablo, 'na nang ibang panahon ay hindi ipinakilala sa mga anak ng mga tao, na gaya ngayon na ipinahayag sa kanilang mga banal na apostol at propeta sa Espiritu' (Efe. 3:5).

"Nagkaroon kami ng maluwalhating karanasan nang malinaw na tukuyin ng Panginoon na dumating na ang panahon na ang lahat ng karapat-dapat na kalalakihan at kababaihan saanmang dako ay maaaring maging mga tagapagmana at bahagi ng buong pagpapala ng ebanghelyo. Gusto kong malaman ninyo, bilang natatanging saksi ng Tagapagligtas, na dama kong napakalapit ko sa kanya at sa ating Ama sa Langit sa marami kong pagbisita sa mga silid sa itaas ng templo, na mag-isang nagpupunta roon nang ilang araw nang maraming beses. Nilinaw sa akin ng Panginoon ang nararapat gawin. Hindi tayo umaasang mauunawaan ng mga tao ng mundo ang gayong mga bagay, sapagkat palagi silang agad na nangangatwiran o nagwawalang-bahala sa banal na proseso ng paghahayag."[6]

Dagdag pa sa pagpapatotoo na pinapatnubayan ng paghahayag ang mga desisyon ng mga lider ng Simbahan, itinuro ni Pangulong Kimball na lahat tayo'y maaaring tumanggap ng paghahayag na gagabay sa ating buhay at magpapalakas sa atin sa ating responsibilidad. Sabi niya, "Ang pagpapala ng paghahayag ang dapat hangarin ng lahat."[7]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Nais makipag-ugnayan ng Diyos Ama at ni Jesucristo sa mga tao.

May nagsabing nabubuhay tayo sa panahong ang Diyos, kung may Diyos nga, ay piniling manahimik, subalit inihahayag ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa mundo na hindi nananahimik ang Ama ni ang Anak. Nangungusap sila at nakikipag-ugnayan kung nararapat at kailangan, at palaging handa, sa katunayan ay lubos na nais na mapanatili ang pakikipag-ugnayan sa mga tao.[8]

Isang teologo ang nagsabing imposibleng mahanap o makilala ng tao ang Diyos. Ito'y parang pagsasabing: "Hindi ko pa naakyat ang Mt. Ararat—walang sinuman ang makakaakyat sa Mt. Ararat; o hindi pa ako nakaligo sa malinaw at mainit na tubig ng Adriatic Sea—walang Adriatic Sea; o hindi ko pa nakikita ang mababangis na hayop sa Kruger Park—walang Kruger Park; o, palagi akong malusog—samakatuwid, ang sakit na nadarama ng tao, ay bahagi lamang ng kanilang mga imahinasyon. Hindi pa ako nakapaglalakbay sa kalawakan; samakatuwid, walang makakarating sa kalawakan."

Ano ngayon ang pagkakaiba ng pagsasabing hindi ko pa naririnig o nakikita ang Diyos—kung gayon, wala pang taong nakakita o narinig ang Diyos o nakasama niya. Masyadong mapangahas at napakayabang ng sinumang tao na nagsasabing ang Diyos ay hindi malalapitan, hindi makikilala, hindi nakikita at naririnig sapagkat mismong ang taong iyon ay hindi naihanda ang kanyang sarili para maranasan iyon.[9]

Tandaan na hindi matatagpuan ang Diyos sa pagsasaliksik lamang, ni mauunawaan at mapahahalagahan ang kanyang ebanghelyo sa pamamagitan ng pag-aaral lamang, sapagkat walang makakakilala sa Ama o sa Anak kundi "yaong ibiging pagpahayagan ng Anak." (Lucas 10:32.) Ang nag-aalinlangan balang-araw, sa panahon mang ito o sa kawalang-hanggan, ay mababatid sa kanyang kalungkutan na pinagkaitan siya ng kanyang kayabangan ng labis na kagalakan at pag-unlad.[10]

Masaya tayong malaman na ang Diyos ng sansinukob na ito ay Diyos ng paghahayag. Ipinaaalam ng ating Panginoon ang kanyang iniisip at naisin sa kanyang mga anak dito sa lupa. Kung hahangarin natin ito, higit niyang ihahayag ang kanyang sarili sa kaganapan at mauunawaan natin siya sapagkat posibleng maunawaan ng mortal na tao ang Diyos. Hindi natin masasamba ang isang katauhan na likha o imahinasyon lang ng ating isipan. Sumasamba tayo sa isang katauhang buhay, na siyang lumikha, na ipinaaalam sa atin ang kanyang pagkatao at katangian at kadakilaan ng kanyang katauhan.[11]

Hindi ihihiwalay ni Amang Elohim ni ng Anak na si Jehova ang kanilang sarili sa mga anak ng tao. Sila, ang mga tao, ang siyang humihiwalay sa Diyos kung may paghihiwalay man. Ang Ama at Anak ay kapwa nagagalak na makipag-usap at makipag-ugnayan sa mga tao. . . .

. . . Sa kabila ng lahat ng diyus-diyusan na nilikha ng tao sa kanilang sarili at pagkalito na dulot nito, ang buhay at tunay na Diyos ay nasa kalangitan at makakausap ng kanyang mga anak.[12]

---

**Samantalang ang ilang paghahayag ay kagilala-gilalas, ang karamihan ay dumarating bilang matinding impresyon sa isipan at puso.**

Sa ating panahon, tulad noon, maraming tao ang umaasa na kung may paghahayag man ay darating ito sa kamangha-manghang paraan, nang may pagyanig ng lupa. Para sa maraming tao mahirap tanggaping paghahayag ang napakaraming bagay na ibinigay sa panahon ni Moises, sa panahon ni Joseph, at sa sarili nating panahon—ang mga paghahayag na iyon na dumating sa mga propeta sa matindi, at hindi matatawarang impresyon na itinanim sa isipan at puso ng propeta gaya ng hamog mula sa langit o pagbubukang-liwayway na pumapawi sa kadiliman ng gabi.

Sa pag-asam ng mga bagay na kagila-gilalas, maaaring hindi lubos na nakatuon ang mga tao sa patuloy na pagdaloy ng inihayag na pakikipag-ugnayan. Sinasabi ko nang may lubos na pagpapakumbaba, gayundin sa pamamagitan ng kapangyarihan at lakas ng patotoo na nag-aalab sa aking kaluluwa, na mula sa

propeta ng Panunumbalik hanggang sa kasalukuyang propeta, patuloy pa rin ang komunikasyon, patuloy ang awtoridad, ang isang liwanag na maningning at tumatagos ay patuloy na nagliliwanag. Ang tinig ng Panginoon ay isang walang katapusang himig at dumadagundong na pagsamo.[13]

Ang paghahayag ay hindi palaging nangangahulugang "paglakad na kasama ng Diyos," o "harapan," o kaya'y "pabulong." Maraming uri ng paghahayag—ang iba'y higit, at ang iba ay hindi gaanong kagila-gilalas.[14]


Ang ilang paghahayag ay dumarating sa pamamagitan ng mga panaginip. Kadalasan ang mga panaginip natin ay pabagu-bago at walang kahulugan, subalit ginagamit ng Panginoon ang mga panaginip sa ikauunawa ng kanyang mga tao. . . . Nanaginip si Nabucodonosor. (Tingnan sa Daniel 2.) Napakatindi ng panaginip na ito na kanyang nalimutan, subalit dumating si Daniel at ipinaalala sa hari ang kanyang panaginip at ibinigay ang kahulugan. Ipinaalam ito ng Panginoon kay Daniel dahil sa isang partikular na kadahilanan.

Nariyang napanaginipan ni Pedro ang isang sisidlan na gaya ng malapad na kumot na bumaba mula sa langit na puno ng lahat ng uri ng hayop at ito ay may napakalinaw na kahulugan. (Tingnan sa Mga Gawa 10:9–35.) . . .

Si Pablo sa kanyang matinding karanasan ay may gayunding uri ng paghahayag, sa pamamagitan ng isang panaginip. "At napakita ang isang pangitain sa gabi kay Pablo." At tumanggap siya ng mga tagubilin na mahalaga sa kanya at sa kaharian. (Mga Gawa 16:9.) . . .

Mayroon pang ibang kagila-gilalas na mga paghahayag na nabanggit. Ang pagdating ni Moroni, isang indibiduwal, na nabuhay na muling nilalang, upang ibalik ang mahalagang tala ng mga sinaunang tao ng Amerika at ang pagpapanumbalik ng ebanghelyo. . . .

At dumating din si Juan Bautista na pinugutan ng ulo ng hari sa sandali ng kahinaan . . . [pagkatapos] sina Pedro, Santiago, at Juan naman. . . . At sa gayon nangyari nang sunud-sunod, ang pagpapanumbalik ng lahat ng bagay, at lahat ng ito'y dumating



*Tulad ni Enos, makikita nating ang paghahayag na iyon ay kadalasang dumarating nang payapa, nang walang kagila-gilalas na pagpapakita.*

sa pamamagitan ng paghahayag, pangitain, mga panaginip, o matitinding impresyon.

Ngayon, hindi lahat ng paghahayag sa mga banal na kasulatan ay nangyari sa pamamagitan ng mga kagila-gilalas na pagpapakita. Sa pagbabasa ninyo ng Lumang Tipan, makikita ninyong nangungusap ang Panginoon. Nangusap siya kina Isaias, Jeremias, at sa iba pa, subalit ang mga yaon ay di palaging personal na pagpapakita. Ito'y halos tulad ng naranasan ni Enos, sapagkat mababasa ninyo sa aklat ni Enos sa Aklat ni Mormon, na siya ay nag-ayuno at nanalangin at nagsumano at humingi ng impormasyon at kapatawaran lalo na sa kanyang mga kasalanan: "At samantalang ako ay nasa gayong pagpupunyagi sa espiritu, masdan, ang tinig ng

Panginoon ay sumaisip kong muli, sinasabing: . . .” (Enos 1:10.) Napakaraming paghahayag ang dumating sa ganitong paraan.

Kaya’t dumarating ang paghahayag: kung minsan sa aktuwal na pagpapakita ng mga nilalang na mula sa langit. . . . Subalit karamihan sa mga paghahayag ni Propetang Joseph Smith sa banal na talaang ito, ang Doktrina at mga Tipan, ay hindi dumating sa ganoong paraan. Dumating ang mga ito bilang matitinding impresyon.[15]

Karamihan sa mga naitalang paghahayag sa Doktrina at mga Tipan at sa Biblia ay matitinding damdamin at kahanga-hangang kaalaman sa tagubiling mula sa langit. Ito ang uri ng paghahayag na mayroon ang bawat tao para sa sarili nilang mga pangangailangan.[16]

Kung minsan hindi natin napapansin ang pagdating [ng mga paghahayag]. Dasal tayo nang dasal para sa karunungan at pagpapasiya at pagkatapos ay nadarama natin na tila dapat tayong magtungo sa direksyong ito. May paghahayag dito. Sinasagot ng Panginoon ang mga itinatanong ninyo.[17]

Anong pananalita ang gamit ng Panginoon? Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, pinayuhan ng Panginoon si Oliver Cowdery, na naghangad ng kasagutan sa kanyang mga panalangin:

“Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, kung nagnanais ka ng karagdagang katibayan, ipako mo ang isipan mo sa gabing ikaw ay nagsumamo sa akin sa iyong puso, upang iyong malaman ang hinggil sa katotohanan ng mga bagay na ito.

“Hindi ba’t ako ay nangusap ng kapayapaan sa iyong isipan hinggil sa bagay na ito? Ano pang mas higit na katibayan ang iyong matatamo kundi ang mula sa Diyos?” (D at T 6:22–23).[18]

---

## Sa pamamagitan ng mga buhay na propeta, ipinahayag ng Panginoon ang Kanyang kagustuhan para sa Simbahan.

Ang dapat nating lubos na ipagpasalamat ngayon ay ang tunay na nabuksan ang kalangitan at ang ipinanumbalik na simbahan ni Jesucristo ay nakatatag sa bato ng paghahayag. Ang patuloy na paghahayag ay totoong napakahalaga sa ebanghelyo ng buhay na Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo.[19]

Ang mga kinakailangan at napakahalagang tala ng sinaunang Amerika, na naglalaman ng mga turo ni Cristo, na isa pang patotoo ng kanyang pagkadiyos, ang bumubuo sa Aklat ni Mormon, na sinasabi nating banal na kasulatan, na kasabayan ng Biblia at nagpapatunay dito.

Mula [sa Unang Pangitain ni Joseph Smith] noong 1820, patuloy na dumarating ang karagdagang banal na kasulatan, kabilang ang napakarami at mahahalagang pagpapahayag na dumadaloy nang walang katapusan mula sa Diyos tungo sa kanyang mga propeta sa mundo. Marami sa mga paghahayag na ito ay nakatala sa isa pang banal na kasulatan na tinatawag na Doktrina at mga Tipan. Kapupunan din ng mga banal na kasulatan nating mga Banal sa mga Huling Araw ang Mahalagang Perlas, isa pang talaan ng pagpapahayag at isinaling kasulatan ng sinauna at makabagong mga propeta.

May mga nag-aakala na ang paglalathala at pagsasama-sama ng mga sagradong talaang ito ay magiging "katapusan na ng mga propeta." Subalit muli naming pinatototohanan sa mundo na patuloy ang paghahayag at ang lalagyan at talaan ng Simbahan ay naglalaman ng mga paghahayag na ito na dumarating buwan-buwan at araw-araw. Pinatototohanan din namin na mula noong 1830 nang itatag Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, na mayroon at patuloy na magkakaroon, hanggang sa huling sandali, ng isang propeta, na kinikilala ng Diyos at ng kanyang mga tao, na patuloy na magpapaliwanag ng kaisipan at kalooban ng Panginoon.[20]

Kapag . . . , matapos manalangin at mag-ayuno, at nakagawa ng mahahalagang desisyon [ang mga lider ng Simbahan], nakabuo ng bagong mga misyon at stake, pinasimulan ang bagong mga huwaran at panuntunan, binabale-wala [ng mga tao] ang mga balita at inaakalang ito'y pagkalkula lamang ng mga tao. Subalit sa mga taong kasama sa grupo at nadinig ang mga panalangin ng propeta at patotoo ng tao ng Diyos; sa mga nakakita sa lalim ng kanyang pag-iisip at katalinuhan ng kanyang pasiya at pagsasalita, para sa kanila siya ay tunay na propeta. Ang maringgan siyang magsalita tungkol sa mahahalagang pagbabago na taimtim na sinasabing "nasisiyahan ang Panginoon"; "tama ang

desisyong iyon"; "nagsalita ang Ama sa Langit," ay tiyak na kaalaman na tunay nga siyang propeta.[21]

Hindi huminto at hindi hihinto ang paghahayag. Itinayo ang kahariang ito ng Diyos para sa nalalabing panahon, at hindi kailanman mawawasak ni ibibigay sa ibang tao. Ito'y isang patuloy na programa at uunlad sa halip na maglaho. Maayos na naitatag ang mga doktrina nito, subalit, dahil sa paglaki at paglawak nito, pinagbuti pa ang mga ibinigay na mga pamamaraan para maituro ang ebanghelyo sa buong mundo. Tumawag rin ng karagdagang mga tagapaglingkod sa lumalaking gawain para sa mas malawak na mundo. Hindi kailanman hihinto ang paghahayag at iba pang mga himala maliban kung titigil ang pananampalataya. Kung may sapat na pananampalataya, magpapatuloy ang mga bagay na ito.

Si propetang Mormon ay nagbabala: "Oo, sa aba niya na ikakaila ang mga paghahayag ng Panginoon, at magsasabing hindi na gumagawa ang Panginoon sa pamamagitan ng paghahayag, o ng propesiya, o ng mga kaloob, o ng mga wika, o ng mga pagpapagaling, o, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo!" (3 Nephi 29:6)[22]

Pinatototohanan ko na sumusulong ang Simbahan sa pamamagitan ng mga paghahayag ng Diyos sa tinawag niyang mga dakilang namumuno. Ang Makapangyarihang Diyos ay nasa panig ng mga taong ito.[23]

---

### Kapag sinusunod natin ang mga kautusan, nananampalataya, at taimtim na nagdarasal, ginagawa nating karapat-dapat ang ating sarili na tumanggap ng personal na paghahayag.

Ang pagpapala ng paghahayag ay dapat hangarin nating lahat. Nalalaman ng mabubuting kalalakihan at kababaihan na nasa kanila ang diwa ng paghahayag para magabayan ang kanilang pamilya at tulungan sila sa iba pa nilang responsibilidad. Subalit . . . dapat nating hangarin na maging karapat-dapat sa gayong paghahayag sa pamamagitan ng pagsasaayos ng ating buhay at sa pagiging malapit sa Panginoon sa madalas at palagiang pakikipag-ugnayan sa kanya.[24]



*"Sasagutin ng Panginoon ang inyong mga tanong at mga panalangin kung nakikinig kayo."*

Hindi ipipilit ng Panginoon ang kanyang sarili sa mga tao; at kung hindi sila maniniwala, hindi sila tatanggap ng paghahayag. Kung kuntento na sila na umasa sa sarili nilang limitadong pag-iisip at pag-unawa, siyempre pa, hahayaan sila ng Panginoon sa pinili nilang kapalaran. . . .

. . . Ang gayunding paghahayag, mga pangitain, pagpapagaling, at pagbibigay-kahulugan sa mga wika ay makakamtan lahat ngayon tulad ng iba pang mga panahon, kung naroon ang kinakailangang pananampalataya.[25]

Ang Makapangyarihang Diyos ay nasa panig ng mga taong ito. Makakamtan natin ang lahat ng paghahayag na kailangan natin kung gagawin natin ang ating tungkulin at susundin ang mga utos ng Diyos. . . .

Alalahanin:

Kung may mga matang nakakakita, magkakaroon ng mga pangitain na nagbibigay-inspirasyon.

Kung may mga taingang nakakarinig, mararanasan ang mga paghahayag.

Kung may mga pusong nakauunawa, unawain ito: na ang nakadadakilang mga katotohanan ng ebanghelyo ni Cristo ay hindi na ikukubli at mahiwaga, at makikilala ng lahat ng masigasig na naghahanap ang Diyos at ang kanyang plano.[26]

Sa pagbibigay sa kanila ng kalayaang pumili, hinihikayat at pinapatnubayan ng Ama sa Langit ang kanyang mga anak, subalit naghihintay sa kanilang pagsamo, mga panalangin, at taimtim na paglapit sa kanya. . . .

Hangad ng Panginoon na makita ang una nilang pagkamulat at ang pagsisimula ng kanilang pagsisikap na lumabas sa kadiliman. Dahil pinagkalooban ng kalayaang magdesisyon ang tao kailangan niya itong pahintulutan na hanapin ang kanyang daan hanggang sa marating niya ang liwanag. Subalit kapag nagsimulang magutom ang tao, kapag nagsimulang itaas ang kanyang bisig sa pagsusumamo, kapag nagsimula siyang lumuhod at magsalita, doon pa lamang tatanggalin ng ating Panginoon ang mga hadlang, hahawiin ang tabing, at papapangyarihing makalabas ang tao sa walang katiyakang kadiliman tungo sa makalangit na liwanag.[27]

Kung tatayo na ang tao mula sa kanyang pagkakaluhod matapos bumigkas lamang ng mga salita, dapat siyang lumuhod muli at manatili roon hanggang sa makaugnayan niya ang Panginoon na gustung-gustong magpala, subalit dahil binigyan ang tao ng kalayaang pumili, ay hindi niya ipipilit ang kanyang sarili sa taong iyon.[28]

Gusto ba ninyo ng patnubay? Nananalangin ba kayo sa Panginoon para sa inspirasyon? Gusto ba niyong gumawa ng tama o gusto ninyong gawin ang nais ninyo tama o mali man ito? Gusto ba ninyong gawin ang pinakamabuti sa inyo sa bandang huli o ang tila mas kasiya-siya ngunit panandalian lamang? Nanalangin na ba kayo? Gaano kataimtim ang inyong panalangin? Paano kayo nanalangin? Nanalangin ba kayo tulad ng ginawa ng Tagapagligtas ng mundo sa Getsemani o ang hiniling ninyo'y ang gusto ninyo nang hindi iniisip kung angkop ba ito? Sinasabi ba ninyo sa inyong mga panalangin: "Gawin nawa ang inyong kalooban"? Sinasabi ba ninyong, "Ama sa Langit, kung bibigyan po ninyo ako ng inspirasyon at ipadarama sa akin ang

tama, gagawin ko po iyon"? O ang dalangin ninyo'y, "Ibigay ninyo sa akin ang gusto ko dahil kung hindi'y kukunin ko ito sa ibang paraan"? Sinabi ba ninyong: "Ama sa Langit, mahal ko po kayo, naniniwala po ako sa inyo, alam kong batid ninyo ang lahat ng bagay. Ako po ay matapat. Hangad ko po nang taos-puso na gawin ang tama. Alam ko pong nakikita ninyo ang wakas mula sa simula. Nakikita po ninyo ang hinaharap. Nakikita po ninyo kung sa sitwasyong ito na aking sinasamo ay magkakaroon ako ng kapayapaan o kaguluhan, kaligayahan o kalungkutan, tagumpay o pagkabigo. Nakikiusap po akong sabihin ninyo sa akin, mahal na Ama sa Langit, at ipinangangako kong gagawin ang ipagagawa ninyo sa akin." Ganito ba kayo kung manalangin? Sa palagay ba ninyo'y tama lang na gawin ito? Malakas ba ang loob ninyo na dasalin ang panalanging ito?[29]

Sasagutin ng Panginoon ang inyong mga tanong at mga panalangin kung nakikinig kayo. Hindi kailangang manggaling lahat ito sa pamamagitan ng propeta. . . . Subalit lahat ng tao, kung sila'y karapat-dapat at malapit talaga sa Panginoon, ay makatatanggap ng paghahayag.[30]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Rebyuhin ang kuwento ng pagtanggap ni Pangulong Kimball ng paghahayag noong 1978 tungkol sa priesthood (mga pahina 282–283). Bagamat ang ilang aspeto ng karanasan ni Pangulong Kimball ay natatangi sa paghahayag na iyon, anu-anong aspeto ng kanyang karanasan ang karaniwan sa lahat ng ating pagsisikap na tumanggap ng paghahayag? Paano natin masusundan ang kanyang halimbawa?
- Rebyuhin ang bahagi na nagsisimula sa pahina 284. Ano ang sasabihin ninyo sa isang kaibigan na nagsasabing nananahimik ang Diyos? Anong mga banal na kasulatan o karanasan ang maibabahagi ninyo para tulungan ang inyong kaibigan?
- Ano ang ilang paraan ng pagdating ng paghahayag? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 285–288.) Itinuro ni

Pangulong Kimball na maraming paghahayag na dumating bilang matinding impresyon sa halip na kagila-gilalas na pagpapamalas. Paano natin malalaman kung ang kaisipan o nadarama natin ay galing sa Panginoon? (Tingnan sa pahina 288.)

- Bakit kailangan natin ang mga buhay na propeta bilang karagdagan sa mga banal na kasulatan? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 288–290.) Paano kayo pinagpala sa pamamagitan ng mga paghahayag sa Pangulo ng Simbahan?
- Ano ang maibibigay ninyong payo sa isang tao na naghahangad ng patnubay mula sa Panginoon? (Tingnan sa mga pahina, 290–293.)

*Kaugnay na mga banal na kasulatan:* I Mga Hari 19:9–12; Moroni 10:3–5; D at T 1:38; 8:2–3; 43:1–4; 76:5–10

## Mga Tala

1. Sa Oscar W. McConkie, *Aaronic Priesthood,* (1977), 13.
2. Sa Conference Report, Abr. 1977. 113; o *Ensign,* Mayo 1977, 76.
3. "Spencer, the Beloved: Leader-Servant, *Ensign,* Dis. 1985, 17.
4. Sa Conference Report, Guatemala City Guatemala Area Conference 1977, 24.
5. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball (1982), 451.
6. "The Savior: The Center of Our Lives," *New Era,* Abr. 1980, 36.
7. "The Example of Abraham," *Ensign,* Hunyo 1975, 4.
8. *Faith Precedes the Miracle* (1972), 65–66.
9. Pananalita sa pagtatapos, Brigham Young University, Mayo 27, 1966, na nakalathala sa *Church News,* Hunyo 4, 1966, 12.
10. Sa Conference Report, Okt. 1944, 44.
11. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 7–8.
12. Sa Conference Report, Abr. 1964, 93, 94; o *Improvement Era,* Hunyo 1964, 496.
13. Sa Conference Report, Abr. 1977, 115; o *Ensign,* Mayo 1977, 78.
14. Sa Conference Report, Okt. 1966, 23; o *Improvement Era,* Dis. 1966, 1106.
15. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 455–56.
16. *Faith Precedes the Miracle,* 30.
17. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 454.
18. "Pray Always," *Ensign,* Okt. 1981, 5.
19. Sa Conference Report, Abr. 1977, 113; o *Ensign,* Mayo 1977, 76.
20. Sa Conference Report, Abr. 1977, 115; o *Ensign,* Mayo 1977, 77–78.
21. " . . . To His Servants the Prophets," *Instructor,* Ago. 1960, 257.
22. "Gospel Forum: Continuing Revelation," *Ensign,* Peb. 1971, 21.
23. *Faith Precedes the Miracle,* 46.
24. *Ensign,* Hunyo 1975, 4–5.
25. Sa Conference Report, Okt. 1966, 22, 23; o *Improvement Era,* Dis. 1966, 1106.
26. Sa Conference Report, Okt. 1966, 26; o *Improvement Era,* Dis. 1966, 1108.
27. Sa Conference Report, Munich Germany Area Conference 1973, 74–75.
28. *The Teachings of Spencer W. Kimball*, 124.
29. *The Teachings of Spencer W. Kimball*, 123–24.
30. *The Teachings of Spencer W. Kimball*, 455.

# Mga Pastol ng Kawan

*May kaligtasan sa pagsang-ayon at pagsunod sa propeta at iba pang mga lider ng Simbahan.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Madalas ituro ni Pangulong Spencer W. Kimball ang kahalagahan ng pagsang-ayon sa lokal at pangkalahatang mga lider ng Simbahan. Sa sesyon ng priesthood sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1978, ginunita niya ang damdamin niya noong kanyang kabataan ukol sa bawat taong naglingkod bilang kanyang bishop: "Palagi kaming may mabuting bishop. Mahal namin siya. Sina Bishop Zundel at Bishop Moody at Bishop Tyler at Bishop Wilkins. Mahal ko lahat ang aking mga bishop. Umaasa akong minamahal din ng lahat ng kabataang lalaki ang kanilang mga bishop tulad ng ginawa ko."[1]

Sa isa pang pananalita sinabi niya: "Naalala ko noong papunta ako sa tabernakulong ito [ang Salt Lake Tabernacle] noong bata pa ako mula sa Arizona, kasama ang aking ama para dumalo sa pangkalahatang kumperensya. Masaya kong pinakikinggan ang lahat ng mga Kapatid na nagsasalita. . . . Tuwang-tuwa ako sa kanilang mga sinasabi at pinakinggang mabuti ang kanilang mga babala, kahit na ako'y binatilyo pa lamang noon. Ang mga taong ito ay kabilang sa mga propeta ng Diyos, tulad ng mga propeta sa Aklat ni Mormon at Biblia."[2]

Madalas magpasalamat si Pangulong Kimball sa mga miyembro dahil sa kahandaan nilang sang-ayunan siya at ang iba pang mga lider ng Simbahan: "Saanman ako pumunta, may malaking pagpapadama ng pagmamahal at kabaitan, at dahil dito ako'y mapagpakumbabang nagpapasalamat. Ito'y *manna* sa aking kaluluwa. Itinataguyod ako ng inyong panalangin at pagmamahal. Dinidinig ng Panginoon ang inyong mga panalangin at pinagkakalooban ako at ang mga Kapatid ng kalusugan at lakas



*Binabati ni Pangulong Kimball ang mga tao habang papasok siya sa Salt Lake Tabernacle para sa pangkalahatang kumperensya.*

at pinapatnubayan kami sa mga gawain ng kanyang kaharian dito sa lupa. Dahil dito lahat kami ay lubos na nagpapasalamat."[3] Binanggit din niya ang pagmamahal na nadarama niya at ng iba pang lider ng Simbahan sa mga Banal: "Mahal namin kayo at hangad ang lubos ninyong pag-unlad at kagalakan at kaligayahan, na nalalaman naming mangyayari lamang sa pamamagitan ng pagsunod sa mga payo ng Diyos na ipinahayag sa pamamagitan ng kanyang mga propeta at lider."[4]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Pinangangasiwaan ng Panginoon ang Kanyang Sinbahan sa pamamagitan ng mga lider na banal ang pagkahirang.

Ang Panginoon at Tagapagligtas, ang Panginoong Jesucristo mismo, ang tumatayong pinuno ng Simbahang ito sa lahat ng kanyang kamaharlikahan at kaluwalhatian. Pinangangasiwaan niya ang kanyang mga gawain sa pamamagitan ng kanyang hinirang at sinang-ayunang mga propeta at apostol.[5]

Ang mga gawain ng Simbahan ni Jesucristo ay pinangangasiwaan ng Panguluhan ng Simbahan at ng Labindalawang Apostol, kasama ang maraming iba pang tumutulong na mga General Authority at sa pamamagitan din ng mga pangulo ng stake at misyon at mga bishop. Ang mga kalalakihang ito ay mga pastol ng kawan. Inilagay ng Panginoon ang mga kalalakihang ito para pangasiwaan ang kanyang kaharian dito sa lupa, at sa kanila'y ibinigay niya ang awtoridad at responsibilidad, bawat isa sa kanyang nasasakupan. Ibinigay niya sa mga kalalakihang ito ang Melchizedek Priesthood, na sarili niyang kapangyarihan at awtoridad na ipinagkatiwala niya sa tao. Kinikilala niya at pinagtitibay ang mga gawain ng mga piniling ito at hinirang na mga tagapaglingkod.[6]

Pinatototohanan ko sa inyo na ang mga lider ng Simbahang ito ni Jesucristo ay tinawag ng Diyos at itinalaga na mamuno sa pamamagitan ng diwa ng propesiya tulad sa iba pang mga dispensasyon."[7]

Sa bawat miyembro ng Simbahang ito, nagbigay ang Panginoon ng mga lider sa tatlong antas: ang Bishop o Branch President, ang

Stake President o Mission President, at ang mga General Authority. Ang mga lider na ito ay maaasahan. Ang isa sa kanila marahil ay limitado sa kaalaman, edukasyon o pagsasanay, subalit siya ay may karapatan sa mga paghahayag ng Panginoon para sa kanyang mga tao at bukas sa pakikipag-ugnayan sa Diyos mismo.[8]

Pagkatapos ng pagkapako sa krus, libu-libong kalalakihan ang tinawag ng Tagapagligtas para punan ang mga katungkulan, wala ni isa kanila ang perpekto, gayunpaman lahat ay tinawag ng Panginoon at dapat suportahan at sang-ayunan ng mga taong magiging mga disipulo ng Panginoon. Iyan ang tunay na diwa ng ebanghelyo.[9]

Ang pinili, sinang-ayunan, inordenan na mga lider ang mangangalaga sa atin laban sa "daya ng mga tao, sa katusuhan, ayon sa mga lalang ng kamalian." [Mga Taga Epeso 4:14.] Di kailanman malilinlang ang tao kung pinoprotektahan niya ang sarili sa bulag o masamang taga-akay sa pamamagitan ng pagsunod sa Espiritu at sa tinawag na mga lider ng Simbahan.[10]

Wala nang mas nasasabik pa kaysa sa mga Kapatid na namumuno sa Simbahang ito na matanggap ang gayong patnubay na ibibigay sa kanila para sa kapakanan ng sangkatauhan at ng mga tao ng Simbahan.[11]

Alam ko na nakikipag-ugnayan ang Panginoon sa kanyang mga propeta, at inihahayag niya ang katotohanan ngayon sa kanyang mga tagapaglingkod tulad ng ginawa niya noong panahon nina Adan at Abraham at Moises at Pedro at Joseph at sa napakarami pa sa buong panahon. Ang mga mensahe ng liwanag at katotohanan ng Diyos ay tiyak na naibigay sa tao ngayon tulad sa alinmang dispensasyon.[12]

---

## Magkakatulad ang mga mensaheng itinuturo ng mga propeta.

Marahil nagtataka ang ilan kung bakit magkakatulad ang sinasabi ng mga General Authority sa bawat kumperensya. Sa pag-aaral ko sa mga sinabi ng mga propeta sa nagdaang mga siglo, maliwanag ang kanilang huwaran. Hinahangad namin, sa mga salita ni

Alma, na turuan ang mga tao ng "walang hanggang pagkapoot laban sa kasalanan at kasamaan." Nangangaral kami ng "pagsisisi, at pananampalataya sa Panginoong Jesucristo." (Alma 37:32, 33.) Pinupuri namin ang kababaang-loob. Hinahangad naming turuan ang mga tao na "paglabanan ang bawat tukso ng diyablo sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya sa Panginooong Jesucristo." (Alma 37:33.) Tinuturuan natin ang ating mga tao na "huwag manghinawa sa mabubuting gawa." (Alma 37:34.)

Magkakatulad ang sinasabi ng mga propeta dahil magkakatulad ang mga problemang karaniwang kinakaharap natin. Mga kapatid, ang mga solusyon sa mga problemang ito ay hindi nagbabago. Walang-kuwenta ang parolang magbibigay ng kaibang signal na gagabay sa bawat barkong dadaong. Mangmang na giya ang taong bagamat alam ang ligtas na daan patungo sa gilid ng bundok, ay isinama pa rin ang mga ginagabayan niya sa masalimuot at mapanganib na daan kung saan walang manlalakbay ang makababalik pa.[13]

Hindi magagawa ng mga lider ng Simbahan, sa tuwing tuturuan namin kayo, na mag-alok ng bago o mas magandang daan na magbabalik sa inyo sa kinaroroonan ng ating Ama sa Langit. Dati pa rin ang daanan. Dahil dito, ang panghihikayat ay dapat ibigay nang madalas hinggil sa gayunding mga bagay at dapat ulit-ulitin ang mga babala. Hindi dahil sa inuulit ang isang katotohanan ay hindi na ito gaanong mahalaga o totoo. Sa katunayan, mahalaga ito.[14]

Nakikinita-kinita ko na kung ang Panginoon mismo ay nakatayo sa Bundok ng mga Olivo at kung nagbibilin siya sa mga tao, sasabihin rin niya ang mga bagay na nasabi na at sasabihin pa lang [sa ating mga kumperensya]. Nakikinita-kinita ko na kung nakatayo siya sa Dagat ng Galilea at may mga bangka sa tubig at nakapalibot sa kanya ang mga tao, ay sasabihin rin niya ang gayunding mga bagay: ipamuhay ang mga utos ng Diyos, panatilihing walang bahid-dungis ang sarili mula sa mundo, at sundin ang bawat utos na ibinigay ng Diyos sa atin. Iyan ang sasabihin niya, at kaya ngayon ito ang sinasabi niya sa pamamagitan ng kanyang mga tagapaglingkod.[15]

**Kadalasang binabale-wala o tinatanggihan ang mga propeta sa kani-kanilang kapanahunan.**

Kapag sinusunod ng sangkatauhan ang mga propeta, ito'y umuunlad; kapag binabale-wala sila, ang resulta nito ay di-pag-unlad, pagkaalipin, kamatayan.[16]

Maging sa Simbahan ay maraming tila nahihilig na palamutian ang mga libingan ng mga propeta noon at sa isipa'y binabato ang mga buhay na propeta [tingnan sa Mateo 23:29–30, 34].[17]

Huwag nating gawin ang kamalian ng mga sinaunang tao. Napakaraming makabagong panatiko ang naniniwala sa mga propetang tulad nina Abraham, Moises, at Pablo subalit tumatangging maniwala sa mga propeta ngayon. Tinanggap rin ng mga tao noon ang mga naunang propeta, subalit itinakwil at isinumpa ang mga propeta ng kapanahunan nila.[18]

Iba't ibang dahilan ang sinasabi sa mga nagdaang siglo upang paalisin ang mga banal na sugong ito [mga buhay na propeta]. May pagtatatwa dahil ang propeta'y nanggaling sa isang di-kilalang lugar. "Mangyari bagang lumitaw ang anumang magaling na bagay sa Nazaret?" (Juan 1:46.) Itinanong din kay Jesus ang, "Hindi baga ito ang anak ng anluwagi?" (Mateo 13:55.) Sa ano pa mang kaparaanan, ang pinakamabilis na paraan ng pagtatakwil sa mga banal na propeta ay ang humanap ng idadahilan kahit na mali o taliwas, upang mawala ang tao nang sa gayo'y mawala rin ang kanyang mensahe. Ang mga propetang hindi magaling magsalita kundi kimi sa pangungusap, ay itinuturing na walang kabuluhan. Sa halip na tumugon sa mensahe ni Pablo, nakita ng ilan na ang anyo ng katawan niya ay mahina at itinuring na walang kabuluhan ang kanyang pananalita [tingnan sa II Mga Taga Corinto 10:10]. Marahil hinatulan nila si Pablo sa tono ng kanyang tinig o sa kanyang istilo ng pananalita, at hindi sa mga katotohanang sinabi niya.

. . . Ang mga gawain sa mundo ay napakarami at ginagawa tayong abala, kahit ang napakababait na tao ay nalilihis sa pagsunod sa katotohanan dahil masyado silang abala sa mga bagay ng mundo. . . .



*"Sa halip na tumugon sa mensahe ni Pablo, nakita ng ilan na ang kanyang pangangatawan ay mahina at itinuring na walang kabuluhan ang kanyang pananalita."*

Kung minsan hinahayaan ng mga tao na matuon ang puso nila sa mga bagay at papuri ng mundong ito kaya hindi nila natututuhan ang aralin na kailangan nilang matutuhan. Madalas ay tinatanggihan ang mga simpleng katotohanan at mas tinatanggap ang di gaanong mahihirap na pilosopiya ng mga tao, at isa itong dahilan ng pagtatakwil sa mga propeta. . . .

Hindi lamang tinatanggihan ng mga banal na propeta ang pagsunod sa mga maling gawi ng mga tao, kundi tinutuligsa nila ang mga kamaliang ito. Kaya't di nakapagtataka na ang tugon sa mga propeta ay hindi palaging pagwawalang-bahala. Kadalasan ay tinatanggihan ang mga propeta dahil una nilang tinanggihan ang mga maling pag-uugali ng sarili nilang lipunan. . . .

Ang mga propeta ay may paraan sa pagtuligsa sa masasamang isipan. Kadalasan ay napagkakamalan ang mga propeta na masakit magsalita at gusto lang makapagtala para masabing,

"Sinabi ko na sa inyo ang mangyayari." Ang mga propetang nakilala ko ang mga pinakamapagmahal na tao. Dahil sa kanilang pagmamahal at katapatan kung kaya't di nila maaaring baguhin ang mensahe ng Panginoon para lamang masiyahan ang mga tao. Napakabait nila para maging malupit. Lubos akong nagpapasalamat na hindi naghahangad ng popularidad ang mga propeta.[19]

---

## Kailangang turuan ng mga magulang ang kanilang mga anak na sang-ayunan at sundin ang mga lider ng Simbahan.

Paano ninyo tuturuan ang inyong mga anak na mahalin ang mga awtoridad ng Simbahan? Kung palaging mabubuting bagay ang sinasabi ninyo tungkol sa panguluhan ng branch, district, misyon at Panguluhan ng Simbahan, magsisilaki ang inyong mga anak na nagmamahal sa mga kapatid na namumuno.[20]

Ipinagdarasal natin ang mga lider ng Simbahan. Kung ang mga anak sa buong buhay nila sa kanilang panalangin ng pamilya at sa mga sariling panalangin ay naaalala sa harapan ng Panginoon ang mga lider ng Simbahan, hindi sila kailanman mag-aapostasiya. . . .

Ang mga batang nananalangin para sa mga lider ay magsisilaking nagmamahal sa kanila, nagsasalita nang maganda tungkol sa kanila, iginagalang at pinamamarisan sila. Ang mga palaging nakakarinig na binabanggit sa panalangin ang mga lider ng Simbahan nang may pagmamahal ay mas malamang na maniwala sa mga mensahe at payo na maririnig nila.

Kapag ang mga batang lalaki ay nakikipag-usap sa Panginoon tungkol sa kanilang bishop, malamang na seryosohin nila nang husto ang mga interbyu ng bishop kung saan tinatalakay ang pagkakaroon ng priesthood at pagmimisyon at mga pagpapala ng templo. At ang mga batang babae ay magkakaroon din ng lubos na respeto sa lahat ng gawain sa simbahan kapag ipinagdarasal nila ang mga lider ng Simbahan.[21]

**Ang mga sumusunod sa mga lider ng Simbahan ay makahahanap ng kaligtasan.**

Ang mga miyembro ng Simbahan ay ligtas tuwina kung susundin nilang mabuti ang mga tagubilin at payo at pamumuno ng mga awtoridad ng Simbahan.[22]

Ang mga lider na inilagay ng Panginoon sa kanyang Simbahan ay hinirang para sa mga tao ng Simbahan, bilang isang kublihan, isang kanlungan, himpilan sa madaling salita. Walang sinuman sa Simbahang ito ang maliligaw kung susundin niyang mabuti ang mga Awtoridad ng Simbahan na inilagay ng Panginoon sa kanyang Simbahan. Hindi kailanman maliligaw ang Simbahang ito; hindi kayo kailanman aakayin ng Korum ng Labindalawa sa mga maling landas; hindi ito kailanman nangyari at hindi mangyayari. Maaaring may mga indibiduwal na manghihina; hindi kailanman mangyayari na ang karamihan sa Konseho ng Labindalawa ay mapupunta sa maling landas. Pinili sila ng Panginoon; binigyan Niya sila ng mga partikular na tungkulin. At ang mga taong magiging malapit sa kanila ay maliligtas. At sa kabaligtaran, kapag ang isang tao'y nagsimulang magsarili para kalabanin ang awtoridad, siya'y nasa matinding panganib. Hindi ko sasabihing ang mga lider na iyon na pinili ng Panginoon ay kailangang pinakamatatalino, o sinanay na mabuti, kundi sila ang mga pinili, at kapag pinili ng Panginoon sila ang kinikilalang awtoridad, at ang mga taong mananatiling malapit sa kanila ay maliligtas.[23]

Kung ipamumuhay natin ang ebanghelyo at susundin ang payo ng mga lider ng Simbahan, pagpapalain tayo na maiwasan ang marami sa mga problemang nagpapahirap sa mundo.[24]

Makinig tayo sa mga sinang-ayunan natin bilang mga propeta at tagakita, gayundin ang iba pang mga kapatid, na para bang ang ating buhay na walang hanggan ay nakasalalay rito, sapagkat gayon nga ito![25]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Isipin kung paano pinagpala ang inyong buhay sa pagsang-ayon ninyo sa mga lider ng Simbahan na nasa tatlong antas ng awtoridad na inilarawan ni Pangulong Kimball (tingnan sa pahina 297–298). Sa paggawa nito, anong mga karanasan ang naiisip ninyo?
- Rebyuhin ang bahagi na nagsisimula sa pahina 298. Ano ang ilang inulit na mensahe na napansin ninyo sa pinakahuling kumperensya?
- Rebyuhin ang ikalawa at ikatlong buong talata sa pahina 300. Sa inyong palagay, bakit nahihirapang sundin ng ilang tao ang mga buhay na propeta? Anong mga karanasan kamakailan lang ang naiisip ninyo?
- Ano ang magagawa natin para mahikayat ang mga bata at ang iba pa na igalang at sundin ang mga lider ng Simbahan? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa pahina 302.)
- Rebyuhin ang huling bahagi ng kabanata. Bakit may kaligtasan sa pagsunod sa payo ng mga lider ng Simbahan?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Taga Efeso 2:19–20; 4:11–16; Helaman 13:24–29; D at T 1:14, 38; 21:4–6; 121:16–21

### *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Abr. 1978, 68; o *Ensign,* Mayo 1978, 45.
2. Sa Conference Report, Abr. 1978, 115; o *Ensign,* Mayo 1978, 76.
3. Sa Conference Report, Okt. 1978, 110–11; o *Ensign,* Nob. 1978, 73.
4. Sa Conference Report, Abr. 1974, 65; o *Ensign,* Mayo 1974, 46.
5. Sa Conference Report, Abr. 1976, 7; o *Ensign,* Mayo 1976, 6.
6. *The Miracle of Forgiveness* (1969), 325.
7. Sa Conference Report, Okt. 1958, 57.
8. *That You May Not Be Deceived,* Brigham Young University Speeches of the Year (Nob. 11, 1959), 12–13.
9. *The Miracle of Forgiveness,* 274.
10. *That You May Not Be Deceived,* 13.
11. "Second Century Address, *Brigham Young University Studies,* tag-init ng taong 1976, 447.
12. Sa Conference Report, Okt. 1976, 164; o *Ensign,* Nob. 1976, 111.
13. Sa Conference Address, Abr. 1976, 7; o *Ensign,* Mayo 1976, 6.
14. *President Kimball Speaks Out* (1981), 89.

15. Sa Conference Report, Manila Philippines Area Conference 1975, 4.
16. Sa Conference Report, Abr. 1970, 121; o *Improvement Era,* Hunyo 1970, 94.
17. ". . . To His Servants the Prophets," *Instructor,* Ago. 1960, 257.
18. Sa Conference Report, Abr. 1977, 115; o *Ensign,* Mayo 1977, 78.
19. Sa Conference Report, Abr. 1978, 115, 116; o *Ensign,* Mayo 1978, 76–77.
20. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball (1982), 460.
21. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 121.
22. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 461.
23. Sa Conference Report, Abr. 1951, 104.
24. Sa Conference Report, Abr. 1980, 128; o *Ensign,* Mayo 1980, 92.
25. Sa Conference Report, Abr. 1978, 117; o *Ensign,* Mayo 1978, 77.

# Pagbabahagi ng Ebanghelyo

*Kailangan nating sikapin pang mabuti na ibahagi ang ebanghelyo sa iba.*

## Mula sa Buhay ni Spencer W. Kimball

Sa isang biyahe sa Quito, Ecuador, bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, kasama ni Elder Spencer W. Kimball ang grupo ng apat na kabataang misyonero sa restawran ng isang hotel. "Sinabi niya sa mga kasama niya na mukhang mabait ang weyter nila at puwedeng maging mabuting misyonero para sa Simbahan. Umorder ng gatas at tinapay si Elder Kimball, pagkatapos ay tinanong ang weyter kung may anak siya. 'Isang anak na lalaki,' sagot ng weyter. 'Lulusog siya sa gatas at tinapay,' sabi ni Elder Kimball, 'pero mas lulusog siya kung pakakainin mo ng pagkain na maibibigay ng mga kabataang ito. Mukhang nalito ang weyter. Kasunod noo'y ipinaliwanag ni Elder Kimball na ang mga kabataang lalaki ay mga misyonero na may ituturong ebanghelyo ni Jesucristo. Nagpakita ng interes ang weyter na turuan siya ng mga misyonero.[1]

Madalas tukuyin ni Pangulong Kimball ang utos ng Tagapagligtas na dalhin ang ebanghelyo sa "buong sanlibutan" (Marcos 16:15). Humiling siya ng mas maraming full-time na misyonero, lalung-lalo na ng mga kabataang lalaki at nakatatandang mag-asawa, at pinaalalahanan niya ang lahat ng miyembro ng Simbahan na makibahagi sa itinalagang banal na gawaing ito. "Ang malaking pangangailangan natin, at banal nating tungkulin," turo niya, "ay dalhin sa mga tao ng daigdig na ito ang kandila ng pag-unawa upang mailawan ang kanilang landas palabas sa kalabuan at kadiliman tungo sa kagalakan, kapayapaan, at mga katotohanan ng ebanghelyo."[2]

## Mga Turo ni Spencer W. Kimball

### Nangangako sa atin ang Panginoon ng malalaking pagpapala sa pagbabahagi natin ebanghelyo.

May espirituwal na pakikipagsapalaran sa paggawa ng gawaing misyonero, sa pagbibigay ng mga matuturuan, sa pagsama sa mga misyonero sa pagbibigay nila ng mga talakayan. Masaya ito at puno ng gantimpala. Ang mga oras, pagsisikap, pag-aaral, ay pawang makabuluhang lahat kahit isang kaluluwa lang ang nagpakita ng pagsisisi at pananampalataya at naghangad na mabinyagan. Isipin kung gaano kasaya ang madarama ninyo kapag sinabi nilang "kapag narito kayo, at pinag-uusapan natin ang mga bagay na ito, parang naaalala ko ang mga bagay na alam ko na noon pa man," o kaya'y, "Hindi kayo makaaalis dito hangga't hindi ninyo sinasabi sa amin ang lahat ng tungkol sa ipinanumbalik na Simbahan."[3]

Ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay nagdudulot ng kapayapaan at kagalakan sa ating sariling buhay, pinalalaki ang ating puso at kaluluwa alang-alang sa iba, pinalalakas ang ating pananampalataya, pinatitibay ang ating ugnayan sa Panginoon, at pinalalawak ang ating pang-unawa sa mga katotohanan ng ebanghelyo.[4]

Nangako ang Panginoon ng malalaking pagpapala sa atin ayon sa kung gaano natin pinagbuti ang pagbabahagi ng ebanghelyo. Tatanggap tayo ng tulong mula sa kabilang tabing kapag nagaganap ang espirituwal na mga himala. Sinabi sa atin ng Panginoon na higit na mapapatawad ang ating mga kasalanan sa pagdadala natin ng mga kaluluwa kay Cristo at pananatiling matatag sa pagpapatotoo sa sanlibutan, at tunay na bawat isa sa atin ay naghahanap ng karagdagang tulong upang mapatawad sa ating mga kasalanan. (Tingnan sa D at T 84:61.) Sa isa sa mga pinakamagandang banal na kasulatan para sa mga misyonero, na bahagi 4 ng Doktrina at mga Tipan, sinabihan tayo na kung paglilingkuran natin ang Panginoon sa gawaing misyonero "nang [ating] buong puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas," kung gayon tayo ay "maka[ka]tayong walang-sala sa harapan ng Diyos sa huling araw" (talata 2).




*Si Elder Spencer W. Kimball bilang full-time na misyonero sa Central States Mission, Hunyo 1915. Nasa kaliwa si Elder Kimball katabi ang kanyang kompanyon na si L. M. Hawkes.*

At sinabi pa ng Panginoon:

"At kung mangyayaring kayo ay gagawa nang buo ninyong panahon sa pangangaral ng pagsisisi sa mga taong ito, at magdala, kahit isang kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakang kasama niya sa kaharian ng aking Ama!

"At ngayon, kung ang inyong kagalakan ay magiging malaki sa isang kaluluwa na inyong nadala sa akin sa kaharian ng aking Ama, anong laki ng inyong kagalakan kung makapagdadala kayo ng maraming kaluluwa sa akin!" (D at T 18:15–16.)

Kung ang isang tao'y gagawa sa buong buhay niya at makapagdadala ng kahit isang kaluluwa! Napakalaking kagalakan! Isang kaluluwa! Napakahalaga! Oh, nawa'y bigyan tayo ng Diyos ng gayong uri ng pagmamahal para sa mga kaluluwa![5]

---

### Ipinagkatiwala ng Panginoon sa lahat ng miyembro ng Simbahan ang responsibilidad na maglingkod bilang Kanyang mga sugo.

Sana mas epektibo nating maituro at buong katapatang mailagay sa puso ng lahat ng miyembro ng Simbahan ang pagkaunawa na kung sapat na ang edad ng tao para maging miyembro, sapat na rin ang edad niya para maging misyonero; at hindi na siya kailangan pang italaga lalo na sa tungkuling iyon. Ang bawat miyembro ay may obligasyon at tungkulin na ihatid ang ebanghelyo sa mga nakapaligid sa kanya. Nais natin na magampanang mabuti ng bawat lalaki, babae at bata ang responsibilidad na nakaatang sa kanya. Napakahalaga nito. Sapagkat ito ang mensahe ng ebanghelyo: Tumatanggap tayo ng mga pagpapala mula sa ebanghelyo, at pagkatapos ay humahayo tayo at ibinabahagi ang mga pagpapalang iyon sa iba.

Ngayon, tayo'y mga taong abala; ngunit hindi sinabi ng Panginoon, "Kung nakaluluwag sa inyo, puwede ba kayong mangaral ng ebanghelyo." Sinabi niyang, "Ang bawat tao ngayon ay matuto ng kanyang tungkulin" (D at T 107:99) at "Masdan . . . nababagay lamang sa bawat tao na nabigyang-babala na balaan ang kanyang kapwa." (D at T 88:81.)

Dapat nating alalahanin na kapanalig natin ang Diyos sa bagay na ito. Tutulungan Niya tayo. Bubuksan Niya ang daan, sapagkat siya ang nagbigay ng kautusan.[6]

Nakakatuwa, minamahal kong mga kapatid na kapwa miyembro ng kaharian ng Diyos, na mapagkatiwalaan ng Panginoon na maglingkod bilang mga sugo ng Kanyang salita sa mga kapatid natin na di miyembro ng Simbahan. Panandalian nating ipagpalagay na nabaligtad ang pangyayari—na hindi kayo miyembro ng Simbahan kundi ang kapitbahay ninyo ngayon ay isang Banal sa mga Huling Araw. Gusto ba ninyong ibahagi niya ang ebanghelyo

sa inyo? Magagalak ba kayo sa bagong mga katotohanan na natutuhan ninyo? Madaragdagan ba ang inyong pagmamahal at paggalang sa inyong kapitbahay na nagbabahagi ng mga katotohanang ito sa inyo? Siyempre, ang sagot sa lahat ng tanong na ito ay: Oo![7]

Mga kapatid, iniisip ko kung ginagawa natin ang lahat ng makakaya natin. Kampante na ba tayo sa ating tungkulin na ituro ang ebanghelyo sa iba? Handa na ba tayong magsikap nang husto? Na pagbutihin pang lalo ang ating pagsisikap?[8]

Ang panahon ng pagdadala ng ebanghelyo sa mas maraming lugar at tao ay narito at ngayon na. Dapat nating isaisip ang ating obligasyon na ibahagi ang mensahe sa halip na isipin ang sarili nating kaginhawahan. Ang mga tawag mula sa Panginoon ay bihirang maging madali. Ngayon na ang panahon na dapat maging mahalagang elemento sa Simbahan ang pagsasakripisyo. Kailangan nating dagdagan ang ating katapatan upang magawa natin ang ipinagagawa sa atin ng Panginoon. . . . Ang iniwang mga salita ng Panginoon sa Kanyang mga Apostol bago Siya umakyat sa langit ay, "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal.

"Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan." (Marcos 16:15–16.)

Hindi tayo dapat magsawa sa paggawa ng mabuti. Dapat tayong maging mas masigasig. Hindi lamang ang sarili nating kapakanang walang hanggan ang nanganganib, kundi maging ang walang hanggang kapakanan ng ating mga kapatid na hindi ngayon mga miyembro ng totoong Simbahang ito. Natutuwa ako sa mga salita ni Propetang Joseph Smith mula sa Nauvoo noong Setyembre 6, 1842: "Hindi ba tayo magpapatuloy sa isang napakadakilang adhikain? Sumulong. . . . Lakasan ang loob. . . at humayo, humayo tungo sa tagumpay!" (D at T 128:22.)[9]



*"Ang tunay na mithiin sa epektibong paghahanap ng matuturuan ay ang mga miyembro ang naghahanap at ang mga misyonero ang siyang nagtuturo."*

**Sa pamamagitan ng ating mabubuting impluwensysa at gawain matutulungan natin ang iba na matanggap ang ipinanumbalik na ebanghelyo.**

Ang pinagsamang gawain ng miyembro at misyonero ay susi sa paglaki ng Simbahan sa hinaharap.[10]

Nadarama kong inilagay ng Panginoon, sa likas na paraan sa ating grupo ng mga kaibigan at kakilala, ang maraming taong handang pumasok sa kanyang Simbahan. Hinihiling namin na tukuyin ninyo nang may panalangin ang mga taong iyon at pagkatapos ay hingin ang tulong ng Panginoon para maipaalam sa kanila ang ebanghelyo.[11]

Dapat maging malinaw sa atin na kailangan muna nating kaibiganin ang ating mga kapitbahay bago natin sila balaan nang wasto. Dapat madama ng ating kapitbahay ang ating tunay na pakikipagkaibigan at pakikipagkapatiran. Nais naming hikayatin ng mga miyembro ang mga kapitbahay nila, at hindi pagsabihan o takutin sila.[12]

Totoo ang ebanghelyo. Sa pamamagitan ng pag-aaral at pamumuhay sa mga alituntunin nito at paghahangad sa tulong ng Espiritu Santo, malalaman ng sinumang masigasig na naghahanap mismo sa kanyang sarili na ito ay totoo. Subalit napakadaling maunawaan at matanggap ito kung makikita rin ng mga naghahanap ng katotohanan ang mga alituntunun ng ebanghelyo sa buhay ng iba pang naniniwala. Wala nang higit na mas dakilang paglilingkod na maibibigay sa tungkulin ng misyonero ng Simbahang ito maliban sa pagiging halimbawa ng mabubuting katangian ng Kristiyano sa ating buhay.[13]

Ang mabubuting miyembro, na ipinamumuhay ang ebanghelyo sa pamamagitan ng halimbawa, gayundin sa alituntunin, ang pinakamagandang pagpapakilala sa Simbahan.[14]

Ang dapat gawin ng bawat miyembro, sa pamamagitan ng mabuting halimbawa at pagpapatotoo, ay ipakita sa mga hindi miyembro ang kagalakang dulot ng pamumuhay at pang-unawa sa ebanghelyo at nang sa gayon makatulong sa pagdadala sa kanila sa puntong tatanggapin nila ang mas pormal na pagtuturo.[15]

Ang totoong mithiin para sa epektibong paghahanap ng matuturuan ay, ang mga miyembro mismo ang maghahanap at ang mga full-time na misyonero ang magtuturo. . . . Kapag ang mga miyembro ang naghahanap ng matuturuan personal nilang kakaibiganin ang mga tao, mas kaunti ang bilang ng mga investigator na mawawala bago ang pagbibinyag, at ang mga nabinyagan ay malamang na manatiling aktibo.[16]

Ang dapat maging layunin natin ay matukoy kaagad kung sino sa mga anak ng ating Ama ang espirituwal na handa upang magpatuloy hanggang sa mabinyagan sa kaharian. Ang isa sa mga pinakamainam na paraan ng pagtukoy ay ang ipakilala kaagad ang inyong mga kaibigan, kamag-anak, kapitbahay, at kakilala sa mga full-time na misyonero.[17]

Kung minsan nalilimutan natin na mas mabuting isapalaran nang kaunti ang kaugnayan sa isang kaibigan kaysa pagkaitan siya ng buhay na walang hanggan sa hindi pagkibo o pananahimik.[18]

Huwag patagalin ang pakikipagkaibigan ni maghintay ng tama, at perpektong sandali. Ang kailangan ninyong gawin ay alamin kung sila'y hinirang. "Ang aking mga hinirang ay naririnig ang aking tinig, at hindi pinatitigas ang kanilang mga puso." (D at T 29:7.) Kung makikinig sila at bubuksan ang puso sa ebanghelyo, makikita ito kaagad. Kung hindi sila makikinig at ang kanilang mga puso ay pinatigas ng pagdududa o negatibong puna, hindi sila handa. Sa ganitong situwasyon, mahalin pa rin sila at makipagkaibigan at hintayin ang susunod na pagkakataon para malaman kung sila'y handa na. Hindi mawawala ang inyong pagkakaibigan. Kayo'y igagalang pa rin nila.

Siyempre pa, may mga kabiguan, ngunit walang nawala. Walang sinuman ang nawalan ng kaibigan dahil lamang sa ayaw na niyang ituloy ang pagtuturo ng mga misyonero. Maipagpapatuloy ng miyembro ang pakikipag-ugnayan nang walang banta sa kanyang pakikipagkaibigan o espesyal na ugnayan sa pamilyang iyon. Kung minsan mas matagal para sa ilang tao ang pumunta sa Simbahan kaysa iba. Dapat magpatuloy sa pakikipagkaibigan ang miyembro at subukang muli sa ibang araw kung maaari na silang magbalik-loob. Huwag mawalan ng pag-asa dahil lamang sa panandaliang kawalan ng progreso. May daan-daang kuwento tungkol sa kahalagahan ng mahabang pagtitiis sa paglilingkod bilang misyonero.[19]

## Ang gawaing misyonero ay kinapapalooban ng pagmamahal at masigasig na pakikipagkaibigan sa mga bagong miyembro at di-gaanong aktibong miyembro.

Kapag nabinyagan natin ang isang tao, kasalanan ang hayaan silang unti-unting mawala sa Simbahan at ebanghelyo dahil sa kawalan ng pakikipagkaibigan. Ang pakikipagkaibigan ay mahalagang responsibilidad. Dapat nating kaibiganin ang lahat ng dumarating sa Simbahan. Iyan ang dahilan kung bakit nais naming gumawa ng gawaing misyonero ang mga miyembro at humingi ng tulong mula sa mga misyonero. Nais naming ang mga miyembro . . . ay humayo at gawin ang gawaing ito sapagkat sila pa rin ang kapitbahay, matapos mabinyagan ang tao. Maaari pa rin nila silang kaibiganin; puwede pa

rin nilang sunduin at isama nila sa miting sa priesthood; maaari pa rin nila silang hikayatin at tulungan sila sa kanilang mga home evening at marami pang iba.[20]

Hindi na natin mabibigyang-diin pa dahil talagang kailangan nating gawin ang gawaing misyonero ayon sa magkakaugnay na gawaing sakop ng priethood upang makaibigan pa rin ang mga investigator at matali sa mga programa ng Simbahan nang sa gayon ay agad silang maging aktibo at matatapat na miyembro. Ito, kung gayon, ay isa pang paraan kung saan ang lahat ng mga miyembro ng Simbahan ay magiging aktibo at patuloy na gagawa ng gawaing misyonero—sa pamamagitan ng pakikipagkapatiran, pakikipagkaibigan, at panghihikayat sa mga bagong miyembro ng Simbahan.[21]

Napakahalaga na ang mga nabinyagan na mga nagbalik-loob ay mabigyan kaagad ng mga home teacher na mismong kakaibigan at magmamalasakit sa kanila. Dapat tiyakin ng mga home teacher na ito, na nakikipagtulungan sa mga lider nila sa priesthood, na bawat nabinyagan na nasa hustong gulang ay mabibigyan ng mga aktibidad na hahamon sa kanilang kakayahan at gayundin ng pagkakataon at panghihikayat na palawakin ang kanyang kaalaman sa ebanghelyo. Dapat siyang tulungan sa pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng Simbahan nang sa gayo'y hindi niya madamang nag-iisa siya sa pagsisimula ng kanyang buhay bilang aktibong Banal sa mga Huling Araw.[22]

Nagbibigay-inspirasyon at galak ang makitang . . . tinatanggap at tinutulungan at ipinagdarasal ng mga Banal ang mga taong araw-araw na pumapasok sa kaharian ng ating Panginoon. Patuloy na tulungan ang isa't isa—at ang marami pang papasok sa Simbahan. Malugod silang tanggapin at mahalin at kaibiganin sila.[23]

Ang ating responsibilidad bilang magkakapatid sa Simbahan ay tulungan ang mga tila naliligaw na mahanap ang kanilang landas, at tulungan ang mga nawalan ng napakahalagang bagay na matagpuang muli ang kanilang yaman. Malinaw na itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan na bawat miyembro ay may tungkuling patatagin ang mga kapwa niya miyembro.

Mapagmahal na binigyang-diin ito ng Tagapagligtas nang sabihin niya kay Pedro, "Kung makapagbalik ka nang muli, ay papagtibayin mo ang iyong kapatid" (Lucas 22:32). Hayaan ninyong sabihin ko rin ito sa inyo: Kapag kayo'y nakapagbalik-loob na, mangyaring palakasin ang inyong mga kapatid. Napakarami ng nagugutom, na kung minsa'y hindi nalalaman ang dahilan ng kanilang pagkagutom. May mga espirituwal na katotohanang maaaring maging matibay na pundasyon sa kanilang buhay, kaligtasan sa kanilang kaluluwa, kapayapaan sa kanilang mga puso at isipan kung itutuon lamang natin ang ating mga panalangin at matinding pagmamalasakit sa kanila. . . .

Maaaring may magsabing, "May kilala kaming lalaki o babae na hindi kailanman maaantig." Siyempre pa, maaari pa rin siyang maantig. Mapagpapala at matutulungan siya tuwina. May pangako sa banal na kasulatan. Ganito ang nakasaad, "Ang pag-ibig ay hindi nagkukulang kailan man." (I Cor. 13:8.) Hindi kailanman! Ang pag-ibig, na sapat na ipinamuhay ay hindi kailanman nagkukulang sa pagdadala ng himala nito sa bawat tao, sa atin, sa ating dalawa, o sa nakapaligid sa bawat tao.

. . . Naniniwala ako na walang hindi magbabalik-loob—o masasabi kong mapapaaktibong muli—kung gagawin ng tamang tao ang tamang paglapit sa tamang panahon sa tamang paraan na may tamang diwa. Alam ko na ang mga pagpapala ng ating Ama sa Langit ay tutulong sa ating mga gawain kung ihahanda natin ang ating sarili, at kung masaya nating ipamumuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo, at kung hihingin natin ang tulong ng ating Ama sa Langit. . . .

Hayaan ang mga home teacher ng korum ng priesthood, visiting teacher ng Relief Society, mag-asawa, magulang at mga anak, at miyembro sa lahat ng dako na nagmamahal sa Panginoon at hinahangad na gawin ang kanyang utos, na bumaling at gawin nang may pagmamahal at inspirasyon ang mabubuting gawain sa pamamagitan ng pagtulong sa mga nangangailangan. Hindi makakamit ng panandaliang pagpapakita ng interes at sigasig ang hinahangad na resulta. Ngunit ang hinahangad nating mga resulta ay darating, at darating nang mas madalas kaysa inaasahan nating lahat, kung pag-iibayuhin

natin ang ating mga pagsisikap nang may panalangin. Hindi lamang ang mga piling pagpapala ng Panginoon ang darating sa inyong buhay at sa buhay ng iba, kundi mas mapapalapit tayo sa Panginoon at madarama ang Kanyang pagmamahal at Kanyang espiritu.[24]

---

### Dapat tulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na maghanda para sa full-time na misyon.

Kailangan natin ang mga kabataang lalaki ng Simbahan na nasa edad na para magmisyon na humayo at damihan pa ang kanilang bilang kaysa sa bilang nila sa ngayon upang magampanan na nila ang kanilang responsibilidad, pribilehiyo, at pagpapala bilang mga tagapaglingkod ng Panginoon sa layunin ng misyonero. Magiging napakalakas natin at nila kung ihahanda ng lahat ng kabataang lalaki ang kanilang sarili para sa gawain ng Panginoon![25]

Sa paghingi ko ng mas maraming misyonero, hindi ako humihingi ng mas maraming misyonero na walang patotoo o hindi karapat-dapat. Hinihiling kong mas maaga tayong magsimula at mas sanaying mabuti ang ating mga misyonero sa bawat branch at ward sa mundo. Iyan ang isa pang hamon—na maunawaan ng mga kabataan na napakalaking pribilehiyo ang magmisyon at kailangang malusog sila sa pangangatawan, kaisipan, at sa espiritu, at "ang Panginoon ay hindi makatitingin sa kasalanan nang may munti mang antas ng pagpapahintulot." [Alma 45:16.]

Humihingi ako ng mga misyonero na naturuan nang mabuti ng ebanghelyo at sinanay ng pamilya at mga organisasyon ng Simbahan, at nagpunta sa misyon nang may malaking hangarin. Hiling ko . . . na sanayin nating mabuti ang magiging mga misyonero nang mas maaga, mas matagal, nang sa gayo'y asamin ng bawat isa ang kanilang misyon nang may malaking kagalakan.[26]

Isipin natin ang mas malaking bilang. Dapat nating ihanda nang mas mabuti ang ating mga misyonero, hindi lamang sa pagsasalita kundi sa mga banal na kasulatan at higit sa lahat nang may patotoo at nag-aalab na apoy na magbibigay-kapangyarihan sa kanilang mga salita.[27]



*"Umaasa ako na ang bawat pamilya ay nagdaraos ng family home evening tuwing Lunes ng gabi nang walang palya. Ang gawaing misyonero ay isa sa mga paksang maituturo rito."*

Ipadala ang inyong mga anak na lalaki sa misyon. Sa sandaling yakapin ninyo sila bilang mga sanggol, ay sinisimulan na ninyo silang turuan. Naririnig nila ang inyong mga panalangin, araw at gabi. Naririnig nila kayo na nagdarasal sa Panginoon na tulungang buksan ang mga pintuan ng lahat ng bansa. Naririnig nila ang tungkol sa gawaing misyonero. Naririnig nilang ipinagdarasal ninyo ang inyong mga bishop at mission president at lahat ng iba pa, na naglilingkod sa inyo, at ito'y unti-unting nagiging bahagi nila.[28]

Halos sa tuwing makakakita ako ng batang lalaki, sinasabi kong, "Magiging isa kang mahusay na misyonero, di ba?" Itanim ang binhi sa kanyang isipan. Ito'y tulad ng mga halaman at iba pang pananim. Palaki ito nang palaki, at kung kakausapin ng ama at ina ang kanilang maliliit na anak na lalaki . . . tungkol sa pagmimisyon—habang mga sanggol pa sila, halos—ang munting binhing iyon ay lalaki nang lalaki.[29]

Makabubuti sa mga magulang na simulang ihanda ang kanilang mga anak na lalaki habang bata pa sa pag-iipon ng pera. Hayaan mapasakanila ang diwa ng pag-iipon. Hayaan din silang magkaroon ng hangaring pag-aralan at ipagdasal ang tungkol sa ebanghelyo, tuklasin sa kanilang sarili kung paano kumikilos ang ebanghelyo sa kanilang sariling buhay at sa buhay ng mga nasa paligid nila. Hayaan silang magkaroon ng hangarin na maglingkod sa kanilang paglaki at maranasang tumulong sa iba na talakayin ang mga kagalakan ng mga mensahe ng ebanghelyo sa kanilang buhay. Hayaang sanayin nila ang sarili sa mga klase nila sa seminary at institute para magtamo ng espirituwal na kaalaman na napakahalaga sa kanilang sarili at sa iba. Hayaan silang maghanda sa pamamagitan ng pagpapanatiling malinis at karapat-dapat ang kanilang buhay at paghahangad na tulungan ang Panginoon na dalhin ang ebanghelyo sa mga taong handa na para dito.[30]

Umaasa ako na nagdaraos ng family home evening ang bawat pamilya tuwing Lunes ng gabi nang walang palya. Ang gawaing misyonero ay isa sa magagandang paksa na mapag-uusapan sa family home evening; at ang ama at ina at mga anak ay maghahalinhinan sa pananalangin na nakasentro sa mahahalagang bagay na ito—na ang mga pintuan ng mga bansa ay mabuksan sa atin at ang pangalawa, na ang mga misyonero, ang mga kabataang lalaki at babae ng Simbahan, ay maging masigasig na magmisyon at dalhin ang mga tao sa Simbahan.[31]

---

## Kailangan ng Simbahan ang mga mag-asawa para maglingkod bilang mga misyonero.

Kung itinutulot ng kalusugan at ng iba pang kalagayan, makaaasa ang mga magulang na balang-araw, sila rin ay makapagmimisyon.[32]

Parang nakalimutan na natin, tayong matatanda, na mga retirado na at madaling makahanap ng lugar na pagkakampingan at ng iba pa nating mga oportunidad. Nakahanap tayo ng madaling paraan para mapaniwala ang ating sariling isipan at konsensya na kailangang matuloy ang gawain—sinasabi nating ipadadala natin ang ating mga anak na lalaki.

Lahat tayo ay may responsibilidad dito. Hindi lahat sa atin ay kayang magmisyon, subalit maraming-marami sa atin ang maaaring makapagmisyon.[33]

Magagamit natin ang daan-daang mag-asawa, mga mas nakatatandang tulad ng ilan sa inyo mga kapatid, na napalaki na ang mga pamilya, nagretiro na sa kanilang trabaho, na maaaring humayo . . . upang ituro ang ebanghelyo. Magagamit natin ang daan-daang mag-asawa. Pumunta lang kayo sa inyong bishop at kausapin siya—ito lang ang kailangan ninyong gawin. Sabihin ninyo sa kanya, "Handa kaming umalis, kung mapapakinabangan mo kami." Sa palagay ko matatawag kayo.[34]

Ito ang gawain ng Panginoon. Nasa paglilingkod Niya tayo. Tuwiran niya tayong inutusan, gayunpaman, tayo'y di kilala ng maraming tao sa mundo. Panahon na para bigkisan ang ating mga balakang at humayo na may panibagong pagtutuon ng pansin sa dakilang gawaing ito. Nakipagtipan tayo, ikaw at ako, na gagawin ito. Nawa'y masabi nating lahat sa kabataang iyon na natagpuan sa templo ng kanyang nag-aalalang mga magulang na nakaupo sa gitna ng mga guro, "Dapat akong maglumagak sa bahay ng aking Ama." [Lucas 2:49.][35]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina vii–xii.

- Sa paanong paraan isang "pakikipagsapalarang espirituwal" ang gawaing misyonero? (pahina 307). Sa pagbabahagi natin ng ebanghelyo, anong mga karanasang "nakasisiya at mapagpala" ang mararanasan natin? (Para sa halimbawa, tingnan ang kuwento sa pahina 306.)
- Rebyuhin ang mga pahina 307–309 para hanapin ang mga pagpapalang natatanggap natin kapag nagbabahagi tayo ng ebanghelyo. Kailan ninyo naranasan ang alinman sa mga pagpapalang ito?
- Basahin ang buong unang talata sa pahina 310. Sa inyong palagay ano ang ibig sabihin ng "magsikap nang husto" at

"pagbutihin pang lalo ang ating pagsisikap?" Paano natin masusunod ang payo na ito sa gawaing misyonero?

- Rebyuhin ang bahagi na nagsisimula sa pahina 311. Pag-isipan o talakayin ang isang partikular na payo na nakita ninyo tungkol sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa pamilya at mga kaibigan. Halimbawa: *(a)* Ano ang magagawa natin upang "mahalin ang ating kapwa"? *(b)* Sa paanong paraan tayo magiging isang "pagpapakilala" para sa Simbahan? *(c)* Ano ang ilang maaaring di magandang resulta ng paghihintay sa "tama, at perpektong sandali" para ibahagi ang ebanghelyo? *(d)* Paano tayo tutugon kung hindi tinanggap ng mga kapamilya at kaibigan natin ang ating paanyayang pag-aralan ang ebanghelyo?
- Ano ang ilang pangangailangan ng mga bagong miyembro? ng di gaanong aktibong miyembro? Ano ang magagawa natin para matulungan sila? Tingnan sa mga pahina 313–316.)
- Anong mga katangian ang hinahanap ng mga lider ng Simbahan sa mga full-time na misyonero? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa mga pahina 316–318. Ano ang magagawa ng mga magulang at iba pa upang matulungan ang mga anak na magkaroon ng mga katangiang ito? Ano ang ilang paraan na masusunod ng mga magulang at anak ang payo ni Pangulong Kimball tungkol sa pag-iipon ng pera para sa misyon?
- Hinikayat ni Pangulong Kimball na magmisyon ang matatandang mag-asawa (mga pahina 318–319.) Ano ang ilang opsiyon at oportunidad na ibinibigay ng Simbahan sa mga mag-asawang misyonero? Ano ang magagawa ng mga mag-asawa para makapaghandang maglingkod? Paano ninyo ginagawa ang gawaing misyonero sa buhay ninyo ngayon?

*Kaugnay na mga banal na kasulatan:* Mosias 3:20; Alma 26:1–16; Helaman 6:3; Moroni 6:3–4; D at T 84:88.

## *Mga Tala*


1. Edward L. Kimball at Andrew E. Kimball Jr., *Spencer W. Kimball* (1977), 354.
2. "Are We Doing All We Can?" *Ensign,* Peb. 1983, 5.
3. "It Becometh Every Man," *Ensign,* Okt. 1977, 7.
4. *Ensign,* Peb. 1983, 4
5. "President Kimball Speaks Out on Being a Missionary," *New Era,* Mayo 1981, 50.
6. *Ensign,* Peb. 1983, 3.
7. *Ensign,* 1977, 3.
8. "When the World Will Be Converted," *Ensign,* Abr. 1984, 4.
9. Sa Conference Report, Okt. 1982, 5; o *Ensign,* Nob. 1982, 5, 6.
10. Seminar ng mga regional representative, Okt. 3, 1980, Archives of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 2.
11. *Ensign,* Peb. 1983, 4.
12. Seminar ng mga regional representative, Set. 30, 1976, Archives of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 2.
13. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball (1982), 555.
14. Seminar ng mga regional representative, Okt. 3, 1980, 2.
15. "President Kimball Speaks Out on Service to Others," *New Era,* Mar. 1981, 48–49.
16. *Ensign,* Okt. 1977, 6.
17. *Ensign,* Okt. 1977, 6.
18. Seminar ng mga regional representative, Abr. 3, 1975, Archives of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 7.
19. *Ensign,* Okt. 1977, 6.
20. Sa Conference Report, Glasgow Scotland Area Conference 1976, 23.
21. *Ensign,* Okt. 1977, 7.
22. Sa Conference Report. Okt. 1977, 67; o *Ensign,* Nob. 1977, 45.
23. "Always a Convert Church: Some Lessons To Learn and Apply This Year," *Ensign,* Set. 1975, 4.
24. "Helping Others Obtain the Promises of the Lord," *Ensign,* Hunyo 1983, 3, 5.
25. *Ensign,* Peb. 1983, 3.
26. "When the World Will Be Converted," *Ensign,* Okt. 1974, 7.
27. Seminar ng mga regional representative, Abr. 5, 1976, Archives of the Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 14.
28. Sa Conference Report, Glasgow Scotland Area Conference 1976, 6.
29. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 556.
30. *Ensign,* Peb. 1983, 5.
31. Sa Conference Report, Okt. 1978, 66; o *Ensign,* Nob. 1978, 46
32. "Therefore I Was Taught," *Ensign,* Ene. 1982, 4.
33. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 551.
34. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* 551.
35. *New Era,* Mayo 1981, 50.

# Listahan ng mga Visual


Pabalat: *Spencer W. Kimball,* ni Grant Romney Clawson.

Pahina 5: Larawang kuha ni Jeremy Maw. © 2005 Jeremy Maw. Bawal kopyahin.

Pahina 8: *Si Cristo sa Getsemani,* ni Harry Anderson.

Pahina 20: *Ang Pagharap ni Abinadi kay Haring Noe,* ni Arnold Friberg.

Pahina 28: *Ang Liwanag ng Sanlibutan,* ni Greg K. Olsen. © 1998 Greg K. Olsen. Bawal kopyahin.

Pahina 33: *Siya'y Buhay,* ni Simon Dewey. © 1998 Simon Dewey. Bawal kopyahin.

Pahina 44: Larawang kuha © Getty Images.

Pahina 67: Larawang kuha ni Steve Bunderson. © 1992 Steve Bunderson. Bawal kopyahin.

Pahina 75: Larawang ipininta ni Paul Mann. © 1993 Paul Mann. Bawal kopyahin.

Pahina 88: *Sina Cristo at Pedro,* ni Paul Mann. © 1988 Paul Mann. Bawal kopyahin.

Pahina 98: *Tinutulungan ni Spencer W. Kimball ang Babae sa Paliparan,* ni Robert T. Barrett. © 1991 Robert T. Barrett. Bawal kopyahin.

Pahina 113: *Ang Sermon sa Bundok,* ni Carl Heinrich Bloch. Ginamit nang may pahintulot ng National Historic Museum sa Frederiksborg sa Hillerød, Denmark.

Pahina 134: Larawang kuha ni Robert Casey. © 2004 Robert Casey. Bawal kopyahin.

Pahina 150: *Si Daniel sa Yungib ng mga Leon,* ni Clark Kelley Price.

Pahina 153: Larawang kuha ni Steve Tregeagle. © 2002 Steve Tregeagle. Bawal kopyahin.

Pahina 159: *Sina Shadrach, Meshach, at Abednego sa Nag-aapoy na Hurno,* ni William L. Maughan.

Pahina 162: *Dinala ni Abraham si Isaac Upang Ialay,* ni Del Parson.

Pahina 176: Detalye mula sa *Kaganapan ng mga Panahon,* ni Greg K. Olsen. © 1989 Greg K. Olsen. Bawal kopyahin.

Pahina 180: Larawang kuha ni Steve Bunderson. © 1996 Steve Bunderson. Bawal kopyahin.

Pahina 191: Larawang kuha ni Robert Casey. © 2004 Robert Casey. Bawal kopyahin.

Pahina 265: Larawang kuha ni Bryant L. Livingston. © 1999 Bryant L. Livingston. Bawal kopyahin.

Pahina 269: *Ang Unang Pangitain,* ni John Scott.

Pahina 273: *Nagpakita si Juan Bautista kina Joseph Smith at Oliver Cowdery,* ni Del Parson. © 2000 Del Parson. Bawal kopyahin.

Pahina 287: *Nagdarasal si Enos,* ni Robert T. Barrett.

Pahina 301: *Si Pablo sa Areopagus,* ni Frank Soltesz. © 2005 The Providence Collection. Bawal kopyahin.

Pahina 311: Larawang kuha ni Steve Bunderson. © 2002 Steve Bunderson. Bawal kopyahin.

# Indeks

**A**

Abraham, nagpakita ng pagsunod dahil sa pananampalataya, 169

Adan at Eva, nagpakita ng pagsunod dahil sa pananampalataya, 168

Ama sa Langit. *Tingnan sa* Diyos Ama

"Ako ay anak ng Diyos," 1

Anak, bata, mga. *Tingnan din sa* Pamilya, mga; Magulang, mga
- pagmamahal para sa, 252–253
- pag-iingat, laban sa mahahalay na impluwensya, 221–223
- pagtuturo ng integridad sa, 155–156
- pagtuturo ng pagmamahal sa mga lider ng Simbahan sa, 302

Araw ng Sabbath
- at pagmamahal para sa Diyos, 210–211
- hindi araw para sa negosyo o paglilibang, 201–203
- isang "kaluguran," 200
- kautusan hinggil sa, 167–68
- kinapapalooban ng pagdalo sa Simbahan, 206–208
- pagpapalang dulot ng pagsunod, mga, 208–210
- para sa pagsamba at iba pang makabuluhang paggawa, 203–206

**B**

Banal na Kasulatan, mga. *Tingnan din sa* Pag-aaral ng banal na kasulatan
- at kuwento ni Haring Josias, 78–79
- halimbawa ng integridad sa, mga, 157–158
- halimbawa ng pagsunod sa, mga, 168–170
- isang pambihirang pag-aari, 76–78
- paglathala ng mga bagong edisyon ng, xxxvii
- tuklasin at paulit-ulit na tuklasin, 78

Bangerter, William Grant, sa isang mensaheng ibinigay ni Spencer W. Kimball, xxxii

Batas ng kalinisang-puri
- nagbabawal sa lahat ng seksuwal na relasyon sa labas ng kasal, 215–217
- pagpapalang dulot ng pagsunod, 213, 215
- pagtuturo sa kabataan na sundin, 221

Buhay bago isinilang, 2–4

**C**

Clark, J. Reuben, Jr., sinabihan si Spencer W. Kimball tungkol sa tawag sa maging apostol, xxviii

## D


Dagdagan ang ating pagsisikap, xxxiv, 309–310

Daniel, integridad ni, 157–158

Desisyon, mabubuti, makakatulong sa atin na mapaglabanan ang tukso, 131–132

Diyos Ama
- anak ng, mga, 2, 33, 59, 261
- at mga sagot sa panalangin, 70–71, 290–293
- Babaeng Banal sa mga Huling Araw binigyan ng mataas na katungkulan ng, mga, 264–265
- ginagawang posible ng pagbabayad-sala ang ating pagbabalik sa, 7, 34, 190
- hindi palaging napipigilan ang mga trahedya, 16–17
- ibinigay sa Kanyang mga anak ang kanilang kalayaan sa pagpili, 290–292
- itinuturo sa mga premortal na espiritu ang tungkol sa plano ng kaligtasan, 2–4
- pagpipitagan sa, 187–190
- pagiging pamilyar sa, sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, 83–84
- pagmamahal para sa, 182–183, 210–211
- pagpapakita kay Joseph Smith, 268–273
- pananalangin sa, 59–71, 193
- patotoong natanggap mula sa, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, 88–89


## E


Ebanghelyo ni Jesucristo, inihalintulad sa isang mapa, 6–8

Espiritu Santo. *Tingnan din sa* Kaloob na Espiritu Santo
- at ang paghahayag noong 1978 tungkol sa priesthood, xli
- makukumbinsi ang nagkasala sa pagkakamaling nagawa, 47
- pag-aaral ng banal na kasulatan nagdudulot ng dagdag na pang-unawa mula sa, 82–83
- patotoong natanggap sa paghahayag sa pamamagitan ng, 88–89
- sa mga miting ng Simbahan, 192
- tumitigil na manahanan sa di tapat, 154
- tinutulungan tayong paglabanan ang masasamang impluwensya, 127–128

Espiritu. *Tingnan sa* Espiritu Santo


## F


Family home evening, 251–252


## G


Gawaing Misyonero
- halimbawa at pagsisikap ng mga miyembro sa, 311–313
- hinihikayat ni Spencer W. Kimball ang dagdag na pagsisikap sa, xxxiv–xxxvi
- kinapapalooban ng masigasig na pakikipagkaibigan sa mga bagong miyembro at di-gaanong aktibong miyembro, 313–316
- pagpapalang dulot ng, mga, 307–309
- partisipasyon ng mga mag-asawa sa, 318–319

responsibilidad ng mga miyembro ng Simbahan, 309–310
tutulungan ng mga magulang ang mga anak na maghanda para sa, 316–318

Gawain sa Templo, xxxvi

Grant, Heber J., pinayuhan si Spencer W. Kimball na unahin ang Diyos, 174

**H**

Halamanan, hardin, mga pakinabang ng, 141

Hales, Robert D., tungkol sa pagkatao ni Spencer W. Kimball, xli–xlii

Himala, mas nauuna ang pananampalataya, mga, 170–171

Hinckley, Gordon B.
sa paghahayag noong 1978 tungkol sa priesthood, xxxix, xl
tungkol sa paglilingkod ni Spencer W. Kimball, xlii

Homoseksuwalidad, 216–217

Huwad na mga diyos. *Tingnan sa* Pagsamba sa Diyus-diyosan

**I**

Integridad
impluwensya sa ating pamilya at sa iba, 155–157
halimbawa sa banal na kasulatan ng, mga, 157–159
naipapamalas sa pamamagitan ng pagtupad sa mga tipan, 152–153
pangunahing sa mabuting paguugali, 151

**J**

Jesucristo. *Tingnan din sa* Pagbabayad-sala ni Jesucristo
ay nalulugod kapag ipinamumuhay natin ang Kanyang ebanghelyo, 36–38
di-makasariling paglilingkod ng, 99–100
higit pa sa isang dakilang guro, 29–31
hindi nagbigay-daan sa tukso, 129–131
inuutusan tayong manalangin, 60–61, 71
mapangtubos na kapangyarihan ng, 43
ministeryo ng, hanggang sa mga kawalang hanggan, 31–32
pagpapakita kay Joseph Smith, 268–273
pagiging pamilyar sa, sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, 83–84
pagkabuhay na muli ay mapapasaatin, 3, 32–34
paggalang sa, 187–190
patotoo tungkol, 88–89
siyang pinuno ng Simbahan, 297

Josias, mataas na saserdote ibinigay ang mga banal na kasulatan kay, 78–79

**K**

Kababaihan ng Simbahan. *Tingnan din sa* Relief Society
hinikayat na gampanan ang banal na potensiyal, 262–264
magkakaroon ng malaking impluwensya sa pag-unlad ng Simbahan, 264–266

pantay na karapatan sa pagitan ng kalalakihan at, 256, 258
tinawag para pagyamanin at pangalagaan ang pamilya, 259–261
walang hanggang buhay may-pamilya ipinangako sa lahat ng matatapat, 261–264

Kabuhayan, dapat gamitin sa mabuting mga layunin, 178–179

Kadakilaan, tanging ang magiging ang makatatanggap, 8–11

Kahandaan
at pagtatanim at pag-iimbak sa tahanan, 141–142
isang paraan ng pamumuhay, 146
pananalapi, 144–145

Kahinaan, pagtanggap at pagdaig, mga, 133–134

Kahinhinan, sa pananamit at pag-uugali, 222–223

Kahirapan. *Tingnan din sa* Kamatayan; Trahedya, mga
kalayaang pumili at, 16, 17
maaaring para sa ating ikatututo at ikabubuti, 17–21

Kalapastanganan, 188–189

Kalayaang pumili
at kahirapan, 16, 17
biyaya ng Pagbabayad-sala nakakamit sa pamamagitan ng, 35
nagpapahintulot na makapili sa pagitan ng kasalanan at kabutihan, 133–134
paggamit ng, sa pagsamo sa Diyos para sa patnubay, 290–292

Kalinisang-puri. *Tingnan sa* Batas ng kalinisang-puri

Kaloob na Espiritu Santo. *Tingnan din sa* Espiritu Santo
kailangan ng, 6–7
natatanggap ng lahat ng nagsisisi at nabibinyagan, 128

Kamatayan
di maiiwasang trahedya ng, 16–17
hindi ang katapusan ng buhay, 15
kapanatagan sa oras ng, 15
mahalagang bahagi ng buhay, 23–25
ni Fannie Kimball, 13
ni Mary Kimball, 13
ni Olive Woolley Kimball, 13, 15
ni Spencer W. Kimball, xlii
pagkakataong ibinibigay ng, mga, 21–22

Kamelyo, pabula ng manlalakbay at ng, 130

Kapakanan, pananagutan ng bawat tao ang kanyang sariling, 139–140

Kapatawaran mula sa Diyos. *Tingnan din sa* Pagpapatawad sa iba; Pagsisisi
isang himala na nagdudulot ng kapayapaan, 42–43
pagsisisi ang susi sa, 46

Kasal. *Tingnan sa* Kasal na walang hanggan

Kasal na walang hanggan
inordena ng Diyos, 228–231
kailangan ang lubos na katapatan, 237–238
paghahanda para sa, 231–233

pagpaparaya at pagsunod ay humahantong sa tagumpay sa, 235–237
pormula ng kaligayahan sa, 233–235

Kayamanan, mga panganib ng pagmamahal sa, 178–179

Kimball, Alice Gheen (lola), xviii

Kimball, Andrew (ama)
ipinropesiya ang mahalagang papel sa Simbahan para kay Spencer W. Kimball, xvii
paglilingkod sa Indian Territory Mission, xviii
tinawag na maging stake president sa Arizona, xix, 174

Kimball, Andrew E. (anak), nakatanggap ng liham mula sa ama, 86–87

Kimball, Camilla Eyring (asawa)
at mga plano sa kolehiyo ng asawang lalaki, 174
bilang isang magulang, xxv–xxvi, 241
dumalo sa programa kasama ang asawa matapos ang panalangin ng miyembro, 57, 59
matalinong pinangangasiwaan ang pera kasama ng asawang lalaki, 137
papugay ng asawang lalaki kay, 226, 228
pagpapakasal kay Spencer W. Kimball, xxv

Kimball, Edward L. (anak)
ginamot sa polyo, 226
nagunita ang pagmamahal na ipinakita ng kanyang ama, 241

Kimball, Fannie (kapatid), 13

Kimball, Heber C. (lolo), xvii, xxix

Kimball, Josephine Cluff (pangalawang ina), xxi

Kimball, Mary (kapatid), 13

Kimball, Olive Woolley (ina)
itinuro kay Spencer W. Kimball ang tungkol sa ikapu, xx
pagkamatay ng, xxi, 13, 15
paglilingkod na ginawa ni, 255

Kimball, Spencer W.
anak ni, mga, xxv, 241
bilang isang Apostol, xxviii–xxx
bilang isang magulang, xxv–xxvi, 241
bilang Pangulo ng Simbahan, xxxii–xl
bilang stake president, xxvii–xxviii
buhay bilang propesyonal ni, xxii
determinadong basahin ang Biblia noong bata pa siya, 74–76
dumalo sa programa matapos ang panalangin ng miyembro, 57–59
hamon sa kalusugan ni, mga, xxx–xxxii, 27
integridad ni, 149
iniinterbyu ang mag-asawa na nakalabag sa batas ng kalinisang-puri, 213
iniinterbyu ang kalalakihan na nagsasakripisyo para masunod ang Sabbath, 198, 200
ipinakilala ang waiter sa mga misyonero, 306
iminungkahing baguhin ang pananalita sa "Ako ay Anak ng Diyos," 1–2

kabataan ng, xix–xxiii
karanasan sa paaralan ni, xxi–xxii
karanasan sa pamilya ni, mga, xx–xxi, xxv–xxvi, 241, 255–256
labanan ang tukso bilang misyonero, 124
nagdesisyon na "gugulin ang maghapon" sa piling ng Tagapagligtas, 27, 29
naranasan ang mawalan ng mahal sa buhay, xxi, 13, 15
nagpahiwatig ng pagmamahal sa mga naglingkod bilang kanyang mga bishop, 295
nagunita ang pagdalo sa pangkalahatang kumperensya noong bata pa, 295
nakahikayat kay Richard G. Scott sa habambuhay na pag-aaral ng banal na kasulatan, 76
nakita ang hirap ng iba sa utang, 137, 139
nagpadala ng liham tungkol sa patotoo sa anak na si Andrew, 86–87
nagpapakita ng paggalang sa bahay-pulungan ng Simbahan, 185
nagsalita sa dedikasyon ng Bern Switzerland Temple, 185
natuto sa musika, xxi, xxiv
pagmamahal sa mga tao at sa gawain ng Panginoon, xl–xli
pagpapakasal kay Camilla Eyring, xxv
paglilingkod ng misyonero sa Central States Mission, xxiv–xxv
sumulat ng *The Miracle of Forgiveness,* xxix
sumulat ng papuri sa asawa, 226, 228
tema ng dagdagan ang ating pagsisikap, xxxiv–xxxv
tinawag na maging tagapayo sa stake presidency, 174
tinawag na maging apostol, xxviii–xxx, 27, 29
tinulungan ang dalawang lalaki na patawarin ang isa't isa, 109–112
tinulungan ang babae na umasa na mapapatawad, 42
tinulungan ang isang batang ina sa paliparan, 97–99
tumugon sa mga tanong ng reporter tungkol sa paghahayag, 280
unang karanasan sa Simbahan ni, xxii–xxiii

**L**

Lee, Harold B.
di-inaasahang pagkamatay ng, xxxii–xxxiv
nagpayo kay Spencer W. Kimball tungkol sa operasyon sa puso, 164

Lider ng Simbahan, mga. *Tingnan din sa* Propeta, mga
ginagabayan ng Panginoon ang Simbahan sa pamamagitan ng, 288–290, 297–298
magulang dapat turuan ang mga anak na sumang-ayon at sumunod, mga, 302
pagpapalang dulot ng pagsunod, mga, 303

**M**

Magulang, mga. *Tingnan din sa* Anak, bata, mga; Kasal na walang hanggan; Pamilya, mga
pagkakaroon ng mga imbakan ng espirituwal na lakas para sa mga anak, 244–248
pangangalaga sa mga bata laban sa mahahalay na impluwensya, 221–223
pagtuturo sa mga anak na maghanda para sa paglilingkod ng misyonero, 316–318
pagtururo sa mga anak na sang-ayunan at sundin ang mga lider ng Simbahan, 302
pagtuturo ng katapatan at integridad sa mga anak, 155–157

Masasamang impluwensya
matutulungan tayo ng Diyos na tiisin, 127–129
pagpapalakas sa mga pamilya laban sa, 248–250

Maxwell, Neal A.
tungkol sa katapatan ni Spencer W. Kimball sa Panginoon, 27, 29
tungkol sa pagiging likas na mapagmahal ni Spencer W. Kimball, xl–xlii
tungkol sa pagtitiwala ni Spencer W. Kimball sa patuloy na paghahayag, 280

McKay, David O., sa dedikasyon ng Bern Switzerland Temple, 185

Mortal na buhay, panahon upang maghanda sa pagharap sa Diyos, 4–6

**N**

Nelson, Russell M.
kasama sina Spencer at Camilla Kimball sa New Zealand, 57
sa operasyon sa puso ni Spencer W. Kimball, xxxi, 163, 164

Noe, nagpakita ng pagsunod dahil sa pananampalataya, 168–169

**P**

Packer, Boyd K., sa operasyon sa lalamunan ni Spencer W. Kimball, xxx–xxxi

Pag-aaral ng banal na kasulatan. *Tingnan din sa* Banal na kasulatan, mga
aral ng buhay na natutuhan sa pamamagitan ng, mga, 80–82
at pagbabalik ng espirituwalidad, 83–84
espirituwal na kaalaman nakakamit sa pamamagitan ng, 82–83
pagmamahal para sa Diyos nadaragdagan sa pamamagitan ng, 83–84
pangako sa Panginoon pinatatatag ng, 78–80
sa mga pamilya, 251–252

Pag-asa sa sariling kakayahan. *Tingnan din sa* Kahandaan
ekonomiya, 144–145
kailangan ng, 139–140

Pagbabayad-sala ni Jesucristo. *Tingnan din sa* Jesucristo
nagbibigay ng pag-asa ngayon sa darating na kawalang hanggan, 38–39

ginagawang posible ang ating pagbabalik sa Ama sa Langit, 8, 190
pagtanggap ng buong pagpapala ng, 35–36
inililigtas tayo mula sa mga epekto ng Pagkahulog at personal na mga kasalanan, 32–35, 46

Paghahayag
Diyos Ama at si Jesucristo nais makipag-ugnayan sa, 284–285
karamihan ay dumarating bilang matinding impresyon, 285–288
napakahalaga sa ebanghelyo, 288
para sa Simbahan, sa pamamagitan ng mga buhay na propeta, 288–290, 297–298
personal, 290–293
sa pamamagitan ng mga panaginip, 286
sa pamamagitan ng mga sugo ng langit, 286

Paghahayag tungkol sa priesthood, xxxix–xl, 282–283

Pag-ibig, pagmamahal
bersus pagnanasa, 217–219
para sa mga bata, 252–253
para sa Diyos, 182–183, 210–211

Pagiging di-tapat
dinadaya ang ating sarili sa pamamagitan ng, 154
mga anyo ng, 154–155
maling halimbawa ng mga magulang ay makapagtuturo sa mga anak, 155–157

Pagkain, pagtatanim at pag-iimbak sa tahanan ng, 141–142

Paglilingkod
aakay sa atin sa kasaganaan, 104–106
kailangan ng mga kabataan ng mga oportunidad para, 103–104
paggamit ng mga talento at kakayahan sa, 101–102
pagpapala ng, higit pa sa mga gantimpalang alay ng mundo, mga, 180–181
pagsunod sa halimbawa ng Tagapagligtas, 99–100
tinutugunan ng Diyos ang mga pangangailangan ng iba sa pamamagitan ng ating mga, 100–101

Pagpapasimple ng mga programa ng Simbahan, xxxviii

Pagpapatawad sa iba
dapat nadarama sa puso at ganap, 113–115
kailangang ipaubaya sa Panginoon ang paghatol, 115–116
mahirap ngunit maaaring gawin, 116–118
mahalaga para sa ating sariling kapatawaran, 112
naghahatid ng pagpapala ng kagalakan at kapayapaan, 120–122
pinalalaya tayo mula sa pagkamuhi at pagkagalit, 118–120

Pagpipitagan
bilang paraan ng pamumuhay, 187
bilang mga halimbawa ng, 195
kahulugan ng, 187
lugar ng, mga, 190–193

nagsisimula sa tahanan, 193–195
para sa Ama at sa Anak, 187–190
pag-unlad, 195

Pagsamba sa diyus-diyosan
kahulugan ng, 174
mga anyo ng, 175–177

Pagsisisi. *Tingnan din sa* Kapatawaran mula sa Diyos; Kapatawaran ng iba
kailangan ng lahat, 45–46
kinapapalooban ng pangakong ipamuhay ang mga utos, 53–55
pagkilala ng pagkakasala at pagkadama ng kalumbayang mula sa Diyos, 46–48
pagtutuwid, 52–53
pagtalikod sa kasalanan, 48–49
pagtatapat, 49–51

Pagsunod. *Tingnan din sa* Pananampalataya
halimbawa sa banal na kasulatan ng, mga, 168–170
pagsunod dahil sa pananampalataya bersus bulag na pagsunod, 166–167

Pakikipagdeyt, mga pamantayan ng, 222–224

Pamilya, mga. *Tingnan din sa* Anak, bata, mga; Kasal na walang hanggan; Magulang, mga
espirituwalidad dapat pangalagaan sa pamamagitan ng, 250–252
pagpapatatag, laban sa masasamang impluwensya, 248–250
sentro ng plano ng Ama sa Langit, 243–244

Panalangin ng pamilya
pagpapalang dulot ng, mga, 67–68
paraan ng, 66–69

Panalangin. *Tingnan din sa* Panalangin ng pamilya
isang kautusan, 59–60
nilalaman ng, 60–64
personal, 65–66
sagot sa, mga, 70–71
sa grupo, 69–70

Pananampalataya. *Tingnan din sa* Pagsunod
humihikayat sa atin na sundin ang Diyos, 164–166
mas nauuna sa mga himala ang, 170–171

Patotoo
at mga pulong patotoo, 92–93
isang personal na paghahayag, 88–89
napapasalahat, 88–89
pagkakaroon at pananatili, 90–92
paraan ng pagbibigay, 94

Pedro, katapangan at integridad ni, 157

Plano ng kaligtasan, itinuturo ng Ama sa Langit sa mga premortal na espiritu ang tungkol sa, 2–4

Pornograpiya, 219–221

Priesthood
1978 na paghahayag tungkol sa, xxxix–xl, 282–283
limitasyon sa paggamit ng kapangyarihan ng, mga, 19–21

pagpapagaling ng may karamdaman at naghihirap, 19, 23–25

Propeta, mga. *Tingnan din sa* Lider ng Simbahan, mga
magkakatulad ang mga mensaheng itinuturo, 298–299
paghahayag kay, 280–283, 288–290, 297–298
pagtanggi sa, 300–302

**R**

Randall, Naomi W., sumulat ng titik ng awit na "Ako ay Anak ng Diyos," 1

Relief Society, 140, 258, 262 *Tingnan din sa* Kababaihan ng Simbahan

Romney, Marion G., sa integridad ni Spencer W. Kimball, 149

**S**

Simbahan ni Jesucristo
ang nakapagliligtas na misyon ni Jesus ay mensahe ng, 32
binibigyang-diin ang buhay pamilya, 243
ihahatid ang masunurin sa kadakilaan, 6
ginagabayan ng Panginoon, sa pamamagitan ng mga lider ng Simbahan, 288–290, 297–298
ibinalik sa pamamagitan ni Joseph Smith, 268, 274, 275
tanging pinagkakatiwalaan ng ebanghelyo, 6
pag-unlad sa hinaharap ng, 264–266, 311–312
paninindigan, sa moralidad, 215–217
tulong pangkapakanan mula sa, 139–140, 143–144

Sarah, nagpakita ng pagsunod dahil sa pananampalataya, 169

Satanas *Tingnan din sa* Masasamang impluwensya
isang tunay na nilalang na layon ay ating kapahamakan, 126–127
ang labis na pagtutuon ng pansin sa mga makamundong bagay ay nagiging daan para tayo ay maging mahina sa, 177–178
pamamaraang gamit ni, mga, 126–127

Scott, Richard G., nahikayat sa habambuhay na pag-aaral ng banal na kasulatan ni Spencer W. Kimball, 76

Sadrach, Mesach, at Abed-nego, integridad nina, 158

Smith, George Albert, xxix

Smith, Joseph
ang kasangkapan o instrumento ng Panginoon sa pagbabalik ng ebanghelyo, 274–275
noon pa naorden, 270
pagkamatay bilang martir ni, 275–277
Unang Pangitain ni, 271–273

**T**

Trabaho, pangangailangang espirituwal, 142–144

Trahedya, hindi laging pinipigilan ng Diyos ang trahedya, mga, 16–17

Tukso, mga
huwag magpatangay maging sa pinakamaliit, 129–131
pag-iwas, sa pamamagitan ng paggawa ng tamang mga desisyon nang maaga, 131–132

**U**

Unang Korum ng Pitumpu, muling binuo, xxxvii

Unggoy, paghuli ng, mga, 177–178

Utang
kahalagahan ng pag-iwas, 144–145
Spencer W. Kimball, nakita ang pakikibaka ng iba sa, 137, 139

**W**

Wilkinson, Ernest L., 163

Woolley, Edwin D. (lolo ni Spencer W. Kimball), xvii–xviii

Woolley, Mary Ann Olpin (lola ni Spencer W. Kimball), xviii

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02365 00893 4
36500 893